# Ang Mga Pangulo ng Simbahan

Manwal ng Guro



# Ang Mga Pangulo ng Simbahan

**Manwal ng Guro**

Inilathala ng
Ang Simbahan
ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Karapatang-sipi © 1995
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 9/94
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 9/94
Pagsasalin ng *The Presidents of the Church*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong Para sa Guro | | v |
| 1 | Ang Pagpili Nating Sumunod Kay Cristo | 1 |
| 2 | Ang Mga Banal na Kasulatan—Isang Tiyak na Gabay sa Mga Huling Araw | 4 |
| 3 | Ang Paghahayag sa Mga Buhay na Propeta ay Muling Nagbabalik sa Lupa | 8 |
| 4 | Kayo ay Tinawag upang Magtayo ng Sion | 12 |
| 5 | Pakikinig sa Isang Propeta Ngayon | 15 |
| 6 | Ang Propetang si Joseph Smith—Isang Tanglaw sa Karimlan | 20 |
| 7 | Pagpapalakas ng Patotoo Kay Joseph Smith | 24 |
| 8 | Paghahayag | 27 |
| 9 | Pagpapalit sa Panguluhan | 32 |
| 10 | Brigham Young—Tunay Ngang Disipulo | 36 |
| 11 | Brigham Young: Pagtatayo ng Kaharian sa Pamamagitan ng Matuwid na Gawain | 42 |
| 12 | John Taylor—Taong May Malakas na Pananampalataya | 47 |
| 13 | John Taylor—Tagapagtanggol ng Pananampalataya | 51 |
| 14 | Isang Misyonero Ka sa Buong Buhay Mo | 56 |
| 15 | Wilford Woodruff—Tapat at Totoo | 61 |
| 16 | Wilford Woodruff: Pagkamatuwid at ang Pagkalinga ng Panginoon | 66 |
| 17 | Pinaglingkuran ni Lorenzo Snow ang Diyos at ang Kanyang Kapwa | 69 |
| 18 | Lorenzo Snow: Pagtustos sa Kaharian ng Diyos | 75 |
| 19 | Gawing Mabuting Karanasan ang Pamimilit ng Mga Kauri | 79 |
| 20 | Joseph F. Smith—Isang Tinig ng Kagitingan | 83 |
| 21 | Joseph F. Smith: Pagtubos sa Mga Patay | 88 |
| 22 | Heber J. Grant—Taong May Matibay na Hangarin | 94 |
| 23 | Heber J. Grant: Tagumpay sa Pamamagitan ng Pagtitiwala sa Panginoon | 99 |
| 24 | Paggawa sa Mga Kahinaan at Pagsubok na Maging Mga Kalakasan | 104 |
| 25 | George Albert Smith: Pagtugon sa Mabuti | 108 |
| 26 | George Albert Smith: Isang Misyon ng Pag-ibig | 114 |
| 27 | Kapayapaan sa Magulong Panahon | 119 |
| 28 | David O. McKay: Karangalan Para sa Tahanan at Mag-anak | 123 |
| 29 | David O. McKay—Pandaigdigang Sugo ng Diyos | 127 |
| 30 | Paghahanda para sa Isang Walang-hanggang Tahanan | 132 |
| 31 | Ang Mga Banal na Kasulatan ay Maaaring Maging Kalugud-lugod | 137 |

| | | |
|---|---|---|
| 32 | Joseph Fielding Smith—Anak na Ipinangako, Mag-aaral ng Mga Banal na Kasulatan | 142 |
| 33 | Ginampanang Mabuti ni Joseph Fielding Smith ang Kanyang Tawag | 148 |
| 34 | Panalangin, Mahalaga at Makapangyarihan | 155 |
| 35 | Harold B. Lee: Mula sa Pagkabata Hanggang Paglaki, Malapit sa Diyos | 159 |
| 36 | Harold B. Lee—Pinunong Masigasig | 163 |
| 37 | Spencer W. Kimball: Pinalaki sa Apoy ng Maglalantay | 167 |
| 38 | Spencer W. Kimball—Huwaran ng Pagpapatawad | 173 |
| 39 | “Lakihan ang Inyong Hakbang” | 177 |
| 40 | Ezra Taft Benson: Pagtuturo ng Sakripisyo at Paglilingkod sa Panginoon | 180 |
| 41 | Ezra Taft Benson—Isang Matapat na Tagapaglingkod | 185 |

# Mga Tulong Para sa Guro

## PAGKAKABUO NG ARALIN

### Paggamit sa Mga Kagamitan

Mangyaring bigyang-pansin na apatnapu't dalawang aralin lamang ang kasama sa manwal na ito. Gayunman, higit na marami kaysa kailangan ang mga kuwento, mga gawain, mga sipi mula sa banal na kasulatan, at mga tulong na *audiovisual* na kasama sa bawat aralin. Maaari mong naising gumamit ng labis na panahon sa ilang mga aralin. Malaya kang gawin ito. Ang ilan sa mga aralin ay may sapat na kagamitan upang magpuno sa dalawang buong linggo ng panahon ng pagkaklase.

Hayaang patnubayan ka ng Espiritu sa pagtatakda kung ilan sa mga iminungkahing kagamitan ang dapat gamitin. Iplano ang iyong aralin ayon sa mga kailangan ng mga kasapi ng iyong klase at sa oras na mayroon ka sa klase. Hindi kailangang gamiting lahat ang mga kaalaman sa aralin. Sundin ang Espiritu at gamitin ang mga banal na kasulatan sa pagpili kung aling kaalaman ang gagamitin. Alalahanin na ang mga banal na kasulatan ang pangunahing mapagkukunan ng mga kasapi ng klase at ang talakayan tungkol sa mga ito ay kailangang laging inuuna sa paghahanda ng iyong mga aralin.

Maingat na pagbalik-aralan ang bawat aralin. Ipunin at ihanda ang lahat na kailangang kagamitan. Maaaring kailangan mong ayusin na makuha ang mga bagay na katulad ng mga larawan at tisa at pambura mula sa inyong aklatan ng bahay-pulungan. Kung binabalak mong gumamit ng mga sinulatang piraso ng papel o mga paskil sa halip na pisara, ihanda ang mga ito sa loob ng linggo bago ang iyong aralin.

Makabubuting basahin ang kabuuan ng kurso bago ka magsimulang magturo. Tiyaking planuhin ang iyong oras upang mabigyan ng sapat na pansin ang buhay ng mga makabagong propeta.

Ang manwal na ito ay inilaan na isinasaisip ang madaling pagkaunawa at sumusunod sa pamantayang pagkakabuo ng lahat ng kurso sa Panlinggong Paaralan. Mangyaring bigyang-pansin ang sumusunod:

1. Ang mga kagamitan ay kinabibilangan din ng videocassette na Testimonies of the Presidents of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints (53424, VHS), na naglalaman ng mga napakaikling patotoo ng siyam na Pangulo. Ito ay sinadya upang makaragdag sa iyong pagtuturo. Maaari mong naising panoorin muna ang buong videocassette bago ka magsimulang magturo. Kung walang makukuha sa inyong pook, alalahanin na ang manwal ay nagbibigay ng sapat na kagamitan para sa mga aralin na wala nito.

   Kung nanaisin: Maaari mong naisin na pagbalik-aralan para sa iyong sariling kapakanan o para sa karagdagang gamit ang mga videocassette na Prophets of the Restored Church, na naglalaman ng mga talambuhay ng mga Pangulo ng Simbahan: tomo bilang isa (53414, VHS) mula kay Brigham Young hanggang kay George Albert Smith, at tomo dalawa (53515, VHS) mula kay David O. McKay hanggang kay Spencer W. Kimball.

2. Ang mga iminumungkahing gawain sa klase ay pinalawak din. Ang mga kasapi ng klase ay tila higit na natututo kung naisasali sila sa aralin. Inilaan ang ilan sa mga gawaing ito upang patayuin at pakilusin ang mga kasapi ng klase. Malimit na ang mga ganitong pisikal na pagkilos ay nagbibigay ng sapat lamang na pagbabago sa paglalahad ng aralin na lalong kagalakan at pagkawili ang kalalabasan. Ang pakikisali sa klase kung minsan ay kinabibilangan ng pagbabasa ng mga takdang-aralin o ulat. Ito ay dapat maibigay nang pauna upang mapaghandaan ng mga kasapi ng klase.

3. Maingat na pagsasaalang-alang ang iniukol sa manwal na ito sa pagsasangkot sa mga kasapi ng klase sa mga banal na kasulatan. Ang pinakamabuting paraan ng paggawa nito ay ang pag-akay nang tuwiran sa klase patungo sa Tagapagligtas sa pamamagitan

ng mga banal na kasulatan. Hayaang maranasan nila sa kanilang sarili ang mga banal na kasulatan. Himukin silang laging dalhin sa klase ang kanilang sariling mga banal na kasulatan at basahin, markahan, at lagyan ang mga ito ng sanggunian sa klase at sa tahanan. (Kailangang tiyakin mo na may sapat na kopya ng mga banal na kasulatan na makukuha upang gamitin sa klase. Maghanap ka ng mga karagdagang kopya sa aklatan ng inyong bahay-pulungan.) Pag-aralang mabuti ang iyong klase, ang kakayahan nilang magbasa, at ang kanilang pang-unawa sa mga banal na kasulatan kapag tinatawag silang magbasa ng mga sipi sa klase. Ang isa sa mga pananagutan mo ay ang tulungan silang magkaroon ng pagmamahal at pang-unawa sa mga banal na kasulatan. Maaaring mangahulugan ito ng paunang pagbibigay sa kanila maging ng mga higit na maikling banal na kasulatan upang maunawaan ng isang kabataan at maging maginhawa sa pagbabasa ng isang banal na kasulatan sa klase.

4. Isang bahaging may kulay sa hulihan ng manwal ang naglalaman ng larawan ni Cristo at ng larawan ng bawat Pangulo ng Simbahan.
5. Paalala: Kung may bagong propeta na sasang-ayunan dahil sa pagkamatay ng isang propeta, gamitin ang mga lathala sa *Tambuli* na kaagad kasunod ng pag-oordena sa sinumang bagong Pangulo ng Simbahan at gumawa ng araling kasunod ng huling aralin, 41.

---

## MGA MUNGKAHI SA PAGTUTURO

### Apat na Napakahalagang Alituntunin sa Mahusay na Pagtuturo

1. Ang espirituwal mong paghahanda ay dapat na mauna. Habang ikaw ay nag-aaral at naghahanda, palaguin at palakasin mo ang sarili mong patotoo hinggil sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Kumuha sa patotoo ng mga nasa paligid mo. Ang mga guro sa Panlinggong Paaralan ay dapat na magkasamang gumawa upang alagaan sa espirituwal ang bawat isa.
2. Napakahalaga ang pagtuturo sa loob ng klase. Mahalaga rin ang matapat, mapagmahal na pagmamalasakit sa bawat kasapi ng klase. Gawin mo ang pinakamabuti mong magagawa upang maging nagmamalasakit na bahagi sa buhay ng bawat kasapi ng klase.
3. Upang makatulong na magkaroon ng nagmamalasakit na kaugnayan sa mga kasapi ng klase, magplano ng mga makabuluhang karanasang kasama nila. Ang isang maalalahaning pakikipag-usap sa mga kabataang may mga suliranin o ang patuloy na pagtataguyod sa mga gawain sa Simbahan o paaralan ay malamang na nakahihigit kaysa karamihan sa mga araling maaari mong ihanda.
4. Palagiang suriin *sa* mga kasapi ng iyong klase kung ano ang natutuhan ninyo nang magkasama. Halimbawa, itanong: Ano ang nararamdaman ninyo? Ano ang pakahulugan ninyo sa karanasan? Paano tayo maaaring matulungan ng karanasan ng propetang ating pinag-aaralan sa pagharap natin sa mga pang-araw-araw na pagsubok natin?

Ang apat na mga alituntuning ito ang ilan sa mga lihim ng tunay na mahusay na pagtuturo.

Alalahanin ang mga salita ni Pablo kay Timoteo: "Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan, at ng pagmamahal, at ng kahusayan. . . . At sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kanyang sariling akala at biyaya, na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus buhat pa ng mga panahong walang-hanggan" (2 Timoteo 1:7, 9).

Tinawag ka sa isang "banal na tawag." Habang ikaw ay humihingi ng tulong mula sa ating Ama sa Langit—ang kapangyarihan upang makapagturo ay darating; habang nagbibigay ka ng panahon at paglilingkod—lalago ang pag-ibig mo sa mga kasapi ng iyong klase; habang ikaw ay nag-aaral at naghahanda—ang iyong pang-unawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay magbibigay ng biyaya sa iyong buhay. Sa katunayan, sa pagpasok mo sa pananagutang pagtuturo malalaman mo ang kabanalan ng iyong tawag at ang mga natatanging biyaya nito.

# Ang Pagpili Nating Sumunod Kay Cristo

Aralin 1

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kasapi ng klase na pinili nila sa buhay bago ang buhay sa lupa na sumunod kay Cristo at nanaisin nilang muling piliin sa buhay na ito na sumunod sa kanya.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng larawan mula sa mga magulang ng bawat kasapi ng klase noong siya ay batambata pa, o alamin ang isang kuwento tungkol sa buhay ng bawat kasapi ng klase noong sila ay bata pa.
2. Ihanda upang gamitin ang mga balota na matatagpuan sa hulihan ng aralin.
3. Kung inaakala mong may panahon pa, sa pagsang-ayon ng obispo o pangulo ng sangay, anyayahan ang isang kasapi ng panguluhan ng Panlinggong Paaralan ng purok, o pamunuang obispo, at isang kasapi ng pamunuan ng Samahang Damayan o ang pamunuan ng Mga Kabataang Babae sa purok na dumalaw sa klase at maikling ipaliwanag kung paano nakaapekto sa kanilang buhay ang pagpili nilang sumunod sa mga turo ni Cristo.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Gawain at talakayan sa klase

Gamitin ang mga larawan o mga kuwento na naipon mo tungkol sa mga kasapi ng klase sa pagbabalik-tanaw sa nakaraan. Pag-usapan ang tungkol sa kanilang anyo at ang mga bagay na ginawa nila noong batambata pa sila. Sikaping isali ang bawat kasapi ng klase.

• Ano kaya kung kaya mong magbalik-tanaw maging noong bago ka pa man isilang—noong nabubuhay ka pa sa piling ng ating Ama sa Langit? Ano kaya ang ilan sa mga bagay na maaari mong nasabi at nagawa noon? (Pamunuan ang klase sa talakayan hinggil sa kung paano sila gumawa ng mga pangako—mga taimtim na pangako—sa kanilang buhay bago ang buhay sa daigdig na sundin si Cristo roon at dito sa lupa.)

**Sa Ating Buhay Bago pa ang Buhay na Ito ay Pinili Nating Sumunod Kay Cristo**

Basahin ang sumusunod sa klase:

Bago tayo nabuhay sa daigdig na ito—bago nabuo ang daigdig na ito—nabuhay tayo sa piling ng ating Ama sa Langit. Tayo ang mga anak niyang espiritu. Sa katunayan, ang lahat ng mga taong nabuhay na dito sa daigdig ay mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit.

Ang panganay na espiritung anak ng ating Ama ay si Jesucristo. Siya ang ating nakatatandang Kapatid na Lalaki. Naging kasapi siya ng Panguluhang Diyos noong siya ay nasa langit, bago siya pumarito sa daigdig na ito.

Nais ng ating Ama sa Langit na ang lahat ng kanyang espiritung anak ay maging katulad niya, na kanilang Ama. Ang plano niyang tumulong sa kanyang mga espiritung anak na maging dakila ay tinatawag na plano ng kaligtasan.

Sa isang kapulungan sa Langit ay inilahad ng Ama ang planong ito. Iyon ay para sa atin, ang kanyang mga espiritung anak, na bumaba sa daigdig at magkaroon ng katawang may laman at dugo. Susubukin tayo habang malayo sa kanyang kinaroroonan, upang malaman kung mananatili tayong tapat at susunod sa mga kautusan ng Ama.

Ang plano ay nangangailangan ng tagapagligtas. Alam ng Ama sa Langit na tayo ay magkakasala habang tayo ay nasa daigdig upang masubok. Yamang walang hindi banal o makasalanan ang maaaring mabuhay sa piling ng Ama, isang tagapagligtas ang

tanging daan upang tayo ay matubos, na nagpapahintulot sa atin upang makabalik sa ating Ama sa Langit at maging katulad niya. Isang tagapagligtas ang magbabayad-sala sa mga kasalanan ng mga tao na magsisi at susunod sa mga kautusan ng Ama.

Nang ilahad ng Ama sa Langit ang plano ng kaligtasan, sinabi niya, "Sino ang isusugo ko?" Sinabi ni Jesus, "Naririto ako, isugo mo ako" (Abraham 3:27.) Subalit ang isa pa sa mga espiritung anak ng Ama sa Langit, na nagngangalang Lucifer, ay nagsabi, "Naririto ako, isugo mo ako" (Abraham 3:27). Sinabi niya, "Isugo ninyo ako, ako ang magiging inyong anak, at aking tutubusin ang buong sangkatauhan, wala ni isa mang katao ang mawawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan" (Moises 4:1). Subalit sinabi ni Jesus, "Ama, masusunod ang inyong kalooban at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpakailanman" (Moises 4:2).

Sinabi ng Ama sa Langit, "Isusugo ko ang una" (Abraham 3:27). At nagalit si Lucifer. Naghimagsik siya laban sa Diyos, "at, sa araw na iyon, maraming sumama sa kanya" (Abraham 3:28). Sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith na "ang ikatlong bahagi ng hukbo ng langit ay inalis niya sa akin" (D&C 29:36).

Ang lahat na matapat na anak ay tumayo sa panig ng ating Ama sa Langit at ni Jesus at laban kay Lucifer at ng mga espiritu na sumunod kay Lucifer (tingnan sa Apocalipsis 12:7).

Pinalayas si Lucifer sa langit papunta sa lupa, at tinawag siyang Satanas, ang diyablo. Lahat ng mga espiritu na pumanig sa kanya laban sa Ama sa Langit at kay Cristo ay pinalayas din sa langit at sumama sa kanya sa lupa (tingnan sa Apocalipsis 12:9).

Ang bawat isinilang sa daigdig na ito ay pumiling sumunod sa Ama sa Langit at kay Cristo sa halip na sa diyablo. Ang diyablo at ang lahat ng mga espiritung pinalayas sa langit at sumama sa kanya sa lupa ay hindi kailanman magkakaroon ng katawan, at hindi sila kailanman babalik sa ating Ama sa Langit.

Tayo, sa kabilang dako, ay pumiling sumunod kay Cristo at narito sa daigdig na ito na may katawan. Makababalik tayo sa ating Ama sa Langit kung *ipagpapatuloy* nating sundin si Cristo.

Ngayong nasa lupa na tayo, nakikipaglaban pa rin tayo kay Satanas. Paano tayo maninindigan kay Cristo at laban kay Satanas? Ito ay sa pamamagitan ng mga bagay na ating iniisip at sinasabi at ginagawa. Ito ay sa pamamagitan ng mga kaibigang pinipili natin, sa mga pelikulang pinanonood natin, sa mga salitang binibigkas natin, sa paglilingkod na ibinibigay natin sa ibang tao. Ito ay sa pamamagitan ng pagtupad natin sa Salita ng Karunungan, pagbabayad ng ating ikapu, pagdalo sa ating mga pulong, pagbibigay-galang sa pagkasaserdote, pagsunod sa ating mga magulang, at pagsunod sa lahat ng mga kautusan ng Diyos.

Mga palaisipang tanong

- Ano ang pipiliin ninyo? Pipiliin ba ninyong sundin si Cristo ngayon, tulad ng ginawa ninyo sa langit? Pipiliin ba ninyong manindigan laban sa diyablo ngayon, na tulad ng ginawa ninyo sa langit?

---

**Ang Daigdig ay Puno ng Mga Pagsubok at Tukso**

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin sa klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan at ang mga turo ni Pangulong Ezra Taft Benson:

A. Doktrina at Mga Tipan 1:35.
B. Apocalipsis 12:17.
C. 2 Timoteo 3:1–7.
D. 2 Timoteo 3:13.
E. Ezra Taft Benson: "Sa paghahanap ko ng tagubilin mula sa Panginoon, muling napagtibay sa aking isipan at damdamin ang pahayag ng Panginoon na 'Huwag magsabi ng anuman kundi pagsisisi sa salinlahing ito.' (Doktrina at Mga Tipan 6:9, 11:9.) Ito ang naging paksa ng bawat propeta sa huling-araw, kasama ng kanilang patotoo na si Jesus ang Cristo at na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos.

   "Pagsisisi ang isinisigaw ng ating yumao at dakilang propeta, na si Spencer W. Kimball. Ang paksang ito ay laging laman ng kanyang mga talumpati at pahina ng

kanyang mga sinulat, tulad ng kahanga-hanga niyang aklat na *The Miracle of Forgiveness*. At kailangang ito ang isigaw natin ngayon, kapwa sa kasapi at hindi kasapi—magsisi.

"Mga bantay—ng ano sa gabi? Kailangang tumugon tayo sa pagsasabi na lahat ay hindi mabuti sa Zion. Tulad ng payo ni Moronias, kailangang linisin natin ang panloob na sisidlan (tingnan sa Alma 60:23), na nagsisimula muna sa ating mga sarili, pagkatapos ay sa ating mga mag-anak, at sa wakas ay sa Simbahan" (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 3; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 4).

Gawain

Sabihin sa mga kasapi ng klase na araw-araw, halos lahat na ating sinasabi o ginagawa ay pagpili na sumunod kay Cristo o na sumunod kay Satanas. Ang mga pagpiling ito ay tulad ng mga pang-araw-araw na pagboto sa mabuti o masama.

Ipamigay at talakayin ang mga balota na inihanda mo. Tanungin ang mga kasapi ng klase kung para sa anong boto ang bawat pagpili.

Mga panauhin sa klase

Hingin sa inyong mga panauhing may sapat na gulang na talakayin kung paano naimpluwensiyahan ng pagpili na sumunod kay Cristo ang kanilang buhay.

---

**Patotoo at Hamon**

Sabihin sa mga kasapi ng klase na lahat ng mga propeta at Apostol ay nagpatotoo kay Jesucristo. Basahin ang Eter 12:41, pagkatapos ay basahin ang patotoo ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Sa mga patotoo ng mga makapangyarihang tao at mga sinaunang apostol na ito–-ang ating mga kapatid sa ministeryo ng Guro ring ito—idinaragdag ko ang sarili kong patotoo. Alam ko na si Jesucristo ay Anak ng buhay na Diyos at na siya ay ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng daigdig.

"Siya ay aking kaibigan, aking Tagapagligtas, aking Panginoon, aking Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1978, p. 110; o *Ensign,* Nob. 1978, p.73).

Hamunin ang klase na piliing sumunod kay Cristo sa buhay na ito, na tulad ng kanilang pagpili na sumunod sa kanya sa buhay bago ang buhay na may kamatayan. Maaari nilang piliing sumunod kay Cristo sa pamamagitan ng pagpili ng tama, at hindi pagpili ng masama sa mga pagpiling ginagawa nila araw-araw.

Magbahagi ng iyong patotoo sa klase.

---

# Ang Mga Pang-araw-araw na Pagboto Natin

| Ang Boto ng Pagsunod kay Cristo | Ang Boto ng Pagsunod kay Satanas |
|---|---|
| ☐ Pagdalo sa pulong sakramento. | ☐ Pagiging makatotohanan at pagkakaroon ng katapatan. |
| ☐ Pananalangin araw-araw. | ☐ Hindi pagdalo sa mga pulong sakramento. |
| ☐ Paggamit sa pangalan ng Panginoon nang may paggalang. | ☐ Pagtangging manalangin. |
| ☐ Pagtulong sa iba. | ☐ Paggamit sa pangalan ng Panginoon nang walang galang. |
| ☐ Pag-aaral sa mga banal na kasulatan araw-araw. | ☐ Pagiging maramot. |
| ☐ Pagsisinungaling, pagnanakaw, pandaraya. | ☐ Pagbabasa ng mga malaswang aklat o panonood ng malaswang pelikula. |

Aralin
2

# Ang Mga Banal na Kasulatan—Isang Tiyak na Gabay sa Mga Huling Araw

**LAYUNIN**

Ang pag-unawa sa pangitain ni Lehias tungkol sa gabay na bakal ay hihimok sa mga kasapi ng klase na gamitin ang mga banal na kasulatan bilang tiyak na gabay sa kanilang buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Basahin ang 1 Nefias 8 at 1 Nefias 11 at maging sanay sa pangitain nina Lehias at Nefias at ang pakahulugan.
2. Maghandang gamitin ang larawan ng panaginip ni Lehias sa aralin.
3. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may Aklat ni Mormon (tumingin sa aklatan ng inyong bahay-pulungan para sa mga kopya).
4. Gumawa ng mga kopya ng dalawang kuwento sa aralin at ibigay ang mga ito sa (dalawang) kasapi ng klase upang ihandang basahin sa klase.
5. Maghanda ng piring at tali.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Piringan ang isang kasapi ng klase. Ikutin siya nang isa o dalawang ulit at utusan siyang lumakad papunta sa malayong panig ng silid. Marahil ay mangangapa siya at makababangga siya ng mga bagay sa daraanan. (Tiyaking walang masasaktan ni isa.) Ngayon ay maglaan ng lubid na susundan niya. Ulitin ang pamamaraan, lamang ay bayaang sundan niya ang lubid papunta sa kabilang panig ng silid. Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay tulad ng isang matibay na gabay na maaaring sundan ng isang tao.

**Ang Gabay na Bakal ng Mga Banal na Kasulatan ang Maghahatid sa Atin sa Panginoon**

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang sumusunod na kuwento:

Mga ilan taon na ang nakalilipas, sa isang klinika sa mga bundok ng Andes [sa Timog Amerika] malapit sa ekwador, isang sanggol na lalaki ang isinilang kina Pedro at Nancy Cantos. Tila normal siya noong una, subalit hindi nagtagal ay kinakitaan siya ng mga palatandaan ng mabigat na karamdaman. Ang kanyang bituka ay hindi gumagana nang maayos at ipinanganak siyang may sakit sa puso. Dalawang anak na ang nawala sa mga magulang dahil sa mga nakamamatay na karamdaman, at nalungkot na maaaring mawala rin nila si Pedrito. Palagi silang nanalangin.

“Isang gabi, noong si Pedrito ay magsasampung buwan na, napanaginipan ni Nancy na nakita niya mula sa bintana ng kaniyang kusina—sa halip na ang karaniwang dikit-dikit na gusali—ang maganda, malawak na damuhan na umaabot hanggang sa abot ng kanyang tanaw. Sa kalayuan ay may isang lalaking nagbubungkal ng lupa. Nilapitan niya ito at tinanong, ‘Ano ho ang ginagawa ninyo?’

“ ‘Nagtatanim ako ng mga halamang gamot upang pagalingin ang mga karamdaman ng tao,’ ang sagot niya.

“Pagkatapos ay nakita ni Nancy ang isang hindi pangkaraniwang puno sa malapit. ‘Para saan ho ang ng punong iyan?’ ang tanong niya.

“ ‘Ang punong iyan ay nagtataglay ng makapagpapagaling sa karamdaman ni Pedrito,’ ang sagot ng taong di kilala.

“ ‘Sabihin ninyo sa akin,’ sabik niyang pakiusap, ‘paano ko maibibigay sa anak ko ang gamot ng puno?’

“Bago nakasagot ang taong di kilala, nakita ni Nancy ang isang lalaki sa malayo. . . . Kaagad-agad na lumapit ito at ang isa pang lalaki . . . sa kanya . . . [Sinabi nila sa kanya.] ‘Ipinadala kami ng Diyos upang tulungan ka dahil sa iyong pananampalataya at sigasig sa pag-aaral ng Bibliya at pagsasaliksik sa salita ng Diyos.’ . . . Nagising si Nancy. Nanatiling malinaw sa [kanyang] isipan ang panaginip.

“Pagkaraan ng isang linggo, dalawang misyonero ang kumatok sa pintuan ng mag-anak na Cantos. Nang gabing iyon [itinuro nila sa mag-anak] ang unang talakayan.

“Bago sila umalis, binigyan ng mga elder ang mag-anak ng Aklat ni Mormon, pagkatapos munang markahan . . . ang mga sipi na tinalakay nila. . . . Nakaramdam din sila ng kasiglaan na salungguhitan ang mga sipi na may kaugnayan sa panaginip ni Lehias tungkol sa puno ng buhay—bagay na hindi pa nila kailanman nagawa noon.

“Pagkaraan, habang binabasa ni Nancy Cantos . . . ang tungkol sa panaginip ni Lehias, natuwa siya. Kahawig na kahawig ito ng sa kanya! Alam niya sa kanyang puso na ito ang sagot sa kanilang mga panalangin. . . .

“Hindi nagtagal pagkatapos, ang mag-anak na Cantos ay nabinyagan. Isang basbas pagkasaserdote ang naibigay sa munting si Pedrito at nagsimula siyang bumuti. Gayunman, muli siyang nagkasakit at kinailangan din ang pagtitistis sa kanyang puso. Ang pangalawang basbas pagkasaserdote ay nagpalampas sa kanya sa paghihirap na ito, at hindi nagtagal si Pedrito] ay tumatakbo na at naglalaro na katulad ng ibang maliliit na batang lalaki” (Vira H. Blake, “A Mother’s Dream,” *Ensign,* Mar. 1986, p. 53–54).

Ang puno sa panaginip ni Nancy ang tunay na siyang pinagmulan ng malaking himala sa mag-anak na ito.

Larawan

Ipakita ang larawan ng panaginip ni Lehias sa klase.

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin sa klase ang 1 Nefias 8:5–35.

• Ano ang sinasabi ng banal na kasulatan na isinasagisag ng puno sa panaginip ni Lehias? (Ang puno sa panaginip ni Lehias ay sumasagisag sa pagmamahal ng Diyos [1 Nefias 11:25].)

• Napunta na ba kayo sa isang lugar na napakadilim na hindi maaaring makita ang inyong daraanan? Ilarawan sa isip na ikaw ay nasa isang malalim na yungib o minahan na walang ilaw. Gaano kahalaga na may mga barandilya na gagabay sa iyo palabas ng yungib? Ano ang kahalagahan ng gabay na bakal sa panaginip ni Lehias? (Mag-iiba-iba ang mga sagot. Tingnan sa 1 Nefias 8:23–24.)

• Ano ang nangyari sa mga taong hindi kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal? Ano ang natuklasan ni Nefias na kinakatawan ng gabay na bakal? (Tingnan sa 1 Nefias 11:25). Sa anong mga paraan magsisilbing gabay na bakal ang mga banal na kasulatan?

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin ang mga sumusunod na banal na kasulatan, na inaakay ang klase sa pagpapasiya na ang banal na kasulatan ay napakahalaga.

Deuteronomio 6:6–7
Mga Gawa 17:10–11
2 Timoteo 3:15–17
2 Nefias 4:15
Alma 37:8
Doktrina at Mga Tipan 33:16

Tapusin ang talakayan sa pagbabasa ng pangako ng Diyos ukol sa gabay na bakal sa 1 Nefias 15:23–24.

### Ang Mga Banal na Kasulatan ay Makatutulong sa Atin sa Mga Suliranin Ngayon

Talakayan

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson sa isang pulong ng mga pinuno ng pagkasaserdote:

"Kapag binabasa ng bawat kasapi at mga mag-anak ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan nang palagian at tuluy-tuloy, ang ibang mga bahaging ito ng gawain [gawain sa Simbahan, pagdalo sa pulong sakramento, bilang ng mga misyonero, mga kasal sa templo] ay kusang darating. Madaragdagan ang mga patotoo. Mapatitibay ang pangako. Mapalalakas ang mga mag-anak. Aagos ang sariling paghahayag" (sa *Ensign,* Mayo 1986, p. 81).

- Paano nakatulong sa inyo o sa inyong mga mag-anak o mga kaibigan ang mga banal na kasulatan? Paano sa palagay ninyo makatutulong sa inyo sa mga paraang ipinangako ni Pangulong Benson ang pagbabasa at pag-aaral sa mga banal na kasulatan? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Kuwento

Ipabasa sa inatasang kasapi ng klase ang sumusunod na kuwento. Huminto pagkatapos ng kuwento at tanungin ang klase kung paano tinulungan ng mga banal na kasulatan ang tao sa kuwento.

Si Janet, na isang nagdadalaga sa Estados Unidos, ay pumasok sa klase niya sa agham sa ika-pitong baitang at nakita niyang ang kanilang guro ay "halatang masama ang loob dahil sa isang bagay. . . .

"Sinimulan niya ang aralin para sa araw na iyon, hindi sa agham, kundi tungkol sa katotohanang ang Estados Unidos ay nahaharap sa isang mabigat na krisis panghukbo. Ang Unyong Sobyet (Soviet Union) ay nagpapadala ng mga barkong may mga lulang misil (missiles) sa Cuba. Ang pangulo [pangulo ng Estadus Unidos] ay naglagay ng harang upang pahintuin ang mga iyon.

" 'Maaaring mangahulugan ito ng digmaan," ang sabi ng aking guro, na binabayo ang mesa bilang pagdidiin. 'Ang mundo sa pagkakataong ito ay maaaring magwakas sa loob ng kalahating oras. Nauunawaan ba ninyong lahat kung ano ang magiging katulad ng digmaang *nuclear*? Maaaring maging katapusan na ng mundo!' . . . Natakot ako. . . . Malabo ang buong araw.

"Naglakad akong pauwi mula sa paaralan nang araw na iyon na pabalik-balik sa aking isipan ang mga salita ng guro ko sa agham. 'Maaaring magwakas ang mundo sa loob ng kalahating oras!' . . . Pagkatapos ng hapunan ay hinarap ko. . . . ang aking takdang-aralin . . . Maya-maya, napagod ako sa aking takdang-aralin. . . . Habang inaayos ko ang tambak na papel, nadampot ko ang pananda sa aklat na ibinigay sa akin pagpasok ko sa *Beehives* [Mga Kabataang Babae] sa dakong simula ng taong iyon. Nasa likod ang mga listahan ng babasahin para sa taon. Hindi ko kailanman napansin ang listahan noong una. . . . Ipinasiya kong simulang basahin ang kaunting bahagi ng una sa listahan—ang Aklat ni Mateo na isinalin ni Joseph Smith, na nasa Mahalagang Perlas.

"Maya-maya ay nanlabo ang aking paningin dahil sa luha at nakaramdam ako ng mainit na kapayapaan ay bumalot sa akin habang binabasa ko ang ika-23 na talata: 'At makaririnig din kayo ng mga digmaan, at alingawngaw tungkol sa digmaan; tiyaking huwag kayong magugulumihan, sapagkat ang lahat ng aking sinabi sa inyo ay kinakailangang mangyari; datapwat hindi pa ang wakas' (JS—Mat. 1:23). . . .

"Nawala ang takot at pagkagitla na naramdaman ko sa klase sa agham nang araw na iyon. Nalaman ko na inaalala tayo ng ating Ama sa Langit at ang mga pangyayari sa daigdig ay nangyayari na tulad sa iprinopesiya. Wala akong dapat na ikatakot" (Janet Thomas, "The End Is Not Yet," *New Era,* Hulyo 1986, p. 18).

### Patotoo at Hamon

Idagdag ang sarili mong patotoo sa katotohanan at kahalagahan ng mga banal na kasulatan. Hamunin ang klase na basahin ng bawat isa ang mga banal na kasulatan araw-araw. Hilingin sa kanila na sabihin sa susunod na linggo kung paano nakaapekto sa kanila ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan.



Aralin 3

# Ang Paghahayag sa Mga Buhay na Propeta ay Muling Nagbabalik sa Lupa

**LAYUNIN**

Pahahalagahan ng mga kasapi ng klase ang dakilang biyaya ng paghahayag sa huling-araw.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyaking ang bawat kasapi ng klase ay may kopya ng Bibliya at Mahalagang Perlas (tumingin sa aklatan ng inyong bahay-pulungan para sa mga labis na kopya).
2. Maghanda ng papel o ibang mga tasa para sa bawat kasapi ng klase.
3. Maghandang ipakita ang larawan ng isang pulubi na may tasa (sa aralin).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

• Paano nakaapekto sa inyo ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw noong nakaraang linggo? (Hilingan ng mga maikling sagot ang sinumang sumunod sa hamon noong nakaraang linggo at kung sino ang nais na magbahagi ng kanilang damdamin.)

**Ang Espirituwal na Pagkagutom ay Bunga ng Kakulangan sa Pagtanggap ng Salita ng Diyos**

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin ang Amos 8:11–12. Inihahambing ng banal na kasulatang ito ang kakulangan sa paghahayag sa isang taggutom.

• Ano ang mga bunga ng taggutom? (May kaunti o walang pagkain at ang mga tao ay dumaranas ng pagkagutom, sakit, at ang ilan ay namamatay.)

• Gaano katagal *kayong* mabubuhay nang walang pagkain? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

• Nalagay na ba kayo sa isang kalagayan na walang mapagkunan ng pagkain at napilitan kayong magpagutom nang ilang oras? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

• Ano ang naramdaman ninyo? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

**Kailangan Nating Pakainin ang Ating Mga Espiritu**

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin ang Juan 6:35. Ipaliwanag na nangungusap si Jesus sa banal na kasulatang ito tungkol sa pagkaing pang-espirituwal, na kasing-halaga sa ating mga espiritu ng tinapay at tubig sa ating mga katawan.

Paglalarawan

Ikinuwento ng isang babaeng Banal sa Huling-araw ang isang panahon nang siya ay magutom sa pagkaing espirituwal. Inilarawan niya ang kanyang pagdalaw sa Alemanya bilang bahagi ng palatuntunang palitan ng mga mag-aaral sa klase ng mataas na paaralan. Napakaganda ng pagtanggap sa kanya sa bahay ng tutuluyan niyang mag-anak. Gayunman, sa pagtatapos ng unang araw niya, natagpuan niya ang sarili niyang nahihirapan sa bago niyang kapaligiran.

“Pagkatapos ng lahat ng mga gawain sa buong maghapon, nadama kong lubha akong nangangapang mag-isa sa aking kakaiba, bagong silid. Pabagsak akong humiga sa malambot na kama. . . .

"Nagsimula akong makaramdam ng pagod dahil sa paglalakbay sa pamamagitan ng eroplano at nagsimula akong umiyak. Kung gaano kahaba ang aking pag-iyak ay ganoon din kalakas, sapagkat hindi ko alam kung bakit ako umiiyak. Totoo, nahiwalay ako sa aking mag-anak, subalit makikita ko silang muli pagkalipas lamang ng isang buwan. Itinuring akong tila prinsesa ng bago kong mag-anak, gayunman ay may kulang pa rin sa pakiramdam ko at naramdaman kong may isang bagay na nakaligtaan nang araw na iyon. Habang ako ay nakahiga at umiiyak, na nakadarama ng pagiging kaawa-awa at bigo, naalala ko: Ngayon ay Linggo. Totoo. Nakalimutan ko, subalit hindi nakalimutan ng aking puso, at buong araw nitong sinisikap na ipaalam sa akin. Gustung-gusto kong pumunta sa simbahan, subalit huling-huli na noong oras na iyon. Kaya ipinikit ko ang aking mga mata at pinalipas ang karaniwang Linggo sa bahay: pananalangin ng mag-anak, pagsusulat sa pansariling talaarawan, salu-salo sa hapunan, mga Panlinggong Paaralan, at pulong sakramento. . . .

Sa araw na ito ay wala ang mga karaniwang gawain, walang sakramento, at lubhang kulang ang pakiramdam ko na wala ito. Nalaman ko noon na kailangan ko ang mga oras na iyon. Lumuhod ako at hinayaan kong sipsipin ng unan ang mga luha ko habang hinihingi ko sa Ama sa Langit ang pagkakataon na makadalo sa simbahan ng BHA sa susunod na Linggo" (Kirsten Christensen, "A Sunday without the Sacrament," *New Era,* Ene. 1986, p. 49). [Ang mag-anak na Aleman ni Kirsten ay tumulong talaga sa kanya na humanap ng Simbahan ng mga BHA nang sumunod na Linggo.]

Talakayan

- Kung kayo ay mabubuhay nang wala ang mga biyaya ng ebanghelyo sa loob ng maraming taon, o sa habang-buhay, ano ang higit na mawawala sa inyo? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

---

**Nakikibahagi Tayo sa Biyayang Nagmula sa Panalangin ni Joseph Smith**

Ang mga biyaya ng ebanghelyo ay ipinagkait sa lupa nang maraming taon sapagkat halos lahat ng mga tao at mga pinuno ng iba't ibang simbahan sa lupa ay pumiling huwag tanggapin ang mga ito. Sa mga huling araw, inihanda ng Panginoon ang isang bansa, ang Estados Unidos ng Amerika, na may pamahalaang nagbibigay ng kalayaang kailangan upang lumago ang ebanghelyo. Muling ipinadala ng Panginoon ang mga piling kaloob na ebanghelyo sa mga tao sa lupa. Nagsimula siya sa pamamagitan ng pagsagot sa panalangin ng isang mapagpakumbabang batang lalaking magbubukid noong taong 1820.

- Sino ang batang lalaking iyon? (Si Joseph Smith.)

Nakita ni Joseph Smith ang pagkagutom sa espirituwal ng kanyang lugar. Siya man ay lito sa magkakasalungat na payong ibinibigay ng mga simbahan noong kapanahunan niya. Ang bawat isa sa kanila ay humimok sa kanya na hanapin ang Diyos sa iba't ibang paraan. Nabalisa siya. Sa isang salaysay tungkol sa kanyang buhay ay isinulat niya:

"Kaya mula sa gulang na labindalawa hanggang labinlima, maraming bagay ang aking pinag-isipan sa aking puso hinggil sa kalagayan ng daigdig ng sangkatauhan, ang mga pagsasalungatan at pagkawatak-watak, ang kasamaan at mga karumal-dumal na gawain at ang kadiliman na kumalat sa kaisipan ng sangkatauhan. Ang aking isipan ay lubhang nabagabag, sapagkat naniwala ako sa aking mga kasalanan, at sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan ay napag-alaman ko na ang sangkatauhan ay hindi lumapit sa Panginoon kundi sila ay tumalikod sa totoo at buhay na pananampalataya" (Joseph Smith, "Kirtland Letter Book," 1829–1835, p. 1–6, Kagawaran ng Kasaysayan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw).

Ipaliwanag na nalaman ni Joseph sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan na sasagutin ng Diyos ang kanyang mga panalangin kung hihiling nang may pananampalataya. Naniwala siya sa pangako ng Diyos at nagpakita ng pananampalataya habang siya ay nakaluhod sa isang kakahuyan malapit sa kanyang tahanan at taimtim na nanalangin sa Diyos.

Banal na kasulatan

Basahing kasama ng klase ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–26.

Gawain at larawan

Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng papel na tasa o anumang tasa na katulad nito. (Kung gagamit kayo ng papel na tasa, maaari kayong magdikit ng mensaheng tulad ng "Punuin ng Pagkaing Espirituwal," at bayaang iuwi ng mga kasapi ng klase ang mga tasa.) Ipakita ang larawan ng pulubi na may tasa na mula sa aralin.

Ipaliwanag sa mga kasapi ng klase na sa maraming bahagi ng daigdig ang tasa ay hawak-hawak ng mga taong gutom upang manglimos ng pera para sa pagkain.

Talakayan sa pisara

- Halimbawang ikaw ay isang taong walang nalalaman hinggil sa ebanghelyo ni Jesucristo at gutom ka sa pagkaing espirituwal. Kung sasabihin ni Joseph Smith sa iyo ang tungkol sa kanyang panalangin at ang pagpapakita ng Ama at ng Anak, anong uri ng pagkaing espirituwal ang maaaring nasa "tasa" mo? (Isulat ang mga sagot sa pisara. Maaaring kasama sa mga ito ang mga bagay na katulad ng: Katiyakan na buhay ang Diyos. Katiyakan na nagmamalasakit sa atin ang Diyos. Katiyakan na maaaring masagot ang ating mga panalangin. Pang-unawa na ang Diyos ay ang ating Ama at tayo ay ginawa sa wangis niya.)

---

**Patotoo at Hamon**

Bilang mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw, tayo ay masaganang biniyayaan ng mga espirituwal na kaloob at ng masaganang pagkain para sa ating espirituwal na pag-unlad.

Ang iba na kilala o nakakasalubong natin ay maaaring gutom sa mga kaloob na ito. Tunay na nasisiyahan ang Panginoon kung ibinabahagi natin ang ibinigay niya sa atin doon sa mga may kakaunti, na tunay na gutom sa kakulangan ng pagkaing espirituwal.

Hamunin ang klase na palakasin ang kanilang mga patotoo sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbabasa at pananalangin hinggil sa patotoo ni Joseph Smith sa Mahalagang Perlas (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–26). Hamunin silang maghanda na ibahagi ang patotoong ito sa iba kapag ang pagkakataon ay tila tama.

Tiyakin sa klase na alam *mong* naririnig at sasagutin ng Diyos ang *kanilang* mga panalangin at na papatnubayan niya sila habang hinahangad nilang ibahagi ang ebanghelyo.



Aralin 4

# Kayo ay Tinawag Upang Magtayo ng Sion

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang mga kasapi ng klase na maghangad na maging dalisay sa puso.

**PAGHAHANDA**

1. Magdala sa klase ng mga kagamitan sa paglilinis na katulad ng pangkuskos, walis tingting, basahan, o panlinis.
2. Kumuha at ihandang ipakita ang larawan ni Cristo na kumakatok sa pintuan (62170).
3. Basahin ang Alma 17–19.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Isinalaysay ni Elder Vaughn J. Featherstone ang sumusunod na kuwento:

"Mga ilang taon na ang nakalilipas, ibinahagi sa akin ng isang ama ang sumusunod na kuwento. Ang kanyang panganay na anak ay halos isang taon nang nag-aaral sa Brigham Young University pagkatapos ng kanyang misyon. Sa loob ng taong iyon nakipagkasundo siya at naghahanda nang magpakasal. Mga isang linggo bago ang kanyang kasal, nagpunta siya sa Salt Lake City upang gugulin ang isang gabi sa piling ng kanyang mag-anak. Ang sabi ng ama, 'Tila siya pormal na pormal. Dati siyang masayahin at punung-puno ng kagalakan. Nakatutuwa siya talagang kasama.' Pagkalipas ng mga kalahating oras, lumapit ang anak sa kanyang ama at nagtanong, 'Tay, maaari ko po ba kayong makausap sa silid-aralan?' Karaniwan, ang ama ang nagdadala sa kanyang anak sa silid-aralan. Naghintay ang anak hanggang ang ama ay makapasok sa loob, at pagkatapos ay isinara niya ang pintuan (bagay na karaniwang ginagawa ng ama). Pagkatapos ay nagtungo ang anak at naupo sa malaking pahingahang upuan, at naiwan ang ama upang maupo sa silyang matigas ang sandalan. Sinabi ng ama na kabaliktaran talaga ng bahaging ginagampanan, at nag-isip siya kung ano ang nagawa niyang pagkakamali. Ang sabi niya, 'Pakiramdam ko ay nasa ilalim ako ng ilaw na ginagamit sa pagtatanong.' Pagkatapos ay sinabi ng anak, 'Tay, alam po ninyong ikakasal na ako sa susunod na linggo.'

"May pagmamahal na inisip ng ama ang tungkol sa kasal ng kanyang anak at tumugon, 'Oo, alam ko iyan, Anak.'

"Pagkatapos ay sinabi ng anak, 'Tay, naisip ko na nais ninyo ni Inay na malaman na ako ay kasinglinis at kasingdalisay noong araw na dalhin ninyo ako sa buhay na ito.' Nangislap ang luha sa kanyang mga mata, pagkatapos ay nangislap ang luha sa mga mata ng ama. Lumapit siya sa kanyang anak, niyakap niya, at hinalikan niya sa pisngi. Hindi siya makapagsalita sapagkat umaapaw ang kanyang puso" (*Purity of Heart* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1982], p. 42–43).

**Pagpapanatili ng Isang Banal na Templo**

Gawain at talakayan

Ipakita sa klase ang mga kagamitang panlinis.

- Kung may darating na natatanging panauhin sa inyong bahay, paano ninyo gagamitin ang mga kagamitang ito? Kung sakaling iyon ay ang pagdalaw ng isang lubhang natatanging panauhin, maglilinis ba kayo nang may kaibahan? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Basahin ang Helaman 4:24, na binibigyang-diin na ang Espiritu ng Panginoon ay hindi namamahay sa mga hindi banal na templo.

• Ano ang ibig sabihin ng "mga templo" sa talata? (Ang kanilang kaluluwa—katawan at espiritu.)

Hilingin sa klase na isipin ang sarili nilang kaluluwa at kung gaano kalinis ang mga ito. Hilingan sila na magpasya para sa kanilang sarili kung kasinglinis sila ng magiging paglilinis nila sa kanilang mga bahay kung ang propeta o ang Panginoon mismo ang dadalaw.

Larawan at mga banal na kasulatan

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang Apocalipsis 3:20 habang ipinakikita mo ang larawan ni Cristo na kumakatok sa pintuan. Hilingin sa klase na isipin kung sila ay handa nang mag-anyaya sa Panginoon sa kanilang mga puso. Basahin ang Mateo 5:8.

---

**Ang Panginoon ay Nagnanais ng Mga Dalisay na Tao**

Larawan at talakayan

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 97:21 at isulat sa pisara ang Sion–*ANG DALISAY SA PUSO*. Tanungin ang mga kasapi ng klase kung ano ang alam nila hinggil sa Sion. Pagbalik-aralan ang sumusunod upang ipaliwanag na ang Panginoon ay palaging nagnanais na maitayo ang Sion sa lupa:

1. Noong panahon ni Enoc, matagal pa bago ang baha, may mga taong naging tunay na dalisay kaya silang lahat ay kinuha ng Panginoon sa langit (tingnan sa Moises 7:18–21; Hebreo 11:5).
2. Si Juan Bautista ay ipinadala upang "ihanda ang isang pangkat ng mga tao na handa para sa Panginoon" (Lucas 1:17).
3. Pagkatapos dalawin ng Panginoon ang mga tao sa Amerika, naging mga matuwid at dalisay silang tao sa loob ng mga dalawang daang taon (tingnan sa 4 Nefias 1:1–49).
4. Sa mga huling araw, sinabi sa atin ng Panginoon na "hangaring buhayin at itatag ang kapakanan ng Sion" (Doktrina at Mga Tipan 6:6).

• Bakit sa palagay ninyo nais ng Panginoon na ang mga tao ay maging dalisay sa puso? (Maaaring iba-iba ang mga sagot; bigyang-diin na kailangang dalisay tayo sa puso upang makabalik sa kanyang kinaroroonan.)

Talakayan

Isalaysay ang kuwento ni Ammon (Alma 17:19–19:36; tingnan lalo na sa 19:33).

Nagpunta si Ammon sa lupain ng mga Lamanita upang ipangaral ang ebanghelyo. Nabihag siya at dinala sa haring Lamanita, na si Haring Lamonias. Sinabi ni Ammon kay Haring Lamonias na nais niyang maging tagapaglingkod at gumawa para sa kanya. Iniligtas ni Ammon ang mga kawan ng hari sa pagkakanakaw at iniligtas ang mga tagapaglingkod ng hari sa pagkamatay. Nang marinig ni Haring Lamonias ang tungkol sa kagitingan ni Ammon, ipinatawag niya ito. Tinuruan ni Ammon si Haring Lamonias ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, binago ng Panginoon ang puso ni Haring Lamonias.

---

**Paano Tayo Magiging Dalisay sa Puso**

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin ang Alma 19:33.

• Ano ang kahulugan ng maging dalisay sa puso ngayon? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Pisara at talakayan sa banal na kasulatan

• Paano tayo magiging dalisay sa puso? Ano ang ilang mga ginagawa nating pagpili na nakaaapekto kung gaano kadalisay ang ating puso? (Pamunuan ang klase na banggitin ang bawat isa sa mga sumusunod at isulat ang mga ito sa pisara. Gamitin ang mga banal na kasulatang nabanggit sa pagbibigay-diin kung paano tayo binigyan ng Panginoon ng mga alituntunin na susundin.)

Pumili ng mga karapat-dapat na kaibigan (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 38:42, Alma 5:57).

Pag-aralan ang mga banal na kasulatan (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 26:1, Mosias 1:7, Doktrina at Mga Tipan 11:21–22).

Manalangin (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 31:12).

Iwasan maging ang anyo ng masama (tingnan sa 1 Tesalonica 5:22).

Piliin ang mga mabubuting aklat, magasin, palatuntunan sa telebisyon, musika, pelikula (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 88:118).

Maging malinis sa kaisipan at mga kilos (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 121:45).

- Paano makatutulong ang bawat isa sa mga ito sa atin upang maging dalisay sa puso? (Iba-iba ang mga sagot.)

---

### Paano Makapagtatayo ng Sion ang Bawat Isa sa Atin?

Talakayan at pisara

- Paano tayo makapagtatayo ng Sion? Ano ang mga bagay na magagawa natin? (Isulat nang maikli ang mga sagot sa pisara. Dapat ay kasama ang mga sumusunod):

**Paano Ako Makapagtatayo ng Sion**
Maging dalisay sa puso.
Maging isang halimbawa.
Magtungo sa misyon.
Maglingkod sa Simbahan.
Magpalaki ng isang matuwid na mag-anak.
Magkaroon ng pansariling katapatan.
Magbayad ng mga ikapu at handog.
Mahalin ang mag-anak at ang iba.

---

### Patotoo at Hamon

Hamunin ang klase na mag-isip hinggil sa mga bagay na ginagawa nila araw-araw at pagkatapos ay gawin ang mga bagay na iyon sa paraang makatutulong sa kanila na maging dalisay sa puso. Hamunin sila na manalangin at humingi sa Ama sa langit ng tulong upang maging dalisay sa puso.

Ibigay ang iyong patotoo hinggil sa kahalagahan at mga biyaya ng pagiging dalisay sa puso.

# Pakikinig sa Isang Propeta Ngayon

Aralin 5

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kasapi ng klase kung bakit mayroon tayong buhay na propeta at malalaman na ang pakikinig sa kanyang mga salita ay nagbibigay sa atin ng kaligayahan.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng mga larawan ng—
   a. Isang maliit na batang nag-aaral na maglakad mula sa inyo o sa mga larawan ng mag-anak ng isang kasapi ng klase o ang larawan 62212 mula sa aklatan ng bahay-pulungan.
   b. Kasalukuyang propeta ng Simbahan.
2. Maghanda ng mga sinulatang piraso ng papel na "Ano ang isang Propeta?"
3. Kopyahin sa pamamagitan ng kamay o sa makinang pangkopya ang dulang binabasa tungkol sa kasaysayan ni Hugh B. Brown. Mga isang linggo man lamang bago ang klase, atasan ang dalawang may kakayahang kasapi ng klase na ihanda ito para sa klase.
4. Pumili ng katatapos lamang na talumpati ng kasalukuyang propeta mula sa *Conference Report* o *Ensign.* Mag-atas ng isang kasapi ng klase na babasa nito at magbibigay ng ulat ukol sa mga tagubiling ibinigay ng propeta. (Magpahintulot ng hindi hihigit sa limang minuto para sa ulat na ito sa aralin.)

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawan ng batang nag-aaral na maglakad at pagkatapos ay basahin o isalaysay ang sumusunod:

Magkunwaring kapatid ninyo ang batang ito, na mahal na mahal ninyo. Sagutin ninyo siya sa hapong ito at kalaro ninyo siya sa isang bakuran. Sa isang bahagi ng bakuran ay isang kalsadang maraming mabilis na nagdaraang sasakyan; sa kabilang bahagi ay isang malalim na kanal na may umaagos na tubig. Ayaw ninyong pahintulutang maglaro o pumunta sa kalye ang batang nag-aaral na maglakad, at ngayon ay nais niyang maglaro sa tabi ng kanal. Nang dalhin mo siya pabalik sa gitna ng bakuran, nagsisisigaw siya at nagtatatadyak at nagpapakita ng galit sa iyo. Pababayaan mo na lamang ba ang bata? Papayagan mo ba siyang maglaro sa bingit ng kanal? Bakit hindi? (Alam mo ang panganib na napakabata pa niya upang maunawaan, at nagmamalasakit at mahal mo siya.)

• Sino ang naroon upang pagbawalan ang mga kabataang maglaro sa bingit ng panganib? Sino ang nagsasabi: "Huwag manonood ng mga marahas at mahalay na pelikula." "Lumayo sa droga." "Umuwi nang maaga." "Huwag makipagtipanan hangga't wala ka pang labing-anim." (mga magulang, guro, at pinuno ng Simbahan.)

• Sino ang naglalayo sa mga magulang, guro, at pinuno ng Simbahan sa "bingit"? (Ang kanilang karanasan, ang patnubay ng Espiritu Santo, at ang propeta ng Diyos.)

Mahal ng ating Ama sa Langit ang lahat ng kanyang anak at pinaglalaanan sila. Inaatasan niya ang kanyang mga propeta na nagbibigay ng payo sa mga anak ng Diyos. Naglalaan siya ng mga magulang, guro, at pinuno ng Simbahan na makagagabay sa mga walang karanasan o kaalaman na mag-ingat sa lahat ng panganib sa buhay.

• Alam ba ng mga magulang, guro, at pinuno ng Simbahan ang lahat ng bagay? (Hindi. Kailangan nila ang pamamatnubay ng Espiritu Santo at gayundin ng buhay na propeta. Tinuturuan at binibigyang babala tayong lahat ng mga propeta.)

Pag-uusapan natin ngayon ang tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng buhay na propeta.

## Ang Propeta ang Tagapagsalita ng Diyos

Larawan

Ipakita ang larawan ng kasalukuyang propeta.

Mga sinulatang piraso ng papel o pisara at talakayan

- Ano ang propeta? (Malamang na sabihin ng mga kasapi ng klase na isa siyang nagpopropesiya o humuhula sa hinaharap. Iyan ang isa sa kanyang mga katangian. Tukuyin sa talakayan ang mga sumusunod, na inilalagay ang mga sinulatang piraso ng papel o isinusulat ang bawat isa sa pisara habang binabanggit ito.)

**Ano ang Propeta?**

Siya ang tagapagsalita ng Diyos.

Nagtuturo siya ng tungkol sa Diyos at kay Jesucristo.

Tinutuligsa niya ang kasalanan at ipinahahayag ang kaparusahan.

Nangangaral siya ng tungkol sa kabanalan.

Tinatawag niya tayo upang magsisi.

Binibigyang-kahulugan niya ang banal na kasulatan.

Siya ang tagapamahala sa kasalukuyang patakaran ng Simbahan.

Ipabasa sa isang kasapi ng klase, o isalaysay mo, ang sumusunod:

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie:

"Ang isang tunay na propeta ay isang may patotoo kay Jesus; isang nakaaalam sa pamamagitan ng sariling paghahayag na si Jesucristo ay Anak ng buhay na Diyos, at siya ay ipapako—o ipinako sa krus—para sa mga kasalanan ng daigdig; isang tao na kinakausap ng Diyos at nakakikilala sa maliit at banayad na tinig ng Espiritu. Ang isang tunay na propeta ay isang maytaglay ng pagkasaserdote; na tagapamahala ayon sa batas; na may kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos upang kumatawan sa kanya sa lupa. Ang isang tunay na propeta ay isang guro ng pagkamatuwid na siyang pinaghayagan ng mga katotohanan ng ebanghelyo at siyang naglalahad ng mga ito sa kanyang kapwa-tao upang maging tagapagmana ng kaligtasan sa kataas-taasang langit. Ang isang tunay na propeta ay isang saksi, isang buhay na saksi, isang nakakaalam, at isang nagpapatotoo. Siya, kung kinakailangan, ay humuhula sa hinaharap at naghahayag sa mga tao ng inihahayag ng Panginoon sa kanya" (*The Mortal Messiah,* 4 tomo [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1980], 2:169).

## Kailangan Natin ang Isang Buhay na Propeta

Dulaang binabasa

Ipatanghal sa mga naunang inatasang kasapi ng klase ang dulang binabasa:

GURO: Si Pangulong Hugh B. Brown, na naging isang Apostol at kasapi ng Unang Panguluhan, ay nagsabi na nagkaroon sila ng pag-uusap ng dating hukom ng "kataas-taasang hukuman ng Britanya." Hiningi niya kay Elder Brown na ipaliwanag nito ang ilang mga bagay sa pananampalatayang Mormon, na inilalahad ito na katulad ng paglalahad niya sa isang kaso sa korte.

DALUBHASA SA BATAS: "Ang sinabi mo sa akin tungkol kay Joseph Smith ay tila hindi kapani-paniwala. . . . "

ELDER BROWN: "Marahil ay makakikita tayo ng ilang pagkakahawig sa paniniwala. . . . Maaari po ba akong magpatuloy, ginoo, sa pagpapalagay na kayo ay isang Kristiyano?"

DALUBHASA SA BATAS: "Ako nga."

ELDER BROWN: "Ipinagpapalagay kong naniniwala kayo sa Bibliya—ang mga Luma at Bagong Tipan?"

DALUBHASA SA BATAS: "Naniniwala ako!"

ELDER BROWN: "Naniniwala ba kayo sa panalangin?"

DALUBHASA SA BATAS: “Naniniwala ako!”

ELDER BROWN: “Sinasabi ninyong ang aking paniniwala na nakikipag-usap ang Diyos sa tao sa panahong ito ay hindi kapani-paniwala at kakatuwa?”

DALUBHASA SA BATAS: “Sa akin, ganoon na nga.”

ELDER BROWN: “Naniniwala ba kayo na nakipag-usap na noon ang Diyos sa isang tao?”

DALUBHASA SA BATAS: “Talaga, marami tayong katibayan niyan sa Bibliya.”

ELDER BROWN: “Nakipag-usap ba siya kay Adan?”

DALUBHASA SA BATAS: “Oo.”

ELDER BROWN: “Kina Enoc, Noe, Abraham, Moises, Jacob, at sa mga iba pang propeta?”

DALUBHASA SA BATAS: “Naniniwala akong nakipag-usap siya sa bawat isa sa kanila.”

ELDER BROWN: “Naniniwala ba kayo na nahinto ang pag-aalaman ng Diyos at ng tao nang nagpakita si Jesus sa daigdig?”

DALUBHASA SA BATAS: “Tiyak namang hindi. Ang ganitong pakikipagtalastasan ay umabot sa kasukdulan nito, ang pinakamataas na antas noong panahong iyon.”

ELDER BROWN: “Naniniwala ba kayo na si Jesus ng Nasaret ay ang Anak ng Diyos?”

DALUBHASA SA BATAS: “Anak siya.”

ELDER BROWN: “Naniniwala ba kayo, ginoo, na pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, na nakipag-usap kailanman ang Diyos sa sinumang tao?”

DALUBHASA SA BATAS: “Naalala ko . . . si Saul ng Tarsus na pumunta sa Damasco upang usigin ang mga banal, at nagkaroon ng pangitain, ay naging bulag, sa katunayan, at nakarinig ng tinig.”

ELDER BROWN: “Kaninong tinig ang narinig ni [Saul]?”

DALUBHASA SA BATAS: “Alam mo . . . ang sabi ng tinig ay ‘Ako si Jesus na inyong pinag-uusig. . . . ’ ” [Mga Gawa 9:5.]

ELDER BROWN: “Kung gayon, [ginoo,] mataman kong inihaharap sa inyo na naging saligang pamantayan sa mga panahon ng Bibliya na makipag-usap ang Diyos sa tao.”

DALUBHASA SA BATAS: “Sa palagay ko ay tatanggapin ko iyan, subalit hindi nagtagal ay nahinto ito pagkatapos ng unang siglo ng kapanahunan ng mga Kristiyano.”

ELDER BROWN: “Bakit sa palagay ninyo huminto ito?”

DALUBHASA SA BATAS: “Hindi ko masabi.”

ELDER BROWN: “Sa palagay ba ninyo ay hindi na nakipag-usap ang Diyos mula noon?”

DALUBHASA SA BATAS: “Hindi sa pagkakaalam ko.”

ELDER BROWN: “Maaari ba akong magmungkahi ng ilang mga maaaring dahilan kung bakit hindi siya nakipag-usap. Marahil ay sa dahilang hindi niya magawa. Nawalan siya ng kapangyarihan.”

DALUBHASA SA BATAS: “ . . . Kalapastanganan na iyan.”

ELDER BROWN: “Kung gayon, kung ayaw ninyong tanggapin iyan, marahil ay hindi siya nakikipag-usap sa tao sapagkat hindi na niya tayo mahal. Hindi na siya interesado sa mga gawain ng tao.”

DALUBHASA SA BATAS: “Hindi. . . . Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, at hindi siya nagtatangi ng mga tao.”

ELDER BROWN: “Kung gayon, . . . ang tanging maaaring sagot sa pagkakakita ko ay hindi natin siya kailangan. Napakabilis na ang pag-unlad natin sa edukasyon at agham kaya hindi na natin kailangan ang Diyos.”

DALUBHASA SA BATAS: “ . . . G. Brown, walang panahon kailanman sa kasaysayan ng daigdig na higit na kailangan ang tinig ng Diyos kaysa sa ngayon. Marahil ay masasabi mo sa akin kung bakit hindi siya nagsasalita.”

ELDER BROWN: "Nagsasalita siya, nakapangusap na siya; subalit kailangan ng tao ang pananampalataya upang marinig siya." (Halaw sa Conference Report, Okt. 1967, p. 117–18; o sa *Improvement Era,* Dis. 1967, p. 36–37; tingnan din sa "The Profile of a Prophet," sa Speeches of the Year [Provo: Brigham Young University Press, 1956], p. 3–5.)

Talakayan

• Bakit kailangan natin ang isang buhay na propeta? (Bigyan ng pagkakataon ang mga kasapi ng klase na sumagot; iba-iba ang mga sagot.)

Ipinaliwanag ito ni Pangulong John Taylor sa ganitong paraan:

"Ang paghahayag kay Adan ay hindi nagtagubilin kay Noe na gumawa ng daong; ni ang paghahayag kay Noe ay nagsabi kay Lot na talikuran ang Sodoma; o alinman sa mga ito ay nagsabi tungkol sa paglisan ng mga anak ni Israel mula sa Egipto. Ang lahat ng mga ito ay may kani-kanilang paghahayag para sa kanilang sarili, at gayon din kina Isaias, Jeremias, Esekiel, Jesus, Pedro, Pablo, Juan, at Joseph. At kaya kailangan ay ganoon din tayo, o tayo ay lulubog" (John Taylor, *The Gospel Kingdom*, pinili ni G. Homer Durham [Salt Lake City: Bookcraft, 1943], p. 34).

Ang propeta sa Lumang Tipan na si Amos, ay nagsabi, "Tunay na ang Panginoong Diyos ay walang gagawin kundi kanyang, ihahayag ang kanyang lihim sa kanyang mga lingkod na mga propeta" (Amos 3:7). At pagkatapos ang Panginoon sa ating panahon, na nagsasalita tungkol sa kanyang propeta, ay nagsabi:

Talakayan sa banal na kasulatan

"Dahil dito, nangangahulugang ang simbahan, kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang mga salita at mga kautusan na ibibigay niya sa inyo tulad ng pagkakatanggap niya ng mga ito, naglalakad ng buong kabanalan sa harap ko; Sapagkat ang kanyang salita; ay inyong matatanggap na parang mula sa sarili kong bibig, at ng buong pagtitiis at pananampalataya" (Doktrina at Mga Tipan 21:4–5; tingnan din sa Doktrina at Mga Tipan 1:38).

• Para sa atin, sinong propeta ang kasinghalaga nina Moises, Abraham, Nefias, o sinumang sinaunang propeta? (Ang kasalukuyang propeta, sapagkat pinapatnubayan niya tayo ngayon.)

• Bakit sa palagay ninyo maraming tao ang may pagkiling na gumalang sa mga sinaunang propeta, halimbawa ang mga nasa Bibliya, nang higit kaysa sa mga nabubuhay ngayon? (Higit na nakikita ng mga tao ang kamalian ng mga buhay pa. Maaaring iba-iba ang mga sagot.)

---

**Ang Mga Propeta sa Huling-araw ay Nagbibigay sa Atin ng Kailangang Payo**

Halimbawa at talakayan

Isalaysay ang sumusunod na pangyayari: Isang batang misyonero ang nagpapaliwanag sa isang tinuturuang tao na ang ating Simbahan ay pinamumunuan ng isang propeta ng Panginoon na siyang tumatanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan at para sa daigdig. Wiling-wili ang lalaki at nagtanong sa elder kung ano ang sinabi ng propeta. Ang misyonero, gayunman, ay hindi makapag-isip ng tiyak na bagay na sasabihin sa lalaki.

"Ano, ano ba ang pinakahuling bagay na inihayag ng inyong propeta?" ang tanong ng tao. Hindi pa rin nakapagsalita nang maayos ang misyonero at hindi makasagot; hindi niya talaga alam.

• Higit ba ang magagawa ng bawat isa sa atin kaysa sa napahiyang misyonerong iyon? Anong mga tagubilin ang ibinigay sa atin ng ating propeta? (Tanggapin ang mga iba-ibang sagot. Maaari nilang isama ang payo na pag-aralan ang Aklat ni Mormon, magsulat sa pansariling talaarawan, maging misyonero at mga babala laban sa mga bagay na tulad ng pagpapalaglag, pornograpiya, pagiging binabae o tomboy, at ibang mabibigat na kasalanan sa ngayon.)

Ulat

Ipaulat sa naatasang kasapi ng klase ang mahalagang tagubilin na nakita niya sa t alumpati ng propeta.

---

**Kailangan Nating Makinig sa Ating Propeta**

Binalaan tayo ng ating Ama sa Langit tungkol sa mga kasamaan ng daigdig na ito at tungkol sa kung paano tayo maaaring maligtas mula sa kahihinatnan ng pagsunod sa daigdig. Ang pinaka-kailangan natin ay ang tunay na makinig at pagkatapos ay sumunod sa payo ng mga propeta ng Diyos sa ngayon. Tulad sa sinabi ni Pangulong J. Reuben Clark, Jr.,

"Hindi tayo nagkukulang ng propeta; ang kulang sa atin ay ang mga taong makikinig at ang lakas ng loob na mamuhay ayon sa iniutos ng Diyos" (sa Conference Report, Okt.1948, p. 80).

May mga taong naniniwala sa pagsunod sa propeta sa lahat ng bagay na inaakala *nilang* tama. Gayunman, kung inaakala nila na ang payo ng propeta ay hindi tama o hindi nila nagustuhan, sila ang nagiging propeta sa kanilang sarili. *0* ang nagpapasiya kung ano ang nais at ang hindi nais ng Panginoon. Kapag ipinasiya natin na huwag gawin o sundin ang ilan sa mga kautusan, inilalagay natin sa ating mga kamay ang batas ng Panginoon at nagiging propeta sa ating sarili. Maliligaw tayo. Ang mga sumusunod sa buhay na propeta kung nakagagaan lamang sa kanila ay nagiging mga huwad na propeta sa kanilang sarili.

- Naisip na ba natin na maaari tayong pumulot at mamili kung aling kautusan ang susundin? Iniisip ba natin na ang isang propeta ay hindi propeta kung ang payo niya ay labag sa nais nating gawin? (Pasagutin ang mga kasapi ng klase.)

Talakayan sa banal na kasalutan

Basahin sa Hebreo 13:17.

"Magsitalima kayo sa mga namumuno sa inyo, at kayo'y pasakop sa kanila: sapagkat pawang nangagpupuyat dahil sa inyong mga kaluluwa . . . " [Hebreo 13:17]

Talakayan

- Noong iniulat ni Joseph Smith ang kanyang paghahayag tungkol sa Salita ng Karunungan at pinayuhan ang mga Banal na iwasan ang tabako, tsaa, at kape, gayon din ang alkohol, tinanggap ba ng lahat ito bilang isang tama at mahalagang payo? (Hindi. Tanggapin ang mga puna ng klase at ipaliwanag na nangailangan ng higit sa isang daang taon bago natanggap ng daigdig na ang pangaral ay tunay batay sa agham. Maging ang mga manggagamot ay dating nagsasabing ang tabako, tsaa, at kape ay hindi makapipinsala sa katawan. Ang mga nakinig sa propeta ay umani ng napakalaking biyaya ng kalusugan.)
- Anong uri ng mga panganib ang sinusuungan ng mga taong hindi nakikinig sa turo ng mga propeta tungkol sa kalinisang-puri at kalinisang moral? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng: pagkawala ng pananampalataya at patotoo, watak-watak na mag-anak, mga sakit na tulad ng AIDS, pagkatiwalag sa Simbahan, at pagkawala ng mga pangwalang-hanggang biyaya.)

---

### Ang Pagiging Masunurin Natin sa Propeta ay Isang Sukatan ng Ating Katapatan

Talakayan sa banal na kasulatan

Si Jacob, ang kapatid ni Nefias, ay nagsabi:

"O, ang kahambugan, at mga kahinaan, at kahangalan ng mga tao! Kung sila ay marunong, iniisip nila na sila ay matalino, at ayaw nilang makinig sa payo ng Diyos, sapagkat isinasaisang-tabi nila ito, inaakala nilang alam nila sa kanilang sarili; dahil dito, ang kanilang katalinuhan ay kahangalan at wala silang pakinabang dito. At sila ay masasawi. Subalit ang maging marunong ay mabuti kung sila ay makikinig sa mga payo ng Diyos" (2 Nefias 9:28–29).

Kaya nga, ang bawat isa sa atin ay may kalayaan sa pagpili; maaari tayong tumutol kung nais natin. Kung gawin natin iyon, gayunman, kailangang tanggapin natin ang kahihinatnan ng ating pagpili. Kung minsan ay hindi natin ganap na tinitimbang ang kalalabasan sapagkat ilan sa mga pinakamabigat na pagpipilian natin ay sa pagitan ng payo ng mga kaibigan at payo ng mga propeta.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Panginoon nang sabihin niya sa Lucas 6:46, "Bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" (Inaakusahan niya sila bilang mga taong mapagkunwari. Ano ang nadama niya sa mga taong mapagkunwari?)

---

### Patotoo at Hamon

Ibigay ang iyong patotoo sa kahalagahan ng pagsunod sa buhay na propeta. Hamunin ang klase na magpatuloy nang may pananampalataya at lakas ng loob sa pagsunod sa payo ng mga propeta sa ngayon. Himukin silang mapanatili ang sariling walang bahid-dungis mula sa daigdig, na magsisi kung kinakailangan, at sa anumang paraan ay tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos dito sa lupa. Ang tunay na Banal sa Huling-araw ay sumasang-ayon sa propeta, at upang sang-ayunan ang propeta ay kailangan natin siyang sundin.

Aralin
6

# Ang Propetang si Joseph Smith—Isang Tanglaw sa Karimlan

**Isinilang:** 23 Disyembre 1805 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1832–1844

**LAYUNIN**

Upang lumikha ng pagnanais sa bawat kasapi ng klase na alamin sa kanyang sarili na si Joseph Smith ay isang propeta.

**PAGHAHANDA**

1. Bago ang araling ito, ipabasa sa isang kasapi ng klase ang Joseph Smith–-Kasaysayan 1:13–26 at maghandang iulat sa klase ang kanyang damdamin tungkol sa bagay na ito. Ang pagbabasa at talakayan sa banal na kasulatang ito ang pinakamahalagang bahagi ng aralin. Magbigay ng panahon para sa bagay na ito kahit na may isang bagay na kailangang iwanan.
2. Maghanda ng bigay-sipi ng "Ang Kahalagahan ni Joseph Smith sa Akin" para sa bawat kasapi ng klase (sa hulihan ng aralin).
3. Maghanda ng isang globo ng daigdig (o malaking bola na kumakatawan sa daigdig). Takpan ng napakaitim na tela bago magsimula ang klase.
4. Tiyaking ang bawat kasapi ng klase ay may kopya ng Aklat ni Mormon at Mahalagang Perlas. Tumingin sa aklatan ng bahay-pulungan para sa karagdagang kopya kung kinakailangan.
5. Kumuha ng mga sumusunod na larawan ni Joseph Smith mula sa aklatan ng bahay-pulungan: 62470, 62492, at 62371.
6. Humingi ng pahintulot sa obispo o pangulo ng sangay na hilingin sa isang kasapi ng purok o sangay na nagsumikap na magkaroon ng patotoo na ipaliwanag sa klase kung paano niya natamo ang patotoong iyon.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Paskil o pisara

Isulat sa isang paskil, o pisara, ang mga sumusunod na tanong:

> Paano ko malalaman sa aking sarili na si Joseph Smith ay isang propeta?
>
> Paano ko malalaman na nakita at narinig niya ang sinabi niyang ginawa niya?
>
> Ano ang kahulugan sa akin ng pagkaalam sa mga sagot ng mga tanong na ito?

Ipakita ang paskil at hilingin sa klase na basahin ito.

Bigay-sipi at talakayan

Paalala: Ang sumusunod na talakayan ay dapat na makatulong sa mga kasapi ng klase na mapalakas ang kanilang patotoo. Ang malakas na paniniwala at pananalig sa katotohanan ng isang guro ay nakatutulong sa pagbibigay-sigla sa mga kasapi ng klase. Ipaliwanag na dahil nagsabi si Joseph Smtih ng katotohanan mahalaga para sa atin, lalung-lalo na bilang mga kasapi ng Simbahan, na magkaroon ng patotoo tungkol sa katotohanang iyon.

Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng kopya ng bigay-siping "Ang Kahalagahan ni Joseph Smith sa Akin" (Tingnan ang kopyang kasunod sa hulihan ng aralin).

**Ang Kahalagahan ni Joseph Smith sa Akin**

Hilingin sa isang kasapi ng klase na basahin ang unang pangungusap sa bigay-sipi: "Natutuhan ko kung saan nanggaling ang aking espiritu bago ako ipinanganak, kung bakit ako naririto sa lupa, at kung saan ako patutungo pagkatapos ng buhay na ito." Sabihin sa klase na ang mga makabagong paghahayag ay mahalaga sapagkat wala ni isa man sa daigdig ng mga Kristiyano noong 1820 ang may buong katotohanan.

- Bakit hindi nila nalaman ang buong katotohanan? Alam at itinuro ng mga propeta noong ibang panahon ang buong katotohanan. (Dahil sa kasamaan, maraming "maliwanag at mahalagang" bahagi ng mga banal na kasulatan ang naalis [tingnan sa 1 Nefias 13:20–29].)

Ipaliwanag na dahil kay Joseph Smith alam natin kung sino tayo at kung saan tayo nanggaling. Alam natin na maaari tayong bumalik sa piling ng ating Ama sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga kautusan. Gayunman, ang mga tao sa daigdig sa pangkalahatan ay hindi pa nakaaalam ng tungkol dito. Mayroon tayong kaalaman upang tumukoy ng maling doktrina, at kung susundin natin ang Diyos at ang kanyang mga propeta, magkakaroon tayo ng lakas na lumaban sa lahat ng doktrina ng diyablo at mga nililinlang niya.

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang pangalawang pangungusap sa bigay-sipi: "Natutuhan ko na ang Ama sa Langit ay isang totoong tao na nakikinig at sumasagot sa aking mga panalangin."

- Ano ang palagay ng mga simbahan sa daigdig tungkol sa Diyos at kay Cristo? (Ipaliwanag na halos lahat ng mga simbahan sa daigdig ay nagpapalagay na ang Diyos at si Cristo ay mga espiritu o isang diwang espirituwal na walang pisikal na katawan. Kahanga-hangang malaman ang katotohanan—na ang Diyos na Walang-hanggang Ama at si Jesucristo ay dinakila, nahahawakang nilalang na may mga katawang nabuhay na mag-uli na kung kaninong wangis tayo ay ginawa, at si Jesucristo ay tunay na Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Pagsikapang tulungan ang mga kasapi ng klase na makita ang malaking kahalagahang malaman kung ano ang katulad ng Diyos at ni Cristo at malaman kung ano ang plano ng Panginoon para sa sangkatauhan.

Pakay aralin

Pagmasdang mabuti ang globo (o bola) na natatakpan ng makapal na tela na kumakatawan sa daigdig. Ipaliwanag na ang daigdig noong 1820 ay nasa kalagayang espirituwal na kadiliman. Kahit na maraming mababait na tao ang nagsusumikap na malaman ang tungkol sa Diyos, walang mga propeta o may karapatan. Walang totoong simbahan na magtuturo ng katotohanan, at napakaraming maling turo at alituntunin na sanhi ng kaguluhan.

Sa panahong iyon ang Panginoon, sa pamamagitan ng batang si Joseph Smith, ay nagawang dalhin ang katotohanan, bagong pang-unawa, karapatan, at paghahayag, o sa madaling salita ay ang *tanglaw* sa daigdig. Ganito rin ang ginawa ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta sa bibliya na tulad ni Moises. Alisin ang takip ng globo.

Linawin na ang dispensasyon na kailangan nang ihanda ang daigdig para sa ikalawang pagparito ni Cristo ay dumating na. Nasa atin ang ebanghelyo, isang napakahalagang kaloob. Maaari natin itong ibahagi sa iba kung napag-aralan lamang natin sa ating sarili ang katotohanan at kahalagahan nito.

Talakayan

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang ikatlong pahayag sa bigay-sipi: "Natutuhan ko na ang totoong Simbahan ay nasa lupa at kasapi ako rito."


Muling tiyakin sa klase na maaari nilang palakasin ang kanilang mga patotoo at malaman nang tiyak, kung hindi pa nila alam sa ngayon, na totoo ang Simbahan at si Joseph Smith ay isang propeta.

Banal na kasulatan

Sabay-sabay na basahin ang Moronias 10:4.

Pisara at talakayan

Ilagay ang tsart na "Pamamaraan ng Pagtamo ng Patotoo" (na walang mga salita sa mga baitang) sa pisara o sa malaking paskil. Isulat ang *patotoo* sa pinakamataas na linya o baitang.




• Ano ang pamamaraan na kailangang pagdaanan ng isang tao upang malaman kung si Joseph ay isang propeta o na ang Simbahan ay totoo? (Kung naibigay na ang tamang sagot, isulat sa alinmang linya hanggang sa mabuo ang tsart.)

Patotoo

Kung pinahintulutan ka ng obispo o pangulo ng sangay, hilingin sa taong inanyayahan mo mula sa purok o sangay, na nagsumikap magkaroon ng patotoo, na ipaliwanag sa klase kung paano niya natamo ang patotoong iyon.

---

**Pagpapalawak ng Ating Pang-unawa at Pagpapahalaga Kay Joseph Smith**

Talakayan

Sabihin sa klase na ang pag-aaral tungkol sa batang si Joseph Smith at kung ano ang kanyang mga naramdaman ay tutulong sa ating palawakin ang pagpapahalaga at pang-unawa natin tungkol sa kanya.

• Sa anong mga paraan nahahawig sa inyo si Joseph? (Kasinggulang ninyo siya. Mahal niya ang kanyang mag-anak. Nag-aabala siya tungkol sa paghahanap-buhay, tungkol sa paggawa ng tama. Pinagsisikapan niyang maging mabuti. Ninais niyang malaman ang katotohanan. Maaaring natatakot din siya sa ilang bagay, tulad ng pagkabigo o pagkakasakit [wala pang mga *antibiotic* (panlaban sa sakit), pampamanhid, o bakuna katulad ng nasa atin ngayon at nagkaroon siya ng napakasakit na impeksyon sa buto sa kanyang paa noong bata-bata pa siya]. Mayroon siyang mga gawain upang makatulong sa kanyang mag-anak. Mahilig siya sa palakasan. Nakararamdam siya ng kirot kung nasasaktan. Nanalangin siya.)

Mga larawan at pagbabalik-aral

Ipakita ang mga larawan ni Joseph Smith, lalo na sa Banal na Kakahuyan. Pagbalik-aralan nang pahapyaw (o mag-atas ng isang kasapi ng klase na magsalaysay nito) ang mga damdamin ni Joseph na nagdala sa kanya sa Banal na Kakahuyan.

---

**Ang Pag-aaral Tungkol sa Unang Pangitain ay Makapagpapalakas sa Ating Mga Patotoo**

Pagbabasa ng banal na kasulatan at talakayan

Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:13–26 habang sinusundan ng klase sa kanilang sariling banal na kasulatan. Basahin nang marahan. Sabihin sa mga kasapi ng klase na huwag sumabad hangga't hindi nababasa ang buong sipi.

Pagkatapos ng pagbabasa, itanong ang ilan sa mga sumusunod na tanong:

• Bakit sa palagay ninyo sinikap ni Satanas na hadlangan si Joseph na magkaroon ng karanasang ito? (Sapagkat alam ni Satanas na ang katotohanan at liwanag ng ebanghelyo at ang kapangyarihan at karapatan ng pagkasaserdote ay dadalhing muli sa lupa. Si Satanas ay kalaban ng lahat na ito; nilalabanan niya ang mga ito.)

• Bakit sa palagay ninyo hindi nadaig ni Satanas si Joseph? (Higit na malakas ang kapangyarihan ng Diyos kaysa kay Satanas. Hindi niya papayagang sirain ni Satanas si Joseph.)

• Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Joseph?

- Sa palagay ninyo, kailan siya nawalan ng takot? (Ang nakapagbibigay-katiyakang kapayapaan at ang espiritu ng Espiritu Santo ang umaliw sa kanya na tulad ng pag-aliw nito sa bawat isa sa atin kung mayroon tayong karanasan na tulad niyon. Magiging masayang karanasan ito.)
- Bakit "nawalan ng lakas" si Joseph pagkatapos ng pangitain? (Nakauubos-lakas na karanasan iyon.)

Ipaliwanag na ang isang tao ay kailangang "mabago" o mapalakas at mapangalagaan ng Espiritu ng Diyos, na tulad ni Joseph noon, upang matagalan ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng pagkanaroroon ng Panginoon. Kung hindi, walang may kamatayang lalaki o babae na "nakakita sa Diyos kailanman sa laman, maliban sa siya ay binago ng Espiritu ng Diyos" (Doktrina at Mga Tipan 67:11).

Ulat

Ipaulat sa inatasang kasapi ng klase ang tungkol sa kanyang pakiramdam o patotoo tungkol sa karanasan ni Joseph Smith sa Banal na Kakahuyan.

---

**Patotoo at Hamon**

Muling sumangguni sa tsart na "Pamamaraan ng Pagtatamo ng Patotoo" sa pisara o paskil at hamunin ang klase na gawin ang ginawa ni Joseph. Hinanap niya at nakatanggap ng paghahayag, at magagawa din natin ang gayon. Bilang karagdagan sa mga tanong sa ebanghelyo [na maaaring nasa atin], araw-araw na kailangan natin ng karunungan sa pagharap sa mga hamon sa pakikitungo sa maraming bagay na kinakaharap natin, tulad ng paaralan, mag-anak, mga kaibigan, pera, o kung paano kumilos. Kailangang humiling tayo sa Diyos nang may pananampalataya, na may tunay na hangarin. Makatatanggap tayo ng mga sagot. *Malalaman* natin ang gagawin.

Banal na kasulatan at patotoo

Basahin ang Santiago 1:5–6. Magbigay ng iyong patotoo.

---

# Ang Kahalagahan Ni Joseph Smith Sa Akin

Si Joseph Smith ay isang tunay na propeta.
Ano ang ibig sabihin niyan sa akin ngayon?

1. Natutuhan ko kung saan nanggaling ang aking espiritu bago ako ipinanganak, kung bakit ako naririto sa lupa, at kung saan ako patutungo pagkatapos ng buhay na ito. (Tingnan sa Abraham 3:22, Doktrina at Mga Tipan 45:56–59, Doktrina at Mga Tipan 76.)

2. Natutuhan ko na ang Ama sa Langit ay isang totoong tao na nakikinig at sumasagot sa aking mga panalangin. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–20.)

3. Natutuhan ko na ang totoong Simbahan ay nasa lupa at kasapi ako rito. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 20:1.)

Aralin 7

# Pagpapalakas ng Patotoo Kay Joseph Smith

**LAYUNIN**

Madaragdagan ang patotoo ng mga kasapi ng klase na nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at si Jesucristo.

**PAGHAHANDA**

1. Maghanda ng kopya ng bigay-sipi na “Pagtulong sa Isang Kaibigan na Unawain ang Unang Pangitain ni Joseph Smith” para sa bawat kasapi ng klase mula sa halimbawa na kasunod ng aralin.
2. Maghandang isulat sa pisara ang bahaging “Pag-unawa sa Juan 1:18” o maghanda ng mga sinulatang piraso ng papel na mga pangungusap at mga sangguniang banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Basahin ang sumusunod na kuwento:

Si John ay isang labing-apat na taong gulang na kasapi ng Simbahan. Isang araw, ipinagtapat sa kanya ni Paul, ang kaibigan niyang hindi kasapi, “Kinakausap ng ilang mga misyonero mula sa inyong simbahan ang aking mag-anak. Sa palagay namin ay mabuti ang inyong simbahan at nagtuturo ito ng mabubuting bagay, subalit ang aking ama at ako ay hindi talaga makapaniwala sa kuwento tungkol kay Joseph Smith na nagkaroon ng pangitain at nakatuklas ng mga laminang ginto.”

**Maaari Nating Sagutin ang Mga Tanong Tungkol Kay Joseph Smith**

Kuwento

Talakayan at mga banal na kasulatan

• Ano kaya ang gumugulo sa isipan ni Paul tungkol sa pangitain ni Joseph? Ano ang maaaring sabihin ni John sa kanyang kaibigang si Paul na maaaring makatulong sa kanya? (Maaaring ipaliwanag ni John na bagama’t namumukud-tangi ang pangitain ni Joseph noong kapanahunan niya, pangkaraniwan lamang iyon sa isang propeta. Ang Panginoon, sa buong kasaysayan, ay nakipag-usap sa kanyang mga propeta, karamihan ay “harapan.”) [Moises 1:2]

• Sino pa ang mga ibang propeta na naiisip ninyo na nakakita at nakipag-usap sa Panginoon? (Maaari mong banggitin ang ilan sa mga sumusunod: Adan [tingnan sa Genesis 3:8–13, Doktrina at Mga Tipan 107:54–55, at Moises 6:22], Enoc [Genesis 5:22, 24; Doktrina at Mga Tipan 107:49; at Moises 7:4], Noe [Genesis 6:9, Moises 8:27], Abraham [Genesis 12:7, 18:1; Abraham 2:6], Isaac [Genesis 26:2], Moises [Exodo 24:1, 9–11, 33:11], Isaias [Isaias 6:1], Ezekiel [Ezekiel 1:1, 44:4], Esteban [Mga Gawa 7:55-56], ang kapatid na lalaki ni Jared [Eter 3:6–15], Nefias [1 Nefias 11:2–6], Jacob [2 Nefias 11:3], Mormon [Mormon 1:15], at Joseph Smith [Joseph Smith—Kasaysayan 1:17].)

Maliban sa kanila, marami pang ibang propeta ang nakakita sa Panginoon.

Talakayan at ugnayan ng banal na kasulatan

• Paano kung binanggit ni Paul ang Juan 1:18, na nagsasabing wala pang taong nakakita sa Diyos? (Maaaring ipaliwanag ni Juan na ang mga karagdagang banal na kasulatan at ang mga propeta ng Panginoon ay makatutulong sa atin na alamin ang sumusunod: [Isulat ang tatlong pangungusap at mga sanggunian sa banal na kasulatan sa pisara o idikit ang inihandang sinulatang piraso ng papel.])

Pisara

**Pag-unawa sa Juan 1:18. (Tingnan din sa JST 1:19.)**

1. Walang sinumang makakakita sa Diyos kung hindi siya napalakas at ipinagsanggalang ng kapangyarihan at espiritu ng Diyos. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 67:11.)
2. Ang mga karapat-dapat lamang ang may tanging karapatan na makakita sa Diyos. (Tingnan sa Juan 6:46 at Doktrina at Mga Tipan 93:1.)
3. Ipinakikita ng Panginoon ang sarili niya kung kailan, saan, at kaninuman na ninanais niya. (Tingnan sa Exodo 33:20 at ihambing sa *Joseph Smith Translation,* Exodo 33:20.)

(Para sa ibang banal na kasulatan na nagsasabing ang Diyos ay nakikipag-usap sa kanyang mga propeta at iba, tingnan sa *Topical Guide,* "Jesus Christ, Appearances, Antemortal" at " . . . Postmortal.")

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipahanap sa klase ang mga sumusunod na banal na kasulatan at basahin nang sabay-sabay: Genesis 12:7, Exodo 24:9–10, at Exodo 33:11. Ang mga ito at iba pang banal na kasulatan ay nagpapakita na nakita ng mga matuwid na tao ang Diyos.

- Anong mga kalagayan ang kailangan upang mangyari ang gayong paghahayag?

1. Kailangang may pangangailangan. Halimbawa, noong panahon ni Joseph Smith ay kailangang maipanumbalik ang ebanghelyo.
2. Ang tao ay kailangang maging karapat-dapat.
3. Ang pangitain ay kailangang dumating kung kailan nais ng Panginoon, hindi lamang dahil ninanais ng tao.

- Sa palagay kaya ninyo ay masasabi na ninyo sa isang kaibigan sa napakadali, karaniwang paraan kung bakit ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ay isa sa mahabang huwaran ng pakikipag-ugnayan ng Panginoon sa kanyang mga propeta?

Bigay-sipi

Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng kopya ng bigay-siping "Pagtulong sa Isang Kaibigan na Unawain ang Unang Pangitain ni Joseph Smith" (sa hulihan ng aralin). Anyayahan ang isang kasapi ng klase na magpaliwanag kung bakit pangkaraniwan ang Unang Pangitain ni Joseph Smith.

Paalala sa guro: Ang kahon na bato na kinalalagyan ng mga laminang ginto ay pangkaraniwan o hindi namumukod-tangi. (Ang mga laminang metal na may mahahalagang tala ay hindi pambihira noong unang panahon. Ang mga arkayologo sa ating panahon ay nakatutuklas na ang mga laminang metal ng lahat ng uri ay ginamit na talaan para sa mga nakasulat na dokumento. (Tingnan sa H. Curtis Wright, "Ancient Burials of Metal Documents in Stone Boxes," *Journal of Library History,* Foundation for Ancient Research and Mormon Studies, WR-1981.])

---

## Pagtulong sa Iba na Paunlarin ang Kanilang Sariling Patotoo

Talakayan at banal na kasulatan

- Ano ang pinakamahalagang paraan upang matulungan natin ang isang kaibigan na tulad ni Paul na malaman sa kanyang sarili na nagsabi si Joseph Smith ng katotohanan? (Pamunuan ang mga kasapi ng klase sa talakayan tungkol sa Espiritu Santo.)

Maaari nating ipaliwanag na sa Aklat ni Mormon, sa Moronias 10:4, sinabi ng propetang si Moronias sa atin na kung tunay na nais nating malaman ang katotohanan, maaari nating itanong sa Diyos sa pangalan ni Cristo. Kung tayo ay tapat at may pananampalataya kay Cristo, malalaman natin ang katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Basahin ang Moronias 10:4–5 sa klase.

Maaari rin nating sabihin sa ating kaibigan ang tungkol sa patotoo ni Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–26). Maaari nating imungkahi na basahin niya ito nang may buong pananalanging saloobin at pagkatapos ay matapat na magtanong sa Diyos. Maaari rin niyang maramdaman ang katotohanan “sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” (Moronias 10:4).

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng patotoo tungkol sa iyong sariling matibay na paniniwala na tunay na nakita ni Joseph Smith ang Ama at si Jesucristo. Hamunin ang klase na tamuhin ang kaalamang ito para sa sarili nila.

# Pagtulong sa Isang Kaibigan na Unawain ang Unang Pangitain ni Joseph Smith

1. Malimit na nakikipag-usap ang Diyos nang harapan sa kanyang mga propeta. Ang Ama sa Langit o ang Tagapagligtas ay nakipag-usap nang harapan sa mga sumusunod na propeta:

   Adan (Genesis 3:8–13, Doktrina at Mga Tipan 107:54–55, Moises 6:22)

   Enoc (Genesis 5:22, 24; Doktrina at Mga Tipan 107:49; Moises 7:4)

   Noe (Genesis 6:9, Moises 8:27)

   Abraham (Genesis 12:7, 18:1; Abraham 2:6)

   Isaac (Genesis 26:2)

   Moises (Exodo 24:1, 9–11, 33:11)

   Isaias (Isaias 6:1)

   Ezekiel (Ezekiel 1:1, 44:4)

   Esteban (Mga Gawa 7:55–56)

   Kapatid na Lalaki ni Jared (Eter 3:6–15)

   Nefias (1 Nefias 11:2–6)

   Jacob (2 Nefias 11:3)

   Mormon (Mormon 1:15)

   Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17)

2. Kung humihiling ang isang tao sa Panginoon, nang may matapat na hangarin, na malaman ang katotohanan, ihahayag ito ng Panginoon sa kanya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. (Tingnan sa Moronias 10:5.)

# Paghahayag

Aralin 8

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase na gamitin ang kapangyarihan ng paghahayag sa kanilang sariling buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Pag-aralan ang talumpati ni Elder Dallin H. Oaks na ibinigay sa debosyonal sa Brigham Young University noong ika-29 ng Setyembre 1981 habang siya ay kasalukuyang hukom sa Kataas-taasang Hukuman ng Utah (Utah Supreme Court) at bago ang kanyang tawag bilang isang Apostol. (Ang talumpati ay inilathala sa *New Era,* Setyembre, 1982, mga pahina 38–46.)
2. Maghanda ng mga paskil o maging handang gamitin ang pisara tulad ng kinakailangan sa araling ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Ilahad ang sumusunod na kalagayan sa sarili mong mga salita:

Sinabi sa iyo ng isang kaklase ang tungkol sa isang pansariling lawa kung saan ikaw at ang iyong mga kaibigan ay maaaring magtungo upang lumangoy. May isang nakakandadong tarangkahan at isang paunawang Bawal ang Pumasok nang Walang Pahintulot, subalit sinabi niya sa inyo na hindi ito suliranin sapagkat mayroong isang susi sa ilalim ng malapad na bato sa tabi ng tarangkahan at ginagamit ng lahat ang lawa. Ikaw at ang kaibigan mo ay nagpasiyang pumasok. Sinabi ng kaklase mo ang totoo; ito ay isang maganda, mainit na dagat. Masayang-masaya kayong lumangoy. Sa pag-uwi ninyo, gayunman, nagsimulang mangati at magkulay-abo ang inyong balat. Pagdating ninyo sa inyong tahanan ay may malalaking paltos na kayo sa buong katawan ninyo. Ang kalagayan ninyo ay nangangailangan na madala kayo sa pagamutan at muntik na kayong mamatay.

Nakaligtaang sabihin sa inyo ng inyong kaklase, o maaaring hindi niya alam, na ang lawa ay narumihan ng basurang kemikal na may-lason.

Talakayan

- Ano ang madarama ninyo sa taong gumawa ng ganito sa inyo? Paano kung alam niya ang mangyayari? (Hayaan itong talakayin nang matagal-tagal ng mga kasapi ng klase.)

Ito ang ginagawa ni Satanas. Malimit siyang gumagawa ng malalaking pangako, na nililinlang kayong mag-isip na ang mga bunga ay magiging mabuti, subalit hindi niya sinasabi ang mga tunay na kalalabasan.

- Paano tayo malimit na nalilinlang ni Satanas? (Sa pamamagitan ng pagsasabi sa atin na ang mga bagay na tulad ng pangungumit sa tindahan, paninigarilyo, kahalayan, mga droga, at iba pa ay mabuti.) Ano ang tila ipinangangako niya sa bawat isa, at ano ang mga bunga ng mga gawaing ito? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Pisara o paskil

Ipakita ang paskil o isulat ang mga sumusunod sa pisara:

**Mga Paraan ng Panlilinlang ni Satanas sa Atin**

| Kasalanan | Mga Tukso ni Satanas | Mga Bunga |
|---|---|---|
| Pangungumit sa tindahan | Madaliang pagyaman | Pagkawala ng mabuting pangalan, pagkakatala ng pangalan sa ulat-pang-kriminal, pagkabilanggo |
| Pag-abuso sa droga | Biglaang kasiyahan, kasikatan | Pagkagumon, pagkasira ng utak, kamatayan |
| Kahalayan | Pagbibigay-kasiyahan sa sarili | Pagkawala ng kabutihan at pagpapahalagasa sarili, pagdadalantao nang hindi pakasal, sakit |

Hindi si Satanas ang dahilan ng lahat ng ating suliranin sa buhay na ito. Narito tayo upang matuto at masubok. Ano ang ilan sa mga pagsubok at mga suliranin na kailangan nating harapin? (Mahinang kalusugan, pagkawala ng mga kasapi ng mag-anak o mga kaibigan, mga sakuna, mga kahirapan sa pananalapi, mga magkakaibigang naglalaban-laban, mga kahirapan sa pagkuha ng edukasyon, at iba pa.)

Sa kabutihang-palad, nakikita at nalalalam ng Ama sa Langit ang ating mga pangangailangan. Nais niya tayong magtagumpay at binigyan niya tayo ng mga natatanging kaloob upang mapaglabanan natin ang mga tukso ni Satanas. Ang isa sa pinakamahalaga sa mga kaloob na ito ay ang paghahayag.

Pisara

Isulat sa pisara: "*Ang paghahayag ay pakikipag-usap ng Diyos sa tao*." Dallin H. Oaks.

**Ang Paghahayag ay Pakikipag-usap**

ng

Diyos

sa

Tao

---

## Ang Paghahayag ay May Maraming Layunin

Si Dallin H. Oaks, na isa na ngayong Apostol, ay nagpahiwatig na tayong lahat ay tumanggap na ng paghahayag at maaari pa tayong tumanggap ng higit pa. (Tingnan sa "Revelation," *New Era,* Set. 1982, p. 38–46.) Ang pakikipag-usap ng Diyos sa atin araw-araw ay isang katotohanan. Nangyayari ito.

Pisara at talakayan

Habang ang mga sumusunod na layunin ay inilalagay sa pisara (o gumamit ng paskil), hilingin sa mga kasapi ng klase na mag-isip ng mga halimbawa ng paghahayag na natanggap na nila.

**Ang Mga Layunin ng Paghahayag**

1. upang magpatotoo
2. upang magpropesiya
3. upang mang-aliw
4. upang magpasigla
5. upang magpabatid
6. upang mangsaway
7. upang magpatibay
8. upang magbunsod

(Himukin ang klase na magtanong at magbahagi ng mga sariling karanasang espirituwal habang nagpapatuloy ang aralin. Ang bawat isa sa walong layunin ay maaaring matamo ng bawat isa sa atin.)

Bilugan ang "magpatotoo" sa pisara

Sinabi ni Elder Oaks na "ang *patotoo* o pagsaksi ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo at na ang ebanghelyo ay totoo ay paghahayag na galing sa Diyos" (*New Era,* Set. 1982, p. 40).

Kailangang hilingin natin sa Ama sa Langit ang kaalamang ito.

Bilugan ang "magpropesiya."

Ang paghahayag ay makapagsasabi ng tungkol sa mga bagay na darating. Sinabi ni Elder Oaks, "Pagkatapos na isilang ang panlimang anak namin, kaming mag-asawa ay hindi na nagkaroon pa ng anak. Pagkaraan ng mahigit na sampung taon ay natanggap na naming hindi na lalaki pa ang aming mag-anak, na ikinalungkot namin. pagkatapos, isang araw, habang ang aking maybahay ay nasa templo, ibinulong sa kanya ng Espiritu na magkakaroon siya ng isa pang anak. Ang mapanghulang paghahayag na iyon ay natupad pagkaraan ng mga isa at kalahating taon sa pagsilang ng pang-anim naming anak, na hinintay namin ng 13 taon" (*New Era,* Set. 1982, p. 40, talata 10).

Bilugan ang "mang-aliw."

"Ang ilan," sinabi ni Elder Oaks, "ay inaaliw sa pamamagitan ng mga pangitain ng mga mahal sa buhay na yumao na o sa pakiramdam na naroroon sila. . . . Ang iba ay inaaliw sa pagtanggap ng pagkawala ng trabaho o ng inaasahang pagkakakitaan o maging ng kasal. . . . Ang paghahayag ng kaaliwan ay maaari ring dumating kaugnay ng biyaya ng pagkasaserdote. . . .

"Ang isa pang uri ng nang-aaliw na paghahayag ay ang katiyakang natatanggap na ang isang kasalanan ay napatawad na" (*New Era,* Set. 1982, p. 40).

Bilugan ang "magpasigla."

"Sa ilang panahon sa ating buhay, ang bawat isa sa atin ay nangangailangang mapasigla sa kapighatian, mula sa pakiramdam na may masamang bagay na mangyayari o may kakulangan, o maging sa talampas lamang ng karaniwang espirituwalidad," ang sabi ni Elder Oaks (*New Era,* Set. 1982, p. 41).

Bilugan ang "magpabatid."

"Sa ilang mga banal na pagkakataon, ang kaalaman ay ibinigay sa harapang pakikipag-usap sa mga makalangit na tao, tulad sa mga pangitain na isinalaysay sa mga sinauna at makabagong banal na kasulatan. Sa ibang pagkakataon, ang kailangang kaalaman ay ipinababatid sa pamamagitan ng mga mahinang bulong ng Espiritu. [Sa mga pagkakataong ito] kumikilos ang Espiritu Santo sa kanyang tungkulin bilang guro at tagapagpahayag," ang sabi ni Elder Oaks (*New Era,* Set. 1982, p. 41, talata 22).

Bilugan ang "mangsaway."

Binigyan tayo ni Nefias ng halimbawa ng paghahayag na ginamit upang mangsaway, “At ngayon, ako . . . ay hindi na makasasalita pa; pinipigil ng Espiritu ang aking pagsasalita” (2 Nefias 32:7).

Ikinuwento ni Elder Oaks ang sumusunod na karanasan na nangyari habang naglilingkod siya bilang pangulo ng Brigham Young University:

“Mga ilang taon na ang nakalilipas, kinuha ko ang panulat sa aking tanggapan sa BYU upang lagdaan ang isang papel na inihanda para sa aking lagda, isang bagay na ginagawa ko nang mga ilang ulit araw-araw. Ang kasulatang iyon ang nagpangako sa Pamantasan sa isang tanging hakbang ng pagkilos na napagpasiyahan naming sundin. Ang lahat ng mga gawaing pangkawani ay nagawa na, at mukhang nasa ayos na ang lahat. Subalit nang lalagdaan ko na ang kasulatan, napuspos ako ng tila mga hindi mabuting kaisipan at mga babala kaya isinaisantabi ko ito at hininging muling suriin ang buong bagay. Ganoon na nga, at sa loob ng ilang araw ang mga karagdagang bagay ay nalinawan na nagpakita na ang mungkahing tanging hakbang ng pagkilos ay maaaring naging sanhi sana ng mga mabigat na suliranin ng Pamantasan sa hinaharap” (*New Era,* Set. 1982, p. 42).

Bilugan ang “magpatibay.”

Binanggit ni Elder Oaks ang sinabi ni Elder Bruce R. McConkie, “ ‘Inaasahan tayong gumamit ng mga kaloob at mga talino at mga kakayahan, ng pandamdam at paghatol at kalayaan sa pagpili na ipinagkaloob sa atin. . . . [Ganap] sa paghingi nang may panampalataya ay ang naunang pangangailangan na gawin ang lahat sa ating kapangyarihan upang ganapin ang mithiing hinahangad natin. . . . Inaasahan tayong gawin ang lahat ng ating magagawa sa ating kapangyarihan, at pagkatapos ay hanapin ang sagot mula sa Panginoon, ang nagpapatibay na tatak na naabot na natin ang tamang katapusan’ ” (*New Era,* Set. 1982, p. 43).

Kadalasan ay hinihilingan tayo ng Panginoon na gumawa ng mga pasiya, at hinihiling niya na pagtibayin lamang natin ang mga pasiyang iyon sa kanya. Ganito ang mga kalagayan kapag tinawag tayo sa mga tungkulin sa Simbahan at kailangang pumili ng mga tagapayo o mga katulong. Dapat nating pagtibayin ang mga pasiyang iyon sa Panginoon. Sinabi ni Elder Oaks na sinusunod ng lahat ng Pangkalahatang Awtoridad ang ganitong tularan (tingnan sa *New Era,* Set. 1982, p. 43).

Bilugan ang “magbunsod.”

Ang uring ito ng paghahayag ay nagbubunsod sa atin sa ilang pagkilos kahit na hindi pa tayo humihingi ng payo.

Ang sumusunod na pahayag ni Elder Oaks ay isang halimbawa ng paghahayag na nagbubunsod sa atin:

“Bilang isang batang babae, ang lola kong si Chasty Olsen Harris ay nagkaroon ng [isang] karanasan. Nagbabantay siya ng mga batang naglalaro sa tuyong daluyan ng ilog na malapit sa kanilang bahay sa Castle Dale, Utah. Bigla siyang nakarinig ng tinig na tumatawag sa kanyang pangalan at nag-uutos sa kanya nailayo ang mga bata sa daluyan ng ilog at dalhin sa pampang. Iyon ay isang maaliwalas na araw at walang palatandaang uulan. Wala siyang nakitang dahilan upang pakinggan ang tinig at nagpatuloy siya sa paglalaro. Nagsalita muli sa kanya ang tinig, na nagpupumilit. Sa pagkakataong ito ay sinunod niya ang babala. Nagmamadaling tinipon ang mga bata, at patakbo siyang nagtungo sa pampang. Pagkarating na pagkarating nila rito, ang napakalaking daloy ng tubig, na nagmula sa madilim na ulap sa mga bundok na maraming milya ang layo, ay umagos sa malalim at makitid na lambak at umuugong na umagos sa pinaglaruan ng mga bata. Kundi sa mapagbunsod na paghahayag na ito, malamang na nawala siya at ang mga bata” (*New Era,* Set. 1982, p. 44).

Sinabi ni Propetang Joseph Smith:

“Ang isang tao ay maaaring makinabang sa pamamagitan ng pagkilala sa unang pahiwatig ng espiritu ng paghahayag; halimbawa, kapag nararamdaman ninyo ang

dalisay na kaalamang dumadaloy sa inyong kalooban, maaaring magbigay ito sa inyo ng mga biglaang inspirasyon ng mga ideya, upang sa pagkilala dito, mapatutunayan ninyong natupad ito sa araw ding iyon o kaagad; (halimbawa) ang mga bagay na ipinakita sa inyong isipan ng Espiritu ng Diyos, ay mangyayari; at sa gayon sa pamamagitan ng pag-aaral sa Espiritu ng Diyos at pag-unawa rito, uunlad kayo sa alintuntunin ng paghahayag" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1938], p. 151).

Sa kanilang mga tawag sa Simbahan, ang mga kabataan ay maaaring tumanggap ng paghahayag na nagbubunsod sa kanila na tuparin ang kanilang mga pananagutan sa higit na mabuting paraan. Ang ganitong paghahayag at patnubay ay palaging nababatay sa nakatatag na doktrina at patakaran ng Simbahan at hindi kailanman magiging salungat sa alituntunin ng ebanghelyo.

---

### Sino ang Karapat-dapat?

Talakayan at banal na kasulatan

Ang paghahayag ay isa sa mga kahanga-hangang kaloob ng Espiritu.

- Sino ang karapat-dapat sa ganitong napakahalagang kaloob? (Bayaang sumagot ang mga kasapi ng klase at pagkatapos ay basahin ang Doktrina at Mga Tipan 46:8–9 sa klase. Bigyang-diin ang sumusunod mula sa talata 9: "Ang mga ito [ang mga kaloob ng Espiritu] ay ibinigay para sa kapakinabangan ng mga yaong nagmamahal sa akin at tumutupad sa lahat ng aking kautusan, *at sa kanya na nagsusumikap na gumawa nito*" [idinagdag ang mga nakahilig na titik].)
- Ano ang kahulugan sa inyo ng "nagsusumikap na gumawa nito"? (Pagsikapang pasagutin ang mga kasapi ng klase sa kanilang sariling paraan, subalit akayin sila upang makita nila na ang ibig sabihin ng "Nagsusumikap na gumawa nito" ay buong-puso ang kanyang pagsisikap.)

Ang paghahayag, kung gayon, ay isa sa mga kaloob ng Espiritu na makukuha nating lahat na nagmamahal sa Panginoon at nagsisikap na sumunod sa kanyang mga utos. May tanging karapatan kayo sa pagkakaroon ng tulong ng Panginoon araw-araw upang tulungan kayo sa paggawa ng mga tamang bagay.

---

### Patotoo at Hamon

Hamunin ang mga kasapi ng klase na abangan ang mga sandali sa loob ng darating na linggo kapag nagtangka ang Panginoon na makipag-usap sa kanila. Hilingin sa kanila na isipin ang mga uri ng paghahayag na binanggit ni Elder Oaks: upang magpatotoo, upang magpropesiya, upang mang-aliw, upang magpasigla, upang magpabatid, upang mangsaway, upang magpatibay, at upang magbunsod.

Magbigay ng patotoo tungkol sa kapangyarihan ng paghahayag sa sarili mong buhay.

# Aralin 9

# Pagpapalit sa Panguluhan

**LAYUNIN**

Upang tulungan ang mga kasapi ng klase na maunawaan kung paano pinipili ang Pangulo ng Simbahan.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang mga larawan nina Joseph Smith at Brigham Young sa bahaging may kulay.
2. Kumuha ng mga larawan ng kasalukuyang Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa mula sa aklatan ng inyong bahay-pulungan o ang huling pangkomperensiyang labas ng *Ensign*.
3. Sa pisara o sa inihandang paskil ipakita ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa sa kasalukuyang pagkakabuo nila sa araw ng pagtuturo ninyo ng araling ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Noong si Propetang Joseph Smith ay pinaslang noong Hunyo 1844, naging malaking dagok ito sa mga kasapi ng Simbahan. Hindi lamang nawala sa kanila ang mahal nilang Propeta kundi hindi rin sila kailanman nakaranas ng panahon na hindi si Joseph ang Propeta at Pangulo ng Simbahan. Hindi pa sila kailanman nakararanas ng pagpapalit sa Panguluhan ng Simbahan. Karamihan sa kanila ang marahil ay hindi nakaisip kung papaano pipiliin ang bagong Pangulo.

- Paano pinipili ang isang bagong Pangulo ng Simbahan?

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin ang Isaias 55:8. Ipaliwanag na pinipili ng Panginoon ang tao na magiging Pangulo ng Simbahan. Itinatag ng Panginoon ang maayos na paraan sa pagpapalit ng pamunuan sa Simbahan.

Basahin ang Jeremias 1:5. Ipaliwanag sa klase na sa buhay bago ang buhay sa mundo ay pinili ng Diyos si Jeremias na maging isang propeta bago pa man isilang si Jeremias. Pinili at inordenan ng Diyos ang lahat ng mga propeta bago sila isilang. Ang lahat ng Pangulo ng Simbahan ay pinili ng Panginoon na maging Pangulo ng Simbahan bago sila isilang. (Tingnan din sa Abraham 3:22–23 at Doktrina at Mga Tipan 138:53–56.)

**ANG UNANG PANGULUHAN**

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 107:22. Ipaliwanag na ang Panguluhan ng Simbahan na ito ay tinatawag na Unang Panguluhan at binubuo ng Pangulo, na siyang propeta, at ng dalawa niyang tagapayo. (Paminsan-minsan ay higit na maraming tagapayo ang tinatawag.)

- Sino ang mamumuno sa Simbahan kapag namatay ang Pangulo ng Simbahan?

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 107:23–24. Ipaliwanag na kapag namatay ang Pangulo ng Simbahan, ang Unang Panguluhan ay binubuwag, babalik ang mga tagapayo sa Korum ng Labindalawa ayon sa petsa ng pagkakaorden nila, at pagkatapos ay ang Korum ng Labindalawang Apostol ang mamumuno sa Simbahan hanggang sa mapili ang bagong Pangulo at Unang Panguluhan.

## Ang Bawat Apostol ay Isang Propeta, Tagakita, at Tagapagpahayag

Mga larawan

Ipakita ang mga larawan ng kasalukuyang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa. Ipaliwanag na ang bawat tao na naordenang Apostol ay naordenan bilang propeta, tagakita, at tagapagpahayag. Sinasang-ayunan natin sila sa komperensiya bilang mga propeta, tagakita, at tagapagpahayag. Ipaliwanag na ang bawat Apostol dahil sa pagkakaorden niya bilang Apostol ay nagtataglay ng mga susi upang maging Pangulo ng Simbahan. Gayunman, hindi niya magagamit ang mga ito hanggang sa siya ang maging pinakamatandang buhay na Apostol (pinakamatanda ayon sa tagal sa katungkulan). Sa pagkamatay ng propeta, siya ang mamumuno sa Simbahan bilang Pangulo ng Kapulungan ng Labindalawa hanggang sa mabuo muli ang Unang Panguluhan. Sa panahong iyon, siya ang magiging bagong Pangulo at propeta ng Simbahan.

Tuwing namamatay ang Pangulo ng Simbahan, ang Korum ng Labindalawang Apostol ang namumuno sa Simbahan. Kung minsan ay sila ang namumuno nang ilang taon bago mapili ang bagong Pangulo. Gayunman, noong si Wilford Woodruff ang Pangulo ng Simbahan, sinabi niya sa mga Apostol na sa hinaharap nais ng Panginoon na mamili kaagad ng bagong Pangulo ang Korum ng Labindalawa pagkamatay ng Pangulo ng Simbahan.

Talakayan

- Kung ang Pangulo ng Simbahan ay namatay ngayon, sino ang magiging kasunod na Pangulo ng Simbahan? (Ipaliwanag na ang pinakamatagal sa panunungkulan na buhay na Apostol ang magiging kasunod na Pangulo. Ito ang itinatag na pamamaraan at tanging ang tuwirang paghahayag mula sa Panginoon ang maaaring makapagbago nito. Sabihin sa kanila ang pangalan ng kasaping ito ng Korum ng Labindalawa at ipaliwanag na ang Apostol na ito ang taong may pinakamahabang panunungkulan bilang Apostol, na sumusunod sa kasalukuyang Pangulo ng Simbahan. Ipaalala sa kanila na sa pagkamatay ng Pangulo babalik ang kanyang mga tagapayo sa Korum ng Labindalawa na ayon sa petsa ng kanilang pagkakaorden sa Pagka-Apostol.)

Kapag namatay ang isang kasapi ng Korum, ang mga sumunod sa kanyang naordenan ay tataas—kaya ang panlabindalawa ay magiging panlabing-isa at gayon nga ayon sa pagkasunud-sunod. Kapag ang isang bagong tao ay napili bilang Apostol, ang petsa ng kanyang pagkaka-orden ay naglalagay sa kanya sa nararapat niyang kalagyan sa Korum ng Labindalawa. Ang bagong Apostol kung gayon ang magiging panlabindalawang kasapi ng Korum.

Ipaliwanag na kilala ng Panginoon ang lahat ng tao na magiging Pangulo ng Simbahan. Tinatawag sila ng Panginoon upang maging mga Apostol, at kung panahon na para sa kanila upang maging Pangulo ng Simbahan ay nasa korum ng Labindalawang Apostol na sila at sila na ang pinakamatandang Apostol sa Korum na iyon.

Bago siya naging Pangulo ng Simbahan, sinabi ni Spencer W. Kimball, "Naihanda na ng Panginoon ang lahat para sa pagpapalit. Sa ngayon ay may labing-apat na apostol na maytaglay ng mga susi na naghihintay, ang labindalawa at ang dalawang tagapayo sa Pangulo, na magagamit kung at kapag pinahintulutan ng mga pagkakataon, na lahat ay naordenan sa pamumuno sa kanilang pagkakataon habang umuusad sila batay sa tagal ng panunungkulan.

"Mayroon nang mga walumpung apostol na napagkalooban mula kay Joseph Smith, bagaman labing-isa pa lamang ang naupo bilang Pangulo ng Simbahan, na namagitan ang kamatayan; at yamang ang pagkamatay ng kanyang mga tagapaglingkod ay nasa kapangyarihan at pamamahala ng Panginoon, pinapayagan niyang mauna ang isang tanging nakatalaga na hahawak sa pamumunong iyon. Ang kamatayan at buhay ang nagiging bagay na batayan. Ang bawat apostol, sa kabilang dako, ay pinili ng Panginoon at inihahayag sa buhay na propeta na siyang mag-oorden sa kanya" (sa Conference Report, Okt. 1972, p. 29; o sa *Ensign,* Ene. 1973, p. 34).

## Ang Balabal ng Propeta

Kuwento

Pagkatapos na mapaslang si Propetang Joseph Smith, ang Labindalawang Apostol ang namuno sa Simbahan. Maraming kasapi ng Simbahan ang hindi nakaalam kung paano pipiliin ang bagong Pangulo ng Simbahan.

Si Sidney Rigdon ay naging tagapayo ni Pangulong Joseph Smith sa loob ng labing-isang taon at natulungan niya si Joseph sa maraming paraan. Inakala ni Sidney Rigdon na siya ang dapat na maging kasunod na Pangulo ng Simbahan. Hindi siya sumasang-ayon na ang Korum ng Labindalawang Apostol ang dapat mamuno sa Simbahan at nais niyang mapili ng mga tao na maging Pangulo.

Tumawag si Sidney Rigdon ng pulong upang mapagpasiyahan ng mga tao kung sino ang mamumuno sa Simbahan. Nang bumalik si Brigham Young, ang pinakamatandang Apostol, at ang mga ibang Apostol, mula sa kanilang misyon sa dakong huli ng Agosto 1844, anim na linggo pagkatapos na mapaslang si Propetang Joseph Smith, ginanap ang pulong sa Nauvoo. Kapwa nagsalita sina Sidney Rigdon at Brigham Young sa pulong.

Isa pang pulong ang tinawag para sa 10:00 ng umaga nang sumunod na araw. May kamangha-manghang naganap sa pulong na iyon. Nang tumayo si Brigham Young upang magsalita, sa isang saglit nagmukha siya at naging kaboses niya si Joseph Smith.

Mga larawan

Ipakita ang mga larawan nina Joseph Smith at Brigham Young.

Sinabi ni Wilford Woodruff, na pagkaraan ay naging Pangulo ng Simbahan: "Narinig ko ang dalawa o tatlong kapatid na lalaki na nagbigay ng patotoo tungkol kay kapatid na Young sa Nauvoo. Ang bawat lalaki at bawat babae sa pagtitipong iyon, na marahil ay umabot ng ilang libo, ay makapagbibigay ng katulad na patotoo. Naroon ako, naroon ang Labindalawa, at marami pang iba, at ang lahat ay makapagbibigay ng katulad na patotoo. Maaaring itanong, bakit ibinigay kay Brigham Young ang anyo in Joseph Smith? Sapagkat naroon si Sidney Rigdon at ibang kalalakihang tumatayo at nagsasabing sila ang mga pinuno ng Simbahan, at tumayo ang mga kalalakihan, na tila ba sabay-sabay, na hindi alam kung saan haharap. Subalit kasimbilis ng pagtayo ni Brigham Young sa kapulungang iyon, nagmukha siyang si Joseph Smith—ang balabal ni Joseph ay napasakanya, ang kapangyarihan ng Diyos na na kay Joseph Smith ay napunta sa kanya, naging kaboses niya si Joseph, at iyon ang tinig ng pastol. Wala ni isang tao sa kapulungang iyon, maging si Rigdon ay hindi itinatangi, na hindi nasiyahan sa kanyang sariling isipan na si Brigham ang nararapat na pinuno ng mga tao, sapagkat ayaw niyang ipabanggit ang pangalan niya, sa kanyang sariling pahintulot, pagkatapos na maibigay ang talumpating iyon. May dahilan ito sa isip ng Diyos; napasang-ayon nito ang mga tao. Nakita at narinig nila sa kanilang sarili, at iyon ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos" (sa *Journal of Discourses,* 15:81).

Si Emmeline B. Wells ay nasa kapulungan ding iyon. Ang sabi niya: "Nakatayo ako noon sa isang bagon, kaya hindi ko kinailangan pang tumayo, subalit ang mga nakaupo ay tumayo at napasigaw sila. Kitang-kita ko, at ang bawat isa sa kanila ay nag-akalang nabuhay ngang muli si Propetang Joseph. Subalit pagkatapos na makapangusap si Brigham young ng ilang kataga, unti-unting humupa ang ingay at nalaman ng mga tao na tunay ngang hindi si Propetang Joseph, kundi ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Iyon ang pinaka-kamangha-manghang pagpapakita, sa palagay ko, na aking nalaman o nakita, at marami akong nakita" (Emmeline B. Wells, "My Testimony," sa Preston Nibley, tinipon, *Faith Promoting Stories* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1943], p. 137).

Ipinakita ng Panginoon sa mga tao na si Brigham Young, ang pinakamatandang Apostol ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang siyang kasunod na Pangulo ng Simbahan.

---

### Maayos ang Pagpapalit ng Pamunuan

Talakayan

Ang Simbahan sa ngayon ay sumusunod sa panuntunang itinatag ng Panginoon para sa maayos na pagpapalit ng pamunuan.

- Nasubaybayan ba ninyo o naobserbahan ang mga pagpapalit na naganap sa Panguluhan ng Simbahan sa pagkamatay ng Pangulo?

Basahin ang pahayag ni Pangulong N. Eldon Tanner kung paanong tinawag si Pangulong Spencer W. Kimball na maging Pangulo ng Simbahan at propeta ng Panginoon. "Pagkatapos ng libing ng Pangulong Lee, si Pangulong Kimball [siya noon ang Pangulo ng Kapulungan ng Labindalawa] ay tumawag ng pulong ng lahat ng mga Apostol na

itinakda sa Linggo, Disyembre 30, sa ganap na ika-3:00 ng hapon sa Silid-Pulungan sa Templo ng Salt Lake. Si Pangulong Romney at ako [na kasama na noon sa Unang Panguluhan] ay nagtungo sa nararapat naming lugar batay sa tagal ng panunungkulan sa kapulungan, kaya labing-apat kaming lahat na naroroon.

"Kasunod ng awit, at panalangin ni Pangulong Romney, si Pangulong Kimball, sa taimtim na pagpapakumbaba, ay nagpahayag sa amin ng kanyang damdamin. Sinabi niyang maghapon siya nooong Biyernes sa templo na nakipag-usap sa Panginoon, at marami siyang luhang tumulo habang nananalangin para sa patnubay sa pagtanggap niya sa kanyang bagong katungkulan at sa pagpili ng kanyang mga tagapayo.

"Nakasuot ng damit ng banal na pagkasaserdote, nanalangin kami nang nakapalibot; hiningi sa akin ni Pangulong Kimball na ako ang mangasiwa at si Elder Thomas S. Monson ang magbibigay ng panalangin. Pagkatapos nito, ipinaliwanag ni Pangulong Kimball ang layunin ng pulong at tinawag ang bawat kasapi ng korum batay sa tagal ng panunungkulan, mula kay Elder Ezra Taft Benson, upang sabihin ang kanyang damdamin kung nararapat na buuin ang Unang Panguluhan sa araw na iyon o dapat bang ipagpatuloy namin bilang Kapulungan ng Labindalawa. Sinabi ng bawat isa, 'Dapat nating buuin na ngayon,' at maraming nabanggit na papuri tungkol kay Pangulong Kimball at sa kanyang gawain na kasama ng Labindalawa.

"Pagkatapos ay iminungkahi ni Elder Ezra Taft Benson si Spencer W. Kimball upang maging Pangulo ng Simbahan. Ito ay sinang-ayunan ni Elder Mark E. Petersen at pinagtibay naman ng lahat. Pagkatapos ay iminungkahi ni Pangulong Kimball si N. Eldon Tanner bilang Unang Tagapayo at si Marion G. Romney bilang Pangalawang Tagapayo, na kapwa maluwag ang kaloobang tinanggap ang tungkulin at iniukol ang buong panahon at lakas niya sa paglilingkod sa gawaing iyon.

"Pinagtibay naman sila ng lahat. Pagkatapos ay iminungkahi ni Elder Mark E. Petersen, pangalawa batay sa tagal ng panunungkulan sa Labindalawa, si Ezra Taft Benson, ang may pinakamatagal na panunungkulan sa mga kasapi ng Labindalawa, bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa. Sinang-ayunan ito ng lahat.

"Sa pagkakataong ito ipinatong ng lahat na kasaping naroroon ang kanilang kamay sa ulo ni Spencer W. Kimball, at si Pangulong Ezra Taft Benson ang nagbigay ng basbas, nag-orden, at nagtalaga kay Spencer W. Kimball bilang panlabindalawang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw" (sa Conference Report, Okt. 1979, p. 62–63; o sa *Ensign,* Nob. 1979, p. 43–44).

Pisara o paskil at talakayan

Ipakita ang inihandang paskil o listahan sa pisara ng kasalukuyang Unang Panguluhan at ng Kapulungan ng Labindalawa sa kanilang tamang pagkakayos. (Upang makatulong sa gawaing ito, kumuha ng kasalukuyang tsart ng larawan ng lahat ng kasalukuyang Pangkalahatang Awtoridad. Karaniwang inilalathala ito sa mga pangkomperensiyang labas ng *Ensign*.) Ipaliwanag kung paano nalikha ang kasalukuyang pagkakaayos sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa.

Talakayan

Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan kapag ang bagong Pangulo ng Simbahan ay pinili at ipinahayag. Kailangang maghangad tayo ng patotoo na ang Pangulo, ang propeta ng Panginoon, ay pinili ng Panginoon.

---

**Patotoo at Hamon**

- Paano natin matatamo ang ganoong patotoo? (Hayaang sumagot ang klase.)

Hamunin ang klase na alamin nila mismo na ang piniling tagapaglingkod ng Panginoon, ang propeta, ay nalagay sa kinalalagyan sa pamamagitan ng inihayag na paraan.

Ibigay ang iyong patotoo na ang mga Pangulo ng Simbahan ay isa-isang hinirang ng Diyos bilang propeta, na pinili niya upang pamunuan ang Simbahan. Magbigay ng patotoo tungkol sa propeta at Pangulo ng Simbahan ngayon.

Aralin
10

# Brigham Young—Tunay Ngang Disipulo

**Isinilang:** 1 Hunyo 1801 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1847–1877

**LAYUNIN**

Magkakaroon ang bawat kasapi ng klase ng higit na matinding pagpupunyagi na maging tapat na disipulo ni Jesucristo sa pamamagitan ng pag-aaral ng buhay ni Brigham Young.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may kopya ng Bagong Tipan at ng Doktrina at Mga Tipan.
2. Kumuha ng mga lapis at anupamang bagay na kailangan mula sa aklatan ng bahay-pulungan.
3. Maghanda ng mga kopya ng bigay-sipi na "Mga Tanong sa Paghahanap ng Salitang May Kinalaman Kay Brigham Young" at "Palaisipan sa Paghahanap ng Salitang May Kinalaman Kay Brigham Young."
4. Kumuha ng mga sumusunod na larawan: *Pagtawag sa Mga Mangingisda* (62496), *Brigham Young,* ang kasalukuyang propeta, at *Mga Mirasol* ni Claude Monet, (tingnan ang bahaging may kulay).
5. Bago magsimula ang klase mag-atas ng anim na kasapi ng klase na magbigay ng anim na maikling ulat ng kasapi ng klase ukol sa buhay ni Brigham Young, Kung mababa sa anim ang bilang ng kasapi ng klase mo, malamang na ikaw ang magbigay ng ulat o bigyan ng higit sa isa ang bawat kasapi ng klase. Kopyahin ang mga ulat sa aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pisara at talakayan

Isulat ang mga sumusunod na titik sa pisara at hilingin sa mga kasapi ng klase na alamin kung anong mahalagang kataga ang binabaybay ng mga titik na ito (sagot: DISIPULO).

L I P I S U D O

- Ano ang ibig sabihin ng salitang *disipulo*? (Tagasunod ni Jesucristo.)

Larawan

Ipakita ang larawang *Pagtawag sa Mga Mangingisda.*

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabuklat sa mga kasapi ng klase ang kanilang Bagong Tipan at ipabasa ang Juan 8:31.

- Paano tayo magiging tagasunod ni Jesucristo? (Sa pamamagitan ng patuloy na [pag-aaral at pagsunod] sa kanyang mga salita [kautusan].)

Larawan

Ilagay ang larawan ni Brigham Young sa tabi ng *Pagtawag sa Mga Mangingisda* at isulat sa itaas o ibaba ng larawan ni Brigham Young ang salitang *Disipulo*. Pagkatapos ay basahin o ikuwento sa sarili mong pananalita ang sumusunod:

Mga tanong sa paghahanap ng salita

Pag-aaralan natin ngayon ang buhay ni Brigham Young—na tunay ngang disipulo. (Ngayon ay ipasa ang kopya ng bigay-sipi at lapis sa bawat kasapi ng klase.) Magsisimula tayo sa pamamagitan ng anim na maikling ulat ng kasapi ng klase. Makinig nang mabuti at sagutin ang mga tanong sa bigay-sipi sa abot ng inyong makakaya pagkatapos ng bawat ulat. Gagamitin natin ang mga sagot sa mga tanong na ito mamaya sa isang pangkatang gawain. Gayundin, makinig ng mga halimbawa mula sa bawat ulat kung paano naging disipulo ni Jesucristo si Brigham Young.

Magpatuloy sa anim na itinalagang mga ulat ng kasapi ng klase.

---

**Natuto ng Pagpapakumbaba sa Kanyang Batang Gulang**

Ulat 1

Ipinanganak si Brigham Young noong ika-1 ng Hunyo 1801 sa Whitingham, Vermont, sa mabuting mag-anak na maralita. Labing-isang araw lamang ang pormal niyang pag-aaral. Sa kanyang katandaan ay nasabi niya, "Hindi kami kailanman nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral ng pormal sa kabataan namin, subalit nagkaroon kami ng pagkakataong humawak ng iskoba, magputol ng kahoy, magpagulong ng mga troso, at magtrabaho sa mga ugat at magkapasa-pasa ang aming mga lulod, paa at tuhod. [Natuto rin siyang gumawa ng tinapay, maghugas ng pinggan, maggatas ng baka, at gumawa ng mantekilya.]" (Preston Nibley, *Brigham Young: The Man and His Work* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1936], p. 1).

---

**Nakatagpo ng Kagila-gilalas na Aklat**

Ulat 2

Noong 1828 lumipat si Brigham Young sa Mendon, New York, na malapit lamang sa pagtatayuan ng Simbahan. Nakabasa siya ng kopya ng Aklat ni Mormon sa Mendon. Si Samuel Smith, ang kapatid ni Propetang Joseph, ay nasa unang misyon niya at ipinagbili niya ang kopya kay Phineas Young, ang kapatid na lalaki ni Brigham Young. Binasa ni Phineas ang aklat at labis na napahanga rito. Ipinasa niya sa kanyang ama, na binasa ito, naniwala sa turo nito, at ibinigay naman ito kay Brigham. Mataman na pinag-aralan ito ni Brigham at iniulat sa kanyang kapatid na naramdaman niyang may mabuti at tamang bagay sa Mormonismo.

Sinabi ni Brigham Young nang maglaon, " 'Tinimbang ko nang mabuti ang bagay nang halos dalawang taon . . . bago ako nagpasiya na tanggapin ang aklat na iyon. Sinuri ko ito sa lahat ng panig . . . hanggang sa magkaroon ako ng tiyak na kaalaman tungkol sa katotohanan nito. . . . Naghangad ako ng sapat na panahon upang patunayan ang lahat ng bagay sa sarili ko" (Susa Young Gates at Leah D. Widtsoe, *The Life Story of Brigham Young* [New York: Macmillan Company, 1930], p. 9). Nabinyagan siya pagkaraan ng dalawang taon.

Pisara at talakayan

- Ano ang ilang mga pangyayari o kalagayang naghanda kay Brigham Young na maging propeta? (Tanggapin ang iba-ibang sagot na tulad ng natutong gumawa, naituro sa kanya ang disiplina, inakay siya ng Panginoon na lumipat sa New York upang tanggapin ang Aklat ni Mormon.)

---

**Minahal si Propetang Joseph**

Ulat 3

Walang may kamatayang tao ang pumukaw sa buhay ni Brigham Young na kasingtindi ng kay Propetang Joseph Smith. Ang paghaharap ng dalawang ito, na kapwa kilalang tao na, ay nangyari noong Setyembre 1832, limang buwan pagkatapos mabinyagan si Brigham Young at mga ilang linggo pagkatapos mamatay ang una niyang asawa, si Miriam Works. Si Brigham Young, na kasama ang kanyang kapatid na si Joseph at ang kanyang kaibigang si Heber C. Kimball ay naglakbay patungong Kirtland, Ohio, ay nagtala ng kanyang mga kaisipan tungkol sa pagkikitang ito. Ang sabi ni Brigham, "Natagpuan namin

ang Propeta, at ang dalawa o tatlo sa kanyang mga kapatid na lalaki, na nagsisibak at nagbubuhat ng kahoy. Punung-puno ako ng kagalakan sa pagkakataong makadaupang-palad ang Propeta ng Diyos, at tumanggap ng tiyak na patotoo, sa pamamagitan ng Espiritu ng propesiya, na siya nga ang tunay na paniniwalaan ng sinuman sa kanyang katayuan, bilang totoong Propeta" ("History of Brigham Young," *Millenial Star 25* [11 Hulyo 1863]:439).

Si Brigham Young ay isang tapat na kaibigan at tagasunod ni Propetang Joseph Smith mula sa pagkikitang ito. Sinabi niya nang maglaon, "Tila nais kong sumigaw ng Haleluya, nang walang puknat, kapag naiisip ko na nakilala ko si Joseph Smith" (Brigham Young, *Discourses of Brigham Young* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1954], p. 458).

Ipaliwanag na handang gawin ni Brigham Young ang anumang iutos sa kanya ng Panginoon at ni Propetang Joseph Smith.

---

**Naglingkod Bilang Misyonero sa Inglatera**

Ulat 4

Sa lungsod ng Nauvoo ang kalagayan ng pamumuhay ay hindi maganda dahil sa mga latian na malapit sa Ilog Mississippi, at maraming mga banal ang nagkasakit ng malarya na dala ng mga lamok. Sa panahong ito, tinawag ng Panginoon sina Brigham Young at ang kanyang kapwa mga Apostol na iwanan ang kanilang mga mag-anak at ituro ang ebanghelyo sa Inglatera. Hindi lamang sila lubhang may sakit, kundi iniwan din nilang may sakit ang kanilang mag-anak. Iniulat ni Brigham Young: "Malubha ang aking sakit na hindi ko kayang maglakbay ng 160 yarda patungo sa ilog nang walang aalalay sa akin. . . . Iniwan kong may sakit ang aking asawa, na may anak na sampung araw pa lamang ang gulang, at lahat ng aking mga anak ay may sakit at hindi nila kayang magtulungan" ("History of Brigham Young," *Millennial Star* 25 [10 Okt. 1863]:646). Subalit iniwan niya ang kanyang mga mahal sa buhay sa pag-aaruga ng Panginoon, na siyang pinaglilingkuran niya, na may katiyakang sila ay pangangalagaan.

Nasa Inglatera siya ng labindalawang buwan at labing-anim na araw. Bilang pangulo ng misyon, siya at ang kanyang mga kasamahan ay "nakapagbinyag ng nasa pagitan ng pito at walong libong [katao], nakapagpalimbag ng limanlibong Aklat ni Mormon, 3,000 Himnaryo, 2,500 sipi ng *Millennial Star* [ang lathalain ng misyon sa Britanya], at 50,000 polyeto" (*Millennial Star* 26 [2 Ene. 1864]:7). Gayundin ay nakapagtatag ng ahensya ng sasakyang-dagat at libu-libong nagbalik-loob sa simbahan ang nandayuhan sa Nauvoo (tingnan sa *Millennial Star* 26:7).

Talakayan

Naglingkod si Brigham Young bilang isang misyonero ng Simbahan nang halos tuluy-tuloy na sampung taon pagkatapos sumapi sa Simbahan.

- Paano ipinakikita ng kaalamang ito tungkol sa buhay ni Brigham Young ang kanyang katapatan? (Lubos niyang ipinangakong sundin ang Propeta at gampanan ang lahat ng mga tawag na mula sa Panginoon.)

---

**Ipinagtanggol si Propetang Joseph**

Ulat 5

Itinala ni Brigham Young:

"Sa isang tiyak na pagkakataon ang ilan sa Labindalawa, ang mga saksi sa Aklat ni Mormon, at ang ibang Awtoridad ng Simbahan, ay gumawa ng pagpupulong sa silid sa itaas ng Templo [ng Kirtland]. [Nagpulong sila sapagkat ang ilang kalalakihan, kasama na ang ilan sa mga Pangkalahatang Awtoridad, ay hindi sumasang-ayon kay Propetang Joseph Smith at nais nilang tanggalin siya at atasan si David Whitmer bilang Pangulo ng Simbahan.] Ang Amang si John Smith, kapatid na Heber C. Kimball at mga iba pa . . . ay tutol sa ganitong hakbang. Tumayo ako [sabi ni Brigham Young], at sa malinaw at may-anyong mapilit ay sinabi ko sa kanila na si Joseph ay isang Propeta, at alam ko iyon, at na maaari nilang idaing at siraan siya ng puri hanggang sa kaya nila, hindi nila masisira ang katungkulan ng Propeta ng Diyos, sisirain lamang nila ang kanilang sariling awtoridad, lalagutin ang taling nagbigkis sa kanila sa Propeta at sa Diyos at ilulubog ang kanilang sarili sa impiyerno. Marami ang tunay na nagalit [sabi ni Brigham] sa aking matibay na pagtutol sa kanilang hakbang. . . . Natapos ang pulong na ito na hindi nagkaisa ang mga

taong tumalikod sa katotohanan sa anumang napagkaisahang hakbang ng pagtutol" (*Manuscript History, of Brigham Young, 1801–1844,* isinaayos para sa paglilimbag ni Elden Jay Watson [Salt Lake City: Smith Secretarial Service, 1968], p. 15–16).

---

**Hindi Naghangad ng Mga Tungkulin**

Ulat 6

Sa unang bahagi ng kanyang tungkulin, napatawan ng pananagutan si Brigham Young. Siya ay naging kapitan sa Kampo ng Sion [ang maliit na hukbo ng militar na binuo ni Propetang Joseph noong 1834 upang tumulong sa mga Banal sa Jackson County, Missouri, na pinaalis sa kanilang mga tahanan]. Si Brigham ay naging Pangulo noon ng Korum ng Labindalawang Apostol at namuno sa Misyon sa Britania. Gayunman ay hindi siya naghangad ng mga ganitong tungkulin. Ang tanging nais niya ay ang ipahayag ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo at maturuan sa mga hiwaga ng Diyos sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Sinabi mismo ni Brigham, "Hindi ko kailanman pinalampas ang pagkakataon na matutuhan ang anumang ibinahagi ng Propeta [Joseph]. Ito ang lihim ng tagumpay ng inyong hamak na tagapaglingkod" (sa *Journal of Discourses,* 12:270).

Talakayan

- Ano ang sinabi ni Brigham Young tungkol sa pagkatuto mula sa Propeta? (Siya ay "hindi kailanman nagpalampas ng pagkakataon na matutuhan ang anumang ibinahagi ng Propeta.")

Si Brigham Young ay naging handang gumawa ng anumang sabihin sa kanya. Nanatili siyang malapit sa Propeta, na itinataguyod siya (ang Propeta) sa lahat ng pagkakataon. Natutuhan din niya ang maaari niyang matutuhan mula sa Propeta.

- Paano ninyo mailalarawan nang husto, sa isang pangungusap, ang kaugnayan ni Brigham kay Joseph Smith? (Tanggapin ang iba-ibang sagot tulad ng: Nanatili siyang malapit sa Propeta.)

(Kung nanaisin) Palaisipan sa paghahanap ng salita

Kung may panahon pa upang magbalik-aral, ipaliwanag na ang mga sagot sa "Mga Tanong sa Paghahanap ng Salitang May Kinalaman Kay Brigham Young" ay nakatago sa palaisipan. Upang masagot ang palaisipan, hanapin at bilugan ang mga nakatagong sagot. Ang mga sagot ay maaaring pababa, pahiga, pahilig, o maging pabaligtad sa palaisipan. (Magbigay ng mga sampung minuto sa pagbubuo at pag-aayos ng gawain at pagkatapos ay lumipat kaagad sa susunod na bahagi ng aralin.)

---

**Sinusunod ng Mga Disipulo ang Propeta ng Panginoon**

Larawan, pisara, at talakayan

Ipakita ang larawan ng kasalukuyang propeta at isulat sa pisara na kasunod nito ang salitang *ikaw*.

- Ano ang itinuro sa atin ng kaugnayan ni Brigham Young kay Propetang Joseph tungkol sa nararapat nating kaugnayan sa propeta ngayon? (Dapat tayong sumunod, magtaguyod, matuto at lumapit sa propeta.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa sa klase ang Doktrina at Mga Tipan 1:38. Pagkatapos ay ituro sa klase na sinabi ng Panginoon na siya man o ang kanyang mga tagapaglingkod [ang mga propeta] ang magsalita, walang pagkakaiba.

Larawan

Ipakita ang larawan ng mirasol habang isinasalaysay mo ang sumusunod:

Ang mirasol ay ginagamit na tanda ng katapatan. "Ayon sa alamat, ang karaniwan subalit magandang bulaklak na ito na sumusunod sa araw mula sa umaga hanggang sa marating niya ang kanyang taluktok, ay hindi nagbabago at matatag sa buong maghapon, at, sa paglubog ng araw, susundan niya ito hanggang sa wakas ay mawala na sa abot-tanaw." (*Relief Society Courses of Study,* 1986, p. 171.)

Dapat ay katulad tayo ng mirasol at ni Brigham Young sa ating katapatan. Dapat nating sundin si Jesucristo sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang buhay na propeta. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley ng Unang Panguluhan, "Maluwalhati at kahanga-hanga ang mga pangako ng [Diyos] sa mga tumutupad sa kanilang mga tipan at namumuhay sa pagsunod sa kanyang mga banal na kautusan" ("Live Up to Your Inheritance," *Ensign,* Nob. 1983, p. 82).

**Patotoo at Hamon**

Hamunin ang klase na maging mga tunay na “disipulo” ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang buhay na propeta sa ngayon. Magbigay ng patotoo na ito ang Simbahan ni Cristo; siya ang namamahala at namumuno sa kanyang Simbahan sa pamamagitan ng buhay na propeta sa ngayon.

**Mga Sagot sa Paghahanap ng Salitang May Kinalaman Kay Brigham Young**

1. Vermont
2. sipag
3. Aklat ni Mormon
4. Samuel Smith
5. Joseph Smith
6. Jesus, Propeta
7. Haleluya
8. Inglatera
9. Kirtland
10. Disipulo

```
A B L E J U J A H C D T J R A
D I S I P U L O P Q R J O H R
A K L A T N I M O R M O N O D
P R O P E T A O U J A S I Y N
T E S T J S V T O M O E A A A
L O O S O E H A H G D P H V L
O R D T J E S U S O P H E E T
O T H A L E L U Y A H S A I R
K A L D A N T C S O V M K N I
H N F D E N G L A N D I T I K
E D E W O K S M C M N T H A S
R S A M U E L S M I T H T H H
E G R I N G L A T E R A U E S
L E S S D O I N G E F L A I D
V V V U U S I P A G D W O R K
```

# Mga Tanong Sa Paghahanap ng Salitang May Kinalaman Kay Brigham Young

Ang mga sagot sa paghahanap ng salita ay nakatago sa palaisipang paghahanap ng salita. Basahin ang bawat pangungusap o tanong at pagkatapos ay hanapin at bilugan ang tamang sagot sa palaisipan. Ang mga sagot ay maaaring patayo, pahiga, pahilig, o maging pabaligtad pa sa palaisipan, kaya maghanap nang maingat. Ang pagiging isang mabuting disipulo ay nangangailangan ng pagsisikap! Pagkatapos mong bilugan ang mga sagot, punuan ang mga puwang ng anumang hinanap na salita na hindi mo pa napunuan noon.

1. Saang estado ipinanganak si Brigham Young? ____________________
2. Lalabing-isang araw man siyang nagkaroon ng pormal na pag-aaral, natuto siya ng mga mahalagang aral sa buhay mula kay____________________ ____________________ .
3. Si Brigham Young ay nagkaroon ng patotoo sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral ng ____________________ ________ ____________________ na ibinigay sa kanyang mag-anak.
4. ______________ ______________, na unang misyonero ng Simbahan, ang nagbigay ng aklat na tumulong na pagbalik-loobin si Brigham Young.
5. Ang pagkakita niya kay ______________ ______________ ay isang pangyayaring nagpabago sa buhay ni Brigham Young pagkatapos niyang sumapi sa Simbahan.
6. Malimit na inilarawan ni Brigham Young ang kanyang sarili bilang disipulo ni ____________________ Cristo at ni Joseph Smith na ____________________.
7. Sinabi ni Brigham Young na malimit niyang naramdaman na tila nais niyang isigaw ang ____________________ noong maisip niya ang tungkol sa pagkakakilala niya kay Propetang Joseph Smith.

8. Bilang katibayan ng kanyang pagka-disipulo at pagkamasunurin, umalis si Brigham Young sa Estados Unidos sa mga panahon ng taghirap noong tinawag siya ng Propeta upang magtungo sa misyon sa ______________________ .

9. Sa anong naunang pamayanan ng mga Mormon, noong madilim na panahon ng pagtalikod sa katotohanan kung kailan maraming Banal ang humina ang loob, ipinagtanggol ni Brigham Young si Joseph Smith?

   ______________________

10. Anong salita ang naglalarawan sa tunay na "tagasunod" ni Jesucristo at ng kanyang mga propeta?

   ______________________

---

# Palaisipan Sa Paghahanap Ng Salitang May Kinalaman Kay Brigham Young

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | L | E | J | U | J | A | H | C | D | T | J | R | A |
| D | I | S | I | P | U | L | O | P | Q | R | J | O | H | R |
| A | K | L | A | T | N | I | M | O | R | M | O | N | O | D |
| P | R | O | P | E | T | A | O | U | J | A | S | I | Y | N |
| T | E | S | T | J | S | V | T | O | M | O | E | A | A | A |
| L | O | O | S | O | E | H | A | H | G | D | P | H | V | L |
| O | R | D | T | J | E | S | U | S | O | P | H | E | E | T |
| O | T | H | A | L | E | L | U | Y | A | H | S | A | I | R |
| K | A | L | D | A | N | T | C | S | O | V | M | K | N | I |
| H | N | F | D | E | N | G | L | A | N | D | I | T | I | K |
| E | D | E | W | O | K | S | M | C | M | N | T | H | A | S |
| R | S | A | M | U | E | L | S | M | I | T | H | T | H | H |
| E | G | R | I | N | G | L | A | T | E | R | A | U | E | S |
| L | E | S | S | D | O | I | N | G | E | F | L | A | I | D |
| V | V | V | U | U | S | I | P | A | G | D | W | O | R | K |

Aralin 11

# Brigham Young: Pagtatayo ng Kaharian sa Pamamagitan ng Matuwid na Gawain

**LAYUNIN**

Sa pamamagitan ng pag-aaral sa buhay ni Brigham Young, ang bawat kasapi ng klase ay maghahangad na gumawa ng mga gawain ng pagkamatuwid na kapantay ng kanyang kakayahan.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may kopya ng Mahalagang Perlas at ng Aklat ni Mormon.
2. Atasan ang tatlo hanggang limang kasapi ng klase na magbigay ng ulat na katulad ng nakasaad. (Ang mga ulat ay matatagpuan sa mga kagamitan sa aralin at dapat na kopyahin sa pamamagitan ng makinang pangkopya o kamay at ibigay sa mga naatasang kasapi ng klase.)
3. Humingi ng pahintulot sa obispo o pangulo ng sangay na hingin sa isang kabataang lalaki, o kabataang babae, na naghahandang pumunta sa misyon na dumalo at sabihin sa klase kung paano siya binibiyayaan ng Panginoon sa kanyang paghahanda. Hingin mo sa kanya na sabihin ang tiyak na pangyayari ng pagtulong. (Kung walang makitang ganitong tao, ipagpatuloy ang aralin na ayon sa itinagubilin.)
4. Maghanda na magpakita ng larawan ng bahay-pukyutan sa aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan sa larawan

Ipakita ang larawan ng bahay-pukyutan na makikita sa hulihan ng araling ito. Ipaliwanag:

Ito ang isa sa mga sagisag na ginamit nina Brigham Young at ng mga Mormon na tagabunsod noong manirahan sila sa teritoryo ng Utah. Ang bahay-pukyutan ay nasa magandang bahay ni Brigham Young na itinayo at pinangalanang *Beehive House*. Ang sagisag na ito ay ginamit din sa Templo ng Salt Lake kung saan ang mga pukyutan at mga bahay-pukyutan ay nakalarawan sa mga tanganan ng pintuan. Ang bahay-pukyutan ay isa ring sagisag sa bandila ng Estado ng Utah.

Talakayan

- Ano ang isinasagisag ng bahay-pukyutan kay Brigham Young at sa mga Mormon na tagabunsod? (Ang mga bahay-pukyutan at pukyutan ay sagisag ng kasipagan at paggawa.)
- Bakit sa palagay ninyo napakahalaga sa kanila ng sagisag na ito? (Ang sagisag ng mga pukyutan ay nagpaalala sa kanila na kailangang gumawa sila upang mabuhay sa mga bundok at lambak ng Kanluran. Ipinaalala rin nito sa kanila na ang Diyos ay may gawaing ipinagagawa sa kanila. Una nilang tinawag na nasasakupang Deseret ang bagong lugar nila sa gawing kanluran ng Estados Unidos. Ang *Deseret* ay pangalang Jaredita para sa pukyutan [tingnan sa Eter 2:3]. Nang pumunta ang mga Jaredita sa lupang pangako, nagdala sila ng maraming pukyutan.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Ituro na ang gawaing ibinigay ng Diyos kay Brigham Young ay katulad ng gawaing ibinibigay ng Diyos sa atin sa ngayon. Ipabuklat sa klase ang Mahalagang Perlas at ipabasa ang Moises 1:39.

- Ano ang gawain ng Diyos na gawain din natin sa buhay na ito? ("Isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao.")

Mga ulat

Ang bawat maikling ulat ay naglalayon na magpasigla sa talakayan at sinusundan ng mga tanong na tutulong na maging tulay sa pagitan ni Brigham Young at ng mga kasapi ng klase sa ngayon.

Ang halimbawa ng gawain ni Brigham Young ay nagbigay-sigla at tumulong sa mga Banal sa iba't ibang napakahirap na panahon habang pinagsisikapan nilang gawin ang gawain ng Panginoon. Habang nagbibigay ang mga naatasang kasapi ng klase ng mga maikling ulat, makinig nang mabuti at tingnan kung paano maisasagawa sa inyong buhay ang mga halimbawang ito.

---

**Naisasagawa ang Hindi Maisasagawa**

Ulat 1

Si Brigham Young, katulad ni Joseph Smith, ay kapwa matalino at mapangitaing tao. Buo ang loob niya na gawin ang lahat ng bagay na maaaring gawin upang maisakatuparan ang lahat na nais ng Panginoong magawa sa mga huling araw. Inilatag ni Joseph ang saligan ng kaharian ng Diyos, subalit kinailangan ng iba upang mabuo ang bahagi ng gusali sa itaas ng saligan. Ang pagkakaalam nito ay makatutulong sa isang tao na unawain kung bakit ginawa ni Brigham Young ang ilan sa mga bagay na ginawa niya. Kung hindi natin maiintindihan ang kanyang ginagampanan bilang propeta at tagakita, ang ilan sa kanyang mga kilos ay tila lubhang hindi kapaki-pakinabang.

Halimbawa, bago napilitang umalis ang mga Banal sa Nauvoo, Illinois, ipinagpilitan ni Pangulong Young na tapusin ng mga Banal ang Templo ng Nauvoo. Nangailangan ito ng napakalaking panahon, salapi, at talino gayong maliwanag na hindi pakikinabangan ng mga Banal ang templo nang matagal.

Talakayan

- Bakit sa palagay ninyo ipinagpilitan ni Brigham Young na tapusin ng mga Banal ang Templo ng Nauvoo, kahit na malamang na hindi nila ito magagamit nang matagal? (Alam niyang inutusan sila ng Panginoon na ipatayo ang templo [tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 124:27], at kahit na sandali lamang ginamit iyon, matatamo ng mga Banal ang mga ordenansa na makatutulong sa kanila upang pagtiisan ang mga kahirapang haharapin nila sa darating na paglikas nila patungong Kanluran.)

---

**Pinamunuan ni Brigham Young ang Mga Banal Patungong Kanluran**

Ulat 2

Sa loob ng tatlong taon pagkatapos na mapunta kay Brigham Young ang balabal ni Joseph Smith, siya, kasama ng Korum ng Labindalawa, ang namuno sa mga tapat na Banal patungong Great Salt Lake Valley. Nagtayo sila ng mga tatlong daan at limampung panirahanan sa gawing kanluran ng Estados Unidos, itinayo ang Lungsod ng Salt Lake, at, ayon sa propesiya ni Propetang Joseph Smith, naging mga napakalakas na tao sa gitna ng Rocky Mountians.

Nakita ni Brigham Young sa pangitain kung saan nais ng Diyos na manirahan ang kanyang mga tao: " 'Dito ang lugar na inilaan ng Diyos para sa kanyang mga tao. Tayo ay sapilitang inalis mula sa palayok patungong apoy, at mula sa apoy patungong gitna ng sahig, at ngayon ay narito tayo at dito tayo maninirahan . . . Magtatayo tayo ng lungsod at ng templo para sa Kataas-taasang Diyos sa lugar na ito . . . at magtatayo tayo ng mga bayan at mga lungsod nang daan-daan, at libu-libong Banal ang magsasama-sama mula sa iba't ibang bansa sa daigdig. . . . Ang mga maharlika at marurunong sa lupa ay dadalaw sa atin dito"]' " (Sariling Talambuhay ni James Brown, p. 119–23; sinipi sa Preston Nibley, *Brigham Young: the Man and His Work* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1936], p. 127–28).

Talakayan

- Paano nagtatatag si Brigham Young sa espirituwal na saligan na inilatag ni Propetang Joseph? (Pinamunuan niya ang mga Banal pakanluran, tinahanan ang pook, at itinatag ang Simbahan ni Jesucristo sa tuktok ng mga bundok.)

- Anong mga alituntunin ang gumawang maaari para kay Brigham Young at sa mga Banal na gawin ang "ilang . . . na mamumulaklak na gaya ng rosas" (Isaias 35:1)? (Pananampalataya at gawa.)

**Hinimok ni Brigham Young ang Paggawa, Kultura at Pag-aaral**

Ulat 3

"Habang nagtatayo ng mga tahanan, nagpapaunlad ng mga sakahan at nagtatatag ng pamahalaan sa sarili nila, [hinimok ni Brigham Young ang mga Banal na huwag] pababayaan ang higit na magandang bahagi ng buhay. Ang pag-aaral, relihiyon, sining, dula, at musika ay ipinanghikayat para sa pag-unlad sa panlipunan [at pangkaisipan] ng mga tao. Ang mga Banal ay nagtayo ng sarili nilang mga tanghalan at sinanay ang mga anak nila sa iba-ibang agham at musika. Kasabay ng pagtatayo ng mga pansariling tirahan, ang bawat pangkat ng mga dayuhan sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap ay nagtayo ng bulwagang pampamayanan na ginamit bilang isang simbahan, isang paaralan, at isang lugar kung saan ang mga sayaw at mga dula ay pinangasiwaan" (Milton R. Hunter, *Brigham Young: the Colonizer* [Salt Lake City: Deseret News Press, 1940], p. 359).

Talakayan

- Bakit hindi lang hinimok ni Brigham Young ang mga Banal na magsumikap kundi pahalagahan din ang mga bagay na pangkultura sa buhay tulad ng sining, musika, pag-aaral, at dula? (Nais niyang panatilihin ng mga Banal ang timbang na buhay—pampisikal, pangkaisipan, panlipunan, at pang-espirituwal.)

---

**Isang Minamahal na Huwaran**

Ulat 4

"Hindi [lamang] ang kakayahan niyang mangasiwa ang minahal [kay Brigham Young] ng kanyang mag-anak at ng mga Banal. Matapat, mabait, at maalalahanin, para siyang isang ama sa kanila. Sumasama siya sa paggawa, nagsibak siya ng kahoy, nagputol ng troso, gumawa ng mga tulay, naglinis ng lupa, at gumawa ng mga daan. Noong panahon ng paglisan [pakanluran] siya ang unang gumigising sa umaga at huling natutulog sa gabi, na laging umiikot upang tiyakin na ang lahat ay maginhawa hangga't maaari. Subalit higit sa lahat, siya ang propeta ng Diyos. Maaari siyang magalit, subalit nagmahal pa rin at nagbigay-sigla; humingi subalit nagbigay; palaging namumuno, subalit sumusunod. At ang lakas ng loob at pagtawa sa pagharap niya sa pagsubok ay nagsilbing isang kawil at tularan ng mga Banal na pagod na sa pag-uusig" ("Brigham Young," *Presidents of the Church* [Religion 345, manwal ng mag-aaral], 1979, p. 61).

Talakayan

- Ano ang mga katangian ni Brigham Young na sanhi ng masidhing pagmamahal sa kanya ng mga Banal? (Ang kusang loob niyang paglilingkod sa piling nila at ang pag-aalala at pagmamahal niya sa kanila.)

---

**Mapagtiis na Pinuno**

Ulat 5

"Sa loob ng [tatlumpu't tatlong] taon [maging Pangulo ng Korum ng Labindalawa o bilang Pangulo ng Simbahan] pinamunuan niya ang [mga tao]. Alam niya ang kabanalan at tadhana ng gawain. Mula sa [saligang inilatag ni Joseph, si Brigham Young] ay nagpatuloy sa pagtatayo ng kaharian na papalibot sa daigidg at sa bandang huli ay papagbaguhing-anyo ang daigdig upang maging Sion" (*Presidents of the Chruch* [Religion 345, manwal ng mag-aaral] p. 61).

Talakayan

- Anong katangian ang maaaring pinakamalakas na katangian ni Brigham Young? (Ang pagiging handa niya na magpatuloy, sa paggawa ng mga gawain ng Diyos sa kabila ng lahat ng pagsalungat.)

---

**Tutulungan Tayo ng Panginoon na Magtagumpay, Katulad ng Pagtulong Niya Kay Brigham Young**

Talakayan sa banal na kasulatan

I pabuklat sa klase ang 1 Nefias 3:7. Pagbalik-aralan ang pinagmulan ng utos ng Panginoon na bumalik ang mga anak ni Lehias sa Jerusalem upang kunin kay Laban ang mga laminang tanso.

Ipabasa nang malakas sa isang kasapi ng klase ang 1 Nefias 3:7.

- Bakit sinabi ni Nefias na hahayo siya at gagawin niya ang ipinag-uutos ng Panginoon? (May pananampalataya si Nefias na tutulungan siya ng Panginoon upang maisakatuparan ang gawain.)

Bigyang-diin na alam ni Brigham Young, katulad ni Nefias, na ginagawa niya ang gawain ng Diyos. Naniniwala siya na kung gagawin niya at ng ibang tao ang lahat ng kanilang makakaya upang itayo ang kaharian, ang Diyos na ang bahala sa iba. Tulungan ang klase na maunawaan na kung gagawin natin ang lahat na ating makakaya, tutulungan tayo ng Diyos.

Panauhin

Kung kayo ay nakakuha ng pahintulot ng obispo o pangulo ng sangay at nakaanyaya ng isang kabataang lalaki o babae na naghahandang magmisyon na dumalo sa klase, hilingin sa kanya na sabihin ang tungkol sa tiyak na tulong ng Panginoon sa paghahanda. Kung walang makitang ganoong tao, magpatuloy kaagad sa pisara at talakayan, na tinatapos sa pagbibigay mo ng patotoo.

Pisara at talakayan


- Ano ang ilan sa mga biyaya na maaaring dumating sa atin mula sa paggawa ng matuwid? (Dapat na isulat sa pisara ang mga sagot at dapat na magsama ng mga bagay na katulad ng mga sumusunod: tiwala sa sarili, disiplina, pananampalataya, paglilingkod, pagdamay, sariling-sikap, kaligayahan.)

Malimit na sinasabi ni Brigham Young sa mga Banal: “Kapag ang [isang] tao ay masipag at matwid, [siya] kung gayon ay masaya” (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widstoe [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1954], p. 235).

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo na kapag ginagawa natin ang mga bagay na ipinagagawa sa atin ng Panginoon, kahit na tila ito ay mahirap o di-maaari, tutulungan tayo ng Panginoon na gawin ang kanyang ipinag-utos. Maaaring naisin mong ilahad ang sariling kuwento o karanasan na maglalarawan sa palagay na ito. Hamunin ang mga kasapi ng klase na magtayo ng kaharian sa pamamagitan ng matwid na gawain.



# Aralin 12
# John Taylor—Taong May Malakas na Pananampalataya

**Isinilang:** Nobyembre 1808 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1880–1887

**LAYUNIN**

Pauunlarin ng mga kasapi ng klase ang pananampalataya kay Jesucristo sa pagsunod sa halimbawa ni John Taylor na sumunod sa mga udyok ng Espiritu Santo.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyaking may sipi ng Bagong Tipan ang bawat kasapi ng klase.
2. Hanapin ang larawan ni John Taylor sa bahaging may kulay.
3. Magdala ng bandana o kapirasong tela na gagamiting pampiring sa pakay aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Gamitin ang sumusunod na tatlong tanong upang akayin ang talakayan sa unang bahagi ng buhay ni John Taylor.

- Nagkaroon na ba kayo ng panaginip, o pakiramdam, o sapantaha na dapat ninyong gawin ang isang bagay?
- Ano ang ginawa ninyo tungkol dito?
- Ano ang nangyari sa inyong sapantaha?

Pagkatapos talakayin ang mga tanong (maaaring naisin mong magbahagi ng sariling karanasan), akayin [ang usapan] sa susunod na kaalaman tungkol kay John Taylor.

Larawan

Ipakita ang larawan ni John Taylor.

**Ang Kabataan ni John Taylor ay Espirituwal**

Talambuhay at talakayan

Ipinanganak si John Taylor noong Nobyembre 1, 1808 sa Milnthorpe, Westmoreland, England, isa sa sampung magkakapatid. Kahit hindi mayaman ang kanyang mag-anak, sila ay malapit at relihiyoso, at ang mag-anak ay naturuan ng kahalagahan ng kasipagan. Nagtrabaho si John sa sakahan sa lupain ng mag-anak at hindi nagtagal ay naging tagalilok, na humuhugis ng iba't ibang kahoy sa iba-ibang paggagamitan.

Bagama't nabinyagan si John bilang sanggol, hindi niya gaanong pinag-ukulan ng pansin ang pananampalataya ng kanyang mga magulang. Bilang kabataan ay nagkaroon siya ng panaginip. "Nakita niya, sa pangitain, ang isang anghel sa kalangitan, na may hawak na tambuli sa kanyang bibig, na nagbibigay ng isang mensahe sa mga bansa. Ang kahalagahan ng pangitaing ito ay hindi niya naintindihan hanggang sa dakong huli na ng buhay" (B. H. Roberts, *The Life of John Taylor* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc. 1963], p. 28).

Inihayag din kay John Taylor na ang inordenan sa simula pang misyon niya ay mangyayari sa labas ng Inglatera. Sa kanyang kabataan ay sumapi siya sa Simbahang Metodista. "Isang araw, nang papunta siya sa kanyang tuturuan [isa siyang lokal na tagapangaral], sinabi niya sa kanyang kasama, 'May malakas akong kutob, na kailangang pumunta ako sa Amerika upang ipangaral ang ebanghelyo!'" (Paul Thomas Smith, "John Taylor," sa *The Presidents of the Church,* isinaayos para sa paglilimbag ni Leonard J. Arrington [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1986], p. 77).

Noong 1832 nabuksan sa kanya ang daan tungo sa America. Habang binabagtas ang karagatan, nakasalubong ng kanyang barko ang bagyo na napakalakas at nangamba ang

kapitan at ang kanyang mga tripulante na baka lumubog ang barko sa anumang sandali. Subalit nanatiling buo ang loob ni John Taylor. "Ang tinig ng Espiritu ay nagsasabi pa rin sa kanya, 'Kailangan mo pa ring pumunta sa Amerika at ipangaral ang ebanghelyo.'

" 'Tiwalang-tiwala ako sa aking tadhana,' ang sinabi niya, 'na magtungo pa ako sa itaas na palapag ng barko sa hatinggabi, at sa gitna ng mga nagngangalit na hangin, ulan, atbp. ay nakaramdam ng kapanatagan na tila ba nakaupo lamang ako sa isang silid-tanggapan sa amin. Naniniwala ako na makararating ako sa Amerika at magagampanan ang aking gawain.' " (Roberts, *The Life of John Taylor,* p. 29.)

Talakayan

- Paano inihahanda ng Panginoon si John Taylor para sa gawain niya sa hinaharap? (Ang mga sagot ay iba-iba para dito at sa mga susunod na tanong.)
- Ano kaya ang maaaring nangyari kay John Taylor kung hindi niya pinakinggan at sinunod ang mga udyok ng Espiritu?
- Paano natin, mapapaunlad na katulad ni John Taylor, ang ating pananampalataya kay Jesucristo? (Alam ni John Taylor na ginagabayan ng Panginoon ang kanyang buhay sapagkat pinakinggan at sinunod niya ang mga udyok ng Espiritu. Magagawa rin natin ang ganitong bagay.)

---

**May Paniniwala si John Taylor na Gagabayan Siya ng Panginoon**

Pakay aralin at talakayan

Piringan ang isang kasapi ng klase at papiliin siya ng isa pang kasapi ng klase na gagabay sa pamamagitan ng pagsasalita sa kanya palabas sa mga panlitong upuan at sa paligid ng ibang kasapi ng klase patungo sa isang tiyak na lugar, na sumasagisag sa kahariang selestiyal. Habang ginagabayan ng napiling "gabay" ang may piring na kasapi ng klase, ang mga ibang kasapi ng klase ay dapat magsikap na turuan siya ng mali at iligaw siya. (Subukin ito, at tingnan kung ano ang mangyayari!) Kapag narating na ng kasapi ng klase ang kanyang patutunguhan (ang simbolikong kahariang selestiyal), itanong ang mga ito:

- Ano ang matututuhan sa pakay araling ito?
- (Tanungin ang nakapiring na kasapi ng klase): Bakit mo pinili ang taong pinili mo na gumabay sa iyo? (Maaaring kailanman mong ipaliwanag na karamihan sa mga gabay ay pinipili sapagkat nagtitiwala tayo sa kanila at may tiwala tayong dadalhin nila tayo nang ligtas sa ating hangarin.)
- Paano natin maisasagawa ang pakay araling ito sa ating buhay? (Hayaan ang mga kasapi ng klase na magpaliwanag ng kanilang sariling damdamin.)

Ituro na si John Taylor ay may kahawig na pananampalataya sa kanyang pagsasaliksik sa katotohanan at pagkatapos ay sabihin o basahin ang sumusunod na karanasan ni John Taylor.

Kuwento at talakayan

Noong lisanin ni John Taylor ang Inglatera noong 1832, nanirahan siya sa New York at pagkatapos ng ilang buwan ay nagpunta siya sa Upper Canada, kung saan siya nagpatuloy ng pangangaral sa Simbahang Metodista. Ang isa sa mga kasapi sa kongregasyon ay si Leonora Cannon, ang di-pangkaraniwang babae na pagkaraan ay pinakasalan ni John. Ipinagpatuloy ni John ang pangangaral, subalit naramdaman niyang may isang bagay na kulang sa kanyang relihiyon. Pagkaraan ay isinulat niya: "Ilan sa amin ang nagtipun-tipon upang pag-aralan ang Banal na Kasulatan; at nalaman namin na may ilang doktrinang itinuro si Jesus at ang kanyang mga Apostol, na hindi itinuro ni ng mga Metodista, Baptis, . . . o anumang sekta ng relihiyon; at pinagtibay namin na kung totoo ang Bibliya, ang mga doktrina ng makabagon Kristiyanismo ay hindi totoo; o kung totoo ang mga ito, ang Bibliya ay hindi totoo. . . . Bukod dito . . . ,nanalangin at nag-ayuno kami sa harapan ng Diyos; at ang pangunahing laman ng aming panalangin ay, kung may mga tao siya saanman sa ibabaw ng lupa, at mga ministro na nabigyan ng karapatan na mangaral ng Ebanghelyo, na padalhan niya kami ng isa" (sa Journal of Discourses, 23:30).

- Paano ipinakita ni John Taylor ang kanyang pananampalataya sa paghahangad niya ng katotohanan? (Sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno.)

• Bakit nananalangin at nag-aayuno si John Taylor? (Nagnanais siya ng isang may karapatang ministro na magdala sa kanila ng katotohanan.)

Ipinadala ng Panginoon si Parley P. Pratt sa misyon sa Canada at tumulong na sagutin ang panalangin ng pananampalataya ni John Taylor.

---

**Ang Pananampalataya sa Diyos ay Sapat Na Sa Mga Pangangailangan ni John Taylor**

• Papayag ba kayong maglakbay nang walang pera? (Ang katiyakan sa pananalapi ay mahalaga para sa karamihan ng tao bago sila magsimula sa anumang pakikipagsapalaran. Subalit ginawa ni John Taylor ang kanyang gawain nang halos walang pera.)

Pansinin ang mga halimbawa ng pananampalataya ni John Taylor sa sumusunod na karanasan mula sa kanyang buhay. (Isalaysay muli sa sarili mong mga salita.)

**Pananampalataya ni John Taylor**

Pagkatapos niyang sumapi sa Simbahan, inilipat ni John Taylor ang kanyang mag-anak mula sa Canada patungong Kirtland, Ohio, at hindi nagtagal ay sa Missouri kung saan sila pinalayas mula sa kanilang tahanan noong panahon ng pag-uusig sa Missouri. Kabagu-bago pa lamang niyang naitatatag ang kanyang mag-anak sa Nauvoo, Illinois, ang bagong tipunang lugar ng mga Banal, nang ipadala siya sa Inglatera upang ipangaral ang ebanghelyo. Ang kasama ni John Taylor ay si Wilford Woodruff. Habang ipinangangaral ang ebanghelyo "na walang supot ng salapi o supot ng pagkain" [walang pera], ipinaubaya ni John Taylor sa Panginoon ang kanyang pangangailangan sa pera, na sinabi, "'Minamabuti ko pang ibigay ang tiwala ko sa Panginoon kaysa sinumang hari sa lupa'" (Roberts, *The Life of John Taylor,* p. 71). Nang dumating siya sa Lungsod ng New York, bago umalis patungong Inglatera, iisang kusing lamang ang laman ng kanyang bulsa. Gayunman, hindi niya sinabing mahirap siya. Nang tanungin hinggil sa kanyang katayuang pananalapi, sinabi niyang siya ay may "maraming pera."

Isang araw ay nilapitan siya ni Parley P. Pratt, " 'Kapatid na Taylor, narinig ko na marami kang pera?' . . . 'Oo, Kapatid na Pratt, totoo iyan.' 'Siya, magpapalimbag ako ang aking "Voice of Warning" at "[Millennial] Poems," kailangang-kailangan ko ang pera, at kung mapahihiraman mo ako ng dalawa o tatlong daang dolyar ay labis kong pasasalamatan'. . . . 'Kung gayon ay ibibigay ko sa iyo ang lahat na mayroon ako.'

"At idinukot ni Elder Taylor ang kamay niya sa kanyang bulsa at ibinigay sa kanya ang isang mamera. Tawanan ang sumunod.

" 'Subalit akala ko ba ay sinabi mo na marami kang pera,' sabi ni Parley.

" 'Oo, at ganoon nga,' ang sagot ni Elder Taylor, 'Maayos ang damit ko, binibigyan mo ako ng maraming pagkain at maiinom at mabuting tulugan; ang lahat ng mga ito at ang isang mamera, na wala naman akong utang, hindi pa ba kasaganaan ito?' " (Roberts, *The Life of John Taylor,* p. 72–73).

Talakayan

• Inaasahang bayaran ng mga misyonero ang lahat ng kanilang gugulin. Kung ikaw ay nabuhay noong panahon ni John Taylor at wala kang pera, paano mo kaya tatanggapin ang tawag na magmisyon sa ibang bansa? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Palaisipang tanong

• Kaya mo bang iwanan ang mga pangmateryal mong hangarin upang maghandang magmisyon? (Himukin ang mga kasapi ng klase na isipin sa kanilang sarili ang mga bagay na maaaring hinging isuko nila upang magtapos ng isang misyon.)

• Anong alituntunin ng ebanghelyo ang kailangan mong ipakita nang lubusan? (Pananampalataya.)

Pagdating ni John Taylor sa Inglatera, sa una niyang sermon ay nagbigay siya ng patotoo tungkol sa isang anghel na may tambuli na nakita niya sa isang pangitain maraming taon na ang lumipas bago siya sumapi sa Simbahan. Natupad na ang pangitaing iyon. Pinuntahan ng anghel si Joseph Smith at naipanumbalik ang ebanghelyo (tingnan sa Apocalipsis 14:6–7). Sa pamamagitan ng mga pagsisikap ni John Taylor, maraming tao sa kanyang bayang Inglatera ang sumapi sa Simbahan.

### Kailangang Magkaroon Tayo ng Pananampalataya sa Pagpatnubay at Mga Udyok ng Espiritu

Talakayan sa pisara

- Ano ang ilang mga bagay sa Simbahan ngayon na nagangailangan ng pananampalataya na tulad ng kay John Taylor? (Isulat ang mga sagot sa pisara. Maaaring kasama rito ang mga bagay na katulad ng: pagbabayad ng mga ikapu at mga handog, pagpunta sa misyon, pag-aasikaso sa mga taong hindi gaanong aktibo, pagtuturo sa tahanan.)

- Anong mga pagpapakasakit ang maiaalay natin sa pagbuo ng ating pananampalataya at pagsunod sa Panginoon? (Iba-iba ang mga sagot. Halimbawa, ang ilan ay maaaring bumanggit ng pag-iwan sa mga ari-arian, katulad ng mga bisikleta o kotse o sunod sa modang damit. Maaaring ang iba ay lalayo sa mga kaibigan o magpapaliban ng kanilang pag-aaral upang makapunta lamang sa misyon. Ang iba ay maaaring maglaan ng karagadagang panahon o kita sa paglilingkod sa iba.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa nang sabay-sabay sa klase ang Santiago 2:20

- Ano ang sinabi ni Apostol Santiago tungkol sa pananampalataya? (Kung walang mga gawa, ang pananampalataya ay baog [walang kabuluhan.)

- Paano isinagawa ni John Taylor ang banal na kasulatang iyon? Paano natin maisasagawa ito sa ngayon? (Ituro na kapag *ginawa* natin ang mga bagay na hinihiling sa atin ng Panginoon, papatnubayan niya tayo, katulad sa ginawa niya kay John Taylor, sa pamamagitan ng mga udyok ng Espiritu Santo. Kapag ginawa natin ang mga bagay na hinihiling ng Panginoon at isinakripisyo ang ating ibang mga naisin upang higit tayong lubusang makapaglingkod sa kanya, tayo ay mabibiyayaan.)

Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagbasa ng sumusunod mula kay Pangulong John Taylor:

" 'May mga pangyayari sa hinaharap, at hindi na gaanong katagalan, na mangangailangan ng lahat ng ating pananampalataya, ng lahat ng ating lakas, ng lahat ng ating pagtitiwala, ng lahat ng ating pananalig sa Diyos, upang mapaglabanan natin ang mga impluwensiyang darating upang pagtiisan natin. . . . Hindi tayo makapagtitiwala sa ating talino; hindi tayo makapagtitiwala sa ating yaman; hindi tayo makapagtitiwala sa anumang pangyayari sa palibot na siyang bumabalot sa atin; magtiwala lamang tayo sa buhay na Diyos upang patnubayan tayo, pamahalaan tayo, pamunuan tayo, turuan tayo at bigyan ng tagubilin' " (Joseph Fielding Smith, *Essentials in Church History* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1950], p. 479).

### Patotoo at Hamon

Magbigay ng iyong patotoo na napauunlad natin ang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsunod sa mga udyok ng Espiritu Santo. Habang sinusunod natin ang mga udyok ng Espiritu Santo, papatnubayan tayo ng Panginoon sa pang-araw-araw nating gawain. Hamunin ang mga kasapi ng klase na paunlarin ang kanilang pananampalataya.

# John Taylor—Tagapagtanggol ng Pananampalataya

Aralin 13

**LAYUNIN**

Mapauunlad ng bawat kasapi ng klase ang higit na malaking hangarin na ipagtanggol at ipamuhay ang mga pamantayan ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral ng buhay ni John Taylor.

**PAGHAHANDA**

1. Maghandang ipakita ang larawan ng maliit na puno ng pino na napaliligiran ng gubat na nasa manwal.
2. Tiyaking ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Doktrina at Mga Tipan at ng Bagong Tipan.
3. Maghanda ng kopya ng tulang, "Mabuting Kahoy," para sa bawat kasapi ng klase (tingnan ang hulihan ng aralin).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Larawan at tula

Sabihin sa mga kasapi ng klase na babasa ka ng tulang may mahalagang mensahe para sa kanila. Ipakita ang larawan ng maliit na puno ng pino na napaliligiran ng gubat. Hamunin ang klase na makinig nang mabuti upang maaari nilang talakayin ang mensahe. (Basahin ang tulang "Mabuting Kahoy" na matatagpuan sa hulihan ng araling ito at bigyan ng kopya ang bawat kasapi ng klase.)

Talakayan

- Ano ang mensahe ng tula? (Pamunuan ang maikling talakayan, na hinahayaan ang mga kasapi ng klase na tumugon sa mensaheng natanggap nila mula sa tula. Bigyang-diin na ang lakas ay nagmumula sa pagdaig sa kahirapan.)
- Ano ang kahulugan ng *kahirapan*? (Ito ay isang kalagayang pagpapakasakit o isang panahon ng mga kaguluhan na kung kailan kailangan tayong magsikap upang magtagumpay.)
- Anong kalagayan ang nabanggit sa tula na nagpapalakas sa mga punongkahoy? (Pagsisikap para sa araw, himpapawid, hangin, at liwanag; malakas na hangin.)

Makikita ninyo ngayon kung papaano pinatitibay ng kahirapan ang lakas at katangian ng tao. Pag-aaralan natin ang tatlong halimbawa sa buhay ni John Taylor. Hinarap niya ang mabibigat na kalagayang magpapasuko sa iba. Pakinggan kung paano niya pinakitunguhan ang bawat kalagayan. (Basahin o, lalong mabuti, muling isalaysay ang bawat kuwento sa sarili mong mga salita.)

**Ipinagtanggol ni John Taylor ang Propetang si Joseph Smith**

Halimbawa at talakayan

Pagkatapos sumapi sa Simbahan noong 1836, dinalaw ni John Taylor ang Kirtland, Ohio, noong 1837. Noong panahong ito, ang mga taong dating malakas na tagapagtaguyod ng Simbahan ay tumalikod sa Propeta, na nang maglaon ay napilitang umalis sa Kirtland. Inordenan ng Propeta si John Taylor bilang mataas na saserdote at inatasan siyang mamahala sa mga sangay ng Simbahan sa Canada. Pagkaraan, sa isang pulong sa Templo ng Kirtland, nang ang Propeta ay wala roon, ang isa sa mga tumiwalag ang "masidhing tumuligsa sa katauhan ng Propeta. . . . Sa pagtatapos ng pagpupulong, hiniling ni Elder Taylor [na] mabigyan siya ng pagkakataong magsalita. Pinahintulutan siya. Binanggit niya, sa simula ng kanyang pananalita, ang mga sinaunang Israelita, at ang kanilang pagbubulungan laban sa Diyos at kay Moises, at pagkatapos ay nagtanong:

“ ‘Saan natin kinukuha ang ating katalinuhan, at kaalaman sa mga batas, ordenansa at doktrina ng kaharian ng Diyos? Sino ang nakakaunawa maging ang mga unang alituntunin ng doktrina ni Cristo? Sino sa daigdig ng Kristiyano ang nagturo tungkol sa mga ito? Kung tayo, sa ating pinag-aralan at katalinuhan, ay hindi nakabatid sa mga unang alituntunin, na tulad nga ng kalagayan ko at ng milyun-milyong iba pa, paano natin malalaman ang mga hiwaga ng kaharian? Si Joseph Smith, sa ilalim ng Pinakamakapangyarihan, ang bumuo sa mga unang alituntunin, at sa kanya tayo kailangang humingi ng karagdagang tagubilin’ ” (B. H. Roberts, *The Life of John Taylor* [Salt Lake City: Bookcraft, 1963], p. 40–41).

Talakayan

- Anong mga katangian ang ipinamalas ni John Taylor sa pangyayaring ito sa kasaysayan ng Simbahan? (Isulat ang mga sagot sa pisara. Iba-iba ang mga sagot at maaaring kabilang ang mga bagay na katulad ng katapatan, kagitingan, katapangan, lakas ng patotoo.)

Pagkatapos ninyong talakayin ang unang kuwento, basahin o muling ikuwento ang sumusunod na halimbawa. Hilingin sa mga kasapi ng klase na pansinin, muli, ang katapangan ni John Taylor sa pagtatanggol ng pananampalataya.

---

**Pinahinto ni John Taylor ang Bantang Paglalagay ng Alkitran at Balahibo**

Halimbawa at talakayan

Sa malapit sa Columbus, Ohio, nagsama-sama ang malaking pulutong ng tao upang makinig kay Elder John Taylor. Bago nagsimula ang pulong, nabigyan na si Elder Taylor ng babala ng mga lokal na kasapi ng Simbahan na may mga taong naghanda ng alkitran at mga balahibo at “ipinamalita na daramitan siya ng [alkitran at balahibo] kapag naglakas-loob siyang mangaral” (Roberts, *The Life of John Taylor*, p. 53). Hindi natinag, sumagot si Elder Taylor na nakapagpasiya na siyang magsalita.

Nagsimula si Elder Taylor sa pamamagitan ng pagpapaalala sa mga tao na nakatayo siya sa “ ‘piling ng mga taong ang mga ninuno ay nakipaglaban at nagkamit ng isa sa pinakamahalagang biyaya na ibinigay sa sangkatauhan—ang karapatang mag-isip, magsalita, magsulat . . . , at ang karapatang sumamba sa Diyos nang naaayon sa turo ng kanilang budhi—ang lahat ay sagradong karapatan ng tao . . . na ginarantiyahan ng Saligang Batas ng Amerika. . . . ’ [Pagkatapos ay buong lakas ng loob na ipinahayag ni Elder Taylor,] ‘May nakapagsabi sa akin na balak ninyo akong damitan ng alkitran at balahibo, dahil sa aking mga paniniwalang pangrelihiyon. Ito ba ang namana ninyo sa inyong mga ninuno? Ito ba ang biyayang binayaran nila sa pamamagitan ng kanilang mga pinakamamahal na dugo ng puso—ito na kalayaan ninyo? Kung gayon, may biktima na kayo.’ . . . Dito niya binuksan ang kanyang tsaleko at sinabi: ‘Mga ginoo halikayo kasama ng inyong alkitran at mga balahibo, handa na ang inyong biktima. . . . Halikayo, mga ginoo! Halikayo, sabi, handa na ako!’

“Walang kumilos, walang nagsalita. Nakatayo [si John Taylor] doon, matikas na nakahanda, payapa subalit mapanghamon—ang may hawak ng kalagayan.

“Pagkaraan ng katahimikan ng ilang sandali nagpatuloy siya sa kanyang pangungusap at may malaking katapangan at kapangyarihan na nangaral nang mga tatlong oras. [Pagkatapos ng pulong,] ipinagpilitan pa rin ng mga kapatid na . . . balak talaga ng mga tao [na lagyan siya ng alkitran at mga balahibo], subalit napatunganga sila sa katapangan ni Elder Taylor” (Roberts, *The Life of John Taylor,* p. 54–55).

Talakayan

- Bakit sa pakiramdam ninyo ay hindi sinaktan ng mga tao si John Taylor? (Maaaring iba-iba ang sagot, subalit bigyang-diin na may lakas ng loob si John Taylor na ipaglaban ang alam niyang tama. Nang umihip ang mga hangin ng pag-uusig, sapat na ang lalim ng mga ugat niya [isang patotoo] upang matagalan ang mga ito.)

---

**Pinalakas ni John Taylor ang Mga Kasapi ng Simbahan sa Panahon ng Pag-uusig**

Ang sumusunod na pangyayari ay naganap noong mga taon na lubhang mapanganib para sa mga Banal sa Huling-araw. Noong 1854 “isang natatanging tawag mula kay Pangulong Young . . . ang nag-atas kay [Elder Taylor] na pumunta sa Lungsod ng New York upang bumuo at maglathala ng pahayagan na ang layunin ay ipakilala ang mga doktrina at kaugalian ng Simbahan upang sa gayon ay pawiin . . . ang damdaming laban

sa mga Mormon na mahigit isang taon nang tumitindi. . . . Ang mga karagdagang kapatid na lalaki [ay] kailangang bumuo at maglathala ng mga pahayagan ng Banal sa Huling-araw sa ibang pangunahing lungsod— . . . Washington, D.C.; . . . St. Louis; . . . San Francisco" (Francis M. Gibbons, *John Taylor: Mormon Philosopher, Prophet of God* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1985], p. 138). Lumipat si Elder Taylor sa Lungsod ng New York at nanatili roon hanggang sa 1857.

Dumating sa sukdulan ang panahong ito nang magpadala ng hukbo sa Utah ang pamahalaan ng Estados Unidos sa Washington, D.C. Layunin ng hukbo na sugpuin ang inakalang paghihimagsik. Sa New York, ipinagtanggol ni Elder Taylor ang mga Mormon laban sa malalakas sa pamahalaan na nagtatangkang sumira sa kanila. Hinamon niya ang mga kaaway ng Simbahan na " 'patunayan na ang "Mormonismo" ay kulang sa moral, sa nauukol sa banal na kasulatan, pilosopikal; o na kulang ang pagkamakabayan sa Utah kaysa anumang bahagi ng Estados Unidos. Humihingi kami ng katibayan; dalhin ninyo ang inyong mga dahilan, mga ginoo, kung mayroon man kayo; hindi kami natatakot sa imbestigasyon, at hinahamon namin kayo sa pagtatagpo' " (B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church,* 4:63).

Bilang bunga ng pakikiisa ng madla at ng batas laban sa Simbahan at laban sa pagkakaroon ng maramihang asawa, maraming lalaki sa Simbahan ang ibinilanggo. Maraming iba pa ang nagtago upang hindi mabilanggo. Si John Taylor ang pinakamatandang Apostol pagkamatay ni Brigham Young noong 1877 hanggang sa siya mismo ay naging Pangulo ng Simbahan noong 1880. Siya at ang kanyang mga tagapayo, sina George Q. Cannon at Joseph F. Smith, ay nagtago noong 1885, na nagtitiwala sa Panginoon.

---

**Katulad ni John Taylor, Dapat Tayo Maging Tagapagtanggol ng Katuwiran**

Dahil sa magiting na buhay ni John Taylor, ang matagal niyang pagtatanggol sa mga alituntunin ng ebanghelyo, "at sa kanyang pagiging mamamahayag, nakilala siya bilang 'Tagapagtanggol ng Pananampalataya' at gayundin bilang 'Tagapagtaguyod ng Kalayaan'" (Emerson Roy West, *Profiles of the Presidents*, binago [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1980], p. 90). Sa kanyang kagitingan at katapatan natuto tayong tumugon, kung paano maging matapat, at nalaman natin kung paano tayo mismo magiging mga tagapagtanggol ng pananampalataya at tagapagtaguyod ng katuwiran.

Pangkatang gawain at talakayan

Tanungin ang mga kasapi ng klase kung ano ang gagawin nila sa tatlong sumusunod na kalagayan at bayaan silang magmungkahi ng mga paraan na maipagtatanggol nila ang mga alituntunin ng ebanghelyo. (Maaari mong gamitin ang mga nababagay na kalagayan na higit na magagamit sa inyong partikular na kultura.)

Kalagayan 1: Isang pangkat ng kabataan ang nagsama-sama sa bahay ng isang kaibigan upang manood ng pelikula sa *video.* Lahat ay maayos hanggang sa may naglagay ng *video* na naglalaman ng hubad, masasagwang salita, at labis na karahasan.

Kalagayan 2: Sa isang klase ng kasaysayan, ang guro ay nagbibitiw ng mga nagpapasamang salita tungkol sa mga Mormon at sa pag-aasawa ng higit sa isa na alam ninyo mismo na hindi totoo.

Kalagayan 3: Sa isang silid-bihisan, ang isa sa inyong mga kaibigan, na kasapi ng Simbahan, ay nagkuwento ng hindi kaaya-aya, maruming kuwento na nakakatawa subalit nakagagalit at nakahihiya rin.

Pagkatapos magbigay ng panahon upang talakayin ang mga kalagayan sa itaas, basahin ang sumusunod na pananalita ni Elder Wm. Grant Bangerter ng Unang Korum ng Pitumpu:

"Hayaan ninyong liwanagin ko ang panindigan natin ngayon. Bagaman dapat nating pakitunguhan ang iba nang mabuti, may pagpapaubaya, at paggalang, kailangan nating maging matatag sa mga bagay na inihayag sa atin. Hindi tayo humihingi ng paumanhin na wala tayo ng mga doktrina at alituntunin na kagaya ng ibang simbahan. Maaari nating pag-usapan ito sa magiliw at palakaibigang paraan, subalit hindi tayo hihingi ng paumanhin. Hindi tayo ang nagsimula ng pagpapanumbalik na ito. Ang Diyos ang gumawa nito. Kung hindi pinahahalagahan ng iba ang Simbahan o ang mga doktrina nito, alam natin,

gayunman, na totoo ang mga ito" (Wm. Grant Bangerter, "It's a Two-Way Street," *Ensign,* Hulyo 1986, p. 71).

Patotoo at banal na kasulatan

Magbigay ng iyong patotoo sa kahalagahan ng paninindigan para sa Simbahan at sa mga turo nito at ng mga biyaya na darating kung gagawin natin ang gayon sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga sumusunod na dalawang banal na kasulatan: Mga Taga Roma 1:16 at Doktrina at Mga Tipan 14:7.

Talakayan

- Ano ang ipinangangako sa atin ng Panginoon kung hindi natin ikahihiya ang ebanghelyo ni Cristo? (Kaligtasan at buhay na walang-hanggan, na pinakadakila sa lahat ng mga kaloob ng Diyos.)

---

**Patotoo at Hamon**

Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng sarili mong patotoo tungkol sa katotohanan. Hamunin ang bawat kasapi ng klase na huwag matakot sa kalaban o sa mga tahasang hamon sa Simbahan. Ang katotohanan ay ang palaging siyang mananalo sa bandang huli.

---

# Mabuting Kahoy

Ang punongkahoy na hindi kailanman kailangang lumaban
Para sa araw at langit at hangin at liwanag,
Subalit nanatili sa tiwangwang na lupain
At laging nakakakuha ng bahagi nito sa ulan,
Kailanman ay hindi naging hari ng kagubatan
Subalit nabuhay at namatay na maliit na bagay.

Ang taong hindi kailanman kailangang maghirap
Upang mag-ani at magbungkal ng kapiraso niyang lupa,
Na kailanman ay hindi niya kailangang pagtagumpayan ang kanyang bahagi
Ng Araw at langit at liwanag at hangin,
Kailanman ay hindi naging maginoong tao
Subalit nabuhay at namatay na tulad ng pinagmulan.

Ang mabuting kahoy ay hindi madaling lumaki,
Kapag higit na malakas ang hangin, higit na lumalakas ang mga punongkahoy,
Kapag higit na malayo ang kalangitan, higit na humahaba ang mga ito,
Kapay may higit na maraming bagyo higit ang lakas ng mga ito,
Sa araw at lamig, sa ulan at yelo,
Sa mga punongkahoy at mga tao ay may lumalaking mabuting kahoy.

Sa pinakamakapal na kasukalan ng gubat
Makikita natin ang patriyarka ng dalawa.
At kausap nila ang mga bituin
Na sa mga baling sanga ay kita ang mga pilat
Ng maraming hangin at labis na sigalutan.
Ito ang karaniwang batas ng buhay.

(Douglas Malloch na sinipi sa Sterling W. Sill, *Making the Most of Yourself*
[Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1971], p. 23.)



Aralin
14

# Isang Misyonero Ka sa Buong Buhay Mo

**LAYUNIN**

Magaganyak ang mga kasapi ng klase na maging misyonero sa buong buhay nila.

**PAGHAHANDA**

1. Maghanda ng dalawang paskil o isulat sa pisara ang mga sumusunod:

> Linangin—
>
> "1. Ang pagnanais na maglingkod;
> "2. Ang pagtitiyagang maghanda;
> "3. Ang pagiging handang gumawa."
>
> Thomas S. Monson

> "Una, punuin ng katotohanan
> ang [inyong] isipan
> pangalawa, punuin ng paglilingkod
> ang inyong buhay; at
> pangatlo, punuin ng pagmamahal
> ang inyong puso."
>
> Thomas S. Monson

2. Maghanda ng mga may titik na piraso ng papel na kinasusulatan ng mga kasunod na banal na kasulatan na ibibigay sa mga kasapi ng klase upang basahin sa takdang panahon:

| | | |
|---|---|---|
| A. Mosias 28:3, 5 | B. Alma 29:1 | C. Doktrina at Mga Tipan 58:26–29 |

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Naaalala ba ninyong kinakanta noong Primarya ang awiting "Sana Ako'y Makapagmisyon?" (*Manwal na Pat B,* B-75). Papalapit na kayo sa tamang gulang upang matupad ninyo ang pag-asang iyan.

Ang bawat karapat-dapat na kabataang lalaki ay tinatawag upang maglingkod sa misyon. Hinihimok ang mga mag-asawang may sapat na gulang na malalaki na ang mga anak na maglingkod sa misyon. Ang mga kabataang babae ay maaaring maglingkod sa misyon kung karapat-dapat sila at may pagnanais.

- Nang sabihin ni Pangulong David O. McKay, "Ang bawat kasapi ay misyonero!" (sa Conference Report, 6 Abr. 1959, p. 122), ibig ba niyang sabihin ay ang bawat kasapi na lampas sa labingsiyam? Ano ang ibig niyang sabihin? (Tanggapin ang mga sagot ng mga kasapi ng klase.)

Ang opisyal na tawag na magmisyon nang pambuong-panahon ay nanggagaling sa Pangulo ng Simbahan. Gayunman, inutusan tayong lahat na maging misyonero sa buong buhay natin.

Paskil o pisara

Ipakita ang unang paskil o isulat sa pisara.

Sinabi ni Elder Thomas S. Monson na may tatlong bagay na dapat nating linangin upang maging mabuting misyonero: *"1. Ang pagnanais na maglingkod; 2. Ang pagtitiyagang maghanda; 3. Ang pagiging handang gumawa"* (*Be Your Best Self* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1979], p. 59).

---

**Una, ang Misyonero ay Kailangang May Pagnanais na Maglingkod**

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan, "Ang Panginoon ay humihingi ng puso at kusang isipan" (Doktrina at Mga Tipan 64:34). Sa katunayan, ang Doktrina at Mga Tipan 4:2, na ibinigay bilang tagubilin sa mga misyonero, ay nagsasabing, "O ikaw na pumasok sa paglilingkod sa Diyos, tiyakin na paglingkuran mo siya ng buong puso mo, kakayahan, kaisipan at lakas."

- Bakit ito mahalagang hinihingi sa mga misyonero? (Kung ang puso ninyo ay wala rito at wala kayong tunay na pagnanais, hindi kayo maaaring maging tunay na mabisa bilang misyonero.)

Mga banal na kasulatan

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang Mosias 28:3, 5.

May matinding pagnanais ang mga anak na lalaki ni Mosias! Sa pamamagitan ng turo at halimbawa nila, ang ilan sa mga matitigas ang puso ay nabagbag at nagbalik-loob at nabinyagan.

Si nakababatang Alma ay mayroon ding matinding pagnanais.

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang Alma 29:1.

Idinagdag ni Alma, "Subalit masdan, ako ay isang tao, at nagkakasala sa aking mithiin; sapagkat nararapat akong malugod sa mga bagay na itinalaga sa akin ng Panginoon" (Alma 29:3).

- Bakit sa palagay ninyo pumipili ang Panginoon ng mga tao sa halip na palaging magsugo ng mga anghel na magpapahayag ng kanyang salita? (Tanggapin ang lahat ng mabuting sagot, subalit pamunuan ang mga kasapi ng klase na makita na kailangang makibahagi ang mga tao sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, kung nais nilang magkaroon ng bahagi rito pagkatapos ng huling paghuhukom. Kung ang mga tao ay palaging matuturuan ng mga anghel, hindi nila mapauunlad ang kanilang pananampalataya. Sinasabi ni Joseph Fielding Smith, "*Labag sa batas ng Diyos na mabuksan ang mga langit at ang mga sugo ay pumarito upang gawin ang anumang bagay para sa tao na maaaring magawa ng tao para sa sarili niya. . . .* Wala kayong maituturo saanman sa banal na kasulatan kung saan may sugong dumating mula sa kalangitan at ipinagkaloob sa tao ang isang bagay na kayang gawin ng tao para sa sarili niya, subalit dumating ang mga anghel at sinabi sa mga tao kung ano ang gagawin nila at nagpadala ng mga tao upang gawin ito" [*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo (Salt Lake City: Bookcraft, 1954–56), 1:196].)

Marahil ay wala kayong kilalang mga kabataang lalaki na tumalikod ng kaharian upang magtungo lamang sa mga misyon. Marami, gayunman, ang umalis sa mahahalagang trabaho, kaginhawaan at pagsasama-sama ng mag-anak, at mga pagkakataong mag-aral nang walang bayad, kapwa dahil sa akademika at sa palakasan, upang maglingkod sa Panginoon. Ang ilan sa kanila ay nagkaroon ng pagnanais na maglingkod sa misyon sa halos buong buhay nila. Ang iba ay gumawa ng katulad sa sinabi ni Elder Monson at inalagaan nila ang pagnanais na iyan.

Kuwento

May dalawang malaking mithiin si Tom. Sa buong buhay niya ay nagplano na siya na magmisyon, na katulad ng ginawa ng kanyang mga naunang kapatid. Sa katunayan, hindi niya ito gaanong pinag-isipan na tila ba basta na lamang siya pupunta. Sa kabilang dako, ang isa pa niyang mithiin ay isang pangarap at marubdob na hangarin. Bilang isang malakas na tagapagsanggalang ng kanyang koponan ng putbol sa mataas na paaralan, pinangarap niyang makuha siya ng pinakasikat na kolehiyo sa kanyang lugar at baka sakaling makapagtuluy-tuloy siyang mapunta sa liga ng mga propesyonal–-propesyonal na putbol. Ninais niyang maging magaling upang matiyak na matutupad ang kanyang pangarap. Magaling siya. Tuwang-tuwa siya nang hilingan siyang maglaro sa mismong pinangarap niyang pamantasan! Iyon ay tuwang-tuwa siya hanggang sa ang tagakalap na tagasanay, na nakaaalam na isa siyang Mormon ay nagsabi, "Hindi ka mag-iisip na magmisyon para sa iyong Simbahan, di ba?" Doon niya napag-alaman kung aling mithiin ang higit na mahalaga. Ang "oo" na sagot niya sa tagasanay ang nagwakas sa interes ng tagasanay sa kanya. Malimit na naiisip ni Tom nang maglaon kung ano ang maaaring nangyari sa buhay niya kung pinili niya ang pagkakataong mag-aral nang walang bayad, subalit hindi niya kailanman pinagsisihan ang kanyang pasiya na magmisyon dahil napuno ang kanyang buhay ng kabutihan na maaaring hindi niya nakamit kung hindi siya nagmisyon. Sa katunayan, ay naging higit na hindi gaanong mahalaga ang putbol nang simula niyang makita ang buhay sa tunay na pananaw nito.

Kuwento

Noong unang bahagi ng 1950, ang bawat pagkakaroon ng lagnat ng isang bata ay nagbibigay ng matinding takot sa puso ng mga magulang. "Huwag po sana ninyong itulot na polyo ito," ang panalangin nila. Ang ilang biktima ng polyo ay namatay at marami ang malubhang nalumpo o naging walang-silbi habang-buhay. Iilan lamang ang nakaligtas nang walang kapinsalaan.

Noong 1954, anim na buwan lamang bago natuklasan ang bakuna, ang munting labing-apat na buwang gulang na si Debbie ay kinapitan ng nakakaparalitikong uri ng polyo. Bagaman iniwan siya nitong malubha ang pagkalumpo, siya at ang kanyang mga magulang ay nagpasalamat at nabuhay pa siya. Maganda si Debbie, subalit ang mga naunang taong iyon ay sadyang mahirap. Dumaan siya sa dalawampu't dalawang napakaselang pagtitistis.

Hanggang sa ikapitong antas sa paaralan, karamihan sa kanyang mga pag-aaral ay ginanap sa bahay kung saan siya tinuruan ng mga gurong galing sa distrito ng paaralan sa pagitan ng mga pagtitistis sa kanya. Sa kabila ng pag-asa niya sa mga pang-alalay at saklay, na pinaghirapan niyang pag-aralang gamitin, magaling siya sa paaralan at sa simbahan. Nagningning ang sarili niyang katangian, at nakahahawa ang pagmamahal niya sa buhay. Nagkaroon siya ng maraming mabuting kaibigan at isinali sa kanilang mga salu-salo at mga gawain. Pinagbuti at ginamit niya ang kanyang talino sa musika.

Tiniyak ng kanyang mga magulang na hindi siya nagkaroon ng awa sa sarili at dapat siyang matututong maging nagsasarili hangga't maaari. Nangahulugan ito ng paggawa ng lahat ng bagay para sa kanyang sarili. Sa katunayan, sa ilalim ng ilang napakabigat na pangyayari natapos ni Debbi ang kolehiyo.

Pagkatapos sa kolehiyo, hindi ginugol ni Debbie ang panahon na nagmimithi na makalalakad upang makapagmisyon siya. Makalalakad man o hindi, ang matindi niyang mithiin ay ang makapagmisyon at magbahagi ng ebanghelyo.

Nagtungo si Debbie, at hindi lamang siya magaling, karaniwang misyonero. Naging katangi-tangi siyang misyonero. Maraming buhay ang nabago at lumigaya sapagkat tinupad niya ang masidhing mithiing iyan na paglingkuran ang Panginoon.

---

**Pangalawa, Kailangan Natin ang Pagtitiis sa Paghahanda para sa Misyon**

• Kung araw ng pagsusulit at hindi kayo handa, ano ang pakiramdam ninyo kung ipinapasa ng guro ang mga papel? (Takot, walang pag-asa, nahihiya.) Kung kayo ay kasama sa isang palatuntunan upang tumugtog ng instrumento, magbasa, o umawit na mag-isa, at hindi kayo nagbigay ng panahon upang magsanay at maghanda, ano ang pakiramdam ninyo?

Sinasabi ng Panginoon, "Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot" (Doktrina at Mga Tipan 38:30). Sa katunayan, kung kayo ay handa, karaniwang natutuwa kayo tungkol sa inyong gagawin. Kayo ay handa at masigasig. Ang paghahanda at pakiramdam natin para sa isang misyon ay ganyan din—kung nakahanda tayo, nais nating pumunta, kung hindi tayo handa, matatakot tayo nito.

Talakayan

Pamunuan ang maikling talakayan tungkol sa kung paano makatutulong ang bawat sumusunod na ihanda ang mga kasapi ng klase na maging misyonero:

1. Pag-aaral: Kung pag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga kasalukuyang pinuno ng Simbahan, malalaman natin ang doktrina at kung paano ituro ito.
2. Panalangin: Sa pamamagitan ng panalangin matatanggap natin ang Espiritu at malalaman ang katotohanan.
3. Paglilingkod: Sa pamamagitan ng paglilingkod matatagpuan natin ang kagalakan.
4. Pakikilahok sa seminaryo, Panlinggong Paaralan, pagkasaserdote, at mga klase ng Mga Kabataang Babae: Makapag-aaral at uunlad tayo sa pakikisali.
5. Matwid na pamumuhay: Ang pagsunod sa mga kautusan ay naghahanda sa atin para sa lahat na iniatang ng Panginoon sa atin at ginagawa tayong magandang halimbawa ng ating pagtuturo.
6. Pangangasiwa sa pera: Ang pag-iimpok ay tutulong sa paghahanda ng gugulin sa misyon.
7. Mabuting kalusugan at pagkain: Ang pagsunod sa Salita ng Karunungan, pag-aaral at pagsunod sa mabuting pagkain, at pagpapanatiling may ehersisyo ang ating mga katawan ay tutulong na ihanda tayo sa pangangatawan upang maging misyonero.

---

### Pangatlo, Kailangang Linangin Natin ang Pagiging Handa na Gumawa

Ang bawat isa sa pitong bagay (pag-aaral, panalangin, paglilingkod, atbp.) ay nangangailangan ng pagsisikap, maging sa pangkatawan, espirituwal, o pangkarunungang pagsisikap, o ang lahat ng ito. Ang pagiging handa na gumawa ay mahalaga sa paghahanda at paggawa sa talagang larangan ng misyon.

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa sa isang kasapi ng klase ang Doktrina at Mga Tipan 58:26–29. (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "hindi nararapat" ay "hindi katanggap-tanggap.")

- Nangangahulugan ba iyon na ang paggawa ninyo bilang misyonero ay dapat na gawin bilang tungkulin lamang? (Hindi, dapat itong gawin nang kusang-loob.)

---

### Kaya Natin at Dapat Tayong Maging Misyonero sa Buong Buhay Natin

Talakayan

- Ano ang magagawa natin ngayon upang maging mga misyonero, kahit na hindi pa tayo nakatatanggap ng pormal na tawag mula sa propeta upang maging ganito? (Ang mga sagot ay dapat magpakita na maaari tayong mamuhay nang matwid at sa gayon ay maimpluwensiyahan ang iba.)

Sinasabi sa atin ng mga misyonero na ang mga pinakamasigasig na tinuturuan at mga nagbalik-loob ay yaong nakakikilala ng mga mabuting Banal sa Huling-araw, mga taong nagpakita sa pamamagitan ng kanilang halimbawa ng mga kapakinabangan at kagalakan ng ebanghelyo. Taun-taon libu-libo ang sumasapi sa Simbahan dahil nakikita nila ang mabubuting buhay ng mga kasapi na ipinamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Marami ang hindi sumasapi sapagkat nakikita nila ang mga kasapi na ang buhay ay hindi magandang halimbawa ng mala-Cristong pamumuhay.

- Kung kayo ay naghahanap ng isang relihiyon, paraan ng pamumuhay, ano ang hahanapin ninyo sa mga nagsasagawa nito? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng mga bagay na tulad ng kabaitan, kababaang-loob, mga halimbawa ng pagmamahal na Kristiyano, kabutihan, kagalakan, tapang, pananampalataya, pagkamaalalahanin, mga mabuting ugali, kaligayahan.)

- Kung may nakatingin sa inyo, matatagpuan ba niya ang mga katangiang ito? (Walang inaasahang sagot; ipaisip ito sa sarili nila.)

Paskil o pisara

Muling nagbigay si Elder Monson ng ilang mabubuting payo tungkol sa pag-impluwensiya sa iba.

Ipakita ang paskil 2 o isulat ang pangungusap sa pisara: "Una, punuin ng katotohanan ang [inyong] isipan; pangalawa, punuin ng paglilingkod ang inyong buhay; at pangatlo, punuin ng pagmamahal ang inyong puso" (Thomas S. Monson, *Be Your Best Self,* p. 168).

---

**Maaari Tayong Maging Misyonero sa Mga Kasapi ng Simbahan**

Maaari tayong maging misyonero sa ating mga kaibigan at kapitbahay na mga kasapi na ng Simbahan. Bakit dapat nating ibigay ang ating panahon, lakas, at pagmamahal sa mga kaibigang hindi kasapi lamang at ipagwalang-bahala ang mga pangangailangan ng mga kasapi na hindi gaanong aktibo o nag-uukol ng panahon? Nangangailangan din sila ng mga biyaya ng ebanghelyo na maaaring kulang sa kanila.

Kuwento

Malapit na magkaibigan sina Mark at Ken, subalit noong mga binatilyo pa lamang sila, naimpluwensiyahan si Ken ng mga kaibigang maituturing na sikat at nagsimulang manigarilyo. Maaari sanang gumaya si Mark sa kanila o maaaring lumayo kay Ken at pabayaan na lamang ito. Ngunit hindi niya ginawa. Ang sabi niya, "Ken, sana ay huwag kang manigarilyo. Mahabang panahon na tayong mabuting magkaibigan subalit nababahala ako kapag ikaw ay naninigarilyo." Ginagawa niya ang katulad ng hiniling ni Apostol Pablo na gawin, ang "magsalita na may katapangan" (Mga Taga Efeso 6:20). Binago ni Ken ang mga pag-uugali niya sapagkat may pagmamahal na nagsalita si Mark.

Sinabi ng Panginoon, "Kung mangyayaring kayo ay gagawa ng buo ninyong panahon sa pagpapahayag ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, maging isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakan kasama niya sa kaharian ng aking Ama!" (Doktrina at Mga Tipan 18:15). Hindi niya sinabi na dapat na kaluluwa iyon ng isang hindi kasapi. Ang kaluluwa sa inyong Panlinggong Paaralan o klase sa seminaryo ay kasinghalaga sa Panginoon ng mga kaluluwang kailangan ninyong lakbayin ang dagat upang iligtas. Maaaring ito ay ang kaluluwa ng isang kasapi ng sarili ninyong mag-anak. Ito ay maaaring ang sarili ninyong kaluluwa. Hindi natin mapalalakas ang iba nang hindi nabibiyayaan ang sariling buhay natin.

---

**Patotoo at Hamon**

Huwag natin kailanman kalilimutan na ang ebanghelyo ay isang mahalagang kaloob at tungkulin at tanging karapatan natin na ibahagi ito sa iba. Hiningi ng isang propeta ng Diyos sa atin na maging misyonero sa buong buhay natin. Dapat nating linangin ang matibay na mithiing gawin iyon. At dapat nating ihanda ang ating sarili sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral, at matwid na pamumuhay, na ipinakikita ang tapang sa palagiang paggawa ng tama. Katulad ng sinabi ni Elder Monson, dapat nating punuin ng katotohanan ang ating isipan, ng paglilingkod ang ating buhay, at ng pagmamahal ang ating mga puso. Sa ganyang paraan, pinahihintulutan nating lumiwanag ang ating ilaw upang makilala ng iba ang ating buhay bilang matwid, matulungin, at maligaya at naising isunod ang kanilang buhay sa ebanghelyo at mabiyayaang katulad natin.

Magbigay ng patotoo sa kahalagahan ng kautusan na maging misyonero at ang pambihirang impluwensiya na maibibigay ng klaseng ito kung ipamumuhay nila ito.

# Wilford Woodruff—Tapat at Totoo

Aralin 15

**Isinilang:** 1 Marso 1807 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1889–1898

**LAYUNIN**

Pagsisikapan ng mga kasapi ng klase na sundin ang halimbawa ni Wilford Woodruff na nanungkulan nang tapat mula sa unang sandaling natutunan niya ang ebanghelyo.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Wilford Woodruff sa bahaging may kulay.
2. Maghanda ng maliit na kuwadro na nakasulat ang salitang *AKO* sa gitna.
3. Gumawa ng dalawang sinulatang piraso ng papel:

| |
|---|
| Wilford Woodruff—Tapat at Totoo |

| |
|---|
| _____________ —Tapat at Totoo |

4. Magdala sa klase ng mahabang pisi at sinulid na aabot mula sa labas ng bintana hanggang sa labas ng pintuan ng silid-aralan.
5. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ihandang ipalabas ang bahagyang "Wilford Woodruff."

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Larawan

Ipakita ang larawan ni Wilford Woodruff. Ipaliwanag na siya ang pang-apat na Pangulo ng Simbahan.

Pagpapakita at talakayan

Nakikita ni Wilford Woodruff kung gaano kaliit subalit mahalagang bahagi ng kawalang-hanggan ang buhay na ito. Ipakita ang kaisipang ito sa paglalagay ng kapirasong pisi pahalang sa silid—ang kabilang dulo ay nasa labas ng pinto ng silid at ang kabila ay nasa labas ng bintana. Kung walang bintana, paabutin ang pisi sa dingding.

Magkunwaring ang pisi ay kumakatawan sa kawalang-hanggan at umaabot sa walang hanggan sa magkabilang dulo. Isiping ang silid na ito ang panahon at lugar na inilaan sa buhay na ito. Kung ang panahon ang isasaalang-alang ang maliit na pirasong ito ng buhay—pagka-may kamatayan—na kinakatawan ng silid na ito, ay hindi gaanong mahaba. Gayunman, tinutukoy ng pagka-may kamatayan kung saan at paano tayo mabubuhay sa kabuuan ng kawalang-hanggan, kaya napakahalagang bahagi ito ng panahon.

### Matapat na Naglingkod si Wilford Woodruff sa Buong Buhay Niya

Sapagkat nakita ni Wilford Woodruff nang napakalinaw ang hinaharap, alam niya na sa pagbabalik niya sa kanyang Ama sa Langit pananagutan niya ang kanyang mga kilos sa pagka-may kamatayan. Ninais niya nang higit sa anupaman ang makapagbigay ng magandang ulat.

Sa kaalamang ito, isaalang-alang ang mga sumusunod na paraang sinubok niya upang maging karapat-dapat siya sa paghuhukom na iyon:

Una, naging misyonero siya. Bagaman nangaral siya ng ebanghelyo sa buong buhay niya, naglingkod siya sa loob ng labinlimang taon bilang isang opisyal na misyonero.

Daan-daang tao ang bininyagan niya. Isipin ang mag-anak ng mga taong ito. Ang bilang na iyan ay maaaring umabot sa walang-hanggan!

Sinabi ni Heber J. Grant tungkol kay Wilford Woodruff, "Naniniwala akong walang ibang taong nabuhay kailanman sa ibabaw ng lupa ang higit na mahusay na tagapagpabalik-loob ng kaluluwa sa ebanghelyo ni Jesucristo" (*Gospel Standards*, tinipon ni G. Homer Durham [Salt Lake City: The Improvement Era, 1969], p. 20).

Ilang mga kasapi ng klase ang marahil ay naririto ngayon dahil sa gawaing misyonero ni Pangulong Woodruff. Bilang mga misyonero, marami sa atin ang marahil ay hindi maipadadala kung saan libu-libo ang naghahanap ng katotohanan na katulad sa kaso ni Wilford Woodruff. *Maaari* tayo, gayunman, na maging malakas na impluwensiya para sa ikabubuti sa buhay ng mga libu-libong tao sa buong buhay natin.

Dahil sa malaking tagumpay niya, maiisip marahil ng isang tao na madali lamang ang misyon ni Wilford Woodruff, subalit iyon ay napakalayo sa katotohanan. Nagdusa siya ng mga napakatinding kahirapan.

Halimbawa

Ikuwento ang sumusunod na halimbawa.

Isang araw sa bandang timog ng Missouri, naglakad nang maghapon sina Wilford Woodruff at ang kanyang kasama na walang pagkain. Nakarating sila sa isang lugar na ang ministro ay tumangging magbigay sa kanila ng anumang makakain, o pahintulutan man lamang silang magpalipas ng magdamag. Kinakailangang maglakad pa sila ng panibagong 19 na kilometro patungo sa may ilog.

Sa kanyang talaarawan itinala ni Wilford ang sumusunod: " 'Ang makasalanang [ministro] na hindi nagbigay sa amin ng kapirasong tinapay ay nagsinungaling sa amin tungkol sa daan, at itinuro kami sa may latian, kung saan kami naglakad sa abot-tuhod na lalim ng putikan at tubig hanggang sa ikasampu ng gabi, sa pagsisikap na sundan ang liku-likong ilog. Pagkatapos iniwan namin ang latian at nagtungo kami sa parang, upang mahiga sa damuhan sa magdamag.

" 'Pagkaahon namin sa latian, nakarinig kami ng Indiyan na nagtatambol sa latang timba at kumakanta. Napakadilim, subalit sinundan namin ang pinagmumulan ng ingay, at nang malapit na kami sa kampo ng mga Indiyan ay sinalubong kami ng marami-raming malalaking aso ng Indiyan. Inamoy kami, subalit hindi tumahol o nangagat. Maya-maya pa ay pinalibutan na kami ng mga Indiyang Osage, at mabait na tinanggap ni Ginoong Jereu at ng kanyang asawa na isang Indiyan. Binigyan niya kami ng napakasarap na hapunan at maayos na tulugan, na pinasalamatan namin pagkatapos ng kapaguran sa buong maghapon.

" 'Habang inihihiga ko ang aking ulo sa unan ko, nadama kong magpasalamat sa Diyos nang taos sa aking puso sa kapalit ng hindi makataong trato ng isang sibilisadong . . . saserdote sa makatao, mabait, at mapagbigay na pakikitungo ng mga mabangis na Indiyang Osage. Gantimpalaan nawa sila kapwa ng Diyos ayon sa nararapat sa kanila!' " (Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1978], p. 48).

Siya ay masunurin at mapagpakumbaba. Tinawag siya ni Propetang Joseph Smith na "Wilford na Matapat" (Preston Nibley, *The Presidents of the Church* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1974], p. 101).

Sinulatang piraso ng papel

Ipakita ang sinulatang piraso ng papel na "Wilford Woodruff—Tapat at Totoo" sa ilalim ng larawan ni Wilfrod Woodruff.

May matinding pananampalataya si Pangulong Woodruff na makapagbigay-lunas at malunasan. Ang sumusunod ay mula sa kanyang talaarawan:

Isang araw ay nakasalubong si Wilford Woodruff ng isang lalaki at isang babae sa daan, at tinanong ng babae kung naaalala pa niya sila. Isinagot niyang hindi. Pagkatapos ay sinabi ng babae, "Ipinatong ninyo ang inyong mga kamay sa batang ito sa Herefordshire [Inglatera] limampung taon na ang lumipas. Pipi siya—hindi kailanman siya nagsalita hanggang noong ipinatong ninyo ang inyong mga kamay sa kanya at binasbasan; at nakapagsalita na siya mula noon" (*Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1946], p. 314).

### Si Pangulong Woodruff ay Isang Taong May Mga Dakilang Katangian

Isa siyang taong may pananampalataya at pangitain. Ang kanyang pananampalataya ang nakapagbigay sa kanya ng kakayahang magkaroon ng mga pangitain at tumanggap ng mahahalagang paghahayag upang pamahalaan ang Simbahan at ang buhay ng mga kasapi nito. Dinalaw siya ng mga anghel at ng mga dating propetang sina Joseph Smith at Brigham Young pagkatapos silang mamatay sapagkat kailangan sa Simbahan. Sa panaginip ay iniabot ni Brigham Young kay Elder Woodruff "ang mga susi ng Templo ng [Salt Lake] at sinabi sa kanya [ni Brigham] na pumasok siya at italaga ito sa Panginoon" (Cowley, *Wilford Woodruff,* p. 582). Natupad ito noong bandang huli ay itinalaga ni Pangulong Woodruff ang templong iyon.

Dinalaw din si Wilford Woodruff ng mga taong bumuo ng Pagpapahayag ng Pagsasarili (Declaration of Independence) at ng Saligang Batas ng Estados Unidos. Tumulong siya mismo sa paggawa ng mga mahalagang pantubos na ordenansa [mga ordenansa ng templo] para sa mga taong tulad nina Benjamin Franklin at George Washington. (Tingnan sa Cowley, p. 586.)

Siya ay isang taong mahabagin. Bilang Pangulo ng Labindalawang Apostol, si Elder Woodruff ay "nakipagpulong sa kanyang kapulungan, noong napagkaisahan na tumawag ng dalawampung kabataang Indiyan at pag-aralin sila sa Brigham Young Academy sa Provo, upang maging mga misyonero sila sa kanilang mga kababayan. Nakatuon ang kanyang kalooban sa misyon para sa mga Indiyan,—napakalinaw sa kanyang isipan ang mga napakadakilang kahihinatnan ng mga taong iyon" (Cowley, p. 540).

Hiningi ng Pangulo ng Estados Unidos, na si Benjamin Harrison, kay Pangulong Woodruff at sa Panguluhan ng Simbahan na ipanalangin siya at ang kanyang asawa, na may sakit. Nang mamatay ang asawa ni Benjamin Harrison, pinadalhan ni Pangulong Woodruff si "Pangulong Harrison ng sumusunod na telegrama ng pakikiramay: ' . . . Ang pagkamatay ng minamahal ninyong kasama ay naramdaman namin mismo na tila ba sarili naming kawalan. Matapat at taimtim kaming nakikiramay sa inyo, at nakikiusap sa Pinakamakapangyarihang Nilikha, na siyang may hawak sa kapalaran nating lahat, na basbasan, aluin, at itaguyod kayo sa sandaling ito ng inyong mabigat na pagsubok at kalungkutan' " (Cowley, p. 580).

Isa siyang taong masipag. Sa pagbabasa ng kanyang talaarawan, makikita kung gaano kamahal ni Wilford Woodruff ang gumawa sa pamamagitan ng kanyang mga kamay. Minsang pagkatapos ng pag-aasarol sa maisan na kasama ang kanyang apo isinulat niya: "Siya, ito ang kauna-unahang pagkakataon sa aking buhay na may sinuman sa aking mga anak na tumalo sa akin sa pag-aasarol sa maisan o sa anumang uri ng gawaing pangkamay" (Cowley, p. 564). Walumpu't dalawang taong gulang na siya noong panahong iyon.

Nagpakasakit siya para sa Panginoon nang buong pagpapakumbaba. Ang pisikal at pansariling pagpapakasakit ay bahagi lamang ng pagkamasunurin niya sa Diyos: "Wala siyang sariling kalooban, subalit nais niyang nasa kalagayang gawin ang kalooban ng Diyos" (Cowley, p. 534).

Sa taon na maraming nagbabawas ng kanilang gawain, dinalaw ni Pangulong Woodruff ang mga panirahanan at maliliit na komunidad sa mga bundok. Isinulat niyang tumira siya ng labing-isang araw "sa kasagsagan ng malakas na bagyo ng niyebe, na ginagawa ang aking higaan sa lupa sa loob ng tolda ng isang pastol. Dalawang ulit akong kumakain ng tinapay at karne sa loob ng isang araw nang may pasasalamat. Uminom ako ng malamig na tubig ng niyebe at tunay na napakaganda ang aking kalusugan. . . . Napalipas ko rin ang ilang araw sa siya ng kabayo, mula walo hanggang sampung oras sa isang araw, na ang malamig na hanging amihan ay humahampas sa aking mukha. Malapit na akong magpitumpu't tatlong taong gulang" (Cowley, p. 531).

Sa isang pagkakataon ay iprinopesiya ni Obispo Edward Hunter, ang Namumunong Obispo, na si Wilford Woodruff ay magiging Pangulo ng Simbahan. "Pinagsabihan [siya] ni Pangulong Woodruff. . . . Hindi siya naghangad ng karangalan para sa kanyang sarili" (Cowley, p. 560–61).

**Isa siyang dakilang mananalaysay.** Bukod sa kanyang mga dakilang gawaing misyonero, ang mga pangkasaysayang tala na iningatan niya ay mga pangunahing ambag sa Simbahan. Ang kanyang talaarawan ay naglalaman ng mahigit na pitong libong pahina (tingnan sa Cowley, p. 600).

---

### Maaari Kayong Maging Katulad ni Wilford Woodruff

Sabihin sa klase: Maaari kayong maging katulad ni Wilford Woodruff. Makatutulong kayo sa mga tao. Makatutulong kayo sa pagbabago ng pamumuhay ng mga nagbalik-loob. Maaari kayong mag-ingat ng napakahuhusay na tala. At maaari kayong maging tapat na lalaki at babae.

Larawan

Ipakita ang kuwadro ng larawan na may nakasulat na *AKO* sa loob nito sa tabi ng larawan ni Wilford Woodruff. Sabihin:

Ito ay kumakatawan sa larawan ng bawat isa sa inyo. Sapagkat narito kayo sa lupa, at kung kayo ay mamumuhay para rito, magkakaroon kayo ng tanging karapatan na mabiyayaan, na katulad ni Wilford Woodruff. Sa pamamagitan ng inyong pagdamay at dakilang pananampalataya at mga panalangin, makatutulong kayo na maglingkod at magbigay ng biyaya sa iba.

Sinulatang piraso ng papel

Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "______________ —Tapat at Totoo" sa ilalim ng kuwardo.

Subukang ilagay ang inyong sarili sa larawan. (Bigkasin ang kanilang pangalan: "Susan—Tapat at Totoo, John, Tapat at Totoo," atbp. Ihayag mo ang iyong pagtitiwala sa bawat isa.)

*Video, Audiocassette,* o Pagbabasa

Kung may makukuha, ipalabas ang *video,* bahagi 1 (38 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 2 (4 na minuto, 3 segundo), ng patotoo ni Wilford Woodruff. Kung wala ni isa, basahin ang sumusunod na patotoo ni Wilford Woodruff:

---

### Ang Patotoo ni Wilford Woodruff

"Pinatototohanan ko na sinabi ni Propetang Joseph Smith sa isang malaking pagtitipon sa Illinois na kung siya ang emperador ng daigdig at may kapangyarihan sa buong mag-anak ng sangkatauhan, tutulungan niya ang bawat lalaki, babae at bata sa pagtatamasa sa kanilang relihiyon. Iyon ang nararamdaman ko sa ngayon.

"Pinatototohanan ko na si Joseph Smith ay isang tunay na Propeta ng Diyos, inordenan ng Diyos na maglatag ng saligan ng Kanyang Simbahan at Kaharian sa huling dispensasyon at sa kabuuan ng panahon. Pinatototohanan ko na noong unang bahagi ng tagsibol ng 1844 sa Nauvoo, tinawag ni Propetang Joseph Smith ang Labindalawang Apostol at ibinigay sa kanila ang mga ordenansa ng Simbahan at Kaharian ng Diyos; at ang lahat ng mga susi at kapangyarihan na ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ay pinagtibay sa aming ulo. Sinabi niya sa amin na kailangan naming ihanda ang aming mga balikat at pasanin ang Kahariang ito o kami ay isusumpa. Ako na lamang ngayon ang taong nabubuhay sa laman na nakarinig sa patotoong iyon mula sa kanyang bibig, at alam kong totoo ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na nakikita sa kanya.

"Sa pulong ay tumayo siya sa loob ng mga tatlong oras at nagturo sa amin ng mga bagay ng Kaharian. Ang kanyang mukha ay sinlinaw ng kumikinang na bato, at siya ay nababalutan ng kapangyarihang hindi ko pa nakikita sa sinumang taong nasa laman noon.

"Pinatototohanan ko na si Joseph Smith ang pasimuno ng mga kaloob na tinatanggap ngayon ng mga Banal sa Huling-araw. Natanggap ko ang sarili kong kaloob mula sa kanyang mga kamay at tagubilin, at alam kong ang mga ito ay tunay na alituntunin. Hindi ko lamang tinanggap ang aking kaloob mula sa kanyang mga kamay, kundi pinatototohanan ko na sina Brigham Young, Heber C. Kimball, Willard Richards, George A. Smith, John Taylor, at iba pang kapatid ay tumanggap ng kanilang kaloob mula sa mga kamay at tagubilin ni Propetang Joseph, at gayundin ang aking asawa, na si Phoebe, sina Bathsheba Smith, Leonora Taylor, Mary Smith at iba pang ang pangalan ay hindi ko na maalala ngayon.

"Inialay ni Propetang Joseph ang kanyang buhay para sa salita ng Diyos at sa patotoo kay Jesucristo, at siya ay puputungan ng korona bilang martir sa kinaroroonan ng Diyos at ng Tupa. Sa lahat ng kanyang mga patotoo sa atin, ang kapangyarihan ng Diyos ay maliwanag na nakikita sa Propetang Joseph.

"Ito ang aking patotoo, na sinalita ng aking sarili sa pamamagitan ng isang makinang ginagamit sa pagsasalita ngayong ika-labingsiyam ng Marso 1897, sa ika-siyamnapu't isa kong taon. Wilford Woodruff."

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na maging misyonero sa buong buhay nila. Sabihing muli na sila ay kailangang "magnais na maglingkod," magkaroon ng "pagtitiyagang maghanda," at maging handang "gumawa" (tingnan sa aralin 14).

# Aralin 16 Wilford Woodruff: Pagkamatuwid at ang Pagkalinga ng Panginoon

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase na tunay si Satanas at ang pagkamatuwid at kagitingan ay kailangan upang harapin at talunin siya.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyaking ang bawat kasapi ng klase ay makasasangguni sa lahat na pamantayang banal na kasulatan.
2. Basahing mabuti ang lahat ng mga ulat sa banal na kasulatan bago ibigay ang araling ito. Ituon ang talakayan sa iminungkahing banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Basahin ang sumusunod na paliwanag ni Joseph Smith sa pagtatala ni Wilford Woodruff:

" 'Ang kaligtasan ay walang iba kundi ang pagtatagumpay laban sa lahat ng ating mga kaaway sa daigdig na ito at sa lahat ng mga masasamang espiritu sa darating na daigdig. Sa kaso ni Jesucristo mamumuno Siya hanggang sa mapasuko Niya ang lahat ng kanyang mga kaaway. . . .

" 'May isang alituntunin dito na iilang tao lamang ang nakaisip. Walang taong magkakaroon ng kaligtasang ito maliban sa pamamagitan ng tabernakulo [isng katawan]. . . . Ito ang nangyari sa diyablo nang mahulog siya. Naghahangad siya ng mga bagay na hindi ayon sa batas; siya, samakatuwid, ay pinalayas at sinasabing nagdala siya ng maraming kasama. Mabigat ang kanyang kaparusahan sapagkat hindi siya pinahintulutang magkaroon ng tabernakulo. Si Lucifer, na nagbabalak na ibagsak ang batas ng Diyos, ay akyat-panaog sa lupa sa paghahanap ng sisirain niya' " (Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1964], p. 174–75).

Talakayan

Talakayin kung paano maaaring gamitin ni Satanas ang bawat isa sa mga sumusunod na bagay upang salakayin ang mga tao ngayon, lalo na ang mga kabataan: (Maaari mong idagdag ang ibang bagay na tila lalong napapanahon sa mga natatangi mong kasapi ng klase.)

1. Pag-abuso sa Droga
2. Alkohol
3. Kahalayan
4. Pagpapakamatay
5. Walang ingat na pagmamaneho o "katuwaang pagmamaneho"
6. Digmaan
7. Taggutom
8. Pagmamalupit sa bata
9. Pagpapalaglag

Bigyang-diin na ang pagkamasunurin sa ebanghelyo ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihang labanan si Satanas.

Ipinaaalala sa atin ni Elder ElRay L. Christiansen, habang siya ay Katulong sa Labindalawa, na "sa lahat ng kanyang mga masamang gawain, ang kalaban ay hindi

makapagpapatuloy pa sa hangganang ipinahintulot sa kanya ng nagkakasala. . . . At kung ang Espiritu Santo ay tunay na nasa atin, kailangang manatiling wala si Satanas" (sa Conference Report, Okt. 1974, p. 30; o *Ensign,* Nob. 1974, p. 24).

---

**Kinalinga ng Panginoon si Wilford Woodruff**

Minsan ay nalason si Apostol Woodruff habang nagbabalat ng hayop na pinatay sa pamamagitan ng lason. Halos magapi na ang kanyang katawan at pinangambahang maaaring mamatay siya. Binigyan siya ni Pangulong Brigham Young ng sumusunod na basbas:

" 'Kapatid na Woodruff, sinasabi ko sa iyo sa pangalan ni Jesucristo, na hindi ka mamamatay, kundi mabubuhay ka upang tapusin ang gawain mong nakalaan sa iyo sa lupa. Ang kalaban ay maraming ulit nang naghangad na wasakin ang iyong buhay subalit pinangalagaan ka ng Panginoon, at pangangalagaan ka hanggang sa matapos ang iyong gawain' " (Cowley, *Wilford Woodruff,* p. 368).

Nalalaman na si Wilford Woodruff ay isang tunay na mahalagang tagapaglingkod sa kapakanan ng katuwiran, sinubok ni Satanas na bigyan siya ng sakit ng katawan. Sa pamamagitan ng pagkalinga ng Panginoon at ng sarili niyang pagkamatuwid, naging matagumpay si Pangulong Woodruff.

Basahin ang sumusunod:

"Natutuhan ni Wilford Woodruff ang magtiwala nang lubusan sa kapangyarihan ng Panginoon sa kanyang pagkabata. Ayon sa kanyang sariling ulat, dumanas siya ng maraming sakuna at iba pang paghihirap at nakaligtas lamang dahil sa awa ng Panginoon. Nahulog siya sa isang kawa [malaking pakuluan] ng kumukulong tubig noong tatlong taong gulang siya; nadulas siya sa barakilan ng kamalig ng kanyang tatay, na una ang kanyang mukha sa lupa; nabali kapwa ang kanyang mga kamay sa mga pagkakahulog; muntik na siyang nasuwag ng toro; nabali ang kanyang paa sa pagkakahulog mula sa kariton; natadyakan siya sa sikmura ng isang baka; natabunan siya ng dayami noong tumaob ang kanyang bagon; siya ay nasa bagong tumaob nang dumaan ang rumaragasang kabayo mula sa burol; nahulog siya sa punongkahoy na labinlimang talampakan ang taas, na bumagsak nang lapat ang kanyang likod sa lupa; nailigtas siya sa pagkalunod mula sa tatlumpung talampakang lalim ng tubig; nagmuntik-muntikanan siyang mamatay sa paninigas sa yelo nang ang isang dumaraan ay nangyaring nakita siya na gumagapang sa guwang ng isang punong mansanas; nabiyak niya ang umbok ng kaliwa niyang paa habang nagsisibak ng kahoy; nakagat siya ng asong nasa huling yugto ng rabis; nahulog siya sa nagwawalang kabayo at nabali ang isa sa kanyang mga binti sa dalawang dako at nalinsad ang dalawa niyang bukung-bukong. Nangyari ang lahat ng ito bago nagdalawampung taong gulang si Wilford!

"Pagkaraan ay nahulog siya nang dalawang ulit mula sa ituktok ng gulong ng kiskisan, na muntik na siyang nadurog sa kamatayan. Sa dalawang pagkakataon ay nahila siya ng nagwawalang kabayo, isang baril na nakatutok sa kanyang dibdib ay hindi sinasadyang nakalabit ngunit mabuti na lamang at hindi pumutok; tinamaan siya sa dibdib ng isang nabubuwal na punongkahoy, na sanhi ng pagkabali ng kanyang buto sa dibdib at tatlong tadyang at malubhang pagkasugat ng kanyang kaliwang hita, balakang, at bisig" ("Wilford Woodruf: Man of Faith and Zeal," *New Era,* Ene. 1972, p. 30–31).

Talakayan

Itanong ang mga sumusunod na tanong sa talakayan upang tulungan ang klase na tuklasin ang pagtitiwala at pasasalamat na maaaring umusbong sa isipan at puso ni Wilford Woodruff habang tinutulungan siya ng Panginoon sa mga paghihirap na ito. (Walang tuwirang sagot na kailangan; hayaan ang mga kasapi ng klase na magbigay ng kanilang mga damdamin.)

- Bakit sa palagay ninyo lahat ng mga pangyayaring ito na muntik nang ikamatay ni Wilford Woodruff ay nagturo sa kanya na lalo pang lumapit sa Panginoon?
- Mayroon ba kailanmang isa sa inyo o sa inyong mag-anak na naligtas mula sa malubhang trahedya sa ganitong paraan?

- Ano ang pakiramdam ninyo nang mapagtanto ninyong nasa inyo ang pagkalinga ng Panginoon?

- Anong mga pansariling katangian sa palagay ninyo ang nagpatibay sa puso at kaisipan ni Wilford Woodruff bilang bunga ng kanyang mga karanasan?

- Si Satanas ba ang may-pananagutan sa lahat ng masama at sakuna? (Bigyang-diin na may mga tunay na sakuna at ang kalayaan nating pumili ang nagpapaubaya sa atin na gumawa ng pagpili, na ang ilan kung minsan ay nagbubunga ng mga sakuna at trahedya. Lahat tayo, gayunman, ay maaaring mabuhay na malapit sa Panginoon hangga't maaari, na umaasa sa kanya sa lahat ng bagay, katulad ng ginawa ni Wilford Woodruff. Sa paraang ito ang bisa ni Satanas ay lubhang napahihina.)

---

**Ang Mga Matuwid ay May Kapangyarihang Higit na Malakas kaysa Kay Satanas**

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin ang bawat sumusunod na banal na kasulatan:

Moises 4:1–3: Hinangad ni Satanas na alisin ang kapangyarihan at karangalan ng Diyos. Pinalayas siya sa langit.

Moises 4:4–21: Hinangad ni Satanas na sirain sina Adan at Eba. Isinumpa siya at ginawang nasa ilalim ng matuwid.

Moises 1:12–22: Sinubok ni Satanas na linlangin si Moises; natuklasan siya at pinalayas sa pamamagitan ng matuwid na karapatan ni Moises. (Talata 13 at 14 ang mga susi sa pag-unawa kung sino si Satanas; ituro ito nang tiyakan sa klase. Nakita ni Moises si Satanas na walang kaluwalhatian at nagawa siyang tingnan ni Moises nang hindi nagbagong-anyo.)

Mateo 4:1–11: Sinubok ni Satanas na sirain si Jesucristo; pinagalitan siya ng Tagapagligtas. (Pansinin na ang Salin ni Joseph Smith sa talata 1 ay nagsasabing si Jesus ay "dinala ng Espiritu sa ilang upang makasama ang Diyos.")

Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–16: Ginamit ni Satanas ang kanyang kapangyarihan upang sikaping hadlangan si Joseph Smith sa pagtanggap ng katotohanan mula sa Diyos, subalit pinalayas siya ng kapangyarihan ng Diyos dahil sa panalangin at pananampalataya ni Joseph Smith.

Kahit na ang mga halimbawang nasa itaas ay tumutukoy lahat sa buhay ng mga propeta, mahalagang alalahanin na tinutukso ni Satanas ang lahat maliban sa mga maliliit na bata. Gayundin, sa pamamagitan ng pagkamatuwid maaaring mapagtagumpayan ng lahat ang kapangyarihan ni Satanas. Hindi lamang ang mga propeta ang maaaring maging matuwid.

---

**Patotoo at Hamon**

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 21:4–6.

Magbigay ng patotoo na ipinangako sa atin ng Panginoon ang kanyang pagkalinga. Kung susundin natin ang propeta at ang mga utos, na "naglalakad ng buong kabanalan sa harap [ng Panginoon,] . . . ihihiwalay ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman sa harapan [natin], at papangyarihing ang mga langit ay mayanig para sa [ating] kabutihan, at sa kaluwalhatian ng kanyang pangalan" (Doktrina at Mga Tipan 21:4, 6).

Hindi hihinto si Satanas sa pagsisikap na sirain ang gawain ng Panginoon. Sisikapin niya sa anumang paraang maaari na iligaw ang mga Banal. Subalit kailangang palagi nating isaisip na ang pagkamatuwid, panalangin, at ang pagkasaserdote ang dadaig kay Satanas. Mangingibabaw ang plano ng Panginoon.

Hamunin ang mga kasapi ng klase na maging matuwid.

# Pinaglingkuran ni Lorenzo Snow ang Diyos at ang Kanyang Kapwa

Aralin 17

**Isinilang:** Abril 1814 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1898–1901

**LAYUNIN**

Mula sa pag-aaral ng buhay ni Lorenzo Snow, mimithiin ng mga kasapi ng klase na paglingkuran ang Panginoon sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanilang kapwa.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyaking ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Aklat ni Mormon at ng Doktrina at Mga Tipan.
2. Hanapin ang larawan ni Lorenzo Snow sa bahaging may kulay.
3. Bago magklase iguhit ang mapang "Ang Buhay ni Lorenzo Snow—Landas ng Paglilingkod" sa pisara.
4. Atasan ang apat na kasapi ng klase na magbigay ng mga ulat sa mga pangyayari sa buhay ni Lorenzo Snow. Kopyahin ang mga ulat mula sa aralin at hilingin sa mga kasapi ng klase na ibigay ang mga ulat sa sarili nilang salita kung maaari.
5. Ihandang ipakita ang larawan ng kawal na makikita sa aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Pisara

Iguhit lamang ang landas at pangalanan sa pisara (tingnan ang halimbawang paglalarawan). Sa panahon ng aralin sasagutan mo ang mga puwang ng mga halimbawa mula sa buhay ni Lorenzo Snow. Ang panimulang pisara ay dapat magmukhang ganito:




Ang nasagutan nang pisara, pagkatapos mong magdagdag ng kaalaman sa panahon ng aralin, ay magmumukhang ganito:



Pag-aaralan natin ngayon ang ika-limang Pangulo ng Simbahan at matututuhan ang tungkol sa kanyang pag-ibig at paglilingkod sa Diyos at kanyang kapwa.

Larawan at pisara

Ipakita ang larawan ni Lorenzo Snow at itanong: Sino ito?

Ang lahat nang pumapasok sa may kamatayang daigdig na ito ay naglalakbay sa isang "landas." Ngayon ay susundan natin ang landas na tinahak ni Lorenzo Snow sa buhay niya.

---

**Ang Unang Bahagi ng Buhay ni Lorenzo Snow ang Naghanda sa Kanya para sa Paglilingkod**

Halimbawa at talakayan

Basahin o ikuwento sa sarili mong salita ang sumusunod mula sa mga unang taon ni Lorenzo Snow. Itanong sa klase ang mga sumusunod na tanong upang mapasigla ang talakayan.

Si Lorenzo Snow ay isinilang noong 3 Abril 1814 sa Mantua, Ohio. Bagama't isinilang siya sa isang relihiyosong mag-anak, tila hindi naaantig si Lorenzo tungkol sa relihiyon sa unang bahagi ng kanyang buhay. Bilang kabataan, tinuruan siya ng kanyang mga magulang na maging may pananagutan, mahabagin, at mapagparaya. Ang tahanan nila ay bukas sa mga kinatawan ng anumang simbahan. Napaunlad din niya ang matinding pagmamahal sa mga aklat at pag-aaral. (Tingnan sa Thomas C. Romney, *The Life of Lorenzo Snow* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1955], p. 16–18.)

Pisara

Isulat sa bloke 1 ang *Minahal ang pag-aaral*.

Sa unang bahagi ng buhay niya, si Lorenzo Snow ay nagnais na maging kawal. Ang mag-anak na Snow ay bumilang ng mga kawal na lalaki sa mga salinlahi sa kanilang mga ninuno na "kilala". "Ang kumikinang na uniporme ng mga kalalakihan na nasa paglilingkod sa kanilang bansa at ang makapukaw-damdaming musika [ng kawal] ang nagpaalab sa [kanyang] damdamin. . . . Ang matapat na kapatid niyang babae, si Eliza R., na natatakot na baka ang gawaing iyon ay mag-akay sa kanya sa . . . digmaan [at] kalunus-lunos na kamatayan, ay nakiusap sa kanya . . . na baguhin ang kanyang isipan" (Romney, *The Life of Lorenzo Snow,* p. 19). Si Eliza, gayunman, ay gumawa ng uniporme niya para sa kanya at isinuot ito ni Lorenzo Snow sa buong gawain niya bilang militar, na umunlad hanggang sa ginawa siyang tinyente ng gobernador ng Ohio.

Larawan, talakayan, at pisara

Ipakita ang larawan ng kawal mula sa manwal.

- Anong mga kabutihan sa palagay ninyo ang natanggap ni Lorenzo mula sa kanyang mga karanasan sa pagkabata at sa paglilingkod niya sa hukbo? (Maaaring kasama sa mga sagot ang mga bagay na tulad ng pagdamay, disiplina, pagpaparaya, pananagutan, katapatan.)

Isulat ang isa o higit pa sa mga sagot na ito sa bloke 2 ng landas.

---

**Nagpupunta si Lorenzo Snow sa Kirtland**

Tinutulungan tayo ng Diyos na magkaroon ng mga patotoo. Ginawa niya ito kay Lorenzo Snow. Makinig sa mga palatandaan ng kung paano pinaunlad ni Lorenzo Snow ang wagas na mithiing magkaroon ng patotoo at maglingkod sa iba. (Isalaysay ang sumusunod na halimbawa sa sarili mong salita.)

Halimbawa

Tinapos ni Lorenzo ang kanyang pag-aaral sa Oberlin College sa Oberlin, Ohio, at hindi napahanga ng relihiyon (Presbitero) na itinuturo roon. Tinanggap ng kanyang ina at ng kapatid niyang si Leonora ang Mormonismo noong 1831, at ang kanyang kapatid na si Eliza ay sumapi sa Simbahan noong 1835 at lumipat sa Kirtland. Doon ay nagturo siya sa "paaralan ng mag-anak" ni Joseph Smith. Dahil alam niyang balak ni Lorenzo na magpatuloy sa kanyang pag-aaral ng Hebreo, inanyayahan niyang pumunta siya sa Kirtland upang mag-aral ng Hebreo sa Paaralan ng Mga Propeta. (Itinatag ng Propetang Joseph Smith ang paaralang ito upang maragdagan ang pinag-aralan ng ilan sa mga kapatid na lalaki.) Lumipat si Lorenzo sa Kirtland, kung saan niya nakilala ang Propetang si Joseph Smith.

Sa pagtatapos ng "pulong sa pagbabasbas" na ginanap sa Templo ng Kirtland, nakilala ni Lorenzo ang ama ng Propeta, na siyang Patriyarka ng Simbahan. Sa kanyang pakikipag-usap sa kanya, sinabi ng Patriyarka, " 'Alam mo, kapatid na Snow, nalaman ko na sinisikap mong unawain ang mga alituntunin ng Mormonismo.'

" 'Opo,' ang sagot ni Lorenzo, 'iyan ang pakay na nasa aking isipan.'

" 'Siya, huwag kang mag-alala ngunit manalangin ka sa Panginoon at bigyan mo ng kasiyahan ang iyong sarili; pag-aralan mong mabuti ang bagay na iyan, ihambing mo ang mga banal na kasulatan sa aming mga itinuturo; kausapin mo ang mga kapatid na lalaki na kakilala mo, at hindi magtatagal ay mapatutunayan mo na ang "Mormonismo" ay sa Diyos, at ikaw ay mabibinyagan' " (Romney, *The Life of Lorenzo Snow,* p. 24–25).

• Ano kaya ang maaaring nadama ninyo sa pagkarinig sa payo ni Joseph Smith, Sr., kay Lorenzo? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot.)

• Bakit mabuting payo ito? (Sa ganitong paraan nakukuha ng karamihan sa mga tao ang mga patotoo sa ebanghelyo [tingnan sa Moronias 10:4–5].)

Sa wakas, ang mga panalangin ni Lorenzo ay nasagot at naniwala siya sa katotohanan. Noong 1836 si Lorenzo ay nabinyagan bilang kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw.

Pisara

• Anong salita o parirala ang maaaring gamitin upang ilarawan ang hakbang na ito (bloke 3) sa buhay ni Lorenzo Snow? (Ang maaaring mga sagot ay pagbabalik-loob, pagbibinyag, patotoo, atbp.) Isulat ang angkop na sagot sa bloke 3.

---

## Ang Pangako sa Ebanghelyo ay Ipinakita sa Paglilingkod ni Lorenzo Snow sa Diyos at sa Tao

Talakayan

Nang minsang magkaroon si Lorenzo Snow ng patotoo, ninais niyang gawin ang lahat ng makakaya niya upang maglingkod sa Diyos, bagama't ang paglilingkod na iyon ay nangangailangan ng matinding sakripisyo.

Noong tagsibol ng 1837, kulang-kulang sa isang taon pagkatapos siyang pagtibayin bilang kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw at pagkatanggap niya ng pagkasaserdote, nagpunta si Lorenzo Snow sa una sa maraming misyon.

---

## Tinuruan ni Lorenzo ang Kanyang Mga Kamag-anak

Pagkatapos maglakad ng tatlumpung milya sa pangalawang araw ng kanyang misyon, nagdaos ng pulong si Lorenzo sa kapitbahayan ng isang tiyo. Ito ang kauna-unahang pagsubok niya na magsalita sa harap ng madla, at nanalangin at nag-ayuno siya nang halos buong araw, sa paghingi ng kapangyarihan at inspirasyon mula sa Panginoon. Noong gabing iyon ay hindi niya alam ang sasabihin, subalit "napakamakapangyarihang napasaakin ang Espiritu Santo," ang sabi niya, "na pinupuno ang aking isipan ng liwanag at nagpapahatid ng mga ideya at angkop na salita. [Nagbigay siya ng malakas na patotoo sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo, na maraming tao ang napaniwala.] Pagkatapos ng pangalawang pulong," ang kanyang ulat, " . . . bininyagan at pinagtibay ko ang aking tiyo, tiya, at ilan sa aking mga pinsan, na kinabibilangan ni Adaline, na [nang maglaon] ay siyang naging asawa ko" (Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* [Salt Lake City: Deseret News Company, 1884], p. 16).

Talakayan

• Bakit sa palagay ninyo nagtagumpay ang misyon ni Lorenzo Snow? (Sinunod niya ang Espiritu at siya ay masigasig.)

• Anong mga mahalagang aralin sa palagay ninyo ang natutunan ni Lorenzo? (Ang umasa sa Panginoon at makinig sa Espiritu.)

Pisara

Idagdag ang mga mahalagang salita o parirala sa bloke 4 sa landas. (Ang mga maaaring sagot ay kinabibilangan ng: sumunod sa Espiritu, nakinig sa Panginoon, umasa sa Panginoon.)

Noong maglaon ay napalawak ni Lorenzo Snow ang maraming mahahalagang katangian na tutulong sa kanya nang siya ay naging Pangulo ng Simbahan. Habang ibinibigay ang kasunod na ulat, pagsikapang alamin kung anong mga katangiang ito.

---

**Pagdamay kay Kapatid na [babae] Young**

Noong tagsibol ng 1840, natawag si Elder Snow na magmisyon sa Inglatera. Bago siya umalis ay dinalaw niya ang ilang mga mag-anak ng mga Apostol na naglilingkod sa Inglatera upang kunin ang mga mensahe mula sa kanila para sa mga asawa nila. Nakita niya ang asawa ni Brigham Young na nakatira sa "hindi pa natatapos na maliit na bahay na gawa sa kahoy, na may sahig na walang pasak sa pagitan ng mga kahoy na sahig upang hindi pumasok ang malamig na hangin, . . . na nalalantad ang [mag-anak] sa hangin at mga bagyo. . . .  Kararating lamang niya mula sa matagal, . . . walang kinahinatnang paghahanap niya ng bakang [gatasan], na naligaw [palayo] noong nakaraang araw at siyang inaasahan niyang pagkukunan ng [ipasususo] sa kanyang maliliit na anak. Sa pagtatanong ko sa kanya kung ano ang nais niyang sabihin ko sa kanyang asawa," mga paggunita ni Lorenzo, "isinagot niya, 'Nakikita mo ang aking kalagayan, ngunit sabihin mo sa kanya na huwag mag-alala, o huwag niya ako intindihin—nais ko siyang manatili sa kanyang larangan ng gawain hanggang sa marangal na mapalaya siya sa kanyang misyon.' Ang malinaw na karalitaan, hikahos na kalagayan niya ay labis na umantig sa aking pagdamay. Kakaunti lamang ang aking pera—hindi sapat na madala ako sa ikasampung bahagi ng layo ng aking patutunguhang lugar ng gawain, nang walang nalalamang mapagkukunan ng pandagdag, at nasa kinagabihan ng bisperas ng aking pagsisimula. Dumukot ako sa aking bulsa ng bahagi ng aking kaunting baon, at inialok ko [ito] sa kanya, subalit hindi niya ito tinanggap; habang ipinagpipilitan ko na tanggapin niya, pilit din niyang tinatanggihan—tila sinadya, at tila aksidente, nahulog ang pera sa sahig, at nag-ingay sa mga pagitan ng mga tabla, na tumapos sa pilitan, at sa pagpapaalam ko, sinabi kong siya na lamang ang pumulot kapag may panahon siya" (Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* p. 47).

Talakayan

- Anong mga katangian ang nakita ninyo na napaunlad ni Lorenzo Snow? (Pagdamay, pagkahabag, pagkamapagbigay, pagkamapagmalasakit, pagkapalakaibigan.)

Pisara

Idagdag ang mahalagang salita o parirala sa ikalimang bloke sa landas. (Ang mga maaaring sagot ay: kabaitan, pagkahabag, pagdamay sa kapwa.)

---

**Paggamit sa Pagkasaserdote na Pang-aliw: Isang Himala**

Noong Marso 1891, sa panahong nagdaraos si Elder Snow ng isang komperensiya ng istaka sa Lungsod ng Brigham, ang isang labinlimang taong gulang na babae na nagngangalang Ella Jensen ay namatay. Dumanas siya ng iskarlatina (scarlet fever) nang mahigit na isang linggo. Alam niyang mamamatay na siya at nagpaalam na sa kanyang mag-anak. Naririnig niya ang pag-iyak ng kanyang mga magulang at ng iba pa, na lubhang nakababahala sa kanya. Ang kanyang espiritu ay pumasok sa daigdig ng espiritu at nanatili roon nang ilang oras.

Habang nagsasalita si Elder Snow sa komperensiya, isang maikling sulat ang iniabot sa kanya, na nagsasabi ng pagkamatay ni Ella. Humingi siya ng paumanhin sa pulong, na sinasabing "ito ay isang tawag upang dalawin ang ilang taong labis na nagluluksa" (Romney, *The Life of Lorenzo Snow,* p. 413). Kasama si Elder Rudger Clawson, sinamahan niya ang tatay ni Ella sa tahanan ng mga Jensen. Pumasok sila sa silid na kinahihigaan ng patay na dalagita. Hiningi ni Pangulong Snow kay Pangulong Clawson na pahiran niya ito ng langis, at pagkatapos ay binasbasan niya mismo, na gumagamit ng " 'napaka hindi karaniwang pagpapahayag, sa nag-uutos na tono ng tinig: "Bumalik ka, Ella, bumalik ka. Hindi pa tapos ang iyong gawain sa ibabaw ng lupa." ' . . .

" ' . . . Pagkaraan ng mahigit na isang oras, pagkatapos na pangasiwaan siya ni Pangulong Snow, . . . siya ay nagdilat ng kanyang mga mata. Tumingin siya sa palibot ng silid, at [nagtanong,] "Nasaan siya?" [Nagtanong ang kanyang mga magulang,] "Sino?" "Si Kapatid na Snow," ang sagot niya, "pinabalik niya ako" ' (Romney, *The Life of Lorenzo Snow,* p. 415).

Talakayan

- Anong mga pansariling aralin ang matututuhan natin tungkol sa paglilingkod sa iba mula sa karanasang ito? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot tulad ng: kailangan nating iwan ang sarili nating gawain para sa mga pangmadaliang pangangailangan ng iba, maaari nating gamitin ang pagkasaserdote upang mabasbasan at basbasan ang iba.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin kasama ng klase ang Doktrina at Mga Tipan 42:29.

- Paano natin maipakikita ang pagmamahal para sa Tagapagligtas? (Sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanya at sa pagsunod sa kanyang mga kautusan.)
- Paano natin mapaglilingkuran ang Panginoon? (Basahin ang Mosias 2:17.)

Pisara

Ang buhay ni Lorenzo Snow ay isang paglilingkod. Paulit-ulit niyang ipinamalas ang pagiging handa niyang tumupad sa anumang gawaing iniatang sa kanya ng Panginoon. Siya ang taong makahihingi sa mga Banal na magpakasakit sapagkat ang buhay niya ay buhay na patotoo sa kanyang pagiging handang gumawa ng ganoon. Idagdag ang *Naglingkod nang Matapat* sa pisara.

---

**Patotoo at Hamon**


Hamunin ang lahat ng mga kasapi ng klase na umunlad na tulad sa ginawa ni Lorenzo Snow. Kaya nila kung hindi nila ipagdadamot ang kanilang panahon, talento, at kakayahan sa pagpapaunlad ng kaharian ng Diyos, sa gayon ay dinaragdagan ang sarili nilang pag-unlad.

Kapag pinaglingkuran natin ang ating kapwa, malalaman din natin ang Tagapagligtas at ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng higit na malawak na saksi ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ibigay ang iyong patotoo sa kapangyarihan ng paglilingkod sa bawat buhay natin.

Banal na kasulatan

Tapusin ang aralin sa pagbabasa nang malakas ng Doktrina at Mga Tipan 76:5–10 tungkol sa mga pangako na ginagawa ng Panginoon sa mga naglilingkod sa kanya sa kabutihan.



# Lorenzo Snow: Pagtustos sa Kaharian ng Diyos

Aralin 18

**LAYUNIN**

Nanaisin ng bawat kasapi ng klase na maglingkod sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng pag-aambag ng panustos sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Bibliya, Aklat ni Mormon, at Doktrina at Mga Tipan.
2. Hanapin ang mga larawan nina Lorenzo Snow, Joseph Smith, Wilford Woodruff, at Heber J. Grant sa bahaging may kulay.
3. Kung mayroon, ihanda upang ipalabas ang *videocassette* na "Mga Durungawan ng Langit" *[The Windows of Heaven]* (53145).
4. Kopyahin ang mga pangungusap ng mga propeta tungkol sa ikapu at paunang atasan ang apat na kasapi ng klase na basahin ang mga ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Halimbawa

Ipakilala ang *video* na *The Windows of Heaven* sa pamamagitan ng pagkukuwento ng sumusunod:

Bago pa man ay itinuon na ni Pangulong Snow ang malaking panahon sa mga bagay ukol sa mga pananalapi ng Simbahan at lubos na karapat-dapat humawak ng mga ito. Nang siya ay maging Pangulo ng Simbahan noong 1898, ang pinakamabigat na pasanin na nasabalikat ng mga Banal ay ang suliranin ng panustos ng Simbahan. Ang mga tao ay hindi nagbabayad ng kanilang mga ikapu katulad ng dapat nilang gawin. "Ang mga taon ng pag-uusig, hindi makatarungang pagbabatas ng mga mamimintas at kaaway, magastos na [halaga ng korte] ay nagdulot ng ganyang katinding pangangailangan ng tustusin kaya ang Simbahan ay nahaharap sa pagbagsak sa pananalapi. Sa pagharap sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin, sinabihan si Pangulong Snow na magpunta sa St. George, na dinadalaw ang mga pangunahing pamahayan sa pagbabalik. [Naganap ang paglalakbay noong 1899; ang St. George ay tatlong daang milya ang layo sa timog-kanluran ng Lungsod ng Salt Lake.] Bagama't hindi malinaw ang layunin ng pagdalaw sa paghingi ng tulong sa kahirapan ng panustos, si Lorenzo at ang mga piling kapatid na lalaki ay umalis papunta sa katimugang pamahayan ng Utah" (Heidi S. Swinton, "Lorenzo Snow," sa Leonard J. Arrington, limbag *Presidents of the Church:* Biographical Essays [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1986], p. 174).

*Video* at pagbabasa

Ipalabas ang *video* na, *"The Windows of Heaven."* Kung wala ito, basahin ang sumusunod:

Sa St. George, tumanggap si Pangulong Snow ng kamangha-manghang paghahayag. Sinabi sa kanya na kung susundin ng mga Banal ang kasalukuyang batas ng ikapu, ang buong Simbahan at ang bawat Banal ay mabibiyayaan, at mababawasan ang suliranin nila sa pananalapi. Sinabi ni Pangulong Snow:

"Dumating na ang panahon para sa bawat Banal sa Huling-araw, na may balak na maghanda para sa kinabukasan at manatiling matatag na nakatayo sa kinatutuntungang angkop na pundasyon, na gawin ang kagustuhan ng Panginoon at magbayad ng kanyang buong ikapu. Iyan ang salita ng Panginoon sa inyo, at iyan din ang magiging salita ng Panginoon sa bawat pamahayan sa buong lupain ng Sion. Pagkatapos ko kayong lisanin [ang mga tao sa St. George] at simulan ninyong isipin ang tungkol dito, makikita ninyo sa inyong sarili na dumating na ang panahon na ang bawat tao ay dapat na tumayo at magbayad ng buong ikapu. Biniyayaan tayo ng Panginoon at kinaawaan tayo sa

nakaraan; subalit may mga dumarating na panahon na hihingin ng Panginoon sa atin na tumayo at gawin ang iniutos Niya at huwag nang patagalin. Anuman ang sinasabi ko sa inyo sa istakang ito ng Sion ay sasabihin ko rin sa bawat istaka ng Sion na itinatag na. Walang lalaki o babae ngayon na nakarinig sa aking sinasabi na makadarama ng kaginhawahan kung hindi sila magbabayad ng buong ikapu (18 May 1899, *Millennial Star,* tomo 61, p. 533)" (Lorenzo Snow, *The Teachings of Lorenzo Snow,* Clyde J. Williams, tinipon [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1984], p. 155).

Pagkatapos ay ipinangako ni Pangulong Snow sa mga Banal sa St. George na padadalhan sila ng ulan ng Panginoon. Matagal na silang nagdurusa ng matinding tagtuyot.

Talakayan

Anong kasalukuyang alituntunin ang binigyang-diin ng Panginoon kay Pangulong Snow upang lutasin ang mga suliranin ng Simbahan sa pananalapi? (Ikapu; na dapat na mahigpit na sundin.)

- Ano ang ipinangako ni Pangulong Snow sa mga Banal sa St. George kung magbabayad sila ng tapat na ikapu? (Magkakaroon sila ng ulan.)

---

**Itinuturo sa Atin ng Mga Banal na Kasulatan at ng Mga Propeta sa Huling-araw ang Tungkol sa Kahalagahan ng Ikapu**

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa at pamarkahan sa klase ang Doktrina at Mga Tipan 119:4.

Sa banal na kasulatang ito ay ipinahayag ng Panginoon na ang *ikapu* ay ang "ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tubo taun-taon"; ang *tubo* ay naiintindihan na ang ibig sabihin ay ang kita.

Mga sipi at larawan

Ipabasa sa mga naatasang kasapi ng klase ang mga sumusunod na pangungusap. Kung nais mo, ipakita ang larawan ng bawat propeta habang binabasa ang kanilang pangungusap.

Wilford Woodruff

"Nais kong maintindihan ng mga kapatid na lalaki ang isang bagay na ito, na ang ating ikapu, ang ating paggawa, ang ating gawain ay hindi para sa kadakilaan ng Pinakamakapangyarihan, kundi para sa atin ang mga ito" (Emerson Roy West, *Profiles of the Presidents* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1972], p. 155).

Lorenzo Snow (sa isang kapita-pitagang pagpupulong sa Templo ng Salt Lake, 2 Hulyo 1899)

"Ang bahagi ng ikapu ay hindi ikapu kailanman sa paningin ng batas na ipinahayag ng Panginoon" (*Life of Joseph F. Smith,* tinipon Joseph Fielding Smith [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1938], p. 308).

Pangulong Joseph F. Smith

"Ang batas ng ikapu ay isang pagsubok upang ang mga tao bilang tao ay masusubok. Ang sinumang taong hindi tumutupad sa alituntuning ito ay makikilala bilang isang taong nagwawalang-bahala sa kapakanan ng Sion, na nagpapabaya sa kanyang tungkulin bilang isang kasapi ng Simbahan" (*Gospel Doctrine* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1939], PBMI4325 kabanata 13 ["Tithing; The Poor; Industry"], p. 226 parapo 3.)

Pangulong Heber J. Grant

"Pinatototohanan ko—at alam ko na ang patotoong ibinibigay ko ay totoo—na ang mga lalaki at babae na naging lubos na matapat sa Diyos, na nagbayad sa kanilang ikasampung bahagi . . . binigyan sila ng Diyos ng katalinuhan na kanilang nagamit ang naiwang siyam na bahagi, at ito ay naging higit na mahalaga sa kanila, at higit na marami ang kanilang natapos sa pamamagitan nito kaysa nagawa sana nila kung hindi sila naging matapat sa Panginoon" (West, *Profiles of the Presidents,* 1972 limbag, p. 231).

Talakayan at pisara

Itala sa pisara ang ilan sa mga bagay na sinabi sa atin ng mga Pangulong ito ng Simbahan tungkol sa batas ng ikapu. (Ang ikapu ay para sa ating kadakilaan; ito ay para sa biyayang pang-espirituwal, hindi lamang biyaya sa pananalapi; ang pagbabayad ng bahagi ng ikapu ay hindi pagsunod sa batas ng ikapu; ang batas ng ikapu ay isang pagsubok; ang mga nagbabayad ng kanilang ikapu ay nakagagamit ng kanilang pera nang higit na mabuti kaysa sa mga hindi nagbabayad.)

**Paano Ginagamit ang Mga Ambag sa Simbahan?**

Ang mga ambag sa Simbahan ay ginamit at ginagamit sa maraming mga sumusunod na bagay sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

Pisara at talakayan

Iguhit ang sumusunod na banghay sa pisara bago magsimula ang klase:

**Pagtustos sa Kaharian ng Diyos**

**Mula sa ikapu**
- *Mga gusali (mga bahay-pulungan at mga templo)*
- *Palatuntunang pangmisyonero*
- *Kagamitang pang-edukasyon (mga pamantasan at seminaryo)*
- *Mga palatuntunang pangkasaysayan ng mag-anak*
- *Mga iba pa (katulad ng manwal na ito)*

**Mga ibang handog**
- *Laang-salapi ng purok*
- *Handog sa pag-aayuno*
- *Laang-gugulin para sa mga lokal na misyonero*

Mga sagot na idaragdag pagkatapos ng talakayan

Gamitin ang banghay sa pagpapaliwanag ng sumusunod:

Ang ikapu ang pangunahing ambag natin sa Simbahan. Ibinabayad ito sa pangkalahatang pagtakbo ng Simbahan, katulad ng mga gusali (mga bahay-pulungan at mga templo), palatuntunang pangmisyonero, mga kagamitang pang-edukasyon at palatuntunan (mga pamantasan at seminaryo), mga gugulin sa kasaysayan ng mag-anak, at gugulin sa pangangasiwa (paggawa ng manwal na ito, halimbawa). Gayunman, hindi lamang ang ikapu ang tanging ambag na ibinibigay ng mga kasapi sa Simbahan.

Talakayan

- Ano ang ilan sa iba pang ambag na ibinibigay mo at ng iyong mag-anak sa Simbahan? (Itala ang mga sagot, na mag-iiba-iba, sa bawat linya ng banghay. Ang mga sagot ay dapat na kasama ang: handog-ayuno, laang-gugulin ng misyonero, laang-salapi ng purok. Tingnan ang banghay sa itaas.) Bigyang-diin na ang paggawa at mga ambag na bagay ay kasinghalaga ng mga salaping ambag.

Bilang karagdagan sa mga biyaya mula sa pagbibigay, matatamasa natin ang mga paglilingkod, kagamitan, at pagkakataon na maibibigay ng mga ambag na ito sa bawat isa sa atin bilang mga kasapi sa kaharian ng Diyos.

---

**Binibiyayaan ng Ama sa Langit ang Mga Nagbibigay upang Itayo ang Kaharian**

Karanasan at talakayan

Ang Pangako

Basahin o ikuwento sa sarili mong salita ang sumusunod na karanasan ni Elder Angel Abrea ng Pitumpu:

"Naaalaala ko na minsan noong 1957, habang ako ay pansamantalang gumaganap bilang bagong pangulo ng sangay sa Argentina, ipinasya kong kapanayamin ang mga kasapi hinggil sa kahalagahan ng pagbabayad ng ikapu. Nasumpungan ko ang aking sarili na nakikipag-usap sa isang butihing kapatid na lalaki ng sangay na ang pangalan ay Jose, na may kahirapang magbayad ng kanyang ikapu. Tinanong ko siya nang walang paliguy-ligoy, 'Kapatid na Jose, bakit ka hindi nagbabayad ng iyong ikapu?' " Alam kong hindi inaasahan ni Jose na magiging napaka tahasan ko.

"Pagkaraan ng ilang sandaling katahimikan, siya ay sumagot: 'Tulad ng pagkaalam ninyo, Pangulo, mayroon akong dalawang anak. Ang tinatanggap ng isang manggagawa ay napakaliit. Sa buwang ito ay kailangang bilhan ko ang aking mga anak ng sapatos na pampasok sa paaralan; at, kung kukuwentahin, wala talaga akong sapat na pera.'

"Sa biglaang sagot, sinabi ko, 'Jose, ipinangangako ko na kapag nagbayad ka nang tapat na ikapu, magkakaroon ang iyong mga anak ng sapatos na pampasok sa paaralan, at

makakaya mong bayaran ang lahat ng pangangailangan sa iyong tahanan. Hindi ko alam kung papaano niya gagawin ito, subalit ang Panginoon ay laging tumutupad sa kanyang pangako. Maliban diyan,' dagdag ko, 'kung talagang kulang pa ang iyong pera, ibabalik ko sa iyo ang ibinayad mong ikapu mula sa sarili kong bulsa.'

"Nang nasa daan na akong pauwi, iniisip ko kung tama ang aking ginawa. Narito ako, kakakasal lamang, nagsisimula pa lamang sa aking tungkulin, at nahaharap sa sarili kong problemang pangkabuhayan. Nagsimula akong mabahala sa sarili kong sapatos, pati na ang sa mag-anak ni Jose! Kahit na noong makarating ako sa aming tahanan at buong pusong inaalalayan ako ng mahal kong asawa at tiniyak sa akin na magiging maayos ang lahat, masasabi kong wala na marahil nanalangin nang pinakataimtim para sa kapakanang pangkabuhayan ni Kapatid na Jose kundi ako.

"Pagkaraan ng isang buwan, kinausap ko ulit si Jose. Bagama't halos hindi siya makapagsalita dahil sa luha sa kanyang mga mata, sinabi niya: 'Pangulo, nakapagtataka. Nagbayad ako ng aking ikapu; nalutas ko ang lahat ng aking obligasyon, at nakabili pa ako ng bagong sapatos para sa aking mga anak, lahat na walang dagdag ang aking sahod. Alam kong tinutupad ng Panginoon ang kanyang *mga pangako*!' " (Sa Tambuli, "The 'Little Things' and Eternal Life," talata 7–11 mula sa dulo Ene. 1982).

Mga banal na kasulatan at pisara

Sa pisara, isulat ang sangguniang banal na kasulatang Malakias 3:10 at pagkatapos ay isulat ang Doktrina at Mga Tipan 82:10. Ipabasa nang malakas ang mga ito sa isa sa mga kasapi ng klase.

Talakayan

Inasahan ni Elder Abrea na bibiyayaan ng Panginoon si Jose kung susunod siya sa batas ng ikapu.

- Binigyan na ba tayo ng Panginoon ng ganitong pangako? (Oo, magbibigay siya ng maraming biyaya sa mga nagbabayad ng kanilang ikapu.)

---

**Patotoo at Hamon**

Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong patotoo na tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako. Kung susundin natin ang kautusan ng ikapu, mabibiyayaan tayo. Himukin ang mga kasapi ng klase na ibahagi ang kanilang sariling karanasan hinggil sa mga biyaya at kagalakan na kanilang natanggap mula sa pagbabayad ng ikapu at mga ibang obligasyon. Hamunin ang klase na mag-ambag para sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

# Gawing Mabuting Karanasan ang Pamimilit ng Mga Kauri

Aralin 19

**LAYUNIN**

Makikita ng mga kasapi ng klase na ang pamimilit ng mga kauri ay maaaring kapwa masama at mabuting karanasan, at pipiliin nilang sundin ang mabuting impluwensiya na tumutulong sa kanila na makabalik sa Ama sa Langit.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng aguhon at isang maliit na batubalani kung maaari (ang lokal na mga yunit ng Iskaut o ang isang kasapi ng klase ay malamang na mayroon ng mga bagay na ito). Kung mahirap makakuha ng batubalani, maaaring ipalit ang isang maliit na piraso ng bakal na may mataas na uri, katulad ng isang maliit na liyabe o malaking pako, atbp. (Hindi maaaring gamitin ang kromyum o mga di kinakalawang na bagay na metal.)
2. Kumuha ng piraso ng papel at lapis para sa bawat isang kasapi ng klase.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pakay-aralin

Magpakita ng aguhon sa harap ng klase at itanong ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ito?
- Ano ang ginagawa nito?
- Paano ito ginagamit?

Sapagkat ang aguhon ay palaging nakaturo sa iisang direksiyon (may balaning hilaga), maaaring maging mahalagang tulong ito sa atin upang malaman kung saan tayo at kung sa anong direksiyon tayo patutungo. (Pahawakan sa isang kasapi ng klase, kung maaari ay isang Iskaut, ang aguhon habang lumalapit ang ibang kasapi sa klase upang tingnan ang direksiyong itinuturo ng kamay ng aguhon. Pagkatapos, guluhin ang direksiyong itinuturo ng kamay sa pamamagitan ng paggalaw ng maliit na batubalani o kapirasong metal sa gilid ng aguhon. Pabalikin ang mga kasapi ng klase sa kanilang upuan.)

- Paano nauugnay ang pagpapakitang ito sa ating buhay? (Ang ating buhay ay katulad sa kamay ng aguhon. Ang ilang bagay ay maaaring humila sa atin palayo o umimpluwensiya sa direksiyong tinutungo natin. Kung mananatili tayong tapat sa ating kinatatayuan, gayunman, at ang impluwensiyang sinusunod natin ay mabuti, maaaring mapabubuti ang ating buhay.)

**Ang Pamimilit ng Mga Kauri ay Isang Mahalagang Impluwensiya sa Pag-uugali**

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa sa klase ang Alma 37:38–41.

Noong panahong nasa ilang sila, noong sina Laman, Lemuel, at ang iba ay hindi tapat, hindi gumana nang maayos ang mga ikiran ng bola. Gayunman, noong tapat ang mga tao, dinala sila ng mga ikiran sa tamang direksiyon. Napakahalaga ng tamang impluwensiya kung nais nating pumunta sa tamang direksiyon.

Gawain at talakayan

Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng lapis at kapirasong papel at hilinging itala nila, ayon sa pagkakasunud-sunod ng kahalagahan, ang mga tao o bagay na nagbibigay ng impluwensiya sa kanilang buhay. (Simulan sa pinakamaimpluwensiya bilang 1 at ang pinakamahinang impluwensiya bilang 10.)

- Ano ang ilan sa mga bagay at tao na umiimpluwensiya sa inyo? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot.)

- Sino sa palagay ninyo ang malamang na may hangad ng pinakamabuting bagay para sa inyo? (Ang mga sagot ay dapat na kabilangan ng mga: magulang, mag-anak, mga pinunong pangrelihiyon at kabataan, atbp.)
- Aling impluwensiya ang malamang na inuuna ang sariling interes kaysa iba? (Mga hadlang, anunsiyo, telebisyon, atbp.)

Ang gawaing ito ay magkakaiba-iba sa bawat klase. Pagsikapang ipakita na mahalaga kung ano ang makaiimpluwensiya sa atin. Gayundin, bigyang-diin kung gaano kahalaga para sa kanila na impluwensiyahan ang kanilang mga kaibigan at mag-anak na magtungo sa tamang direksiyon.

Lubhang nagmamalasakit ang Panginoon na mapunta tayo sa tamang direksiyon. Mahal niya tayo at nais niyang maging matalino at maingat tayo sa mga impluwensiya na ipinalilibot natin sa ating sarili.

Sinabi ni Joseph F. Smith, ang ikaanim na Pangulo ng Simbahan: (basahin ang sumusunod, na ipinaliliwanag kung kinakailangan).

"Ang mga libangan natin ay dapat na nakikilala sa pamamagitan ng kanilang kapaki-pakinabang na kapaligiran ng lipunan. Dapat nating maingat na isaalang-alang ang pagkakakilanlan ng mga nakahahalubilo natin sa mga lugar ng kaaliwan; at dapat tayong pamahalaan ng mataas na pagpapahalaga sa pananagutan sa ating mga magulang, sa ating mga kaibigan at sa Simbahan. Dapat nating tiyakin na ang mga kasiyahan na tinatamasa natin ay ang mga may tatak ng banal na kapahintulutan, sa sarili ng mga ito. Dapat sang-ayunan ang mga ito ng ating mga magulang at ng ating mga kasama sa relihiyon, at ng mga totoong alituntuning iyon na dapat na laging mangalaga sa ating [pakikihalubilo] sa bawat isa sa mga kasapi ng Simbahan. Ang mga libangan na, sa kanila, at ang maipapayong kapaligirang panlipunan, na maaaring tama at kasiya-siya, ay dapat na iwasan maliban kung ang mga kasamahan ay walang kapulaan at ang mga lugar ay may mabuting reputasyon at pinamamahalaan sa tamang paghihigpit" (Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1939], p. 320).

---

**Ang Mga Kaibigan at Kauri ay Maaaring Maging Masamang Impluwensiya**

Mga kuwento at talakayan

Si Elder Robert D. Hales, habang nagsasalita sa Brigham Young University, ay nagbigay ng dalawang pagsasalarawan na nagpapakita kung paanong nakaiimpluwensiya sa atin ang mga maling uri ng kaibigan o kauri:

"May kamangha-manghang aralin na maituturo ng mga nakatira sa mga pulo. Kapag nakahuhuli sila ng talangka, inilalagay nila ang mga ito sa maliit, pantay na basket. Kung maglalagay ka ng isang talangka sa basket, gagapang kaagad ito palabas. Kung maglalagay ka ng dalawang talangka sa basket, tuwing tatangkain ng isang talangka na gumapang palabas, hihilahin siyang pababa ng isa pang talangka. . . .

"Aasa ako na maiintindihan natin ang ibang araling natutuhan ko . . . mula sa tiyo ko. Ito ay tungkol sa mga lobo sa parang at tupa. Napakatuso nito. Ipinadadala ng mag-asawang lobo ang kanilang maliliit na anak sa labas upang maglaro at magsaya. At ang mga maliliit na tupa na matiwasay sa kulungan ay napapatingin doon at nagsasabi, 'Naku, hindi ba't tila napakasasaya nila?' At umaalis sila upang makipaglaro sa mga maliliit na lobo. Pagkatapos ay dumarating ang mga matatandang lobo at pinapatay sila" ("This Is the Way; and There Is None Other Way," sa *Speeches of the Year, 1981–82* [Provo: Brigham Young University Press, 1982], p. 67).

- Paano magagamit ang mga kuwentong ito sa ating buhay? (Pagkatapos ng maikling talakayan, hilingin sa klase na itanong sa kanilang sarili kung ang mga kuwentong ito ay nagsasabi sa kanila ng tungkol sa sinuman sa kanilang kaibigan.)

Mga palaisipang tanong

Itanong sa inyong sarili: Hinihila ko bang pababa ang aking mga kaibigan? Hinihila ba akong pababa ng aking mga kaibigan?

Isipin mo sa iyong sarili ang tungkol sa anumang kalagayan na alam mo na may sumunod sa maling uri ng kaibigan o grupo. Isipin mo kung gaano kadalas na ang mga kalagayang ito ay nagbubunga ng kalungkutan, trahedya, o kahirapan. Ang punto rito ay

upang magmuni-muni, mag-isip, hindi magtsismis. (Ingatang huwag bumanggit ng mga pangalan o karanasan na kilala ng klase at maaaring makasira sa iba o maging dahilan ng paghatol ng klase sa iba. Maaari mong gamitin nang epektibo ang isang pangyayari o kuwento na alam-na-alam ng klase ngunit hindi nakasasakit sa iba kapag ikinuwento.)

Isipin kung gaanong pagdurusa ang maiiwasan kung natuto tayong mag-impluwensiya sa ating mga kaibigan sa tamang tunguhin, na maging matibay na humarap sa mga tukso.

Ipabasa nang malakas sa isang kasapi ng klase ang mga salita ni Pangulong Spencer W. Kimball noong siya ay kasapi ng Korum ng Labindalawa:

"O, kung matututuhan ng ating mga kabataan ang pangunahing aral na ito na laging magkaroon ng mabuting kasama, na huwag kailanman makitang kasama ng mga magpapababa sa ating pamantayan! Hayaang piliin ng bawat kabataan ang mga kasamang palaging nakatuon ang isipan sa paggawa ng mabuti, na nagsusumikap na abutin ang rurok [ng tagumpay]. Huwag siya kailanman payagang mamili ng makakasama na hihikayat sa kanya na magpabaya" (*Love Versus Lust*, Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, 5 Ene. 1965], p. 8).

---

### Ang Mga Kaibigan at Kauri ay Maaaring Maging Mabuting Impluwensiya

Anekdota

Ang impluwensiya ng mga kaibigan o kauri ay hindi kailangang masama. Basahin ang sumusunod na anekdota:

"Sa isang libingan ay may maliit na puting bato na palatandaan ng puntod ng batang babae. Nakaukit sa bato ang mga salitang ito: 'Ang batang pinagsabihan ng kanyang mga kalaro ng, 'Lalong madaling gumawa ng mabuti noong kasama namin siya' " (*File Favorites,* tinipon ni Albert Zobell, Jr. [Salt Lake City: Bookcraft, Inc. 1968], p. 62).

Mga kahulugan at gawain

Nagbigay si Elder Hales ng simple at makahulugang kahulugan ng kaibigan: "Ano ang kahulugan ng kaibigan? Ang mga kaibigan ay mga taong nagpapadaling mamuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo" (Robert D. Hales, "This Is the Way; and There Is None Other Way," sa *Brigham Young University Speeches of the Year, 1981–82,* p. 67).

Basahin ang pakahulugan ni Elder Marvin J. Ashton sa kaibigan: "Ang kaibigan sa tamang kahulugan ay hindi taong umaayon lamang sa ating ugali o bumabale-wala sa hindi maayos na asal. Ang kaibigan ay isang taong nagmamalasakit" (Marvin J. Ashton, "It's No Fun Being Poor," *Ensign,* Set. 1982, p. 73).

Balikan mo ang dating talaan ng mga impluwensiya at lagyan ng tsek ang tabi ng impluwensiya na aayon sa pakahulugan ng tunay na kaibigan.

Kailangan ng tapang upang maging kaibigan, lalo na kung napupunta sa maling tunguhin ang iba. Kung minsan ang kabataan, kahit na sa simbahan, ay hindi mabait sa isa't isa, lalo na ang mga wala sa grupo ng mga kaibigan. Kailangan nating lahat na maging tunay na kaibigan—mabait sa lahat—lalo na sa sinumang ang akala ay hindi sila kasama sa grupo, sa mga hindi isinasama at pinapansin, at sa mga hindi kasapi ng Simbahan.

---

### Naglaan ang Panginoon ng Lugar Kung Saan Matatagpuan ng Mabuting Pamimilit ng Kauri

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa nang malakas ang Mosias 18:7–10.

- Anong mga katangiang nabanggit sa banal na kasulatang ito ang mga katangian ng tunay na kaibigan? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)
- Sa lahat ng lugar sa daigdig, saan tayo makatatagpo ng ganyang pagkakaibigan? (Sa Simbahan; ang ilan ay maaaring magsabing sa misyon o sa mga templo.)

Itinuro ni Pangulong David O. McKay na ang pagkakaibigan ay isa sa mga pangunahing dahilan ng Panginoon sa pagtatayo ng kanyang Simbahan. Binabalaan din niya tayo ng mga magiging bunga kung pipiliin nating ipagwalang bahala ang mga pagkakataon para sa pakikipagkaibigan at impluwensiya sa Simbahan at maghanap ng kaibigan at impluwensiya sa kung saan. Sinabi niya:

"Kabilang sa mga pinakamatamis na biyaya ng buhay ang pakikipagkaibigan sa mga kalalakihan at kababaihan na ang kaisipan at pagnanais ay mataas at marangal. Kasunod sa damdaming pagiging kaanak ng Diyos ay nagmumula sa pagkamatulungin, panghihimok, at inspirasyon ng mga kaibigan. Ang pakikipagkaibigan ay isang banal na pag-aari. Katulad ng hangin, tubig at araw sa mga bulaklak, punongkahoy, at luntiang taniman, ay gayon din ang mga ngiti at pakikiramay at pagmamahal ng mga kaibigan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao. 'Ang mamuhay, tumawa, magmahal sa mga kaibigan, at mahalin din nila ay katulad ng pinakamagandang bahagi ng buhay.' Ang isa sa mga pangunahing dahilan ng Panginoon sa pagtatayo ng Kanyang Simbahan ay ang bigyan ang lahat ng tao na mataas at mababa, mayaman at maralita, malakas at mahina ng pagkakataon na makihalubilo sa kanilang kapwa sa isang kapaligiran ng nagpapaunlad, relihiyosong pakikipagkaibigan. Maaaring matagpuan ito sa mga korum ng Pagkasaserdote, Mga Pantulong na Samahan, pulong sakramento. Siya na nagwawalang-bahala sa mga pagkakataong ito, na nagpapabaya na samantalahin ang mga ito, sa gayon ay ginugutom ang sarili niyang kaluluwa" (sa Conference Report, Abr. 1940, p. 116).

• Sino ang dapat na pinakadakilang impluwensiya natin? (Ang Ama sa Langit, ang Tagapagligtas, at ang Espiritu Santo.)

---

**Ang Ama sa Langit, ang Tagapagligtas, at ang Espiritu Santo ang Pinakamabuting Impluwensiya sa Atin**

Talakayan sa banal na kasulatan

Ipabasa nang malakas ang Juan 15:13.

• Gaano ipinakikita sa atin dito ng Tagapagligtas na mahal niya tayo? (Napakadakila ang kanyang pagmamahal na inilaan niya ang kanyang buhay.)

• Sino ang dapat na pinakadakilang impluwensiya sa ating buhay? (Ang Tagapagligtas.)

Ipinangako ng Tagapagligtas na kung susundin natin siya—maging tunay niyang kaibigan–sa gayon ay magkakaroon tayo ng mana sa kanya—ang buhay na walang-hanggan. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 93:45.)

---

**Patotoo at Hamon**

Pinag-aaralan natin ang mga buhay ng mga makabagong propeta sa ngayon. Nasaksihan natin kung paano sila naging mga taong maingat na pumili ng mga mabubuting impluwensiya sa kanilang buhay. Sa paggawa ng ganito, pinagbuti nila ang kanilang mga talento at pinakamabuting katangian, biniyayaan ng Panginoon, at naging mabubuting impluwensiya sa buhay ng maraming anak ng Ama sa Langit.

Ibigay ang inyong patotoo na may kaligtasan at kaligayahan sa pagpili ng mga mabuting impluwensiya, lalo na sa pagsunod sa Tagapagligtas at sa kanyang mga propeta.

Hamunin ang klase na humanap ng mabuting impluwensiya, na maging mabuting impluwensiya sa buhay ng kanilang mga kaibigan at mag-anak, na talikuran ang masamang impluwensiya. Hamunin silang maging mabait sa lahat ng tao, lalo na sa mga tila may suliranin. Binanggit ni Pangulong McKay ang mga maaaring nagpapagutom ng kanilang kaluluwa, subalit ang ilan ay "nagugutom" dahil sa kalagayang hindi nila kayang hawakan.

Mga palaisipang tanong

Sagutin ang mga katanungang ito sa inyong sarili:

• Tatanggihan mo ba o hindi mo susubuking tulungan ang isang taong nakikita mo bawat araw na nagugutom sa kakulangan ng pagkain?

• Nakikita mo ba araw-araw, subalit hindi nakikilala, ang isang taong ang kaluluwa ay nagugutom sa kakulangan ng pakikipagkaibigan?

# Joseph F. Smith—Isang Tinig ng Kagitingan

Aralin 20

**Isinilang:** 13 Nobyembre 1838 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1901–1918

**LAYUNIN**

Magaganyak ang klase na magpakita ng kapwa pisikal at moral na kagitingan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo katulad ng inihahalimbawa ni Pangulong Joseph F. Smith.

**PAGHAHANDA**

1. Maghanda ng mga paskil ng mga sumusunod na banal na kasulatan o maghanda na isulat ang mga ito sa pisara: Mga Awit 23:4 at Mga Taga Roma 8:31.
2. Maghanda na ipakita ang larawan ni Joseph F. Smith mula sa bahaging may kulay, at ang larawan ni Mary Fielding Smith at ang kanyang anak na si Joseph F. Smith na nagkukutsero ng bagon sa ibayo ng kapatagan (62608).
3. Kumuha ng lapis at kapirasong papel para sa bawat kasapi ng klase.
4. Kung maaari magkaroon ng sapat na kopya ng Doktrina at Mga Tipan (1981 na limbag) upang makita ng bawat kasapi ng klase ang mapang, “The United States in 1847,” sa pahina 298.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Gawain

Ibigay ang mga lapis at papel sa klase. Itanong ang sumusunod [na tanong] bilang pambungad. Sabihin sa klase na sagutin ang tanong mo sa kapirasong papel ngunit huwag isama ang kanilang pangalan sapagkat tatalakayin ninyo ang mga sagot pagkaraan.

- Ano ang ginawa ninyo sa nakaraang linggo na nangailangan ng kagitingan?

Talakayan

- Ano ang naiisip ninyo kapag iniisip ninyo ang kagitingan? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Ang *kagitingan* ay maaaring bigyang kahulugan na pangkaisipan o moral na lakas na makipagsapalaran at magtiyaga sa kabila ng panganib, pangamba, o kahirapan.

- Mapauunlad ba ng isang tao ang lakas o katangian na ito? (Oo.)
- Makaiisip ba kayo ng sinumang dakilang pinuno, maging sa loob man o sa labas ng Simbahan na nagpakita ng matinding kagitingan? (Ang mga sagot ay iba-iba at maaaring kabilangan ng mga pangalang katulad nina Joseph Smith, Spencer W. Kimball, Columbus, George Washington, o mga astronot. Maaari kayong magmungkahi ng mga dakilang bayani ng sarili ninyong kultura.)
- Makaiisip ba kayo ng dakilang pinuno sa loob o labas man ng Simbahan na nagpakita ng karuwagan? (Karamihan marahil ay magsasabi ng wala; gayunman, tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Ang kagitingan ay isang pinakapangunahing katangian ng pagiging pinuno. Humahanga ang daigdig sa kagitingan at susunod sa magiting na pinuno. Kinamumuhian ng daigdig ang karuwagan.

**Napalibutan si Joseph F. Smith ng Mga Taong May Pisikal at Moral na Kagitingan**

Larawan

Ipakita ang larawan ni Joseph F. Smith.

Noong Nobyembre 13, 1838, isinilang ni Mary Fielding Smith ang una niyang anak na lalaki, si Joseph Fielding Smith, sa Far West, Missouri. (Paalala: *hindi* ito si Joseph Fielding Smith na ikasampung Pangulo ng Simbahan, kundi ang kanyang ama, ang

ikaanim na Pangulo.) Napakabata pa ni Joseph upang malaman niya kung ano ang pinagdurusahan ng kanyang ina at ng ibang mga Banal sa mga kamay ng mga mandurumog ng Missouri na disididong umubos sa mga Mormon; subalit noong anim na taong gulang siya at nakatira sa Nauvoo, naintindihan niya ang katotohanan ng pagpupunyagi at pang-aapi: ang kanyang ama, si Hyrum, at ang Tiyong Joseph ay pinatay ng mga galit na mandurumog sa Piitan ng Carthage. Sa kanyang murang gulang ay nasaksihan niya nang maraming ulit ang kagitingan ng mga dakilang taong ito. Ang kanyang ina, si Mary Fielding Smith, ay isa pang dakilang halimbawa ng kagitingan at tibay ng pagkatao. Hindi kataka-taka na ipinamalas ng batang si Joseph ang mga katangiang ito sa murang gulang. Wala pa siyang walong taong gulang noong siya ang nagpatakbo sa mga nakapamatok na bakang humihila sa kanilang bagon mula sa Montrose, Iowa, patungong Winter Quarters, Nebraska.

---

**Nagpamalas si Joseph F. Smith ng Kagitingan Noong Kabataan Niya**

Larawan

Ipakita ang larawan ni Joseph at ng kanyang ina na bumabagtas ng kapatagan.

Ikuwento ang sumusunod na pangyayari mula sa kanyang buhay:

Nagpalipas ng taglamig si Joseph at ang kanyang ina noong 1847–48 sa Winter Quarters (sakop na ngayon ng Omaha, Nebraska) sa paghahandang maglakbay patungong Salt Lake Valley.

Mapa

Pasangguniin ang klase sa mapa na, “Ang Estados Unidos noong 1847,” sa pahina 298 ng *Doctrine and Covenants* (limbag noong 1981) at sa tuldok, na kumakatawan sa Winter Quarters, sa kabila lamang ng hangganan ng Iowa.

Noong sapilitang pinalayas ang mga Banal sa Nauvoo at dumating sa Iowa ay nahaharap sila sa mga buwan ng taglamig. Huminto sila upang gawin ang huling paghahanda para sa pagbagtas ng mga isang libong milya patungong Salt Lake Valley. Itinayo rin nila ang Winter Quarters bilang isa sa mga himpilan sa daan kung saan nag-iipon ng pagkaing ibibigay sa mga sumusunod.

Ang batang Joseph na walong taong gulang ay isang tagapastol sa panahon ng taghirap na iyon at nadama ang pananagutang mag-alaga ng mga baka. Alam niyang mahalaga ang mga ito sa paglalakbay nila patungong kanluran.

Isang umaga, siya at si Thomas Burdick, na isa pang batang lalaking kasing-edad niya, ay mga isa at kalahati o dalawang milya ang layo sa nayon na nagbabantay sa kanilang bakang kumakain at umaalo sa kanilang sarili pansumandali sa pamamagitan ng pagkakarerahan ng kanilang kabayo at pagpapatalon sa mga pilapil. Natakot sila nang biglang makita ang isang pangkat ng mga Indiyan na nakasakay sa kabayo at papalapit sa kanila.

“Si Thomas . . . ay agad na umuwi, na nagsisisigaw, ‘Mga Indiyan! Mga Indiyan!’ (Joseph Fielding Smith, tinipon sa *Life of Joseph F. Smith* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1938], p. 135).

Ang unang hangad ni Joseph ay ang iligtas ang mga baka sapagkat alam niyang kapag nawala ang kanilang baka ay hindi sila makaaalis sa Winter Quarters sa taong iyon. Minadali niyang inipon ang mga baka at itinaboy sila sa iisang direksiyon. Dalawang Indiyan ang lumampas sa kanya at humabol kay Thomas, na sa kung anong dahilan ay tumalon sa kanyang kabayo at tumakbong pauwi. Kinuha ng isang Indiyan ang kabayo ni Thomas. Nakapanguna si Joseph sa mga kawan at nagtagumpay siyang itaboy ang mga baka pauwi habang lumalapit ang mga Indiyan. Ang kanyang pagsusumikap, na kaagapay ng pagmamadali at hiyaw ng mga Indiyan, ang nagpatakbo sa mga baka. Ilan sa mga Indiyan ang nakahabol sa kanya sa bandang huli, bagama’t naiwasan niya sila kung minsan.

“Isang Indiyan,” ang sabi niya, “ang tumabi sa akin sa kaliwa at isa sa kanan, at pinag-isahan nila ang aking mga kamay at paa at inangat ako sa aking kabayo; saka binagalan ang takbo hanggang sa nauna na ang aking kabayo, saka nila ako ibinagsak nang malakas sa lupa. Ilang kabayo ang tumalon sa aking ibabaw, ngunit hindi ako sinaktan. Nahuli ng mga Indiyan ang aking kabayo at hindi pinababagal ang kanilang bilis na nangabayo sila patungo sa kanilang pinanggalingan” (Smith, *Life of Joseph F. Smith,* p. 136).

May tapang at buo ang loob, nabimbin niya nang sapat na panahon ang mga Indiyan upang makarating ang mga kalalakihan sa pamahayan at tinakot papalayo ang mga Indiyan. Isang kabayo ang hindi na nakita, ngunit nailigtas ang lahat ng mga baka dahil sa kagitingan ni Joseph.

Noong siyam na taong gulang siya, siya ang kutsero ng isa sa kanilang mga bagon na hila-hila ng dalawang pares na apat na baka patungong Salt Lake Valley, kung saan siya muli ang naaasahang tagapastol na batang lalaki. Sa buong panahong siya ang namamahala sa mga baka, hindi siya kailanman nawalan ng isa dahil sa kapabayaan. Minsan ay buong tapang niyang iniligtas ang isang turet sa mga umaalulong na lobo.

---

**Ang Katapangan ay Nagmumula sa Pananampalataya**

Talakayan

- Saan kinuha ng batang si Joseph F. ang kanyang kagitingan? (Maaaring iba-iba ang mga sagot at maaaring kasama ang: kanyang ina, mula sa kanyang ama at tiyo, mula sa Ama sa Langit.)
- Ano ang nagbibigay sa atin ng katapangan? (Pananampalataya.)

Paskil o pisara

Ipakita ang mga paskil o isulat ang Mga Awit 23:4 at Mga Taga Roma 8:31 sa pisara.

Ang pananampalataya ang siyang simula ng kagitingan at nasaksihan ni Joseph ang napakalaking pananampalataya na ipinamalas ng kanyang ina. Malimit niyang ikinukuwento sa kanyang sariling mga anak ang sumusunod na pangyayari upang ipaliwanag kung bakit ganoon na lamang ang pananampalataya niya sa panalangin.

Habang sila ay nakatira sa Winter Quarters, sumama ang batang si Joseph sa kanyang ina at ang kapatid, si Joseph Fielding, sa biyaheng papuntang St. Joseph, Missouri. Mamimili sila ng mga kailangan sa inaasahang paglalakbay mula sa Winter Quarters patungong Lambak ng Salt Lake. Sa daang pauwi, nagkampo sila nang isang gabi sa hindi kalayuan mula sa kinaroroonan ng ilang mga kalalakihan na may kawan ng baka. Upang maiwasan na masama ang kanilang mga baka sa ibang kawan at maitaboy, iniwan nila ang kanilang mga baka na nakapamatok nang pakawalan nila ang mga ito upang manginain sa gabing iyon. Kinaumagahan ay hindi na nila makita ang mga baka. Buong umagang naghanap si Joseph at ang kanyang tiyo at bumalik sa kampo upang iulat na nawala ang mga baka. Pumunta muna si Joseph sa bagon at itinala, " 'Nang papalapit ako nakita ko ang aking inang nakaluhod habang nananalangin. Huminto ako pansumandali saka dahan-dahang lumapit hanggang marinig ko ang kanyang pagsusumamo sa Panginoon na huwag kaming pabayaang maiwan sa ganitong kaawa-awang kalagayan, kundi ituro sa amin kung saan makikita ang aming nawalang kawan, upang maipagpatuloy namin ang aming mga paglalakbay nang matiwasay. Noong tumayo siya sa kanyang pagkakaluhod, nakatayo ako sa malapit. Ang una kong nabanaagan sa kanyang mahalagang mukha ay ang maamong ngiti, na, sa aking kawalan ng lakas ng loob, nagpasariwa sa aking pag-asa at nagbigay katiyakan na hindi ko naramdaman noong una' " (Smith, *Life of Joseph F. Smith,* p. 132).

Hinimok ng kanyang ina si Joseph at ang kanyang tiyo na kumain habang naglakad-lakad siya upang hanapin ang mga hayop. Pinigilan siya ng kanyang kapatid dahil napuntahan na nila ang lahat ng lugar, subalit ngumiti lamang siya at tuwirang nagtungo na siya sa may ilog. Isa sa mga lalaking nagpapastol ng baka ang tumawag sa kanya at sinabi, " 'Ginang, nakita ko ang inyong mga baka sa banda riyan [na itinuro ang ibang direksiyon] bago sumikat ang araw' " (Smith, *Life of Joseph F. Smith,* p. 133). Hindi man lamang lumingon ang nanay ni Joseph kundi nagpatuloy siya ng paglalakad. Pagkakita nito, kaagad na nangabayo patungo sa kanyang mga kawan na nagkaipun-ipon ang lalaki at agad niya silang itinaboy. Natagpuan ni Kapatid na Babaeng Smith ang mga bakang nakatali sa may kakahuyan sa may pampang ng ilog na kung saan hindi sila makikita. Hindi nagkaroon ng suliranin si Mary Fielding Smith sa pagtitiwala sa Panginoon sa halip na sa tao. (Tingnan sa Smith, *Life of Joseph F. Smith,* p. 132–33.)

Hindi nagtagal, habang naglalakbay sila patungong Salt Lake Valley, nakitaan siya ni Joseph ng iba pang halimbawa ng pananampalataya. Dahil sa patuloy na paglalakbay patungong Sion, ang isa sa mga baka ay lubhang napagod at nagkasakit at nahiga ito sa lupa. Naglabas ang nanay ni Joseph ng isang bote ng itinalagang langis at hiningi sa kanyang kapatid at isa pang lalaki na basbasan nila ang baka sapagkat kailangang-

kailangan nila sa kanilang paglalakbay. “Pinatakan ng langis ng mga kapatid na ito ang ulo ng baka at pagkatapos ay ipinatong ang kanilang mga kamay dito . . . na tulad nang gagawin nila kung ang hayop ay isang tao. Agad na tumayo ang baka at pagkaraan lang ng ilang sandali ay humila na naman sa pamatok na tila ba walang nangyari” (*Life of Joseph F. Smith,* p. 150).

Namatay ang kanyang mahal na ina noong labintatlong taong gulang pa lamang siya, ngunit napakarami na niyang nasaksihang halimbawa ng kagitingan, pananampalataya, at katapatan mula sa kanya na maaari na niyang itayo ang kanyang sariling buhay sa mga ito sa buong buhay niya.

Talakayan

- Anong uri o antas ng kagitingan ang kakailanganin ninyo sa gulang na labinlima sa pagpunta sa misyon sa ibayo ng karagatan sa mga taong ang salita ay hindi ninyo alam (wala pang sentro sa pagsasanay ng mga misyonero noong mga araw na iyon) at ang pagkain at kaugalian ay kakaiba at hindi kilala? (Pahintulutan ang iba-ibang puna.)
- Paano naman ang paghayo nang walang pera?

Natawag ang labinlimang taong gulang na si Joseph F. Smith na magmisyon sa Sandwich Islands, na kilala na ngayong Hawaii. Nagkasakit siya pagdating niya, subalit ginamit niya ang panahong ito sa pag-aaral ng salita upang maaari siyang makipag-usap sa mga mamamayan. Natutuhan niya ang salita sa loob ng isang daang araw. Natutuhan din niyang mahalin ang mga tao at maging ang kanilang pagkain. Ang ilan sa ibang misyonero ay sumuko sa pagsubok at umuwi. Ang ilan ay nagpalagay na ang mga Amerikano at Europeo lamang, hindi ang mga katutubo, ang dapat na sumapi, subalit alam ni Joseph na ang Panginoon, sa pamamagitan ni Pangulong Brigham Young, ang nagpadala sa kanya upang ipaabot ang liwanag ng ebanghelyo sa mga mapagmahal, mapagbigay na taong ito—ang mga katutubo sa mga Pulo.

Pagkaraan ng tatlong taon, at higit pang bata kaysa mga kabataan ngayon na pumupunta sa misyon, siya ay pinalaya sa misyon upang umuwi. Sa paglalakbay pabalik, na tulad sa papunta pa lamang sa mga Pulo, mahalaga para sa mga elder na huminto at maghanap ng trabaho sa anihang bukid o kahit saan upang mayroon silang ipambayad sa mga damit at pagkain at upang matulungan silang makabalik sa Salt Lake. Noong makarating na sila sa San Bernardino, California, natanggap si Joseph bilang tsuper ng pangkat na babagtas sa disyerto patungong Lungsod ng Salt Lake.

Noong panahong ito maraming tao ang may malakas na damdaming laban sa Mormon. Sinisi sina Brigham Young at ang mga Mormon sa kakila-kilabot na patayan sa Mountain Meadow na kung saan napatay ang mga mandarayuhang hindi Mormon na naglalakbay pabagtas ng Utah patungong California noong 1857. Gayundin, ang Sandatahang Hukbo ng Estados Unidos ay patungong Utah dahil sa maling bintang ng mga pinuno ng pamahalaan mula sa Utah na galit sa mga Banal sa Huling-araw. “Maraming taong nagkalat sa malalaking lugar na may banta ng pagpatay sa kanilang puso” na ipinagyayabang na papatayin nila ang sinumang Mormon na makikita nila (Smith, *The Life of Joseph F. Smith,* p. 188). Dahil dito, naglakbay ang mga kasapi ng Simbahan sa maliliit na pangkat para sa kanilang kaligtasan.

Huminto upang magkampo si Joseph F. at ang mga kasama niya isang hapon nang isang pulutong “ng mga lasing na kalalakihan ang pumasok sa kampo . . . , na nagmumura at sumusumpa at nagbabantang papatayin nila ang sinumang Mormon na makakasalubong nila. . . . Ang ilan sa mga kapatid, nang marining nilang papalapit ang mga ito, ay dahan-dahang umalis at nagtago sa kasukalan sa may sapa, na hindi abot-tanaw. Si Joseph F. ay . . . nangunguha ng kahoy na panggatong. [Lumapit siya sa parikitan upang ilagay ang kanyang kahoy. Sinabi ng lasing na sangganong may hawak na baril] na tungkulin niyang [patayin] ang bawat ‘Mormon’ na makita niya. . . . Sa malakas, galit na tinig [tinanong niya kay Joseph], ‘Ikaw ba ay . . . Mormon?’ [Hindi inalintana ni Joseph ang baril na nakatutok sa kanya, at tinitigan niya sa mata ang sanggano . . . malinaw niyang isinagot, ‘Opo; tunay na tunay, matapat, matatag magpakailanman.’

“[Ikinagulat] ito ng lalaki; at . . . hinawakan niya ang kamay [ni Elder Smith] at sinabi,

“ ‘Buweno, ikaw ang . . . pinakakawili-wiling taong aking nakita! Magkamayan tayo, bata, natutuwa akong makakita ng isang taong naninindigan sa kanyang mga paniniwala’ ”

(Smith, *Life of Joseph F. Smith,* p. 189). Tila ang taong iyon ang pinuno ng pangkat, dahil noong umalis siya ay sinundan siya ng iba. Sinabi ni Pangulong Smith na talagang inaasahan niyang babarilin siya noong inamin niyang isa siyang Mormon, subalit inamin pa rin niya.

• Anong uri ng kagitingan ang ipinamalas ni Joseph F. sa pangyayaring ito, pisikal ba o moral? (Kapwa.)

• Maaari bang matakot ang isang tao at magkaroon pa rin ng kagitingan? (Pagkatapos na maibigay ng mga kasapi ng klase ang kanilang haka-haka, basahin ang sumusunod na paliwanag ni Elder Marion D. Hanks.)

"Ang kagitingan ay hindi kawalan ng pagkatakot; ang tunay na kagitingan ay naipamamalas sa kagitingang gumawa ng kailangang gawin sa kabila ng mga pagkatakot sa mga kalaban o ng kalokohan ng pangkat o ng pang-uuyam ng grupo. Ang tunay na kagitingan ay ang paggawa ng tamang bagay sa kabila ng panganib o pagtutol o pag-aatubili" (sa *Vital Quotations,* tinipon ni Emerson Roy West [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1968], p. 74).

Maging ang huling bahagi ng buhay ay hindi madali para kay Pangulong Smith. Sa panahon ng kanyang pagkapangulo maraming tumututol sa Simbahan. Ang partido politikal sa Utah na laban sa Mormon, sa pamamagitan ng paggamit ng isang lokal na pahayagan, ay nagkalat sa buong bansa ng kaisipang si Pangulong Joseph F. Smith ay isang taong dapat na itakwil. Ipinagwalang-bahala niya ang panlalait ng kanyang mga kaaway nang walang pagganti. Sinabi niyang kung napagtiisan ni Propetang Joseph Smith ang pang-aaping pinagdusahan niya, at kung ang Tagapagligtas ay nakapagtiis at nagdusa nang tahimik, magagawa rin niya. Alam niyang magtatagumpay din ang katotohanan balang araw. Ang pananampalataya niya ang nagbigay sa kanya ng kagitingan. Sa lahat ng panahong ito patuloy ang paglago ng Simbahan. Hindi ito mapigilan ni Satanas at ng kanyang mga tagapaglingkod. Ang mga Banal sa Huling-araw ay nagmahal, nagparangal, at gumalang sa dakilang taong ito ng kagitingan. Maging ang marami sa kanyang mga kaaway ay nagparangal sa kanya bago siya namatay.

Talakayan sa banal na kasulatan

"Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katuwiran; sapagkat kanila ang kaharian ng langit" (Mateo 5:10).

Kailangan ang dakilang kagitingan upang mapaglabanan ang mga tukso at pagpapahirap sa buhay. Sa pamamagitan ng pananampalataya magagawa rin natin ang ginawa ni Pangulong Joseph F. Smith.

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng patotoo sa katotohanan na ang pananampalataya ay nagbibigay ng kagitingan sa pagharap ng mga suliranin sa buhay. Hamunin ang mga kasapi ng klase na ipamalas ang kagitingan sa kanilang sariling buhay.

Aralin
21

# Joseph F. Smith: Pagtubos sa Mga Patay

**LAYUNIN**

Sa pamamagitan ng pag-unawa sa Doktrina at Mga Tipan 138 sa kabuuan ng pagiging banal na kasulatan nito, malalaman ng mga kasapi ng klase na ang pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang pinakadakila sa mga biyaya.

**PAGHAHANDA**

1. Maghandang ipakita ang mga sumusunod na larawan:
   a. Joseph F. Smith (tingnan sa bahaging may kulay).
   b. Isang punongkahoy sa loob ng gubat (tingnan sa hulihan ng aralin 13) at ang larawan ng gubat (sa araling ito).
   c. Isang misyonero (kung nanaisin).
2. Kopyahin ang bigay-sipi ng paunang pagsubok [tingnan sa hulihan ng aralin] para sa bawat kasapi ng klase; maghanda rin ng mga lapis (tingnan sa hulihan ng aralin).
3. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging Joseph F. Smith.

Paalala: Sapagkat marami ang malamang na hindi madaling makaunawa sa alituntunin ng pagtubos sa mga patay, iminumungkahing magturo ka nang hindi pormal sa pamamagitan ng maraming talakayan sa klase. Mahalagang ituro ang aralin na kaagapay ang Espiritu upang maramdaman ng klase ang iyong patotoo.

Tiyakin na alam ng bawat isa ang kahulugan ng *pagtubos*. (Pagpapalaya sa pagkabilanggo sa pamamagitan ng pagbabayad ng pantubos.)

Sapagkat lumabag sina Adan at Eba, tayong lahat ay kailangang mamatay, subalit nag-alok si Jesus na tubusin tayo o bayaran ang ating mga pagkakasala. Nagdusa at namatay siya para sa atin upang tayo ay mabuhay muli. Binayaran ni Jesus ang halaga para sa atin. Iyan ang pagtubos. Siya ang ating Manunubos.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Paunang Pagsusulit

Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagbibigay sa bawat kasapi ng klase ng sipi ng paunang pagsubok [sa hulihan ng aralin] at lapis. Atasan ang klase na sagutin ng tama o mali ang bawat pangungusap. Sabihin sa kanila na sila ang magtsek ng kanilang sariling paunang pagsubok pagkaraan ng aralin.

Mga larawan at talakayan

- Maaaring may narinig na kayong nagsabing, “Hindi niya makita ang kagubatan dahil sa mga kahoy?” Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pangungusap na iyan? (Malimit nating nakikita ang mga punongkahoy lamang sa ating paligid—kung ano ang malapit sa atin—[ipakita ang larawan ng punongkahoy na kinunan nang malapit]. Tila ang malapit lamang sa atin ang mahalaga, at hindi natin nakikita ang kabuuan ng larawan. [Ipakita ang larawan ng kagubatan.])
- Sa kuwento ni Haring Arthur, bakit ginawa ng salamangkerong si Merlin ang batang si Arthur na isang lawin upang makalipad nang mataas sa ibabaw ng lupa? (Upang bigyan si Arthur ng higit na malawak na pananaw sa daigdig at turuan siya na walang hangganan sa pagitan ng mga kaharian. Bago iyon, mga kahoy lamang ang kanyang nakikita, ang makitid na pananaw. Kung hindi alam ng mga kasapi ng klase ang kuwento ni Haring Arthur gamitin sa kanila ang pananaw ng mga *astronaut* o ang pananaw ng isang taong nasa ituktok ng bundok.)

- Ano ang ilan sa mga “punongkahoy” ninyo, mga bagay na malapit sa inyo na sa palagay ninyo ngayon ay mahalaga? (Maaaring banggitin nila ang pagiging magaling sa palakasan, pananalo sa mga laro, pagiging sikat, pagiging nasa uso, atbp.)
- Kung makikita ninyo ang inyong buong buhay hanggang sa kawalang-hanggan, gaano kahalaga ang mga “punongkahoy” na ito? (Maaaring iba-iba ang sagot. Ipaliwanag na karamihan ay hindi magiging mahalaga.)
- Bakit sa palagay ninyo ipinakita ng Panginoon sa ilan sa kanyang mga propeta, tulad nina Abraham at Moises, ang mga pangitain ng daigdig mula sa simula hanggang sa katapusan? (Tingnan sa Moises 1:27–39 at Abraham 3.)

Itinuturo ng Panginoon na ang pangkalahatang larawan ay higit kaysa anumang nakikita ng isang tao sa kasalukuyan. Mapalad tayo na mayroon tayong mga propeta na pinagpakitaan o pinagsabihan ng higit na mahalagang larawan.

---

**Ang Mga Banal sa Huling-araw ay Hindi Dapat Matakot sa Kamatayan**

Mga palaisipang tanong at sipi

- Ikinababahala o ikinalulungkot ba ninyong malaman na balang araw ay mamamatay kayo? Pag-isipan ninyo ang tanong na iyan, pagkatapos ay makinig nang mabuti sa sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith:

Sinabi ni Pangulong Smith, “Nagagalak ako na ako ay isinilang upang mabuhay, mamatay, at mabuhay muli. Nagpapasalamat ako sa Diyos sa kaalamang ito. Binibigyan ako nito ng kasiyahan at katiwasayan na hindi maibibigay, o maiaalis ng daigdig. . . . Wala akong dahilan upang magluksa, maging sa kamatayan. Totoo, tunay na mahina ako sa pagluha sa pagkamatay ng aking mga kaibigan at kamag-anak . . . subalit wala akong dahilan upang magluksa, o maging malungkot sapagkat dumarating ang kamatayan sa daigdig. . . . Ang lahat ng takot tungkol sa [buhay na ito lamang] kamatayang ito ay naalis na sa mga Banal sa Huling-araw” (*Gospel Doctrine,* ika-5 limbag [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1939], p. 428).

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawan ng isang misyonero.

- Mayroon ba sa inyong mag-anak o malapit na kakilala ang nagmisyon? Mayroon bang umiyak noong umalis sila? Bakit? Nagluksa ba sila? (Ang maaaring sagot ay: Umiyak sila, subalit hindi sila nagluksa. Alam nilang hahanap-hanapin nila ang pakikihalubilo sa kanila, subalit alam nilang pansamantalang paghihiwalay lamang iyon.)
- Anong uri ng muling pagsasama ang naganap o magaganap pagbalik ng misyonero? (Puno ng kagalakan, maligaya, kapuri-puri.)

Inihambing ni Pangulong Smith ang kamatayan sa pagbabalik mula sa misyon (tingnan sa *Gospel Doctrine,* p. 440). Tinanggap ng misyonero ang tawag ng pagmimisyon, ginampanan ang layunin ng kanyang misyon, at pagkatapos ay umuwi. Tayong lahat ay tinawag sa misyon upang pumarito sa lupa. Pumarito tayo at ginagampanan natin ang layunin ng ating misyon, at balang araw ay babalik tayo sa tahanan natin sa langit para sa puno ng kagalakang muling pagsasama kung namuhay tayo ayon sa kautusan ng ating Ama sa Langit.

---

**Ang Mga Banal sa Huling-araw ay Tinuturuan ng Higit na Malaking Larawan ng Buhay Kaysa sa Iba**

Talakayan

- May kilala ba kayong tao na namatay na nais ninyong dalawin, tulad ng isang kamag-anak o isang kaibigan? Isang tao na nais ninyong makilala, tulad ng isang ninuno o isang tao sa kasaysayan? Isang bayani? (Maaaring banggitin ng guro ang isang tao na nais niyang dalawin at sabihin kung bakit magiging makahulugan ang pagdalaw na iyon.)
- Bakit tayo naniniwala bilang mga Banal sa Huling-araw na magkakaroon tayo ng pagkakataon na makahalubilo ang mga mahal natin sa buhay pagkatapos ng kamatayan? Saan natin kinuha ang paniniwalang ito, ang pag-asang ito?

Pamunuan ang klase sa mga sumusunod na banal na kasulatan: Moises 5:9–10; Ezekiel 37:5–6, 12, 14; Daniel 12:2; Job 19:25–26. Bigyang-diin na nakita ng bawat isa sa mga propetang ito sa Lumang Tipan ang panahon ng dakilang pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan.

Maraming propeta sa Aklat ni Mormon ang nakakita rin sa pagkabuhay na mag-uli: Alma 11:40–45.

Talakayan

- Ano ang katibayang mayroon tayo na ang mga hula mula sa bawat banal na kasulatang ito ay natupad na? (Maaaring iba-iba ang sagot. Tiyakin na ang mga sumusunod na katibayan ay mabanggit.)

**Mga Patotoong Iniulat ng Mga Manunulat sa Bagong Tipan at Aklat ni Mormon.** Mateo 27:52–53, 3 Nefias 11:14–15.

**Mga Patotoo sa Huling-araw.** Sa ating panahon, sina Joseph Smith, Jr., Oliver Cowdery at Sidney Rigdon ay nagbigay ng patotoo lahat na nakita nila ang Panginoong Jesus—na siya rin ang ipinako sa krus sa Jerusalem—at ipinakita niya ang kanyang sarili sa kanila. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 76:14, 20 at 110:2.)

---

### Pag-unawa sa ating Pansamantalang Pagtigil Patungo sa Kawalang-hanggan

Talakayan

Sa puntong ito iwasto ang paunang pagsubok na tama o mali. Sa sumusunod na talaan, ang mga maling bagay sa paunang pagsubok ay naitama na. Talakayin ang mga sumusunod na banal na kasulatan:

1. Nabuhay na tayo bago pumunta sa lupa. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 49:17.)
2. Bago isinilang, tayo ay mga espiritu. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 138:56)
3. Sa pagsilang tumanggap tayo ng katawan na mamamatay. (Tingnan sa Moises 6:59.)
4. Sa kamatayan, maghihiwalay ang katawan at espiritu. Maaagnas ang katawan at ang espiritu ay pupunta sa daigdig ng mga espiritu. (Alma 40:21)
5. Sa daigdig ng espiritu ay mayroong paunang paghuhukom. Ang mga matuwid ay mapupunta sa paraiso at ang mga masasama ay mapupunta sa kulungan ng mga espiritu. (Alma 40:12, 14; Doktrina at Mga Tipan 138:20–22.)
6. Sa simula ng milenyo ang mga matuwid ay mabubuhay na mag-uli, at ang kanilang mga espiritu at katawan ay magsasamang muli at hindi na kailanman maghihiwalay. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 88:96–101.)
7. Ang mga tumanggap ng mga katawang may kamatayan, na naging masama, at pagkatapos ay namatay ay mabubuhay na mag-uli sa wakas ng milenyo, upang mabigyan sila ng pagkakataong mag-isip sa kanilang mga nagawang kasalanan at magsisi kung pipiliin nila. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 88:101.)

Kung ang lahat ay mabubuhay na mag-uli, ano ang mapapala sa pagtupad sa mga kautusan? (Ang mga tumutupad sa mga kautusan ay magmamana ng buhay na walang-hanggan at kadakilaan; tingnan sa Abraham 3:26.)

---

### Ang Pangitain ni Pangulong Joseph F. Smith Tungkol sa Pagtubos sa Mga Patay

Ipinatotoo ni Pangulong Joseph F. Smith na kahit na wala ang mga patotoo ng iba o kahit na ang mga banal na kasulatan o anumang sinulat na aklat na siya ay "tumanggap ng saksi ng Espiritu sa aking sariling puso, at pinatototohanan ko sa harap ng Diyos, mga anghel at tao, nang walang takot sa maaaring mangyari, na alam ko na buhay ang aking Manunubos, at makikita ko siya nang harapan, at tatayong aking nabuhay na mag-uling katawan sa daigdig na ito, kung ako ay tapat; dahil ipinahayag ito sa akin ng Diyos. Tinanggap ko ang patotoo, at ibinibigay ko ang aking patotoo, at ang patotoo ko ay totoo" (*Gospel Doctrine,* p. 447).

Kung babasahin natin ang Doktrina at Mga Tipan 138, malalaman natin kung saan niya nakuha ang matibay na paniniwala sa kaalamang iyon. Ito ang ulat ng naging pangitain ng propetang ito kaugnay sa pagtubos sa mga patay. Habang nagbabasa siya ng banal na kasulatan at nag-iisip ng tungkol sa paksang ito, tunay siyang nag-aalala tungkol sa ulat ni Pedro sa pagtuturo ni Jesus sa mga espiritu sa kulungan at pagbanggit sa mga masuwayin na namatay noong kapanahunan ni Noe at ng malaking baha. Binasa niya, "Dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang ebanghelyo, upang sila ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwa't mangabuhay sa espiritu ayon sa Diyos" (1 Pedro 4:6).

Ikinuwento ni Pangulong Smith ang pangitaing iyon: "Habang nagbubulay-bulay ako ng mga bagay na ito na nakasulat, nabuksan ang mga mata ng aking pang-unawa, at ang Espiritu ng Panginoon ay napasa akin, at nakita ko ang mga hukbo ng mga patay, kapwa maliit at dakila. At nag-ipun-ipon sa iisang lugar ang hindi mabilang na pangkat ng mga espiritu ng mga matuwid, na naging tapat sa patotoo ni Jesus habang sila ay nabubuhay sa lupa. . . . Nakita ko na punung-puno sila ng tuwa at kagalakan, at magkakasamang nagsaya dahil ang araw ng kanilang kaligtasan ay dumating na. At sila ay sama-samang naghintay sa pagdating ng Anak ng Diyos sa daigdig ng mga espiritu, upang ipahayag ang kanilang katubusan mula sa mga gapos ng kamatayan. . . . Ang espiritu at ang katawan [ay] papagsasamahin upang hindi na kailanman muling maghiwalay, upang sila ay makatanggap nang ganap na kagalakan" (Doktrina at Mga Tipan 138:11–12, 15–17).

Bago ang pangitain, pinag-iisipan nang mabuti ni Pangulong Smith ang tanong, paanong napunta mismo si Jesus sa masasamang espiritu at nagturo sa kanila nang tuwiran kung siya ay nasa libingan lamang ng tatlong araw? Ipinakita ng pangitaing ito sa kanya na ang Tagapagligtas ay hindi mismo nagtungo, kundi binuo niya ang mga matapat na tao niya upang pumunta at magturo.

- Paano itinuturo ni Cristo ang kanyang ebanghelyo sa atin sa lupa? Dadalawin ba niya mismo nang isa-isa ang mga tao o magtuturo sa mga kongregasyon o grupo? (Hindi. Nakikipag-usap siya sa kanyang mga propeta, binibigyan sila ng kapangyarihan at karapatan, at sila ay nagpapakatawan at nagtatatag.)

Tinuturuan tayo ng isang tao na tinawag, at ganoon din ang mga tao sa kulungan ng espiritu. Nakapupukaw pansin na kabilang sa mga nakita ni Pangulong Smith sa "malaking kongregasyon" na binanggit niya ay sina Amang Adan, Inang Eba, at marami sa mga dakilang propeta mula sa ilang mga dispensasyon, at, sinabi niya, "lahat sila at marami pa, maging ang mga propetang nanirahan sa kalipunan ng mga Nefita" (Doktrina at Mga Tipan 138:49).

---

### Ano ang Bahagi Natin sa Pagtubos sa Mga Patay?

Ang mga matuwid na espiritu na sumakabilang buhay na ay abalang nagtuturo sa mga naroon sa kulungan ng espiritu. Tayong nasa lupa ang kailangang magsagawa ng mga mahalagang ordenansa sa lupa para sa kanila—pagbibinyag at mga ordenansa sa templo kasunod ng pagsasaliksik ng kasaysayan ng mag-anak. Makatutulong tayo sa pagliligtas sa ating mga patay, subalit kailangan din nating iligtas ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pagsunod.

Isipin natin nang masinsinan ang layunin ng ating buhay sa lupa; tumanggap tayo ng katawan, dumadaan sa panahon ng pagsubok, at pagkatapos ay pinaninibago at pinalalakas ang ating pananampalataya. Nagiging handa tayong gumawa ng anumang pagpapakasakit na kailangan upang makamit ang ating layunin. Katulad ng sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith, "May matamis na kaaliwan sa kaalamang ito [sa pagkabuhay na mag-uli], at sa kaisipan na sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa at alituntunin ng ebanghelyo, . . . ang mga tao ay ipanganganak na muli, matutubos mula sa kasalanan, babangon mula sa libingan, at tulad ni Jesus babalik sa piling ng Ama. Ang kamatayan ay hindi katapusan" (*Gospel Doctrine,* p. 447–48).

---

### Patotoo at Hamon

Hamunin ang klase na intindihin na yamang alam na natin ang plano ng buhay, dapat tayong mabuhay na nakatuon ang ating paningin sa kabuuan ng kagubatan at hindi lamang sa mga kahoy. Kailangang panatilihin natin ang ating mga walang-hanggang layunin na malinaw sa ating isipan at gawin ang lahat ng ating makakaya upang maabot ang mga layuning iyon.

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 2 (51 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 3 (4 na minuto, 52 segundo), ng patotoo ni Joseph F. Smith.

Mga Sagot sa Paunang Pagsusulit

1. T  2. M  3. T  4. T  5. T  6. M  7. M

# PAUNANG PAGSUSULIT

Sagutin ng tama (T) o mali (M) ang bawat sumusunod na pangungusap.

_______ 1. Nabuhay na ang ating espiritu bago tayo ipinanganak sa lupa.

_______ 2. Bago isinilang mayroon tayong mga katawan ng laman at buto na katulad ngayon.

_______ 3. Sa pagsilang tumanggap tayo ng pisikal na katawan na maaaring mamatay.

_______ 4. Sa kamatayan maghihiwalay ang katawan at espiritu. Naaagnas ang katawan at ang espiritu ay pumupunta sa daigdig ng espiritu.

_______ 5. Sa daigdig ng espiritu ay may paunang paghuhukom. Ang mga matuwid ay mapupunta sa paraiso at ang mga masasama ay mapupunta sa kulungan ng mga espiritu.

_______ 6. Sa katapusan ng milenyo ang mga matuwid lamang ang mabubuhay na mag-uli at magkakasama muli ang kanilang katawan at espiritu, at hindi na muli pang maghihiwalay.

_______ 7. Ang mga tumanggap ng kanilang katawang may-kamatayan, na masasama, at pagkatapos ay namatay ay hindi na mabubuhay pang mag-uli.



Aralin 22

# Heber J. Grant—Taong May Matibay na Hangarin

**Isinilang:** 22 Nobyembre 1856 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1918–1945

**LAYUNIN**

Makikilala ng mga kasapi ng klase ang pananampalataya, at ang mithiin at ang hangarin na magtagumpay na nagpapakilala sa buhay ni Pangulong Heber J. Grant, at sisimulan nilang gawing bahagi ng kanilang buhay ang mga katangiang ito.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Aklat ni Mormon.
2. Hanapin ang larawan ni Heber J. Grant sa araling ito.
3. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipakita ang bahaging "Heber J. Grant."
4. Kung maaari, dalhin ang sumusunod sa klase upang ipakita sa mesa: isang beysbol, gora sa beysbol, pamalo sa beysbol, isang pluma, at isang himnaryo.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Noong si Heber J. Grant ay siyam na araw na gulang pa lamang, ang kanyang ama, si Jedediah M. Grant (isang kasapi ng Unang Panguluhan), ay namatay, at naiwan ang mahinang sanggol at ang balong ina sa halos pulubing katayuan pagkatapos ng maikling panahon. Marami ang nakadama na hindi mabubuhay ang mahinang sanggol—at hindi sana talaga nabuhay, kung hindi niya natanggap ang pinakamabuting pag-aaruga ng kanyang ina.

Noong hindi na talaga kaya ng mga balo ni Jedediah na [bayaran ang kanilang utang o gugulin sa buhay] ang magandang bahay at ari-arian sa Main Street sa Lungsod ng Salt Lake at ang pera ay pinaghati-hatian ng mga tagapagmana na Grant. Tumanggap ang nanay ni Heber ng limang daang dolyar. Sa pamamagitan ng perang ito ay bumili siya ng maliit na bahay at tumulong na tustusan ang sarili at si Heber sa pamamagitan ng pananahi para sa iba.

Natutuhan ni Heber mula sa kanyang ina na bibiyayaan sila ng Panginoon kung mayroon silang pananampalataya, nagsumikap, at sinunod ang mga kautusan. Bilang bata dumanas siya ng mga panahon ng kakapusan. "May mga maingay na gabi na walang apoy at kakaunting pagkain na nagpapahintulot lamang ng ilang librang mantekilya at asukal para sa buong taon. Isang Pasko ay napaiyak [si Rachel Grant] sapagkat kulang siya ng sampung sentimo upang ibili ng isang kendi bilang pamasko kay [Heber]" (Ronald W. Walker, "Heber J. Grant," sa *Presidents of the Church,* limbag ni Leonard J. Arrington [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1986], p. 218).

Minsan habang umuulan nang malakas, mga anim na timba ang nasa sahig na pansahod sa tubig na tumutulo mula sa bubong ng maliit at maralitang tahanan. Dumating si Obispo Edwin D. Woolley (ang lolo ni Pangulong Spencer W. Kimball) at nag-alok siyang kukuha ng pera mula sa handog-ayuno at papalitan ng bago ang bubong ng bahay. Tumanggi si balong Grant, na sinasabing makararaos siya hanggang sa magbinata ang anak at siya na ang magtatayo ng bagong bahay para sa kanya.

Sa kabila ng mga kahirapang ito ay lagi silang gumagawa ng ikalulugod ng ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng pamamahala nila sa kanilang buhay at pamumuhay ng ebanghelyo.

Ang pananampalataya ng inang ito at ng kanyang anak, sa panahon ng mga paghihirap na ito, ang gumawa ng matibay na hangarin na naging bahagi ng kanilang pagkatao. Tumanggap ang nanay ni Heber ng mga mangangasera upang makatulong na maglaan ng mga pangangailangan niya at ng kanyang anak. Natutong magsumikap magtrabaho si Heber at hindi niya kailanman ginamit ang kalagayan nila bilang katuwiran upang dumaing. Nang lumaon ay nagtagumpay si Heber na ipagpatayo ang kanyang ina ng isang maganda at maginhawang bahay, at inanyayahan si Obispo Woolley na ialay ito pagkatapos.

Nagbigay ang karanasang ito ng dakilang pagpapasalamat at katuparan na umunlad para sa batang si Heber J. Grant.

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at sabay-sabay na pag-aralan ang 1 Nefias 7:12. (Maisasakatuparan natin ang lahat ng bagay ayon sa kagustuhan ng Panginoon, kung magpapakita tayo ng pananampalataya.)

- Paanong nakapagpapalakas ng katauhan ng isang tao ang pagkakaroon ng pananampalataya? (Nagsisimula tayong manalig sa Panginoon kung may pananampalataya tayo. Ang ating napaunlad na pananampalataya ay tumutulong sa atin na sundin ang mga kautusan at habang sinusunod natin ang mga kautusan at ginagawa ang mga bagay na nais ng Panginoon na gawin natin, hinuhubog natin ang ating pagkatao.)

Talakayan

- Ano ang mga bagay sa inyong buhay na nangangailangan ng pananampalataya? Hinuhubog ba ng mga ito ang inyong pagkatao? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot.)

---

**Ang Mithiin at Pagpupunyagi ay Maaaring Magbunsod sa Isang Tao Tungo sa Mga Dakilang Gawain**

Larawan

Ipakita ang larawan ni Heber J. Grant mula sa aralin.

Ang sumusunod na tatlong halimbawa mula sa buhay ni Heber J. Grant ay nagpapakita ng dakila niyang mithiin at pagpupunyaging magtagumpay. (Habang binabasa at pinag-aaralan ninyo ang mga ito, gamitin ang mga larawang pantulong na ipinakikita sa mesa upang tumulong na gawing higit na makahulugan ang mga kuwento. Halimbawa, hilingin sa ilan sa mga kasapi ng klase na subukin nilang gumamit ng pluma sa paggawa ng "uring sertipiko" na pagkakatitik o ipakanta sa ilan ang isang himno nang walang saliw.)

Halimbawa 1

Basahin at talakayin ang sumusunod:

Sinabi ni Heber, " 'Sapagkat nag-iisa akong anak, maingat-na-maingat akong pinalaki ng aking ina. Kaya ang nangyari, lumaki ako na halos nasa ilalim ng mga alituntunin ng isang tanim na maingat na pinalaki sa sinupil na kapaligiran, isang paglaki na matagal at mahaba subalit hindi sapat. Natuto akong magwalis at maghugas at magpunas ng mga pinggan subalit bibihira akong maghagis ng bato at makapagbabad sa mga gawain na nakahihiligan ng mga kabataang lalaki, na nagpalaki sa kanilang pangangatawan. Kaya, nang sumali ako sa samahan ng beysbol ang mga lalaking ka-edad ko at matanda sa akin ay naglaro sa unang siyam [na manlalaro], ang mga higit na nakababata sa akin ay naglaro sa pangalawa, at ang mga higit na bata pa, ay sa pangatlo, at naglaro akong kasama nila. Ang isa sa mga dahilan nito ay hindi ko maihagis ang bola mula sa isang beys hanggang sa isang beys, at ang isa pang dahilan ay kulang ako ng lakas upang tumakbo o pumalo ng bola. Kapag pinulot ko ang bola, kalimitang isinisigaw ng mga batang lalaki, "Ihagis mo rito, lampa!" Naalala ko na marami ang katuwaan ng aking mga kasamahan sa akin kaya taimtim kong ipinangako na maglalaro ako ng beysbol sa siyaman [pangkat] na mananalo ng kampeonato sa teritoryo ng Utah. . . . Naglinis ako . . . ng mga bota hanggang sa nakaipon ako ng isang dolyar na ibinili ko ng beysbol at maraming oras ang aking ginugol sa paghahagis ng bola sa kamalig ni Obispo Edwin D. Woolley, na dahilan ng pagtawag niya sa akin na pinakatamad na batang lalaki sa Panlabintatlong Purok (Thirteenth Ward). Malimit na sumasakit ang aking bisig na halos hindi ako makatulog sa gabi, subalit ipinagpatuloy ko pa rin ang pagsasanay hanggang sa nagtagumpay ako na malipat sa pangalawang siyam ng aming samahan. Pagkatapos, sumapi ako sa higit na magandang samahan at sa dakong huli ay naglaro na akong kasama ng siyam na nanalo ng kampeonato sa California, Colorado, at Wyoming, at sa gayon ay natupad din ang pangako ko sa sarili at nagretiro sa larangan ng beysbol' " (Bryant S. Hinckley, *Heber J. Grant* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1951], p. 37–38).

Halimbawa 2

" 'Ang nanay ko,' " sabi ni Heber, " 'ay nagsikap na turuan akong [kumanta], noong [ako ay] maliit na bata pa, subalit nabigo siya dahil sa kawalan ko ng tono. Sumali ako sa isang klase sa pagkanta na tinuturuan ni Propesor Charles J. Thomas, na nagsumikap nang walang kabuluhan na turuan ako . . . at sa wakas ay sumuko siya na bigo. Sinabi niyang hindi ako kailanman, sa daigdig na ito, matututong kumanta . . . [maaaring] matututuhan ko ang banal na sining na ito sa ibang daigdig. . . . [Pagkatapos ay sinabi sa akin ng isang kaibigan] na ang sinumang tao ay matututong kumanta na may maganda-gandang tinig, at mayroong pagsusumikap, at handang magsanay nang magsanay' " (Hinckley, *Heber J. Grant*, p. 470). Natuto rin sa huli si Pangulong Grant na kumanta dahil nagsanay siya nang nagsanay.

Nang maglaon, sinabi niya, habang dumadalaw sa mga istaka sa Arizona na kasama sina Elder Rudger Clawson at J. Golden Kimball, "Tinanong ko [sila] kung may tutol sila sa aking pagkanta ng isang daang himno sa araw na iyon. Tinanggap nila ito bilang biro at tiniyak nila sa akin na ikasasaya nila. Pabalik na kami [lulan ng isang kalesa] mula Holbrook patungong St. Johns, may layong mga animnapung milya. Pagkatapos kong kumanta ng mga apatnapung ulit, tiniyak nila sa akin na kung kakantahin ko pa ang nalalabing animnapu magkakaroon sila [ng] nerbiyos. Hindi ko pinansin ang kanilang pagsusumamo kundi nagpatuloy ako sa kasunduan at kinanta ko ang buong isang daang [kanta]" (Hinckley, *Heber J. Grant,* p. 47).

Ang pagkawili ni Heber J. Grant sa musika ay hindi lamang nanatili sa kanyang sarili. Tinulungan niya ang mga mahilig sa musika at hinimok niya ang mga pagsasahimpapawid kung Linggo ng Koro ng Tabernakulo (Tabernacle Choir). Siya mismo ang nagtaguyod sa koro "sa ilang mga paglalakbay sa California at Chicago at pinahintulutan ang [pagbubuo ng] Lupon sa Musika ng Simbahan (Church Music Committee)" (Hinckley, *Heber J. Grant,* p. 41).

Halimbawa 3

Bilang isang bata, hinangad ni Heber ang maging taga-ingat ng aklat ng mga kuwenta sa bangko ng *Wells Fargo and Company* sapagkat nalaman niyang magbabayad ito ng higit pa sa paglilinis ng sapatos. Alam niyang kailangang pagbutihin pa niya ang kanyang pagsusulat, gayunman, upang mapasakanya ang gawaing iyon. "Sa simula, pangit ang kanyang sulat na noong tinitingnan ito ng dalawa sa kanyang mga kaibigan, sinabi ng isa sa isa, 'Tila kinahig ng manok ang sulat na iyan.' 'Hindi,' ang sabi ng isa, 'mukhang tinamaan ng kidlat ang bote ng tinta.' [Ang mga punang ito] ang sumagi sa kanyang pagpapahalaga sa sarili" (Hinckley, *Heber J. Grant*, p. 40). Nagpasiya siyang magsanay hanggang sa makapagsulat nang higit na maganda kaysa sa kanyang dalawang kaibigan. Sinabi niya nang maglaon na isang bunton ng papel ang ginamit niya sa pagsasanay na magsulat.

Pagkatapos, dahil sa napa-unlad niyang talino, natawag siya upang gumawa ng mga "tarheta ng pagbati, tarheta ng kasalan, polisiya ng seguro, sertipiko ng paninda, at mga legal na dokumento" (Hinckley, *Heber J. Grant*, p. 40). Noong kanyang kapanahunan isinusulat sa kamay ang mga bagay na ito at hindi nililimbag. Inalok pa siya ng mataas na suweldo upang pumunta sa San Francisco bilang isang tagasulat, subalit tumanggi siya. "Nang bandang huli ay [nagturo] siya ng pagsusulat at pag-iingat ng aklat ng mga kuwenta sa Pamantasan ng Deseret [Pamantasan ng Utah]" (Hinckley, *Heber J. Grant,* p. 40).

Talakayan sa banal na kasulatan

Sinabi ng Panginoon sa Doktrina at Mga Tipan 6:8: "Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, alinsunod sa anumang ninanais mo sa akin ito ay mapapasaiyo; at kung iyong nanaisin, ikaw ang magiging daan upang magawa ang maraming kabutihan."

- Mabisa bang mga kagamitan ang mithiin at pagpupunyagi? (Oo! At kung tayo ay may mga matuwid na mithiin at pagpupunyagi sa ating mga layunin, ipinangako ng Panginoon na tayo ay "magiging paraan ng paggawa nang higit na mabuti.")
- Paano ninyo, bilang kabataan, ginagamit ang mithiin at pagpupunyagi bilang mga kagamitan na magsakatuparan sa mga dakilang gawain?

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 3 (1 minuto, 10 segundo) o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 4 (4 na minuto, 15 segundo), ng patotoo ni Heber J. Grant. Kung wala ni isa, basahin ang sumusunod na patotoo na ibinigay ni Heber J. Grant.

" 'Nais kong ibahagi ang aking patotoo sa inyo . . . na alam ko na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, ang Walang-hanggang Ama. Alam kong si Joseph Smith ay isang Propeta ng Diyos, at nawa ay tulungan tayo ng Diyos na mabuhay, upang ang iba, sa pamamagitan ng magaganda nating gawain, ay magsasaliksik tungkol sa plano ng buhay at kaligtasan, hinihiling ko ito sa pangalan ni Jesucristo, Siya nawa' " (Preston Nibley, *The Presidents of the Church* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1941], p. 257–58).

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na gawin nilang bahagi ng kanilang buhay ang mga katangian ng pananampalataya, mithiin at pagpupunyagi. Talakayin sa kanila ang mga paraan upang magawa nila ito.



# Heber J. Grant: Tagumpay sa Pamamagitan ng Pagtitiwala sa Panginoon

Aralin 23

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kasapi ng klase na ang pagtitiwala sa Tagapagligtas ay nagbibigay ng mga biyaya.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Aklat ni Mormon at Doktrina at Mga Tipan.
2. Maghandang ipakita ang larawan ni Heber J. Grant na kasama sa aralin.
3. Maghanda ng paskil na nagsasabi: Itutuloy ang Kuwento.
4. Kumuha ng musika para sa isahang pag-awit.
5. Ihanda ang paskil ng sumusunod: "Sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon gagawin ko ang lahat ng aking makakaya, at . . . sa pamamagitan ng Kanyang tulong wala akong takot subalit mapakikibagayan ko ang anuman." Heber J. Grant.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

- Ano ang ibig sabihin ng *magtiwala* sa isang tao o bagay? (Ang ibig sabihin nito ay manalig, umasa, maniwala, sumandal, sumunod, magtapat, o tumingala.)

Larawan

Ipakita ang larawan ni Heber J. Grant sa aralin.

Bagama't hindi madali ang buhay ni Heber J. Grant, siya ay lubhang pinagpala at sa pamamagitan ng pananampalataya, pagpupunyagi, at mithiin ay napagtagumpayan niya ang maraming hamon. Nagtamo siya ng maraming tagumpay subalit bihira, kung mayroon man, ang mga pagkakataon na inangkin niya ang karangalan sa kanyang sarili sa mga tagumpay na iyon. At kilala siya bilang nagsabi na sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon magagawa niya ang lahat at makakapamuhay nang maayos sa buhay na ito.

**Pinagpapala ng Tagapagligtas ang Ating Buhay Kung Babaling Tayo sa Kanya Nang May Pagpapakumbaba**

Halimbawa

"Noong taglagas ng 1880, mga ilang araw bago sumapit ang ika-24 na kaarawan [ni Heber J. Grant], siya ay [tinawag] ni Pangulong John Taylor upang mamuno sa Istaka ng Tooele. . . . Ang pagkakahirang na ito ay nakabigla sa [kanya], subalit hindi siya dumaing tungkol sa pagtanggap nito [nakatira siya sa Lungsod ng Salt Lake, mahigit na tatlumpung milya ang layo mula sa Tooele]" (Preston Nibley, *The Presidents of the Church* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1941], p. 280). Nakadama ng kakulangan sa sarili si Heber J. Grant at wala siyang alam sa mga tungkulin na hihilingin sa kanya. Gayunman, tinanggap niya ang tungkulin at ginampanan niya nang napakaayos.

Naalala ni Pangulong Grant, " 'Bilang batang lalaki, na walang karanasan, na hindi pa kailanman nakapagtatalumpati sa madla sa buong buhay ko, gaano man katagal, ni sampung minuto man lamang, natawag akong mamuno sa istaka ng Sion. Naaalala kong itinuturo at sinasabi ang lahat na maisip ko, at ang ilan sa mga ito ay higit sa dalawang ulit, at [ako] ay naubusan ng sasabihin sa loob ng pitong minuto at kalahati sa orasan. . . .

" 'Nang sumunod na Linggo ay hindi ako bumuti. Naubusan ako ng sasabihin sa loob ng anim o pitong minuto. Nang sumunod na Linggo ganoon din ang nangyari. Nang

sumunod na Linggo ay nagsama ako ng dalawang [kapatid na lalaki na magaling na tagapagsalita] at nagtungo kami sa timog na dulo ng bayan ng Tooele, ang pinakamalayong pamahayan, patungo sa maliit na bayan ng Vernon [mga animnapung milya ang layo mula sa Lungsod ng Salt Lake]. . . .  May maliit na bahay-pulungang gawa sa kahoy, at, habang naglalakad ako patungo sa pagpupulong na kasama si . . . John C. Sharp, na siya noong obispo sa purok ng Vernon, iginala ko ang aking paningin at sinabi: "Bakit Obispo, wala yatang dumarating sa pulong."

" ' "O," ang sabi niya, "Sa palagay ko'y may daratnan tayo roon." . . .  Hindi matanaw ang bahay-pulungan. Nang makarating kami sa ituktok ng burol, nakita ko ang ilang bagon sa paligid ng bahay-pulungan, subalit wala akong nakita ni isang kaluluwa na pumupunta sa pulong. "Buweno," sabi ko, "may ilang mga bagon doon, subalit wala akong nakikitang pumupunta sa pulong." Ang sabi niya: "Sa palagay ko'y may daratnan tayo sa loob ng bahay-pulungan." Pumasok kami sa bahay-pulungan dalawang minuto bago mag-ika 2, at ang bahay ay puno, lahat ng mga upuan ay may laman, at kami ang huling pumasok. Noong eksaktong ika-2, sinimulan namin ang pulong. . . . [Nang dumating na ang sandali ng pagsasalita], tumayo ako upang ibigay ang maikli kong pananalita ng mga lima, mga anim o mga pitong minuto. . . . ' " (Preston Nibley, *The Presidents of the Church* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1977], p. 224–25).

Paskil — Ipakita ang paskil: Itutuloy ang Kuwento.

---

**Ikaw ay Nahilingan**

Gawain — Magpatuloy sa gawain ng klase na, "Ikaw ay Nahilingan." Bigyan ang isang kasapi ng klase ng musika para sa isahang pag-awit. Hilingin sa tao na kantahin ang awitin nang hindi nagsasanay.

Talakayan at pisara — Maaaring makarinig ka ng mga sagot na katulad ng: "Hindi ko kaya ito!" "Hindi ako marunong!" "Hindi ko pa kailanman nagawa ito!" "Kailangan ko ng tulong!"

Isulat ang ilan sa kanilang mga sagot sa pisara. Kapag nagkaroon ng pagkakataon ang isang tao na ihayag ang kanyang saloobin, ihalintulad ang kanyang nararamdaman sa maaaring naramdaman ni Heber J. Grant noong matanggap niya ang tawag mula kay Pangulong Taylor upang maglingkod bilang pangulo ng Istaka ng Tooele. Pagbalik-aralan ang unang bahagi ng kanyang karanasan at bigyang-diin ang mga puntong ito:

1. Si Heber ay dalawampu't tatlong taong gulang lamang.
2. Hindi pa kailanman nakapagtatalumpati sa madla sa buong buhay niya nang gaano man katagal.
3. Natatakot siyang magsalita sa harap ng mga tao.
4. Wala siyang alam na anuman tungkol sa kanyang mga tungkulin.

Talakayan

- Ano ang ginawa ni Pangulong Grant sa kanyang "Ikaw ay Nahilingan" na kalagayan? (Hayaang sumagot ang mga kasapi ng klase.)
- Tanungin ang kumanta nang mag-isa: Sa anong mga paraan kahawig ng kalagayan ni Pangulong Grant ang iyong kalagayan? (Ang karaniwang pakiramdam ng kakulangan, kulang sa karanasan, at takot sa hindi nalalaman ay maaaring mga magkahawig na bagay sa kapwa kalagayan.

---

**Katapusan ng Kuwento**

Tapusin ang pagbabasa o pagkukuwento ng mga karanasan ni Pangulong Heber J. Grant sa Tooele.

Sinabi ni Pangulong Grant:

" 'Tumayo ako upang ibigay ang maikli kong talumpati ng mga lima, mga anim o mga pitong minuto, at nagtalumpati ako sa loob ng mga apatnapu't limang minuto, nang may lubhang kalayaan at puno ng Espiritu ng Panginoon na katulad sa kasiyahan kong magturo ng Ebanghelyo sa loob ng apatnapung taong nakalipas simula noon. Hindi ko mapigil ang

luha ng pasasalamat na iniluha ko nang gabing iyon, habang ako ay nakaluhod at nagpasalamat sa Diyos sa mayamang pagbuhos ng Kanyang Espiritu Santo. . . .

" 'Tumanggap ako ng isa pang aral nang sumunod na Linggo na pinasalamatan ko rin, bagama't hindi kasingsaya nito. Nagpunta ako ng Grantsville, ang pinakamalaking purok sa Istaka ng Tooele ng Sion, at dumulog ako sa Panginoon nang may saloobin na higit na katulad ng kay Oliver Cowdery noong sinabi niya sa Panginoon, "Nais kong magsalin." . . . Subalit, sa kabiguan, pagkaraan ay sinabihan siya, hindi niya ito pinag-aralan, at hindi niya ipinagdasal ang tungkol dito, at hindi niya ginawa ang kanyang bahagi. Sinabi ko sa Panginoon na nais kong magtalumpating muli sa mga Banal sa Grantsville [na katulad ng ginawa ko sa Vernon]; tumayo ako at nagtalumpati sa loob ng limang minuto, at ako ay pinawisan nang husto, sa paniniwala ko, na tila ba ako ay inilublob sa sapa, at tuluyan akong naubusan ng sasabihin. Talagang lubusan akong "nabigo" sa aking pagtatalumpati, na tulad ng magagawa ng isang may kamatayan. Hindi ako nagbuhos ng anumang luha ng pasasalamat, subalit naglakad ako nang ilang milya palayo sa bahay-pulungang iyon, patungo sa kabukiran, sa giniikan at bunton ng mga dayami, at nang ako ay malayo na, na nakatitiyak na wala nang nakakakita sa akin, lumuhod ako sa likod ng isa sa mga bunton na iyon at lumuha ako sa pagkapahiya. Hiniling ko sa Diyos na patawarin ako sa hindi pag-aalala na hindi makapagtuturo ang tao ng Ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo nang may kapangyarihan, may lakas, at may inspirasyon maliban kung sila ay mabiyayaan ng kapangyarihan na nagmumula sa Diyos; at sinabi ko sa kanya roon, bilang isang bata, na kung patatawarin niya ako sa aking pagkamakasarili . . . , pagsipakan kong alalahanin kung saan nanggagaling ang inspirasyon' " (Nibley, *The Presidents of the Church,* p. 225–26).

Maraming ulit na nagtalumpati si Heber J. Grant sa mga taong minahal niya sa Istaka ng Tooele habang nagbibigay sa kanila ng payo tungkol sa ebanghelyo. " 'Bukod pa rito,' " ang sabi niya, " 'sinabi ko sa mga tao na [noong tinanggap ko ang tawag na mamuno sa istaka], wala akong nalalaman tungkol sa mga tungkulin [hinggil sa tawag na iyon], subalit sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon gagawin ko ang lahat ng aking makakaya, at sa pamamagitan ng kanyang tulong wala akong takot subalit mapakikibagayan ko ang anuman' " (Nibley, *The Presidents of the Church,* p. 224–25).

Talakayan

- Bakit napakatagumpay ni Pangulong Grant sa isang karanasan at gayunma'y bigung-bigo sa isa? (Mapagpakumbaba siya at lumapit sa Panginoon upang humingi ng tulong sa isang karanasan. Sa isang karanasan ay ipinalagay niyang tutulungan na lamang siya ng Panginoon nang hindi na kailangan pang ilapit ang sarili o magsumamo ng tulong na kanyang kailangan.)

Palaisipang tanong

- Paano kayo kikilos sa hinaharap kung kayo ay matatawag sa isang tungkulin o mahihilingan na gumawa ng isang bagay na hindi ninyo nadarama na karapat-dapat ninyong gawin?

Paskil

Kasama ng klase basahin nang malakas ang mga salita ni Pangulong Grant sa paskil: "Sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon gagawin ko ang lahat ng aking makakaya, at . . . sa Kanyang tulong wala akong takot subalit mapakikibagayan ko ang anuman" Heber J. Grant.

Talakayan sa banal na kasulatan

Sabay-sabay na basahin ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Doktrina at Mga Tipan 112:10, 1 Nefias 3:7, at Doktrina at Mga Tipan 30:1–3.

Nais ng Panginoon na kilalanin natin siya at umasa sa kanya para sa kalakasan habang hinaharap natin ang mga pagsubok sa buhay na ito. Pinangangakuan tayo ng mga biyaya kung susundin natin ang alituntuning iyan.

---

### Magkaroon ng Pananampalataya sa Tagapagligtas at Sundin ang Mga Kautusuan

Halimbawa

Isinalaysay ni Pangulong Grant ang sumusunod na karanasan sa kanyang sariling pananalita hinggil sa kung paano tayo pinagpapala ng Panginoon kapag sinusunod natin ang kanyang mga kautusan at umaasa sa kanyang banal na tulong.

" 'Naalaala ko noong ako ay kabataan ay mayroon akong $50.00 minsan sa aking bulsa na balak kong ideposito sa bangko. Nang pumunta ako isang umaga ng Huwebes sa pulong ng pag-aayuno—dating ginaganap ang pulong ng pag-aayuno nang Huwebes sa

halip na Linggo—at nakiusap ang obispo para sa ambag, lumakad ako at iniabot ko sa kanyang ang $50.00. Kinuha niya ang lima mula rito at inilagay sa kahon ng mesa at ibinalik sa akin ang $45.00 at sinabing iyon ang buo kong ambag.

" 'Sinabi ko, "Obispong Woolley, ano ang karapatan ninyong pagkaitan ako ng pagkakataon na hamunin ang Panginoon na tuparin ang kanyang pangako sa akin? Hindi ba't ipinangaral ninyo ngayon na magbibigay ang Panginoon ng apat na ulit na biyaya? Ang nanay ko ay isang balo, at kailangan niya ng $200.00."

" 'Ang sabi niya, "Anak, naniniwala ka ba na kapag kinuha ko ang $45.00 na ito ay higit na mapabibilis ang pagkuha mo ng $200.00?"

" 'Ang sabi ko: "Tiyak po."

" 'Buweno, kinuha niya ito.

" 'Habang ako ay naglalakad galing sa pulong ng pag-aayuno patungo sa aking pinapasukan, may sumulpot na ideya sa aking isipan. Nagpadala ako ng telegrama sa isang lalaki at itinanong ko kung ilang bono ng isang uri ang bibilhin niya sa isang halaga sa loob ng apatnapu't walong oras. . . . Sumagot siya na kailangan niya ng kung gaano karami ang maibibigay ko. Ang kinita ko sa transaksiyong iyon ay $218.50.

" 'Nang sumunod na araw ay pinuntahan ko ang obispo at sinabi: "Obispo, kumita po ako ng $218.50 pagkatapos kong magbayad ng $50.00 na ambag noong nakaraang araw kaya may utang pa akong $21.85 sa ikapu. Kailangan kong pagsikapang kitain ang kaibhan ng $21.85 sa $18.50. Tila hindi ibinigay sa akin ng Panginoon ang ikapu bilang karagdagan sa apat sa isang kita"' " (*Presidents of the Church* [Religion 345, manwal ng mag-aaral], p. 176–77).

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin nang sabay-sabay ang Doktrina at Mga Tipan 82:10: "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako."

- Bakit tayo natatakot kung minsan, o kulang lamang sa pananampalataya, na maging masunurin sa mga kautusan ng Panginoon samantalang ipinangako na niya sa atin ang mga ganitong dakilang biyaya kung susundin natin ang mga ito? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot at banggitin na ang ating mga biyaya ay hindi palaging agad-agad, na katulad sa huling halimbawa sa buhay ni Pangulong Grant. Gayunman, palaging tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako: hindi siya makapagsisinungaling.)

Habang nagpapatuloy tayong maging masunurin sa mga alituntunin ng ebanghelyo, darating ang mga biyaya at madaragdagan ang ating pagtitiwala sa ating Ama sa Langit. Habang tayo ay nagtitiwala at umaasa sa Tagapagligtas, tunay na dumarating sa ating buhay ang mga biyaya. At habang lumalakas ang ating pagtitiwala at pagsunod sa Panginoon, ang pag-asa natin sa Panginoon ay nagiging malimit na bahagi ng ating buhay at higit na napapalapit tayo sa ating Ama sa Langit.

---

**Patotoo at Hamon**

Maaaring naisin mong ibahagi ang sarili mong karanasan sa klase tungkol sa pagtitiwala mo sa Tagapagligtas. Ibigay ang iyong patotoo tungkol sa katotohanan ng alituntuning ito ng ebanghelyo.

Hamunin ang mga kasapi ng klase na umasa sa Tagapagligtas. Habang nagkakaroon ng mga mahihirap na pangyayari sa kanilang buhay, hamunin sila na humiling sa Panginoon ng lakas at umasa sa kanya sa mga sagot at tulong.



Aralin
24

# Paggawa sa Mga Kahinaan at Pagsubok na Maging Mga Kalakasan

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kasapi ng klase na sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon, ang mga pansariling kahinaan at pagsubok ay maaaring mapagkunan ng kalakasan.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng mga sipi ng Aklat ni Mormon at Doktrina at Mga Tipan para sa bawat kasapi ng klase.
2. Mga dalawa o tatlong araw man lamang bago magklase ay basahin ang gawain sa klase, "Paggawa sa Mga Kahinaan at Pagsubok na Maging mga Kalakasan." Magdala sa klase ng ilang mga mabibigat na bagay na may simpleng paalalang nakadikit sa bawat isa na nagsasaad ng: "Mga pansariling Pagsubok at Kahinaan." Ang mga bagay ay maaaring kabilangan ng: isang maliit na sako ng butil, lupa, o buhangin; malalaking bato; malalaki, mabibigat na aklat; o mabibigat na kagamitan. Bigyan mo ang sarili ng sapat na pagkakataon na ipunin ang mga kakailanganing bagay at ihanda ang paalala na nakalagay sa bawat bagay. Mag-atas nang maaga ng isa o dalawang kasapi ng klase na hahawak sa mga bagay sa harap ng klase. Kung kinakailangan, maghanda ng luma, subalit malinis, na tela o papel upang pangalagaan ang damit ng mga kalahok.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pisara at talakayan

- Ano ang *pagsubok*? (Isang bagay na sumusubok sa tibay ng pagkatao, pananampalataya, o mga simulain.)
- Ano ang kahinaan? (Isang kakulangan, isang kabiguan.)
- Ano ang ilan sa mga pagsubok at kahinaan na nakakaharap ninyo araw-araw? (Hayaang sumagot ang mga kasapi ng klase. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.)

Pagbabalik-aral

Pinag-aaralan natin ang buhay ni Heber J. Grant. Ano ang ilan sa mga pagsubok at kahinaan na nakaharap niya?

1. Noong sanggol pa lamang si Heber, ang kanyang ama ay namatay.
2. Napakapayat at maliit ang pangangatawan ni Heber.
3. Hindi siya nabiyayaan ng maraming likas na kakayahan sa palakasan, sa beysbol halimbawa.
4. Hindi siya makakanta sa tono.
5. Pangit ang kanyang sulat.
6. Mahirap para kay Heber ang magtalumpati sa madla.
7. Hirap na hirap silang mag-ina sa pananalapi noong bata pa siya.

Talakayan

Noong iwanan natin ang buhay-bago-sa-lupa upang magkaroon ng katawan at patunayan ang ating sarili, *nagkataon* lamang ba na nabigyan tayo ng kahinaan at mga pagsubok? (Hindi.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin nang sabay-sabay ang Eter 12:27.

Ipinadala tayo ng ating Ama sa Langit sa daigdig na ito upang masubok at masuri. Pumayag tayong tumanggap ng mga pagsubok at mga kahinaan at mga paghamon na

dala ng mga ito. Alam ng ating Ama sa Langit na tayo ay mapalalakas sa pamamagitan ng mga ito.

---

**Umuunlad Tayo Habang Ginagawa Nating Mga Kalakasan ang Ating Mga Kahinaan at Pagsubok**

Kung paano tayo tumugon sa mga pagsubok at kahinaan ay maaaring makadagdag sa ating pag-unlad bilang mga anak ng Diyos o makahadlang dito. Si Heber J. Grant ay halimbawa ng isang tao na sa kabila ng mga pag-aalinlangan at kahinaan at pagsubok, ay umasa sa Panginoon at dumaig at umunlad mula sa mga kahirapang kanyang naranasan.

Halimbawa

Noong una, nadama ni Heber J. Grant na napuspos siya ng kanyang tawag sa pagiging Apostol. Dalawampu't limang taong gulang lamang siya noong panahong ipinadala sa kanya ni Pangulong John Taylor ang tawag.

Sa loob ng anim na buwan pagkatapos siyang masang-ayunan na Apostol, mula Oktubre 1882 hanggang Pebrero 1883, naramdaman ni Pangulong Grant na hindi niya nagawa ang gawain ng Panginoon sa paraang naramdaman niyang nais ng Panginoon na gawin niya. Ang pangingibabaw ng damdamin ng kahinaang espirituwal at mga kakulangan sa pagkatao ang gumambala sa kanya. Ang sabi niya tungkol sa kalagayan:

"May dalawang espiritung palaging nasa sa atin, isa na nagsasabi sa atin na ipagpatuloy ang ating gawain para sa kabutihan, at isa na nagsasabi sa atin na dahil sa mga kamalian at kabiguan ng ating pagkatao ay hindi tayo karapat-dapat. Masasabi ko nang buong katapatan na mula noong Oktubre, 1882, hanggang Pebrero, 1883, araw at gabi akong sinusundan ng espiritung iyan, na sinasabi sa akin na ako ay hindi karapat-dapat na maging apostol ng Simbahan, at na kailangan kong magbitiw. Kapag magbibigay ako ng patotoo tungkol sa aking kaalaman na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos, ang Manunubos ng sangkatauhan, tila ba may tinig na nagsasabi sa akin: 'Nagsisinungaling ka! Nagsisinungaling ka! Hindi mo siya nakita kailanman' " (Heber J. Grant, *Gospel Standards,* tinipon ni G. Homer Durham [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1969], p. 194–95; tingnan din sa *Presidents of the Church,* [Religion 345 manwal ng mag-aaral], p. 177).

Gayunman, noong tagsibol ng 1883, habang naglalakbay si Heber J. Grant sa laang-lupa ng mga Indiyan sa Navajo na kasama ng ilang mga pinuno. Paliko sa kaliwa ang kalsada, subalit maayos ang daan na tuwid na tuwid sa harapan. Itinanong niya kung mapanganib ba sa kanya kung dideretso siya, mag-isa, sa daan na lumiko sa baku-bako at karugtong ng pangunahing kalsada sa kabila. Nang malaman niyang ligtas iyon, sinabi niya sa iba, " 'Nais kong mapag-isa. Mauna na kayo . . . ' " (*Gospel Standards,* p. 195; tingnan din sa *Presidents of the Church* [Religion 345 manwal ng mag-aaral], p. 178).

Ikinuwento ni Pangulong Grant ang sumunod na karanasan. Basahin ang kanyang ulat:

"Habang naglalakbay ako upang salubungin sila [ang kanyang grupo], sa kabilang panig tila nakita ko, at tila narinig ko, ang para sa akin ay isang pinakatunay na bagay sa buong buhay ko, tila nakita ko ang Kapulungan sa Langit. Tila narinig ko ang mga salitang binigkas. Nakinig ako nang mataman sa talakayan. Ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ay hindi pa nagkakasundo sa dalawang taong ilalagay sa mga bakante sa Korum ng Labindalawa. Dalawang taon nang may bakanteng isa, at isang taong bakante ng dalawa, at ipinagpaliban ang Komperensiya na hindi napunan ang mga bakante. Sa Kapulungang ito [na tila ba nakikita niya] ay naroroon ang Tagapagligtas, ang ama ko ay naroon, at si Propetang Joseph Smith ay naroon. Tinalakay nila ang tanong na may nagawang pagkakamali sa hindi pagpuno sa dalawang bakanteng iyon at nangangailangan muli ng anim pang buwan bago mabuo ang Korum, at pag-uusapan nila kung sino ang nais nila na kumuha sa mga katungkulang iyon, at napagpasiyahan na ang paraan upang maayos ang pagkakamaling iyon ng hindi pagpuno sa mga bakante ay ang magpadala ng isang paghahayag. Naibigay sa akin na ang Propetang si Joseph Smith at ang aking ama ang nagbanggit sa akin at hiniling na ako ang tawagin sa posisyong iyon. Naupo ako roon at umiyak sa kagalakan. Naibigay sa akin na wala akong nagawang anuman upang maging karapat-dapat ako sa dinakilang

katungkulang iyon, maliban sa ako ay namuhay nang malinis, at maligayang buhay. Naibigay sa akin na dahil sa ang aking ama ay tunay na nagsakripisyo ng kanyang buhay sa kilalang dakilang Pagbabago, wika nga, ng mga tao noong mga naunang araw, na naging tunay na martir, na ang Propetang Joseph at ang aking ama ay nagnais na mapasa akin ang katungkulang iyon, at dahil sa matapat na gawain nila na ako ay natawag, at hindi sa anupaman na aking nagawa mismo o anumang dakilang bagay na aking natapos. Naibigay din sa akin na iyon ang tanging magagawa ng dalawang taong iyon, ang Propeta at ang aking ama; mula sa araw na iyon ay nasa akin na lamang kung ako ay magtatagumpay sa buhay o mabibigo. . . .

"Wala nang pinakamalungkot na tao kaysa sa akin mula Oktubre 1882, hanggang sa Pebrero, 1883, subalit simula noong araw na iyon ay hindi na ako nabahala, gabi o araw, sa kaalaman na ako ay hindi karapat-dapat na tumayo bilang Apostol, at hindi na ako nabahala simula sa pagkakasabi sa akin ni Joseph F. Smith ng huling salita niya: 'Pagpalain ka ng Panginoon, anak, pagpalain ka ng Panginoon; nasa iyo ang isang dakilang pananagutan. Lagi mong isaisip na ito ay gawain ng Panginoon at hindi ng tao. Higit na dakila ang Panginoon sa sinumang tao. Alam niya kung sino ang nais Niyang mamuno sa kanyang Simbahan, at hindi kailanman gumagawa ng anumang kamalian. Pagpalain ka ng Panginoon' " (Heber J. Grant, sa Conference Report, Abr. 1941, p. 5; tingnan din sa *Gospel Standards,* p. 195–96 at *Presidents of the Church* [Religion 345 manwal ng mag-aaral], p. 178).

---

**Paggawa sa Mga Kahinaan at Pagsubok na Mga Kalakasan**

Gawain at talakayan

Malimit na nakararamdam tayo ng pagkapuspos sa mga hamon ng mga sariling pagsubok at kahinaan. Ang mga damdamin ng kawalang-pag-asa at kakulangan sa pagpapahalaga sa sarili ang nagpapabigat sa ating mga kaisipan at kilos. Tutulungan tayo ng Panginoon sa mga panahong ito kung handa tayong tumulong sa ating mga sarili.

Patayuin ang mga naatasang kasapi ng klase sa harapan ng klase.

- Sa pagsangguni sa listahan ng mga kahinaan na nakasulat na sa pisara, itanong muli ang sumusunod na tanong: Ano ang ilan sa mga pagsubok at kahinaan na kinahaharap ng mga kabataan sa ngayon? (Habang tinutukoy ng mga kasapi ng klase ang mga ito at inihahayag ang kanilang damdamin, simulang iabot sa kanila ang mga mabibigat na bagay, na isa-isa, sa mga kasapi ng klase sa harapan. Kapag nagamit mo na ang lahat ng mga mabibigat na bagay, at nabigatan nang husto ang mga kasapi ng klase, itanong sa kanila ang mga sumusunod na tanong.)

- Ano ang pakiramdam ng nabigatan? (Mahina, pagod, mapagpakumbaba, at iba pa.)

- Paano makakaabala ang pagdadala ng mga mabibigat na bagay na ito sa anumang inyong pupuntahan at gagawin? (Hayaang sumagot ang mga kasapi ng klase.)

- Paano maiuugnay ang gawaing ito sa pagdadala natin sa mga sariling kahinaan at pagsubok? (Tulad sa nabanggit na, maaari tayong mahirapan at mabigatan sa mga pagsubok at kahinaan na ibinibigay sa atin.)

- Saan tayo makahahanap ng tulong? (Ang ating Ama sa Langit ay nakaaalam at nagmamalasakit sa ating lahat at sa ginagawa nating pagsusumikap. Naroroon siya upang tumulong. Matutulungan niya tayong mapagtagumpayan ang ating mga kahinaan at pagsubok, matatanggal niya ang mga pasanin. [Tulungan ang mga kasapi ng klase na ibaba ang mga bagay at pagkatapos ay pabalikin sila sa kanilang upuan.])

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin nang sama-sama bilang isang klase ang Mosias 24:10–16.

- Sa gitna ng mga pagsubok at kahinaan at ng mga pasanin na nararamdaman nating dulot ng mga ito sa atin, papaano natin mapagagaan ang ating mga pasanin at pamahalaan ang mga damdamin? (Isangguni ang mga bagay na natutuhan natin sa Mosias 24:10–16.)

Natutuhan natin na—

1. Ang saloobin ng mga puso ng tao ay patungo sa Diyos (tingnan sa talata 12.)
2. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nagawa nilang malampasan ang mga pagsubok (tingnan sa talata 14).
3. May pananampalataya sila na tutulungan sila ng Panginoon at pinasan nila ang kanilang mga pagdadalamhati nang may pagtitiis (talata 15).

Habang hinaharap natin ang mga pagsubok at kahinaan, ang ating tagumpay at gantimpala ay darating habang hinahangad natin ang pagsama ng ating Tagapagligtas. Sapagkat ipinangako niya: " . . . sapagkat kung magpakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27). Sinabi pa ng Tagapagligtas sa atin, katulad lamang nang sinabi niya kay Propetang Joseph Smith habang siya ay nasa bilangguan ng Liberty: " . . . alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at magiging para sa iyong kabutihan" (Doktrina at Mga Tipan 122:7).

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na magtungo sa Panginoon, nang may pananampalataya, upang humingi ng tulong para sa kanilang mga pagsubok at kahinaan. Tutuparin niya ang kanyang pangako na gagawin niya ang mga mahihinang bagay na maging malakas sa ating buhay.

Aralin
25

# George Albert Smith: Pagtugon sa Mabuti

**Isinilang:** 4 Abril 1870 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1945–1951

**LAYUNIN**

Upang ipakita na ang mga biyaya ng ebanghelyo ay mahalaga sa atin kung makikibahagi lamang tayo sa mga ito.

**PAGHAHANDA**

1. Maghandang dalhin ang isa-isang piraso ng anumang uri ng bungang-kahoy na maaaring magustuhan ng klase. Magdala rin ng mga pamunas ng bibig at basurahan. Huwag labagin ang ayuno kung tumapat ang araling ito sa Linggo ng pag-aayuno.
2. Maghandang ipakita ang larawan ni George Albert Smith mula sa bahaging may kulay at ang larawang *Si Cristo* at ang Mga Bata (62467) mula sa aklatan ng bahay-pulungan.
3. Maghanda ng apat na piraso ng papel na kinasusulatan ng mga pangalang John Smith, George A. Smith, John Henry Smith, at George Albert Smith, isa sa bawat pahina, sa ilalim ng mga piraso ng papel. Gayundin, kumuha ng isang bagay na pantay at matigas na magagamit ng bawat isa sa apat na kasapi ng klase na nakikilahok sa pagsusulat sa papel.
4. Ihanda upang ibigay ang maliit na gantimpala sa nanalo o mga nanalo ng gawaing "Mga pinuno ng Simbahan".
5. Kumuha ng mga lapis at papel para sa bawat kasapi ng klase.
6. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Bibliya at ng Aklat ni Mormon.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Gawain

Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng isang piraso ng bungang-kahoy at pamunas ng bibig. Paalalahanan sila na gamitin ang basurahan na inilaan mo at mga labis na pamunas ng bibig, kung kinakailangan. (Huwag labagin ang batas ng pag-aayuno kung ang araling ito ay tumapat sa Linggo ng pag-aayuno.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Habang kinakain ninyo ang bungang-kahoy, ilarawan sa inyong isipan ang bunga ng punongkahoy na nakita ni Lehias sa kanyang panaginip. (Basahin ang 1 Nefias 8:10–12, 17–18.)

- Paanong inilarawan ni Lehias ang bunga? ("Napakatamis nito . . . at . . . puti, higit pa sa lahat ng kaputiang nakita ko na" [1 Nefias 8:11].)
- Ano ang naidulot na damdamin ng bunga kay Lehias? (Binigyan siya nito ng "dakilang kagalakan" [1 Nefias 8:12].)
- Ang bunga ba ay makukuha ng bawat isa? (Oo.)
- Ang bawat isa ba ay lumapit upang kumain ng bunga? (Hindi, hindi lumapit sina Laman at Lemuel; tingnan ang mga talata 17–18.)
- Bakit hindi sila lumapit? (Sapagkat ayaw nila o hindi nila hinangad na lumapit; tingnan sa talata 18.)
- Ano ang tila pinakamahalagang bagay na tumutukoy kung tatanggapin natin o hindi ang mga biyaya, o mga bunga ng ebanghelyo? (Kung hahangarin natin o hindi na tanggapin ang mga ito.)

**Si George Albert Smith ay May Maraming Magagandang Impluwensiya sa Kanyang Buhay**

Larawan

Ipakita ang larawan ni Pangulong George Albert Smith.

Si George Albert Smith ay tatlumpu't tatlong taong gulang noong pagtibayin siya bilang Apostol at naging Pangulo at Propeta sa gulang na pitumpu't lima. Natuto siya mula sa mga magagandang impluwensiya ng kanyang ama, lolo, at lolo-sa-tuhod, na lahat ay naging mga dakilang pinuno ng Simbahan.

Gawain

Maglagay ng apat na upuan sa harap ng klase. Bigyan ng piraso ng papel ang bawat isa sa apat na kasapi ng klase. Ang isa sa mga sumusunod na pangalan ay dapat na nakasulat sa ilalim ng bawat piraso: John Smith, George A. Smith, John Henry Smith, George Albert Smith. Gayundin, bigyan ng lapis at bagay na pantay [at matigas] ang bawat isa sa apat na ito kung saan ilalagay ang papel na sulatan. Ipakilala ang apat sa klase bilang "mga dumadalaw na pinuno ng Simbahan." Simulang basahin ang mga paglalarawan na sumusunod. Habang binabasa mo ang iba't ibang pinuno, sabihin sa kasapi ng klase na mayroon ng pangalang iyon na magsulat ng mga kaalaman. Dapat niyang isulat ang lahat na mga detalye na kaya niya tungkol sa taong kinakatawan niya.

Pagkatapos na mabasa ang lahat na paglalarawan, ang mga kasapi ng klase (na maaari ring magsulat) ay maaaring magtanong sa taong kumakatawan sa sinuman sa mga pinuno ng Simbahan. Halimbawa, maaaring itanong ng isang kasapi ng klase: "Ilang taon si George A. Smith noong matawag siya bilang Apostol?" Kung may nagtanong ng tanong na hindi masagot ng kumakatawan sa pinuno, ang taong nagtatanong ang hahalili sa taong pinagtanungan bilang "dumadalaw na pinuno ng Simbahan." Ang sinumang makasasagot sa lahat ng mga tanong ay mananatili sa kanyang katayuan nang may karangalan sa harapan ng klase hanggang sa matapos ang aralin. Ang lahat ng tanong na manggagaling sa klase ay kailangang tungkol sa kaalaman na naibigay sa paglalarawan na binasa, kaya kailangang makinig nang mabuti kapwa ang "dumadalaw na pinuno" at ang mga kasapi ng klase.

1. John Smith: Ang lolo-sa-tuhod ni Pangulong George Albert Smith ay si John Smith, kapatid ni Joseph Smith, Sr., at tiyo ni Propetang Joseph. Si John Smith ay natawag bilang unang pangulo ng istaka sa Salt Lake Valley at tumulong sa pagpapatupad ng pamunuan sa panahon ng unang taglamig na iyon ng mga Banal na nasa Lambak. Siya ang isa sa mga namahala sa mga Banal noong dinapuan sila ng salot noong panahon ng tag-araw ng 1848. Mula 1849 hanggang 1854 nanungkulan siya bilang Namumunong Patriyarka ng Simbahan.
2. George A. Smith: Si "George A.," na tawag sa kanya, ay anak ni John Smith at lolo ni Pangulong George Albert Smith. Kay "George A." ipinangalan si Pangulong Smith. Bilang pinsan ni Propetang Joseph, si George A. Smith ay ang pinakabata sa dispensasyong ito na tinawag na Apostol, sa gulang na dalawampu't dalawa noong panahong siya ay tinawag. Napasama siya sa maraming ginawang pananakop ng Simbahan at nanungkulan nang ilang taon sa Korum ng Labindalawa bago nahirang na tagapayo ni Pangulong Brigham Young.
3. John Henry Smith: Ang anak ni George A. Smith, si John Henry Smith, ay ang ama ni Pangulong George Albert Smith. Si John Henry, katulad ng kanyang ama, ay nanungkulan sa Korum ng Labindalawa. Pagkaraan ay nanungkulan siya bilang tagapayo ni Pangulong Joseph F. Smith. Ang buhay sa tahanan ni John Henry at ng kanyang asawa ay itinuturing na huwaran ng pagmamahal at pagsuyo ng kanilang mga kapitbahay at kaibigan. Si John Henry Smith ay isa sa mga huwaran ni Pangulong George Albert Smith. Sa pagsasalita tungkol sa kanya, sinabi ni Pangulong Smith, "Hindi pa ako nakakita ng higit na dakila kaysa sa aking ama" (Preston Nibley, *The Presidents of the Church* [Salt Lake City: Deseret Book Co.], 1971], p. 270).
4. George Albert Smith: May malaking kahalagahan ang mga pangakong nakasaad sa basbas patriyarkal na ibinigay kay George Albert Smith mga ilang buwan bago dumating ang ikalabing-apat niyang kaarawan. Sinabi sa kanya ng patriyarka:

" ' Ikaw ay magiging isang makapangyarihang propeta sa gitna ng mga anak ng Sion. At ang mga anghel ng Panginoon ay mangangasiwa sa iyo, at ang mga piling biyaya ng langit ay mapapasaiyo. . . .

" 'At ikaw ay mababalot ng mga pangitain ng langit at ikaw ay madadamitan ng kaligtasan na katulad ng kasuotan, sapagkat ikaw ay nakatalagang maging makapangyarihang tao sa harap ng Panginoon, sapagkat ikaw ay magiging isang makapangyarihang Apostol sa Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa, sapagkat wala sa mag-anak ng iyong ama ang magkakaroon ng higit na kapangyarihan ng Diyos na hihigit sa iyo, sapagkat walang hihigit sa iyo, . . . at ikaw ay magiging taong may makapangyarihang pananampalataya sa harapan ng Panginoon, na tulad ng sa kapatid ni Jared, at ikaw ay mananatili sa ibabaw ng lupa hanggang sa masiyahan ka na sa buhay, at ikaw ay ibibilang sa mga pinahiran ng Panginoon at magiging hari at saserdote sa Kataas-taasan' " (Doyle L. Green, "Tributes Paid President George Albert Smith," *Improvement Era,* Hunyo 1951, p. 404-5).

Pagkatapos ng pagtatanong ng klase, ibigay ang gantimpala sa nanalo o mga nanalo sa gawain.

---

**Ang Mga Karapat-dapat na Kaisipan ay Tumulong kay George Albert Smith Upang Makamtan ang Mga Bunga ng Ebanghelyo**

- Ano ang maiisip ninyo kung nakatanggap kayo ng basbas patriyarkal na tulad ng kay Pangulong Smith? (Tanggapin ang iba-ibang sagot.)

Talakayan

Ang isang basbas patriyarkal ay hindi gaanong mahalaga sa isang tao maliban kung mamuhay siya na karapat-dapat sa mga basbas ng Panginoon. Alam na alam ito ni George Albert Smith, at sinimulan niya sa kanyang kabataan na maghanda sa mga tungkulin na isasabalikat niya sa bandang huli. Ang sumusunod ay galing sa panahong iyon:

Sinabi ni Pangulong Smith, "Bilang batang may labintatlong taong gulang, pumasok ako sa *Brigham Young Academy*. Mapalad na ang bahagi ng pagtuturo sa akin ay galing kay Dr. Karl G. Maeser, ang matalinong tagapagturo na siyang unang nagtayo ng ating mga dakilang paaralan ng Simbahan. . . . Hindi ko na gaanong maalala kung ano ang nasabi sa taong naroroon ako, subalit may isang bagay na maaaring hindi ko kailanman malilimutan. . . . Isang araw ay tumayo si Dr. Maeser at nagsabi:

" 'Hindi lamang kayo mananagot sa mga bagay na ginagawa ninyo, kundi mananagot din kayo sa bawat kaisipan na inyong iniisip.'

"Bilang isang bata, na hindi ugaling pigilin nang lubos ang aking isipan, naging lubhang isang palaisipan sa akin kung ano ang gagawin ko, at nag-alala ako. Sa katunayan, dumikit ito sa akin na tila isang amorseko. Mga isang linggo o sampung araw pagkatapos niyon, biglang pumasok sa isip ko ang ibig niyang sabihin. Nakita ko ang pilosopiya nito noon. Biglang pumasok sa akin ang kahulugan ng sinabi niya: Siya, kaya nga, ikaw ang mananagot sa iyong mga kaisipan sapagkat kapag nabuo ang iyong buhay sa pagka-may kamatayan, iyon ang kabuuan ng iyong mga kaisipan. Ang mungkahing iyon ay naging dakilang biyaya sa akin sa buong buhay ko, at iyan ang naging daan ko sa maraming pagkakataon upang umiwas sa pag-iisip nang hindi mabuti sapagkat alam ko na ako, kapag natapos na ang gawain ko sa buhay, ang magiging bunga ng aking mga kaisipan" ("Pres. Smith's Leadership Address," *Deseret News,* [sa bahaging "Church"], 16 Peb. 1946, p. 1).

Ang payong ito ay dumating sa magandang pagkakataon sa buhay ni George Albert Smith, sapagkat sa taon ding iyon, bilang binatilyong may gulang na labintatlo, nagsimula siya sa daigdig ng paghahanapbuhay at nagsimulang kumita sa sariling paraan sa pamamagitan ng pamamasukan sa pagawaan ng lahat ng bagay sa ZCMI [Zion's Cooperative Mercantile Institution], isang malaking tindahan na pag-aari ng Simbahan sa Lungsod ng Salt Lake.

Talakayan

- Gaano kabisa ang ating mga kaisipan sa pamamahala sa ating tunguhin sa buhay? (Iba-iba ang mga sagot, subalit bigyang-diin na ang ating mga kaisipan ay mahalagang bahagi ng ating matuwid na pag-unlad.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ay nagsasabi nang tungkol sa kapangyarihan ng ating kaisipan. (Habang sumusunod ang klase sa kanilang mga Bibliya, ipabasa nang malakas sa isang tao ang Mga Kawikaan 23:7: "Kung ano ang iniisip ng [isang tao], sa loob niya ay gayon siya.")

Katulad ng pasiya ni George Albert Smith, kapag natapos na ang gawain natin sa buhay, tayo ang magiging kabuuan ng ating kaisipan.

---

**Si Pangulong George Albert Smith ay Nagpasalamat sa Mabubuting Impluwensiya**

Basahin nang sabay-sabay ang Alma 29:5.

- Ano ang sinabi ni Alma na magsasabi kung tatanggapin natin o hindi ang mga biyaya ng langit? (Kung hahangarin natin *at* piliin ang mabuti o hindi.)

May pagpapakumbabang nagpasalamat si Pangulong George Albert Smith sa mga magagandang impluwensiya sa kanyang buhay. Pinagsikapan niyang mabuti na ipakita ang kanyang pagpapasalamat sa pamamagitan ng pamumuhay ng pinakamabuting makakaya niya.

Noong Pebrero 1909 ay dumanas siya ng mabigat na karamdaman.

Wari sa panahong ito ng taglamig nanaginip si George Albert Smith na kung saan dinalaw siya ng kanyang lolo, na si George A. Smith. (Hindi natin alam ang tiyak na petsa ng panaginip na ito, subalit ang mga pangyayaring kaugnay nito ay tila nababagay sa kanyang pagkakasakit noong 1909–12. Naglakbay si George Albert Smith patungong St. George upang magpagaling at mga ilang panahon noong taglamig ng 1909–1910 ay nagkaroon siya ng panaginip.) Natanim sa kanyang isipan ang panaginip na ito. Iniulat niya ang karanasan na katulad sa sumusunod:

"Mga ilang taon ang nakararaan ay malubhang-malubha ang aking karamdaman. Sa katunayan, sa palagay ko ay inisip ng bawat isa na ako ay mamamatay na, maliban sa aking asawa. Kasama ang aking mag-anak, ako ay pumunta sa St. George, Utah, upang tingnan kung mapabubuti nito ang aking kalusugan. Nagpunta kami sa kung hanggang saan aabot ang tren, at pagkatapos ay nagpatuloy kami sa aming paglalakbay sa pamamagitan ng bagon, na sa ilalim nito ay isang higaan ang pasadyang ginawa para sa akin.

"Sa St. George nag-ayos kami ng tolda para sa aking kalusugan at kaginhawaan, na may pasadyang sahig na mga isang talampakan ang taas sa lupa, at maaari naming tiklupin ang gilid ng tolda sa bandang timog upang makapasok ang liwanag ng araw at sariwang hangin. Naging napakahina ko na halos hindi na ako makakilos. Napakabagal at nakapapagod para sa akin ang tumagilid man lamang sa higaan.

"Isang araw, sa ilalim ng mga kalagayang ito, nawalan ako ng ulirat sa aking kapaligiran at inakala kong ako ay dumaan na sa Kabilang Buhay. Nakita ko ang aking sariling nakatayo na nakatalikod sa isang malaki at magandang lawa, na nakaharap sa malawak na kakahuyan. Walang taong nakikita, at walang bangka sa lawa o anumang uri ng makikita na magpapahiwatig kung paano ako nakarating doon. Naunawaan ko, o sa wari'y naunawaan ko, na natapos ko na ang gawain ko sa buhay na ito at nakauwi na ako. Tumingin ako sa paligid, upang tiyakin kung wala akong makikitang tao. Walang palatandaan na may sinumang nabubuhay doon, iyon lamang mga malalaki, magagandang punongkahoy sa harapan ko at ang kamangha-manghang lawa sa aking likuran.

"Nagsimula akong maglakad, at hindi nagtagal ay may natagpuan akong daan patungo sa kakahuyan na tila hindi gaanong nagagamit, at halos natatakpan ng damo. Sinundan ko ang daang ito, at pagkatapos kong maglakad ng ilang mga sandali at makapaglakbay nang malayu-layo sa kagubatan, nakakita ako ng isang taong papalapit sa akin. Napansin ko na isa siyang napakalaking tao, at nagmadali akong habulin siya, sapagkat nakilala ko siya na siya ang aking lolo. Sa buhay na may kamatayan siya ay tumimbang ng mahigit sa tatlong daang libra, kaya alam mo kaagad na malaki siyang tao. Naalala ko kung gaano ako natuwa na nakita siyang papalapit. Ipinangalan ako sa kanya at palagi kong ipinagmamalaki ito.

"Noong malapit na si Lolo nang ilang mga talampakan sa akin, huminto siya. Ang paghinto niya ay isang paanyaya sa akin upang huminto. Pagkatapos—at ito ay nais kong huwag kailanman kalilimutan ng mga batang lalaki at babae at mga kabataan-tumingin siya sa akin nang taimtim at sinabi:

" 'Nais kong malaman ang ginawa mo sa aking pangalan.'

"Ang lahat ng aking nagawa ay dumaan sa akin na tila isang lumilipad na larawan sa tabing—lahat ng aking nagawa. Agad-agad ang malinaw na larawang ito ay bumaba sa mismong sandaling ako ay nakatayo roon. Ang buong buhay ko ay dumaan sa akin. Ngumiti ako at tumingin sa aking lolo at nagsabi:

" 'Hindi ako kailanman gumawa ng anuman sa inyong pangalan na kailangan ninyong ikahiya.'

"Lumapit siya at niyakap ako, at habang ginagawa niya iyon ay namalayan kong muli ang lupang nakapaligid sa akin. Basa ang aking unan na tila ba nabuhusan ito ng tubig-binasa ng luha ng pagpapasalamat na nakasagot ako nang hindi nahihiya" (George Albert Smith, "Your Good Name," *Improvement Era,* Mar. 1947, p. 139).

Talakayan

• Ano ang ipinakikita ng kuwentong ito tungkol sa hangarin ni Pangulong Smith sa kanyang buhay? (Nais niyang gumawa ng mabuti at bigyang dangal kapwa ang kanyang mga magulang sa Langit at sa lupa.)

• Papaano natin masasanay ang ating sarili na mag-isip ng mabubuting kaisipan, na maghangad ng mabubuting bagay, at pagkatapos ay kumilos para doon sa magagandang kaisipan at hangaring iyon?

Patnubayan ang mga kasapi ng klase sa mga sumusunod na maaaring sagot:

1. Sa pamamagitan ng paglalagay sa ating sarili sa lugar na may mabubuting impluwensiya.
2. Sa pamamagitan ng *pag-alaala* sa mga magagandang impluwensiya at karanasang ito.
3. Sa pamamagitan ng paghingi sa Diyos na tulungan tayong magmahal at magpasalamat sa mga magagandang kaloob ng ebanghelyo. (Upang tumulong na mapatibay ang puntong ito, maaari mong naisin na ipabasa sa isang kasapi ng klase ang Mosias 5:2. Makikita natin dito na binago ng Panginoon ang mga puso, o hangarin, ng isang pangkat ng tao sapagkat may pananampalataya sila at humingi sa kanya ng tulong na iyon.)
4. Sa pamamagitan ng kaagad na pagpapalit ng anumang kaisipan o hangarin na hindi tumutugon sa pamantayan ng Diyos sa pamamagitan ng isa na tumutugon.
5. Sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipan na ginawa natin sa pagbibinyag at sa pamamagitan ng pagpapasariwa ng mga tipang iyon tuwing Linggo habang tayo ay nakikibahagi sa sakramento.

• Anong mga mabubuting impluwensiya ang makukuha sa buhay ninyo? (Talakayin ang mga iba-ibang sagot.)

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawang *Si Cristo at ang Mga Bata.*

• Paanong tumutugon ang mga bata sa Panginoon? (Ipinakikita nila ang pagtitiwala at pagsuyo, nakikinig nang taimtim, at nagpapaubaya sa Panginoon na akayin sila saanmang iniisip niyang pinakamabuti.)

Lahat tayo ay may magkakatulad na pagkakataon, na maturuan at mabiyayaan ng Panginoon, kung ipakikita natin ang ganoong pagtitiwala at pagiging handa na tulad ng ipinakita ng mga bata. Ipinakita niya na palagi siyang nasa atin. Kung ipakikita natin sa pamamagitan ng gawa at panalangin na hinahangad natin ang kanyang tulong at mga biyaya, ibibigay niya ito sa atin nang kusang-loob.

Mahaba ang buhay ni Pangulong George Albert Smith sa paglilingkod. Sa kanyang libing, sinabi ni Elder Matthew Cowley, "Kinukuha ng Diyos ang mga maka-Diyos, at tinitiyak

kong ang pinakamaikling paglalakbay na ginawa ng Diyos para sa taong ito sa lahat ng kanyang paglalakbay ay ang paglalakbay na katatapos lamang niyang daanan" (Doyle L. Green, "Tributes Paid President George Albert Smith," *Improvement Era,* Hunyo 1951, p. 405).

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamon sa klase upang malaman ang ilang paraan ng mabuting pagsagot sa mga bagay sa kanilang buhay sa linggong ito maging sa paghahayag nang taos sa pusong pasasalamat, sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga nakapagpapasiglang salita, o higit na kalimitan, sa pamamagitan ng paggawa ng mabuting gawain. Tiyakin sa kanila na ang kanilang kagalakan sa buhay ay uunlad kapag ginawa nila ito.

Aralin
26

# George Albert Smith: Isang Misyon ng Pag-ibig

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase na ang pag-ibig, na inihalimbawa ng buhay ni Pangulong George Albert Smith, ay isang mabisang nakapagpapagaling na kapangyarihan.

**PAGHAHANDA**

1. Maghanda ng mga sinulatang piraso ng papel o paskil na may mga sumusunod na nakasulat:

| |
|---|
| Pag-ibig. |
| Ang pag-ibig ay naghahanap ng mga may sakit at mga nahahapo. |
| Ang pag-ibig ay nakahanda para sa pagkakataong maglingkod. |
| Ang pag-ibig ay may panahon para sa iba. |
| Ang pag-ibig ay nagpapatawad. |

2. Mag-atas ng tatlong kasapi ng klase na isa-isang babasa ng isa sa apat na halimbawa na nagpapakita ng pag-ibig ni George Albert Smith. Bigyan ang bawat isa ng kopya ng halimbawa at isang tag ng pangalan ng taong kinakatawan nila (Elder Ezra Taft Benson, Anak na babae ni Pangulong Heber J. Grant o D. Arthur Haycock).
3. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging "George Albert Smith."
4. Kopyahin sa pamamagitan ng kamay o makinang pangkopya ang "Ang Mga Layunin ni Pangulong George Albert Smith" para sa bawat kasapi ng klase (tingnan sa hulihan ng aralin.)

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Halimbawa

Basahin ang sumusunod:

"Ang mga bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay pangit at nakapanlulumo. Nagtagal ito ng mahigit sa limang taon. Mahigit na limampung bansa ang sumali sa digmaan. Tinatayang limampu't limang milyong katao ang nasawi. Nagkakahalaga ito ng mahigit sa isang trilyong dolyar. Milyun-milyon sa Europa at Asya ang walang sapat na pagkain, tirahan, at damit. Ang lungkot, sama ng loob, at pagkasiphayo ay lumaganap sa mga bansa at tahanan. Sa iba't ibang paraan, tumimo ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa buhay ng halos lahat ng tao sa lupa.

"Noong Mayo 21, 1945, sa panahon na ang kabuuan ng bilang ng mga taong napatay at pagkawasak na iniwan ng digmaan ay unti-unti nang nakikita, si George Albert Smith ay

nalagay mula sa panahon ng kanyang paghahanda sa kanyang katungkulan na inordena sa simula pa bilang Pangulo ng Simbahan" (*Presidents of the Church,* [Religion 345 manwal ng mag-aaral], p. 195).

Ang isa sa pinakadakilang katangian ni Pangulong Smith ay ang pag-ibig na ipinamalas niya sa buong sangkatauhan. Ang pag-ibig na ito ay malinaw na ipinakita sa sumusunod na paliwanag ni Patriyarkang Joseph F. Smith, ang apo ni Pangulong Joseph F. Smith.

"Hindi ako ang magsasabi kung ano ang tanging misyon na naghihintay kay Pangulong George Albert Smith. Gayunman, ito ang alam ko, na sa tanging panahong ito sa kasaysayan ng daigdig, hindi pa kailanman lubos na kinailangan ang pangangailangan ng pagmamahal sa mga kapatid na katulad sa ngayon. Bukod dito, tunay na alam ko ito, na walang sinumang taong nakilala ko na nagmahal sa sangkatauhan, sa panlahatan o isahan, nang higit na matindi kaysa kay Pangulong George Albert Smith" (sa Conference Report, Okt. 1945, p. 31–32).

Noong Nobyembre 1945, pagkataps ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dinalaw ni Pangulong Smith si Harry S. Truman, na siyang pangulo ng Estados Unidos noon. Inilarawan ni Pangulong Smith ang pagdalaw ng ganito:

"Noong dinalaw ko siya, magiliw niya akong tinanggap—nagkita na kami noon—at sinabi ko: 'Pinuntahan ko lamang kayo, G. Pangulo, upang tiyakin kung ano ang inyong saloobin kung ang mga Banal sa Huling-araw ay handang magpadala ng pagkain at damit at higaan sa Europa.'

"Ngumiti siya at tumingin sa akin, at sinabi: 'Buweno, ano ang nais ninyong ipadala roon? Hindi kainaman ang pera nila roon.'

"Ang sabi ko: 'Hindi namin hangad ang kanilang pera.' Tumingin siya sa akin at nagtanong: 'Huwag mong sabihin na ipamimigay ninyo sa kanila?'

"Sinabi ko: 'Ganoon na nga po, ibibigay namin sa kanila. Kapatid namin sila at kasalukuyan silang naghihirap. Biniyayaan kami ng Diyos nang labis, at kasiyahan naming ipadala ang mga iyon kung makukuha namin ang pakikiisa ng pamahalaan.'

"Ang sabi niya: 'Nasa tama kayong landasin' at idinagdag, 'kasiyahan naming tumulong sa inyo sa abot ng aming makakaya.'

"Pinag-isipan ko iyan nang matagal. Pagkatapos naming mag-usap nang ilang sandali, muli niyang sinabi: 'Gaano katagal ang kakailanganin upang maihanda ninyo ito?'

"Sabi ko, 'Nakahanda na po ang lahat.'

"Kung naaalala ninyo, sinisira ang pamahalaan ang mga pagkain at tumatangging magtanim ng butil noong panahon ng digmaan, kaya sinabi ko sa kanya:

" 'G. Pangulo, habang ang pamahalaan sa Washington ay nagpapayong sirain ang mga pagkain, kami naman ay gumagawa ng mga elebeytor at pinupuno namin ang mga ito ng butil, at dinaragdagan ang aming mga kawan, at ang kailangan namin ngayon ay mga sasakyan at barko upang maipadala namin ang marami-raming pagkain, damit at higaan sa mga taong naghihirap sa Europa. Mayroon kaming samahan sa Simbahan na may mahigit sa dalawang libong kubrekamang gawa sa bahay na nakahanda na' " (George Albert Smith, sa Conference Report, Okt. 1947, p. 5–6).

---

**Ang Mga Layunin ni Pangulong George Albert Smith**

Noong siya ay naging Apostol, gumawa si Pangulong George Albert Smith ng talaan ng kanyang pinakamahalangang layunin at hangarin.

Gawain at talakayan

Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng kopya ng labing-isang layunin na inihanda ni Pangulo George Albert Smith para sa sarili niya. Hilingin sa ilang kasapi ng klase na basahin ang mga ito, isa-isa.

Talakayan

- Anong uri ng pagsisikap ang kailangan upang matugunan ang mga naturang layunin?
- Ano ang kinailangang isakripisyo ni Pangulong Smith upang matugunan ang mga layuning ito?

Maaaring mahimok ang mga kasapi ng klase na gumawa ng katulad na mga itinakdang layunin para sa kanilang sarili.

---

**Inihalimbawa ni George Albert Smith ang Alituntunin ng Pag-ibig sa Salita at sa Gawa**

Sabihin sa mga kasapi ng klase na maraming kuwento ang nasabi tungkol sa pagmamahal at pagmamalasakit ni Pangulong Smith sa iba. Tinuruan niya tayo, sa pamamagitan ng kanyang mga gawa, ng maraming alituntunin na kasama sa salitang *pag-ibig*.

Mga sinulatang piraso ng papel o paskil

Idikit ang salitang *Pag-ibig.* Sa ilalim ay idikit ang mga sinulatang piraso ng papel o paskil na: Ang pag-ibig ay naghahanap ng mga may sakit at nahahapo.

Gawain

Ipabasa sa mga inatasang kasapi ng klase ang mga sumusunod na kuwento at isuot ang mga tag ng pangalan ng kanilang kinakatawan. Ipakilala sila, na nagbibigay ng anumang mahalagang paglalarawan bago sila magsimulang magbasa.

Ito si Elder Ezra Taft Benson, na kasapi ng Korum ng Labindalawa noong 1951 nang sabihin niya ito:

Elder Ezra Taft Benson

"Hindi ako kailanman magsasawa sa pagpapasalamat sa mga pagdalaw [ni Pangulong George Albert Smith] sa aking tahanan [sa Lungsod ng Salt Lake] habang ako ay naglilingkod bilang isang hamak na misyonero sa mga bansa ng winasak ng digmaang Europa sa katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tiyak na pinasasalamatan ko ang pagdalaw sa katahimikan ng gabi noong nasa bingit ng kamatayan ang aming bunso. Ni walang pasabi, nag-ukol ng panahon si Pangulong Smith na pumunta sa tahanang iyon at ipatong ang kanyang kamay sa ulo ng bunsong iyon, na karga ng kanyang ina nang marami nang oras, at pinangakuan siya ng ganap na paggaling. Ito si Pangulong Smith, palagi siyang may panahon na tumulong, lalo na sa mga may sakit, yaong higit na nangangailangan sa kanya" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1951, p. 46).

Mga sinulatang piraso ng papel o paskil at gawain

Idikit ang sinulatang piraso ng papel o paskil na: Ang pag-ibig ay nakahanda para sa pagkakataong maglingkod.

Ito ay isang anak na babae ni Pangulong Heber J. Grant.

Ang Anak na Babae ni Pangulong Heber J. Grant

"Sa isang pagkakataon [si Pangulong Smith] ay naglalakbay pabalik mula sa isang kombensiyon. [Kasama ako sa kanyang grupo at nakita ko siya] na nakatingin sa kabila ng gitnang daanan at pagkakita sa isang kabataang ina at mga anak nito, na napaliligiran ng mga dala-dalahan. Nakaramdam siya ng pangangailangan na kausapin siya at itanong ang kanyang kalagayan.

" 'Sa ilang saglit ay kausap na ni Pangulong Smith ang kabataang ina. Bumalik siya sa aming upuan at sinabi, "Sabi ko na nga ba. Ang abang ina ay patungo sa isang mahabang paglalakbay; tiningnan ko ang kanyang tiket. Hindi ko maintindihan kung bakit ang taong nagbili sa kanya ay di alam ang higit na mabuting daan para sa kanyang paglalakbay. Tulad nga niyan na kailangan pa niyang maghintay ng matagal sa Ogden at muli sa Chicago. Kinuha ko ang kanyang tiket at bababa ako sa Ogden at titingnan ko kung mapapalitan ko ito upang makakuha siya ng ibang koneksiyon at nang hindi niya kailangang maghintay nang matagal sa Ogden at Chicago." '

"Bumaba agad si Pangulong Smith sa tren sa paghinto nito at inayos ang pangangailangan ng batang ina, na pinapalitan ang kanyang tiket upang mabigyan siya ng higit na kaginhawahan. Ganyan kadaling makaramdam ang taong ito sa pangangailangan ng iba" (Arthur Ray Bassett, "George Albert Smith: On Reaching Out to Others," *New Era,* Ene. 1972, p. 52).

Sinulatang piraso ng papel o paskil at gawain

Idikit ang sinulatang piraso ng papel na: Ang pag-ibig ay may panahon para sa iba.

Ito ang Kapatid na D. Arthur Haycock, pansariling kalihim ng ilang propeta.

### Si Kapatid na D. Arthur Haycock

"Sa isang . . . paglalakbay patungong Gitnang Kanluran, [si Pangulong Smith] ay nagmamadaling humahabol ng tren nang siya ay pahintuhin ng ina na may apat na maliliit na kabataan upang mabigyan ang kanyang mga anak ng pagkakataong makamayan siya. May kumuha ng larawan sa pangyayari, at ang isang kopya ay ipinadala kay Pangulong Smith na kasama ang pahatid na: 'Ipinadadala ko sa inyo ang larawang ito sapagkat ito ang buhay na larawan ng taong pinaniniwalaan naming kayo. Ang dahilan kung bakit namin pinahahalagahan ito ay sapagkat, sa inyong kaabalahan, sa kabila ng katotohanang kayo ay pinagmamadali sa inyong sasakyan at sa naghihintay na tren, nagkaroon pa kayo ng panahong makipagkamay sa bawat bata ng mag-anak na ito' " (D. Arthur Haycock, "A Day with the President," *Improvement Era,* Abr. 1950, p. 288).

Sinulatang piraso ng papel o paskil at halimbawa

Idikit ang sinulatang piraso ng papel na: Ang pag-ibig ay nagpapatawad.

Isalayay ang sumusunod na kuwento:

"May masidhing pagmamalasakit si Pangulong George Albert Smith sa mga taong nawalan ng kasiyahang-loob sa Simbahan, at pinagsikapan niyang ipakita sa kanila ang kanilang pagkakamali. Isang pangyayari ang naglarawan nito. Isang malaking grupo ang humiwalay sa Simbahan at nagtatag ng sarili nilang simbahan. May hinanakit sila sa ilang mga pinuno at pinangahasang isakamay nila ang mga bagay-bagay. Ginawa ni Pangulong Smith ang makasaysayang pagdalaw sa grupong ito noong 1946. Nakipagpulong siya sa kanila at nakipagkamay, nakipag-usap sa kanila, at nanalangin at lumuha para sa kanila. Naantig sila ng kanyang pagdalo. Nagmukha siya at kumilos na tulad ng isang propeta. Tinanggap nila na siya ay propeta. Labindalawang daang katao, na nakaramdam sa nagniningning na pag-ibig ni Cristo na lumalapit sa kanila sa pamamagitan ng pinahiran ng Panginoon, ang bumalik sa kandungan ng Simbahan mula sa kanilang kinalihisan" (Presidents of the Church [Religion 345 student manual], p. 202).

---

### Pinayuhan Tayo ni Pangulong Smith na Magmahalan

Nagsasalita bilang isang nagbigay-diin sa salitang pag-ibig sa buong buhay niya, sinabi ni Pangulong Smith sa mga kasapi ng Simbahan:

"Subalit huwag kalilimutan na anuman ang halaga ng ibinigay mong salapi, anuman ang paghahangad mo upang lumigaya ka sa mga bagay sa daigdig na ito, ang iyong kaligayahan ay katumbas lamang ng iyong pag-ibig sa kapwa-tao at ng iyong pagkamaawain at ng iyong pagmamahal sa mga kahalubilo mo sa lupang ito. Sinabi ng ating Ama sa Langit sa malinaw na salita na ang nagsasabing mahal niya ang Diyos subalit hindi naman nagmamahal sa kanyang kapatid ay hindi matapat" (George Albert Smith, "To the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Dis. 1932, p. 709).

Si Elder Spencer W. Kimball, habang siya ay kasapi ng Korum ng Labindalawa, ay nagsabi ng ganito tungkol kay Pangulong George Albert Smith: "Sa wari ko ang bawat kilos, ang bawat kaisipan ng ating Pangulo ay magpapakita na taos sa kanyang puso at kaluluwa ang pagmamahal niya sa Panginoon, at minahal niya ang kanyang kapwa-tao. Mayroon bang taong may kamatayan na nagmahal sa kanila nang higit pa?" (sa *Church News,* 11 Abr. 1951, p. 11).

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 4 (1 minuto, 19 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 5 (3 minuto, 55 segundo), ng patotoo ni George Albert Smith.

Ang mga katangian at pagkatao ng ating mga propeta ay nagpapakita ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit sa atin. Inihahanda niya para sa atin ang pinakamabubuting tao upang matugunan ang pangangailangan sa ating panahon. Ang halimbawa ni George Albert Smith ay isang biyaya sa sinumang mag-aaral sa buhay ng dakilang taong ito. Ang kanyang pagmamahal ay isang natatanging biyaya sa daigdig sa panahon na tila laganap ang pagkapoot at kahirapan. Ang kanyang pag-ibig ay isang natatanging biyaya sa mga Banal sa Huling-araw sa buong daigdig.

Ang isa sa mga pinakadakilang kaloob na maaari nating mapaunlad ay ang kaloob ng pag-ibig. Katulad ng lahat na ibang espirituwal na kaloob, ang isang ito ay darating

habang ipinagpapatuloy natin ang paglilingkod sa Diyos at sa ating kapwa-tao, habang hinihingi ang tulong ng Diyos sa ating mga dalangin, at habang pinag-aaralan nating matutunan ang kanyang kagustuhan.

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na magpakita ng pagmamahal na katulad ng kay Pangulong Smith sa kanilang kapwa-tao.

---

# Ang mga Layunin ni Pangulong George Albert Smith

1. "Magiging kaibigan ako ng mga walang kaibigan at masisiyahan sa pagbibigay ng kailangan ng mahihirap."
2. "Dadalawin ko ang mga may sakit at nagdurusa at bibigyang-sigla sila na maghangad para sa pananampalataya na gumaling."
3. "Ituturo ko ang katotohanan para sa pang-unawa at biyaya ng sangkatauhan."
4. "Hahanapin ko ang nagkakamali at sisikapin kong pabalikin sila sa matuwid at maligayang pamumuhay."
5. "Hindi ko pipilitin ang mga tao na sumunod sa aking mga kaisipan kundi mamahalin sila upang gumawa ng bagay na tama."
6. "Makikipamuhay ako sa karamihan at tutulong sa paglutas ng kanilang mga suliranin upang lumigaya ang kanilang pamumuhay sa lupa."
7. "Iiwasan ko ang katanyagan ng matataas na katungkulan at hahadlangan ko ang walang katuturang papuri ng mga walang-pagpapahalagang kaibigan."
8. "Hindi ko sasadyaing manakit ng kalooban ng sinuman, kahit pa ang nakagawa ng kamalian sa akin, kundi pagsisikapan kong gumawa ng kabutihan para sa kanya at gagawin ko siyang kaibigan."
9. "Dadaigin ko ang hilig na maging makasarili at mapanibugho at matutuwa sa mga tagumpay ng lahat ng anak ng aking Ama sa Langit."
10. "Hindi ako magiging kaaway ng sinumang nabubuhay na kaluluwa."
11. "Sapagkat nalalaman ko na inialay ng Manunubos ng sangkatauhan sa daigdig ang tanging plano na lubos na magpapaunlad sa atin at tunay na paliligayahin tayo rito at sa kabilang buhay, mula ngayon ay nararamdaman kong hindi lamang tungkulin kundi isang natatanging karapatan ang pagpapalaganap sa katotohanang ito."

    (Binanggit sa Bryant S. Hinckley, "Greatness in Men: Superintendent George Albert Smith," *Improvement Era,* Mar. 1932, p. 295.)

# Kapayapaan Sa Magulong Panahon

Aralin 27

**LAYUNIN**

Malalaman ng mga kasapi ng klase na maaari tayong magkaroon ng kapayapaan sa magulong panahon kung alam nating matwid ang ating pamumuhay.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng malinis na suklay at pira-pirasong papel.
2. Ilagay ang kasunod na laro ng "pagtutuong-pansin" sa pisara at takpan ang mga salita sa mga parisukat na papel na may bilang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | kalasag |
| 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | ng pananam-palataya |

(Naalis na ang takip ng mga bilang 4 at 12.)

| | | | |
|---|---|---|---|
| espada | ng katuwiran | ang mga paa ay may panyapak na | kalasag |
| ng katotohanan | ng Espiritu | baluti sa dibdib | bigkis |
| paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan | ng kaligtasan | turbante (helmet) | ng pananampalataya |

3. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may kopya ng Bibliya.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Gawain

Hilingin sa isang kasapi ng klase na magsuklay ng ilang beses pagkatapos ay ilapit ang suklay sa pira-pirasong papel. Ang mga papel ay didikit sa suklay.

- Bakit dumidikit ang mga pira-pirasong papel sa suklay? (Ang suklay ay nakargahan ng kuryente na nagsisilbing magnet.)

Katulad ng nakita ninyong bisa ng kuryente na nalagay sa suklay kapag nagamit, ganoon din makikita ninyo ang natatanging kapangyarihan na pinauunlad sa taong masigasig na gumagawa ng gawain ng Diyos. Ang taong matwid ay nagpapalapit sa kanya ng kapangyarihan ng Diyos.

Napag-aralan natin kung papaano namuhay ng matwid na pamumuhay at sumunod sa mga kautusan ng Diyos si Pangulong George Albert Smith. Bagamat naharap siya sa ilang mga nakakatakot na kalagayan sa kanyang buhay, tila hindi siya gaanong nababagabag ng mga ito.

• Ano ang nangyayari sa daigdig noong panahong siya ay tinawag na propeta ng Simbahan? (Malapit nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.)

Ito ang pahayag na sinabi niya bilang isang Apostol noong panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig: "Bagamat maaaring mapuno ang daigdig ng pagkabalisa, at naninilim ang kalangitan, at kumikislap ang malilinaw na liwanag, at lumilindol mula sa gitna palabas, kung alam natin na nabubuhay ang Diyos, at matuwid ang ating pamumuhay, maliligayahan tayo, magkakaroon ng kapayapaan na hindi kayang ilarawan sapagkat alam natin na sinasang-ayunan ng ating Ama ang buhay natin" (George Albert Smith, sa Conference Report, Okt., 1915, p. 28).

Nagsalita si Pangulong Smith mula sa sariling karanasan. Bilang isang kabataan tinawag siyang maglingkod sa Misyon ng Mga Estado sa Timog (Southern States Mission). Sa loob ng maraming taon ang mga misyonerong Mormon ay hindi tinatanggap nang mabuti sa Timog. Mayroong mga pinaglalatigo, pinagbubugbog, at pinagpapatay, o pinaglalapastangan, ng mga mandurumog.

Isang gabi, nanatili si George Albert Smith sa bahay ng ilang kasapi kasama ng ibang elder at ng pangulo ng misyon, si J. Golden Kimball. Nang gabing iyon, habang sila ay natutulog, nagtipun-tipon ang mga mandurumog. Isinalaysay ni Pangulong Smith:

"Maghahating-gabi nang kami ay magising dahil sa hiyawan at tilian mula sa labas. . . . Bumalikwas si Pangulong Kimball [J. Golden] at nagbihis. . . . Kinalampag ng mga kalalakihan ang pintuan at gumamit ng mga maruruming salita, na pinalalabas ang mga Mormon, na sila ay pagbabarilin nila. Itinanong sa akin ni Pangulong Kimball kung ako ay hindi babangon at magbibihis at sinabi ko sa kanyang hindi, na mananatili ako sa higaan, na nakatitiyak akong hindi kami pababayaan ng Panginoon. Pagkaraan lamang ng ilang sandali ang silid ay tinadtad na ng bala. Maliwanag na hinati ng mga mandurumog ang kanilang sarili sa apat na grupo at nagpapaputok sa apat na sulok ng bahay. Nagliliparan ang mga tilad sa aming ulunan mula sa lahat ng direksiyon. May ilang mga sandali ng katahimikan, saka balang umuulan muli at marami pang tilad ang lumipad. Wala talaga akong naramdaman na pagkatakot. Payapang-payapa ako habang nakahiga roon, dumaranas ng pinakanakapanghihilakbot na pangyayari sa aking buhay, subalit nakatitiyak ako na habang ako ay nagtuturo ng salita ng Diyos at sumusunod sa kanyang mga turo ay ipagsasanggalang ako ng Panginoon, at ginawa nga niya" (George Albert Smith, "How My Life Was Preserved," sa *A Story to Tell,* tinipon ng Primary Association General Board at ng Deseret Sunday School Union Board [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1945], p. 155-56).

• Natakot ba siya? Ano ang nakapagpahinahon sa kanya sa ganoong nakatatakot na karanasan? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot.)

---

### Ipinagsasanggalang ng Baluti ng Panginoon ang Mga Banal sa Panahon ng Kaguluhan at Pagsubok

Talakayan sa banal na kasulatan

Nagbigay si Apostol Pablo ng ilang payo sa mga kasapi ng Simbahan noong kapanahunan niya na nahaharap sa kakila-kilabot na mga pagsubok. Sa mga araw na iyon, ang mga Kristiyano ay inuusig at pinapatay pa dahil sa kanilang paniniwala.

Ipabasa sa klase ang Mga Taga Efeso 6:10–18.

Paglalarawan at talakayan

• Isaalang-alang muli si George Albert Smith at ang kanyang kahinahunan habang pinapuputukan. Sa anong paraan niya inihanda ang sarili sa baluti ng Diyos?

Isulat sa pisara ang: *May bigkis ng katotohanan*.

• Paano niya inihanda ang sarili na mabigkisan ng katotohanan? (Sinunod niya ang katotohanan na katulad sa itinuro ng kanyang mga magulang at nuno [lolo at lola].)

Isulat sa pisara ang: *Baluti sa dibdib ng katuwiran.*

• Paano niya napaunlad ang katuwiran? (Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Alalahanin na sinabi niya sa kanyang lolo sa pangitain na wala siyang ginawa na ikahihiya ng kanyang lolo. Gayundin, kusang-loob niyang tinanggap ang tawag ng misyong ito.)

Isulat sa pisara ang: *Ang mga paa ay may panyapak na paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan.*

Sinabi ni Pangulong Smith ang kanyang niloloob nang dumalo siya sa una niyang komperensiya sa misyon.

"Ang pulong namin [sa kakahuyan ng Mississippi] ay nagsimula pagkatapos na pagkatapos naming mag-agahan, at hindi man lamang namin naisip na kailangan pa naming kumain hanggang sa gabi. Nanatili kami at nasiyahan sa inspirasyon ng Makapangyarihan, at tunay na kami ay pinagpala, sa kabila ng kaabalahan at kahirapang nakapalibot sa amin. Sa panahong iyon ay maraming kapootan ang ipinakita sa Mississipi at mga ibang estado sa Timog, subalit naramdaman namin na tila naglakad kami sa harapan ng ating Ama sa Langit, at naalis lahat ang takot at kabalisahan" (George Albert Smith, sa Conference Report, Okt. 1945, p. 115).

- Paano naging panahon ng kapayapaan ang komperensiyang ito—"isang paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan?" (Pahintulutan ang iba-ibang sagot.)

Isulat sa pisara ang: *Kalasag ng pananampalataya.*

Ipinakita ni Pangulong Smith ang pananampalataya noong bata pa siya. Bilang isang batang lalaki, nagkasakit si George Albert Smith ng tipus. Pinayuhan ng doktor ang kanyang ina na panatilihin siyang nakahiga sa loob ng tatlong linggo, na huwag pakakainin ng bagay na may laman, at painumin siya ng kape. Pagkalipas ng mga taon, sinabi ni Pangulong Smith:

" 'Nang siya ay makaalis, sinabi ko sa aking ina na ayaw ko ng kape. Naituro sa akin na ang Salita ng Karunungan, na ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith, ay nagpapayo sa atin na huwag uminom ng kape.

" 'Nagsilang si nanay ng tatlong bata sa daigdig at dalawa ang namatay. Talagang alalang-alala siya sa akin.

" 'Hiningi ko sa kanyang papuntahin niya si Kapatid na [lalaki] Hawks, isa sa mga guro namin sa purok. Namamasukan siya sa moldehan, [isang] mahirap at mapagpakumbabang tao na may dakilang pananampalataya sa kapangyarihan ng Panginoon.

" 'Dumating siya, nilapatan ako at binasbasan upang ako ay gumaling.

" 'Nang dumating ang doktor kinaumagahan, ako ay naglalaro sa labas na kasama ang ibang bata. Nagtaka siya. Sinuri ako at nalamang wala na ang aking lagnat at tila magaling na ako.

" 'Nagpasalamat ako sa Panginoon sa paggaling ko. Nakatitiyak akong siya ang nagpagaling sa akin" (Sanaysay sa magasin sa isang iskrapbuk [GAS Collection, U of U, Box 124, Scrapbook 1], p. 4; na binanggit sa Glen R. Stubbs, "A Biography of George Albert Smith, 1870–1951" [Ph. D. disertasyon, Brigham Young University, 1974], p. 12).

Isulat sa pisara ang: Turbante (helmet) ng kaligtasan at ng Espada ng Espiritu.

- Anong katibayan ang mayroon na nakamtan ni George Albert Smith ang dalawang pirasong ito ng baluti? (Bilang halimbawa, malimit niyang sabihin noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig na darating lamang ang kapayapaan sa mga bansa sa lupa kapag nakamtan nila ang Espiritu ng Diyos [tingnan sa Conference Report, Abr. 1948, p. 180].)

Gawain

Hatiin ang klase sa dalawang koponan. Laruin ang larong "pagtutuong-pansin" na nasa pisara na natatakpan ng mga papel. Nagsasalitan ang bawat koponan ay magpapadala ng isang tao sa pisara upang mamili at mag-alis ng takip ng dalawang parisukat. Ang pakay ng laro ay upang alisin ang takip ng dalawang [parisukat na magkarugtong ang parirala katulad ng "kalasag ng pananampalataya"]. Kung magkarugtong ang mga parisukat, iiwanang nakabukas ang mga ito at magkakaroon ng puntos ang koponan. Kung hindi, ibabalik ang mga papel.

Ibinigay ni Pangulong George Albert Smith ang pangakong ito sa mga kasapi ng Simbahan upang maalala natin sa panahon ng kaguluhan:

"Mayroong dalawang impluwensiya sa daigdig. Ang isa ay ang impluwensiya ng ating Ama sa Langit at ang isa ay ang impluwensiya ni Satanas. Maaari tayong mamili kung aling nasasakupan ang nais nating tirahan, ang sa ating Ama sa Langit o ang kay Satanas.

"Maraming beses ko nang inulit ang sinabi ng aking lolo. Siya, rin, ay nagsalita sa pulpitong ito, at siya ang nagbigay sa akin ng kanyang pangalan. Sa pagpapayo niya sa kanyang mag-anak ay sinabi niya, 'Mayroong guhit ng hangganan, na malinaw ang pagkakapaliwanag. Sa kabila ng guhit ay ang nasasakupan ng Panginoon. Sa kabilang guhit ay ang nasasakupan ng diyablo.' At sinabi niya, 'Kung mananatili kayo sa guhit na nasa panig ng Panginoon, tiyak na ligtas kayo, sapagkat hindi matatawid ng kaaway ng lahat ng katwiran ang guhit na iyan.'

"Ano ang ibig sabihin niyon? Ang ibig sabihin nito sa akin ay ang mga nabubuhay sa matwid na pamumuhay, sumusunod sa lahat ng mga kautusan ng ating Ama sa Langit ay tiyak na ligtas, subalit hindi ang mga nagwawalang-bahala sa kanyang mga pangaral at payo" (George Albert Smith, sa Conference Report, Okt. 1949, p. 5–6)."

Tumitindi ang hamon ng daigdig na ito sa ating pananampalataya sa Diyos at sa ating pamantayan ng katuwiran. Kung tayo ay "makakatayo," katulad ng sinabi ni Pablo, kailangang maghanda na tayo ngayon sa pamamagitan ng "pagsusuot" ng "baluti ng katuwiran". Sa pamamagitan nito makasusulong tayo sa pagkaalam na magiging maayos ang lahat. Ang ating pagkamatuwid ay magdadala sa atin ng kapayapaan maging sa gitna ng magulong panahon. Magtulungan tayong tumayo "sa panig ng Panginoon."

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na isuot ang baluti ng Diyos.

# David O. McKay: Karangalan Para Sa Tahanan at Mag-anak

Aralin 28

**Isinilang:** 8 Setyembre 1873 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1951–1970

**LAYUNIN**

Sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa buhay ni Pangulong David O. McKay, matututuhang ikarangal ng mga kasapi ng klase ang tahanan bilang banal na lugar ng paghahanda [para sa buhay, may-kamatayan man at walang-kamatayan].

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Pangulong David O. McKay sa bahaging may kulay.
2. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Aklat ni Mormon.
3. Kumuha ng isang piraso ng papel at lapis para sa bawat kasapi ng klase.
4. Maghanda ng paskil ng pangungusap ni Pangulong McKay na: "Ang isa sa ating pinakamahalagang pag-aari ay ang mag-anak natin. . . . Walang ibang tagumpay ang makatutumbas sa kabiguan sa tahanan. Ang pinakamaralitang dampa na pinangingibabawan ng pagmamahal ng nagkakaisang mag-anak ay higit na pinahahalagahan ng Diyos at nang darating na sangkatauhan kaysa anupamang kayamanan. Sa ganyang uri ng tahanan makagagawa ang Diyos ng mga himala at gagawa ng mga himala. Ang mga dalisay na puso sa mga dalisay na tahanan ay laging abot-bulong ng langit." Pangulong David O. McKay.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Pagpapakahulugan at talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng "ikarangal"? (Ipakita ang mataas na pagpapahalaga sa kahalagahan o katayuan ng isang tao, magbigay ng papuri o pagtatangi, magpitagan.)
- Ang karangalan ba ay isang salita ng paggawa? (Oo! Kung ikinararangal natin ang isang tao o bagay, malimit tayong nagaganyak, napupukaw, o naiimpluwensiyahan ng tao o bagay na iyan.)
- Umisip ng isang tao o bagay na ikinararangal ninyo. Paano ito nakaapekto sa nyong buhay?

### Ikinarangal ni David O. McKay ang Angkang Pinagmulan Niya

Kasaysayan

Si David Oman McKay ang pangsiyam na propeta at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw. Marami sa kanyang mga tagumpay ang ipinalalagay na bunga ng pagmamahal at karangalan na naramdaman niya sa kanyang mga magulang at mga nuno (lolo at lola) at ang mapagmahal na kapaligiran sa kanilang tahanan. Ang mga ninuno ni Pangulong McKay ay dakila at matibay, isang pamanang ipinagmamalaki niya at pinagpipitaganan nang may taos at mapagmahal na karangalan.

Nag-ugat ang ebanghelyo sa mag-anak na McKay noon pa mang kalagitnaan ng 1800—mga ilang taon lamang pagkatapos na maipanumbalik ang ebanghelyo sa lupa. Noong 1850, sa gitna ng mga burol ng Scotland, tinanggap nina William at Ellen Oman McKay, ang mga nuno ni Pangulong David O. McKay, ang ebanghelyo.

Noong 1856 umalis sila sa Scotland at naglayag patungong America. Lalong tumindi ang pagmamalaki at paggalang ni Pangulong McKay sa kanyang mga nuno noong, bilang isang batang lalaki, nakinig siya sa mga kuwento ng kanyang mga nuno na bumagtas sa mga kapatagan patungong Utah. Kabilang sa mga kuwentong ito ay ang itinatanging ito:

Pagdating sa America, "ang mag-anak [nina William at Ellen] ay lumipat sa Iowa, at tumigil muli upang magtrabaho ng isa pang taon, na nag-iipon ng pera at naghahanda para sa mahabang paglalakbay pabagtas sa mga kapatagan patungong Utah. Sa pagtatapos ng taon ang mag-anak ay nagkaroon ng dalawang tig-dadalawang taong gulang na kapong turet, dalawang baka, isang matandang kapong baka, isang bagon, at kaunting panustos na baon, at ang lahat ay masaya at masisimulan na ang 1,000 milyang paglalakbay. Noong kinagabihan ng pag-alis, Hunyo 13, 1859, naganap ang kapulungan para sa tagubilin. Iniulat ni Kapitan Brown na mayroong isang balong babae na may isang maliit na anak sa kampo na walang kagamitan sa paglalakbay at malubha ang sakit at hindi makalakad. 'Sino sa inyo ang maaaring magsakay sa balong babaeng ito at sa kanyang anak?' Ang bawat bagon ay puno ng dalahin, at walang sagot mula sa nagtipun-tipong kalalakihan. Ginagawa ni William ang lahat ng kanyang makakaya sa pag-aaruga sa kanyang asawa, at balak niyang isakay ito sa bagon pabagtas sa mga kapatagan, na ang balak ay siya na lamang ang maglalakad sa kabuuan ng daan. Iniulat niya ang pangyayari kay Ellen Oman [ang kanyang asawa], na sinabing: 'Nanay, may isang balong babae na nais bagtasin ang kapatagan; mahina siya, hindi niya kayang maglakad. Dapat ay may magpapasakay sa kanya sa mga bagon. Wala akong binanggit ngayong gabi.

"Agad siyang sumagot, 'Bumalik ka kaagad at sabihin mo sa kanyang maaari niyang kunin ang lugar ko!' Sa pamimilit niya, ginawa niya ito, at si Ellen ay naglakad na kasama ang kanyang asawa sa kabuuan ng daan na may habang 1,000 milya pabagtas ng kapatagan!" (tinipon ni Llewelyn McKay, *Home Memories of President David O. McKay* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1956], p. 19–20).

Mula sa mga dakilang magulang na ito ay isinilang ang mga dakilang anak: ang bunsong lalaki, si David McKay, ang ama ng Pangulong McKay.

Sina David McKay at Jennette Evans ay ikinasal noong 1867 at lumipat sa Ogden Valley upang magsimula sa kanilang buhay mag-asawa. Ang bahay na kanilang ipinatayo sa Huntsville, Utah, ay nakatayo pa sa ngayon, katulad na katulad noong isinilang si David O. McKay noong 8 ng Setyembre 1873. Siya ang panganay na lalaki at pangatlo sa mag-anak ng sampu.

Halimbawa

Nakilala ni Pangulong David O. McKay ang biyaya ng tahanan at mag-anak noong bata pa siya.

"Noong si David ay pitong taong gulang pa lamang, namatay ang kanyang dalawang nakatatandang kapatid na babae, at hindi nagtagal ay natawag ang kanyang ama sa dalawang taong pagmimisyon sa simbahan sa kanyang bansang sinilangang Scotland. Naghihintay si Gng. McKay na magluwal [ng isa pang sanggol] sa loob ng sampung araw. Kailangang may mangasiwa sa rantso; kailangang pakainin ang isang batang mag-anak. Subalit nauna ang simbahan. Iyan ay isang pagsubok ng pananampalataya. Nang sumakay si Elder McKay sa kanyang kabayo, binuhat niya ang maliit na anak na lalaki, ginawaran niya ng halik ng pamamaalam, at sinabi, 'David, alagaan mo ang Inay at ang mag-anak.' Sa araw na iyon nagwakas ang kabataan ni David O. McKay at naging lalaki na siya, na may kakaibang uri ng pananagutan.


"Ang pinakamahirap na bahagi niyon ay ang mga takot ni David sa gabi, sa mga Indian o mga desperado na dumarating at nanggugulo sa kanila. 'Isang gabi, hindi ako makatulog, at naisip kong may naririnig akong ingay sa paligid ng bahay. Yamot na yamot ako sa aking sarili, at ipinasya kong manalangin katulad ng itinuro sa akin ng mga magulang ko. Naisip kong makapananalangin lang ako kung ako ay babangon at luluhod, at mabigat na pagsubok iyon. Subalit napagsikapan ko pa ring bumangon at lumuhod at manalangin sa Diyos na kupkupin ang aking ina at ang mag-anak. At isang tinig, na malinaw na malinaw na nangungusap sa akin katulad ng sa akin sa inyo, ang nagsabi, "Huwag kang matakot; walang mananakit sa inyo." Kung saan nagmula, kung ano iyon, hindi ko sasabihin. Kayo na ang humatol. Para sa akin iyon ay tuwirang sagot.' " (John J. Stewart, *Remembering the McKays* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1970], p. 13–14).

Talakayan

Sinabi ni Pangulong McKay, " 'Kung ako ay tatanungin kung ano ang pinaka-kailangan ng daigdig, walang atubili kong sasabihing *mga matatalinong ina;* at ang pangalawa, *mga huwarang ama*' " (Llewlyn McKay, *Home Memories,* p. 4).

Gawain

Upang ipakita ang kahalagahan ng pagsunod sa magagandang halimbawa, magbigay ng isang piraso ng papel at lapis sa bawat kasapi ng klase. Ipaliwanag na bibigyan mo sila ng labing siyam na maiikling tagubilin na susundin. (Kapag ang mga tagubilin ay sinunod nang isa-isa ay mabubuo ang sumusunod na larawan:)




Huwag ipakita ang larawang ito sa mga kasapi ng klase hangga't hindi nila natatapos ang guhit.

Himukin ang mga kasapi ng klase na iwasan ang pakikipag-usap o pagtalakay ng gawain ng klase habang ginagawa pa. Basahin ang mga sumusunod na tagubilin sa klase:

Sinisimulan ang inyong lapis sa gitna ng papel, gumuhit ng isang tuluy-tuloy na guhit—

1. Pababa nang 2 dali
2. Pakanan nang 3 dali
3. Pataas nang 2 dali
4. Pahilig na pataas pakaliwa nang 2 dali
5. Pahilig na pababa pakaliwa nang 2 dali
6. Tuwid na pakanan nang 3 dali
7. Pababa nang 2 dali
8. Pakaliwa nang 2 dali
9. Pataas nang 1 1/2 dali
10. Pakanan nang 1 dali
11. Pababa nang 1 1/2 dali
12. Pakaliwa nang 4 dali
13. Pataas nang 2 dali
14. Gumawa ng pakulut-kulot, buong bilog (mga 2 dali ang diyametro)
15. Pababa nang 2 dali
16. Pakaliwa nang 2 dali
17. Paitaas nang 4 dali
18. Gumawa ng malinis, buong bilog
19. Gumuhit ng mga patulis sa palibot ng inyong bilog
20. Tapos na kayo!

Bayaang ihayag ng mga kasapi ng klase ang kanilang damdamin tungkol sa gawain. Maaaring nais na ipakita ng ilan ang kanilang guhit. Maaaring makarinig ka ng mga puna na: "Ang gulo nito!" "Hindi ko maintindihan ang nais ninyong gawin namin!" "Tama ang ginawa ko hanggang . . . "

Pisara at talakayan

Ngayon, ulitin ang gawain. Sa pagkakataong ito, pamunuan ang klase sa pagguhit ng anyo sa pisara habang binabasa ang mga tagubilin.

- Gaano kahalaga ng may magandang halimbawa tayong sinusunod? (Napakahalaga; sa gawain lalong pinadali nito ang pagguhit sapagkat nakikita ninyo kung paano ito ginawa.)

- Gaano kahalaga na tayo ay *maging* magandang halimbawa? (Ang mga halimbawang ipinakikita ng mga nasa paligid natin ay nagiging malaking impluwensiya sa ating buhay na katulad ng ating mga halimbawa na may lakas na impluwensiyahan ang iba.)

- Sino ang mga higit ninyong naiimpluwensiyahan sa pamamagitan ng inyong halimbawa? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot, na binibigyang-diin na ang mga kaibigan at mga nakababatang kapatid ang higit na naiimpluwensiyahan paminsan-minsan.)

Napaligiran si Pangulong David O. McKay ng magagandang halimbawa at impluwensiya sa kanyang buhay. Ang kanyang minana, mag-anak, at tahanan ay huwaran. Ang ugat ng ebanghelyo ay malalim sa mag-anak na McKay at napatibay sa mga salinlahi ng paglilingkod at pagsunod. Alam ni Pangulong McKay ang kapangyarihan at impluwensiya ng mag-anak at tahanan sapagkat naging mahalagang bahagi siya nito. Ang sabi niya:

Paskil

"Ang isa sa ating pinakamahalagang pag-aari ay ang mag-anak natin. . . . Walang ibang tagumpay ang makatutumbas sa kabiguan sa tahanan. Ang pinakamaralitang dampa na pinangingibabawan ng pagmamahal ng nagkakaisang mag-anak ay higit na pinahahalagahan ng Diyos at nang darating na sangkatauhan kaysa anupamang kayamanan. Sa ganyang uri ng tahanan makagagawa ang Diyos ng mga himala at gagawa ng mga himala. Ang mga dalisay na puso sa mga dalisay na tahanan ay laging abot-bulong ng langit" (sa Conference Report, Abr. 1964. p. 5).

Mga palaisipang tanong

- Isipin ang tahanan at mag-anak na kung saan kayo ay bahagi ngayon. Ano ang mga lakas na nasa yunit ng inyong mag-anak?

- Ano ang mga bagay na babaguhin ninyo? (Maaari mong imungkahi na isulat ng mga kasapi ng klase ang kanilang mga kaisipan sa likod ng papel na ginamit sa naunang gawain.)

- Anong mga paghahanda at layunin ang ginagawa ninyo ngayon na makatutulong sa inyong magkaroon ng sariling huwarang tahanan? (Upang matulungan ang klase na sagutin ang tanong na ito, maaaring naisin ninyong pagbalik-aralan ang ilan sa mga katangiang inihahalimbawa ng mag-anak ni Pangulong McKay, katulad ng pag-ibig, paggawa, pagsunod, at pagpapakasakit.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Naglalaman ang mga banal na kasulatan ng mga halimbawa ng marangal, huwarang mag-anak. Ang isang ganitong ulat ay matatagpuan sa ika-limang kabanata ng Helaman. Pinangalanan ni Helaman ang kanyang dalawang anak na Nefias at Lehias at masuyo niyang tinuruan ang mga ito na ihalintulad ang kanilang pamumuhay sa kanilang mga ninuno.

Sabay-sabay na basahin ang Helaman 5:6–7.

Si Pangulong David O. McKay ay bunga ng isang huwaran, marangal na mag-anak at tahanan. Itinuro niya na ang mag-anak at tahanan ang pinakasentro ng lakas ng ebanghelyo. Minahal niya ang buhay-mag-anak at ipinamuhay ito sa isang paraan na ang kanyang halimbawa ay naging patnubay ng marami.

" 'Ang bahay namin ay isa lamang lumang tahanan sa bayan,' ang sabi niya, 'subalit walang palasyo na kailanman ay napuno ng higit na makatotohanang pagmamahal at pagmamalasakit ng mga magulang, at magkakapatid. Para sa akin ito ang pinakamamahal at pinakamatamis na lugar sa lupa' " (Stewart, *Remembering the McKays,* p. 13).

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng patotoo at hamunin ang klase na alalahanin na ang kanilang buhay ay mahalaga. Sila ay bahagi ng isang tahanan at mag-anak at maaaring maging halimbawa at impluwensiya roon.

# David O. McKay—Pandaigdigang Sugo ng Diyos

Aralin 29

**LAYUNIN**

Sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa buhay ni Pangulong David O. McKay, na isang Apostol at propeta, higit na mauunawaan ng mga kasapi ng klase ang ibig sabihin ng maging "sugo" o kinatawan ng Simbahan ni Cristo.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni David O. McKay sa bahaging may kulay.
2. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Doktrina at Mga Tipan.
3. Maghanda ng paskil ng sumusunod na pangungusap o maghandang isulat ito sa pisara bago magsimula ang klase: *"Maging Ano Ka Man, Gampanang Mabuti ang Iyong Bahagi."*
4. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging "David O. McKay."

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Si David O. McKay, mula 1951 hanggang 1970, ang ika-siyam na propeta at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw. Natawag siyang Apostol sa gulang na tatlumpu't dalawa, at bago natapos ang kanyang ministeryo ng mahigit na animnapu't tatlong taon, nakapaglakbay siya ng mahigit sa isang milyong milya bilang isang sugo ni Cristo.

- Ano ang isang sugo? (Isang kinatawan, diplomatiko, o tagapagbalita.)

### Pinaunlad ni David O. McKay ang Mga Katangiang Kailangan Upang Maglingkod Bilang Sugo ng Panginoon

Ang mga karanasan natin sa buhay ay tumutulong sa atin na paunlarin ang mga katangiang kailangan natin sa pagtulong sa Panginoon upang ipagpatuloy ang kanyang gawain. Lalo nating maiintindihan kung paano naging kinatawan o sugo ni Cristo si Pangulong McKay sa pamamagitan ng pag-aaral sa ilang pangyayari sa buhay niya.

#### Pangyayari 1: Natanggap ni David O. McKay ang Kanyang Basbas Patriyarkal

"Mga ilang linggo bago sumapit ang ika-labing-apat niyang kaarawan, natanggap ni David ang kanyang basbas patriyarkal. Pagkabigkas ng basbas, ipinatong ni Patriyarkang [John] Smith ang kanyang mga kamay sa balikat ni David, at sinabi niya habang nakatingin sa kanyang mga mata, 'Anak, mayroon kang gagawin maliban sa paglalaro ng holen . . . ' Kasama ng mga ibang bagay, na nasabi ng patriyarka sa batang si David:

" 'Kapatid na David Oman McKay, ikaw ay nasa iyong kabataan at nangangailangan ng tagubilin, samakatuwid sinasabi ko sa iyo, magpaturo ka sa iyong mga magulang ng mga paraan ng buhay at kaligtasan, upang maaga pa ay maihanda ka sa mga may-pananagutang katungkulan, sapagkat nakatuon sa iyo ang mata ng Panginoon. . . . May ipagagawa sa iyo ang Panginoon, na kung saan makikita mo ang karamihan sa daigdig. . . . Magiging tungkulin mo ang magpayo sa iyong mga kapatid at mamuno sa mga tao at hikayatin ang mga banal na maging tapat' " (Jeanette McKay Morrell, *Highlights in the Life of President David O. McKay* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1966], p. 26).

### Pangyayari 2: Si David O. McKay ay Nagmahal sa Karunungan

Biniyayaan si Pangulong McKay ng sigasig sa pag-aaral. Bilang isang kabataang labing-anim na taong gulang, naging mag-aaral siya sa Weber Academy sa Ogden, Utah. Pagkatapos niya roon, siya at ang kanyang kapatid na lalaki at dalawang nakababatang kapatid na babae ay nagpunta sa Pamantasan ng Utah (University of Utah) sa Lungsod ng Salt Lake. Dito niya nakilala si Emma Ray Riggs, na nang maglaon ay naging kasintahan niya at kasama nang mahigit na animnapu't siyam na taon.

Ang buhay niya sa Pamantasan ay kapuri-puri at puno ng mga karanasan sa pamumuno, pagsisikap, at pag-aaral. Si David ay bayani sa putbol, pangulo ng klase ng mga magsisipagtapos, at ang nagkamit ng unang karangalan. Ang kanyang pagmamahal sa karunungan at sa sining pampanitikan ay napaunlad nang mga taong ito sa Pamantasan. Nagmedyor siya sa panitikang Ingles, na nakapagsaulo ng maraming sipi mula sa mga dakilang may-akda at manunulat.

### Pangyayari 3: Si David O. McKay ay Naglingkod sa Misyon

Pagkapagtapos niya sa Pamantasan, binalak niyang pakasalan si Emma Ray at magturo sa Weber Academy, kung saan inalok siya ng kontrata na magturo. Gayunman, nabago ang kanyang plano nang tumanggap siya ng tawag na magmisyon sa Scotland. Mahirap ang mga unang buwan ni David sa misyon. Kamakailan lamang ay isa siya sa pinakasikat na mga kalalakihan sa loob ng Pamantasan ng Utah. Ngayon ay isa na siya sa mga dayuhan at lubhang hindi kilala. Isinalaysay niya sa sarili niyang salita kung paano siya pinagpakumbaba at kung paano siya tinuruan ng Panginoon:

"Ako ay sabik sa pag-uwi at nasisiraan ng loob nang kaunti sa araw na ito. . . . Kaaalis ko lamang sa paaralan. Mahal ko ang paaralan at mahal ko ang mga kabataan. . . . Kasama ko si Peter G. Johnston, isa sa pinakatapat na kaibigan sa buong daigdig. . . . Nang kami ay pabalik sa bayan, nakita ko sa aking kanan ang isang hindi pa tapos na bahay, na sa bandang itaas ng pintuan sa harap ay may isang bato na may nakaukit. Hindi pangkaraniwan iyon, kaya sinabi ko kay Elder Johnston, 'titingnan ko kung ano iyon.' Nakakalahati na ako sa daanang graba nang makita ko ang sumusunod na kapansin-pansin na salawikain, na nakaukit sa bato:

" 'Maging Ano Ka Man, Gampanang Mabuti ang Iyong Bahagi.'

"Inulit ko ito kay Elder Johnston. . . . Tahimik kaming naglakad, subalit sinabi ko sa aking sarili, o sa Espiritung nasa akin, 'Kasapi ka ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw. Higit pa riyan, narito ka bilang kinatawan ng Panginoong Jesucristo. Tinanggap mo ang pananagutan bilang kinatawan ng Simbahan.' . . .

"Nang hapong iyon, nang matagpuan namin ang aming pangangaserahan, tinanggap ko ang mensahe na ibinigay sa akin na nasa batong iyon, at mula sa sandaling iyon pinagsikapan naming gampanan ang aming bahagi bilang misyonero sa Scotland" ("Pres. McKay Speaks to Pioneer Stake Youth," *Church News,* 21 Set. 1957, p. 4).

Bilang nagpupunyaging baguhang misyonero sa Scotland, natutuhan ni Elder McKay na "gampanang mabuti ang kanyang bahagi" at naging pinuno sa misyong iyon. Isang tagapayo sa panguluhan ng kanyang misyon ang naganyak na magpropesiya:

" ' "Hayaan mong sabihin ko sa iyo, Kapatid na David, ninais ni Satanas na salain ka tulad ng trigo, subalit iniingatan ka ng Diyos, at kung iyong pananatilihin ang pananampalataya, mauupo ka sa mga namumunong kapulungan ng Simbahan' " (Morrell, *Highlights in the Life of David O. McKay,* p. 37–38).

- Paano nakatulong ang tatlong pangyayaring ito sa paghahanda kay Pangulong McKay para sa gawain na pinili ng Panginoon para sa kanya? (Maaaring iba-iba ang mga sagot; bigyang-diin na ang lahat ng mga karanasang ito ay tumulong kay David O. McKay na kilalanin at simulang unawain ang kahalagahan ng "pagganap nang mabuti sa kanyang bahagi" bilang kinatawan ni Cristo at ng kanyang Simbahan.)

- Anong mga katangian ang napabuti ni David O. McKay bilang bunga ng tatlong karanasang ito? (Pagbalik-aralan ang bawat pangyayari na kababanggit lamang at pamunuan ang mga kasapi ng klase sa mga sumusunod na pasiya.)

Pangyayari 1: Mula sa basbas patriyarkal niya, natutuhan ni David O. McKay ang—

1. Maging madaling turuan; pinaalalahanan siyang makinig sa mga turo ng kanyang mga magulang.
2. Gamitin nang mabuti ang kanyang panahon. (Sinabi sa kanya ng patriyarka nang maglaon na may higit na mabuting mga bagay siyang gagawin kaysa maglaro ng holen.) Nasabi rin sa kanya na may ipagagawa ang Panginoon sa kanya.

Pangyayari 2: Mula sa kanyang pagmamahal sa karunungan at pag-aaral, natutuhan ni David O. McKay ang—

1. Mag-aral.
2. Gumawa.
3. Pagbutihin ang kanyang mga katangian sa pamumuno.
4. Dadagdagan ang kanyang pagtitiwala.
5. Mahalin ang pag-aaral.
6. Ayusin at pamunuan ang kanyang mga kauri.
7. Pagbutihin ang kanyang mga kasanayan sa lipunan.
8. Gawing bahagi ng kanyang buhay ang pagmamahal niya sa panitikan.

Pangyayari 3: Bilang isang misyonero, natutuhan ni David O. McKay ang—

1. Maging mapagpakumbaba at umasa sa Panginoon.
2. Na mahalaga ang maging kinatawan ni Cristo.
3. Ikintal sa kanyang puso ang pahayag na "Gampanang Mabuti ang Iyong Bahagi".

---

## Ginamit ni David O. McKay ang Kanyang Mga Katangian Upang Paglingkuran ang Panginoon at ang Simbahan

Pagkagaling ni David O. McKay mula sa kanyang misyon sa Scotland, pinakasalan niya si Emma Ray Riggs at tinanggap ang kontrata na magturo sa Weber Academy. Sa panahong ito natawag siya na maging kasama sa Pamamatnugot ng Panlinggong Paaralan sa Istaka ng Weber. Habang naglilingkod sa tungkuling ito, inihayag ni Pangulong Joseph F. Smith na nais ng Panginoon na maging kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol si David O. McKay. Tinanggap ni Pangulong McKay ang tawag at noong Abril ng 1906 siya ay sinang-ayunan. Ang mga pananagutan bilang kinatawan ni Cristo noon ay nagkaroon ng higit na malalim na kahulugan, at patuloy niyang "ginampanang mabuti ang kanyang bahagi."

Ang mga katangiang pinagpala ng Panginoon kay David O. McKay sa paglipas ng mga taon, ay naging lakas para sa kanya habang ginagampanan niya ang mga pananagutan na iniatang ng Panginoon sa kanyang mga balikat. Siya ay batang Apostol—na natuturuan ng bawat bagong karanasan—at dahil sa kanyang katapatan, patuloy siyang biniyayaan ng Panginoon.

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 43:9–10 na kasama ang klase.

- Ano ang natututuhan natin sa banal na kasulatang ito? (Bibiyayaan tayo ng Panginoon kapag tayo ay "kumilos nang buong kabanalan" [Doktrina at Mga Tipan 43:9] sa harapan niya. Iyan ang isang mahalagang bahagi ng pagiging isang kinatawan para sa kaniya.)

Habang tinutunghayan natin ang ilan sa mga karanasan ni Pangulong McKay bilang isang Apostol, at pagkaraan ay bilang propeta, makikita natin na ang mga katangian na pinagbuti niya habang lumalaki ay naging mahahalagang kasangkapan upang magamit ng Panginoon. Nakaragdag din ang mga ito sa tagumpay ni Pangulong McKay bilang isang pinuno. Isalang-alang natin ang ilan sa mga karanasan at katangiang ito.

### Paggalang at Karangalan Para sa Mga Magulang

Ang paggalang at karangalan para sa mga magulang na pinagbuti ni David O. McKay bilang isang kabataan ay isang kalakasan sa kanya habang gumagawa siya sa

Panlinggong Paaralan at sa unang paglilingkod niya bilang Apostol. Ang karamihan sa kanyang mga nakasama sa gawain ay higit na matanda sa kanya, at palagi niya silang iginagalang at binibigyang karangalan na karapat-dapat sa kanila. Sinunod niya ang payo ng kanyang basbas patriyarkal at "tinuruan ng [kanyang] mga magulang."

### Kasanayan sa Lipunan at Pagkatao

"Noong taglagas ng 1920 . . . inatasan ni Pangulong Heber J. Grant si Elder McKay na maglakbay sa buong daigdig para sa kapakanan ng Simbahan. Ang tagubilin niya ay pansinin ang takbo ng Simbahan sa mga liblib na lugar habang pinalalakas at inuudyukan ang mga kasapi at gayundin ang mga pinuno; pag-aralan ang pangasiwaan ng sistema ng paaralan ng Simbahan sa Pasipiko; at, kung nadama niyang binigyang-inspirasyon siya upang gawin, italaga ang matibay na lupain ng China para sa pangangaral ng ebanghelyo. Ang pahiwatig sa kanyang takdang-gawain ay ang tungkulin na pagandahin ang pagkakilala sa Simbahan sa mata ng mga pinuno ng pamahalaan at ng madla sa pangkalahatan at maging gising sa mga paraan na maaaring mapagbuti ang gawain sa mga bansa na pupuntahan niya" (Francis M. Gibbons, *David O. McKay: Apostle to the World, Prophet of God* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1986], p. 100). Noong Disyembre ng 1920, ipinatong ni Pangulong Heber J. Grant at ilan sa mga Apostol ang kanilang kamay sa ulo ni David O. McKay at binasbasan at itinalaga siya sa gawaing ito.

Ang mga kasanayan sa lipunan na natutuhan niyang mabuti bilang isang kasapi ng klase sa Pamantasan ng Utah ay naging napakahalaga sa panahong ito ng paglilibot sa buong daigdig. Nakamayan at nakausap niya ang libu-libong kasapi at hindi kasapi sa mga bansa sa buong daigdig. Nakamtan niya ang pagmamahal at paggalang ng mga tao mula sa lahat ng kultura at antas ng pamumuhay. Muli't muli ay sinasabi ng mga tao ang natatanging pakiramdam na nagniningning sa katauhan ni Pangulong McKay.

### Pagtatatag at Pangangasiwa

Noong 1908 tinawag ni Pangulong Joseph F. Smith si Elder McKay na maglingkod sa lupon ng pag-uugnayan. Ang maagang karanasang iyon ang gumamit sa kanyang kakayahang magtatag. Noong dakong huli, noong 1961, sinabi ni Pangulong Harold B. Lee tungkol sa gawain ni Pangulong McKay sa mga lupon ng Pag-uugnayan ng Simbahan:

"Tinuturuan niya [ni Pangulong McKay] kami na sumulong, na magsama upang magawa nang higit na mahusay, at higit na mabisa ang gawain ng pagkasaserdote, ang mga pantulong, at ang mga ibang yunit upang makapagtipid tayo sa ating panahon, sa ating lakas at sa ating pagpupunyagi tungo sa pangunahing layunin ng pagkakatatag ng Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1961, p. 81).

Muling binigyang-diin ni Pangulong McKay ang palatuntunan ng gabing pantahanan ng mag-anak; isang bagong pagbibigay-diin ang inilagay sa pagtuturo sa tahahan; ang mga korum sa pagkasaserdote ay tinakdaan ng mga tiyak na pananagutan; ang mga gawaing pangmisyonero, talaangkanan, at kapakanan ay biglang tumaas; at maraming templo ang sinimulan sa buong daigdig. Sa kabuuan, ang lahat ng mga palatuntunan ng Simbahan ay nalagay sa ayos para sa paghahanda ng kamangha-manghang pagdami ng sumasapi na nagsimula sa panahon ng kanyang panguluhan.

### Ang Hangaring Matuto

Ang karunungang tinanggap niya sa Weber Academy at sa Pamantasan ng Utah ay nagtanim sa kanyang puso at isipan ng pagmamahal sa panitikan. Ang pormal na pinag-aralan at pagmamahal niya sa mga dakilang may-akda at manunulat ay nagpaniwala ng buong pitagan sa maraming nakikinig habang nagbibigay siya ng patotoo sa Tagapagligtas sa buong daigdig. Nagtuturo siya ng alituntunin ng ebanghelyo habang binabanggit si Shakespeare, o ang mga dakilang manunulat ng ikalabinsiyam na siglo. Ang kanyang talino bilang isang guro ay malinaw at epektibong nagamit.

### Pagpaparangal sa Tahanan at Mag-anak

Ang buhay ni Pangulong McKay ay isang halimbawa ng pagmamahal at pagpaparangal sa tahanan at mag-anak. Nagsalita siya nang may karapatan tungkol sa pag-aasawa at mag-anak at sa dakilang tungkulin ng kababaihan. Ang kanyang mga turo tungkol sa tahanan at mag-anak ay mala-propesiya at naging tatak ni Pangulong McKay.

### Si David O. McKay ay "Gumanap nang Mabuti sa Kanyang Bahagi"

Si Pangulong David O. McKay ay "gumanap nang mabuti sa kanyang bahagi" sa kabuuan ng kanyang mahabang ministeryo. Maging sa pagdalo sa salu-salong inihanda ni Reynang Elizabeth ng Inglatera o pakikihalubilo sa mga karaniwang tao, si Pangulong McKay ay namumukod sa pisikal at espirituwal. Isang kaibigan ang nagsalaysay ng kuwentong ito tungkol kay Pangulong McKay:

"Naaalala ko noong ako ay nasa New York nang magbalik si Pangulong McKay mula sa Europa. Ginawa ang mga paghahanda para sa pagpapakuha ng larawan, subalit hindi nakarating ang palagiang retratista, kaya sa kawalan ng pag-asa ay inatasan ng *United Press* ang kanilang retratistang pangkrimen—isang taong sanay sa pinakamabigat na uri ng gawain sa New York. Nagtungo siya sa paliparan, nanatili roon ng dalawang oras, at pagkaraan ay bumalik mula [sa] madilim na silid na dala ang napakaraming larawan. Dalawa lamang ang dapat niyang kunin. Agad siyang sinabihan ng kanyang amo, 'Ano'ng kahibangan ang pinaggagawa mo at nag-aksaya ka ng panahon at mga kagamitan sa pagreretrato?'

"Agad-agad na sumagot ang retratista, na sinasabing masisiyahan siyang bayaran ang mga sobrang gamit, at maaari pa nilang bawasan ang sobrang panahon niya. Malinaw na nadala siya nang tungkol dito. Pagkatapos ng ilang oras tinawag siya ng pangalawang pangulo sa kanyang tanggapan, na nagnanais malaman ang nangyari. Sinabi ng retratistang pangkrimen, 'Noong ako ay bata pa, malimit akong binabasahan ng aking ina nang tungkol sa Lumang Tipan, at sa buong buhay ko ay pinakananais ko nang malaman kung ano ang anyo ng propeta ng Diyos. Heto, ngayon ay nakakita ako ng isa' " (Binanggit sa "Memories of a Prophet," *Improvement Era,* Peb. 1970, p. 72).

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 5 (1 minuto, 6 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 6 (4 na minuto, 22 segundo), ng patotoo ni David O. McKay.

Patotoo

Noong 6:00 N.U. Linggo, 18 ng Enero 1970, habang nagbubukang-liwayway ang liwanag sa Araw na Pangilin sa lambak ng Great Salt Lake, namatay ang siyamnapu't anim na taong gulang na David Oman McKay. Ang balita tungkol sa kanyang kamatayan ay agad na kumalat sa buong daigdig. Ang mga pagpapahayag ng pagdadalamhati at paggalang ay nagdagsaan. Kilala siya sa buong daigdig bilang sugo ng mabuting pakikipagkapwa ng Amerika . Ang pinakamahalaga, kilala at minahal siya ng ating Tagapagligtas, at tunay na naging sugo ni Cristo.

Si Robert R. McKay, ang anak ni David O. McKay ay nagpatotoo tungkol sa kanyang ama:

"Masasabi ko ito, at tatayo bilang isang pansariling saksi, sapagkat sa buong panahon ko nang malapit na pakikihalubilo sa tahanan, sa bukid, sa kalakal, sa Simbahan, wala kailanman ang naipakita sa akin na isang gawa o isang salita, maging sa pagsasanay ng kabayong matigas ang ulo, na magbibigay ng anumang pagdududa sa aking isipan na siya ay dapat maging at sa wakas ay tunay na naging kinatawan at propeta ng ating Ama sa Langit. Iniiwan ko sa inyo ang sariling patotoong iyan" (sa Conference Report, Abr. 1967, p. 84).

### Patotoo at Hamon

Ibigay ang iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na tingnan ang kanilang sariling buhay at tukuyin ang mga katangiang ibinigay sa kanila ng Diyos na pinauunlad nila. Tulungan ang bawat isa na maunawaan na siya ay kailangan bilang isang kinatawan ng Simbahan ng Panginoon. Bigyang-diin: Kailangan ka ng Panginoon! At hamunin silang "Maging Ano Ka Man, Gampanang Mabuti ang Iyong Bahagi."

Aralin
30

# Paghahanda para Sa Isang Walang-hanggang Tahanan

**LAYUNIN**

Magiging sanay ang mga kasapi ng klase sa mga katangian at kakayahan—ang mga sangkap—na mahalaga sa paghahanda para sa walang-hanggang tahanan.

**PAGHAHANDA**

1. Tiyaking ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Aklat ni Mormon at Doktrina at Mga Tipan.
2. Ihanda upang ipakita ang larawan ni Pangulong McKay at ng kanyang asawang si Emma (kasama sa aralin).
3. Maghanda ng isang paskil na kinasusulatan ng: "Maaaring gawin ang tahanan na isang munting langit. Sa katunayan, nakikita ko ang langit bilang isang karugtong ng ulirang tahanan." David O. McKay.
4. (Kung nanaisin) Basahing mabuti ang gawain ng klase na, "Mga Sangkap ng Isang Makalangit na Tahanan." Ihanda ang lahat na kailangan bago magsimula ang klase. Kasama rito ang pagkakaroon ng: epron, sumbrero ng kusinero (kung mayroon kayo), malaking mangkok na haluhan, at malaking kutsarang panghalo.
5. Ihanda ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel para sa gawaing "Mga Sangkap ng Isang Makalangit na Tahanan": Espiritu Santo, Mga Tukso at Kasalanan, Kasal sa Templo, Ina, Ama, Mga Anak, Pamumuhay ng Ebanghelyo, Pag-aaral ng Banal na Kasulatan, Pananalangin, Pagdalo sa Mga Pulong, Kagandahang-loob, Pakikipagtalastasan, Salita ng Karunungan, Ehersisyo, Tamang Pagkain, Pahinga, Pagmamahal, at Pagkamapagbigay.
6. Kung nanaisin: Gumawa ng talaksang *cookies* o anuman sa pamamagitan ng pagsunod sa isang resipe. Dalhin ang mga ito sa may takip na lagayan, pinggan, o mangkok. Huwag labagin ang batas ng pag-aayuno kung ito ay Linggo ng pag-aayuno.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pisara at talakayan

- Ano sa palagay ninyo ang katulad ng langit? (Isulat ang mga sagot sa pisara. Maaaring kasama sa mga sagot ang: mapayapa, puno ng pagmamahal, maligaya, tahanan, mapitagan.)
- Bakit naniniwala kayo na katulad ng mga ito ang langit? (Pahintulutan ang iba-ibang sagot.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Ibinibigay sa atin ng mga banal na kasulatan ang ilang palatandaan kung ano ang katulad ng langit. Basahing kasama ng klase ang mga sumusunod na sanggunian:

Helaman 3:28. Ang langit ay bukas para sa lahat na naniniwala kay Jesucristo.

Alma 18:30. Ang langit ay tirahan ng Diyos at ng kanyang mga anghel.

Mosias 2:41. Ang langit ay lugar na maaari tayong manirahan na kasama ng Diyos at palaging maging masaya.

Talakayan

- May naaalala ba kayong sandali na naisip ninyo na, "Ganito marahil ang langit!" Ano ang gumawa sa okasyon na iyon na "makalangit"? (Bigyan ng oras ang klase na sumagot; maaaring iba-iba ang mga sagot.)

Paskil

Ipakita ang pahayag ni Pangulong David O. McKay:

“ ‘Maaaring gawin ang tahanan na isang munting langit. sa katunayan, nakikita ko ang langit bilang isang karugtong ng ulirang tahanan’ ” (John J. Stewart, Remembering the McKay’s [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1970], p. 6).

Ang mga salita sa awiting, “Nasaan Ang Langit?” ay nagpapatibay sa paliwanag ni Pangulong McKay. Ang mga salita ay ang sumusunod:

Awitin

Basahin ang mga salita ng awiting ito.

S’an ang Langit? ‘To’y malayo ba?
Nais kong malaman kung lampas pa sa bit’win.
S’an ang Langit? Saan ang daan?
Nais kong matuto at do’y makapunta.

S’an ang Langit? ‘To’y malayo ba?
Nais kong malaman kung lampas pa sa bit’win.
Wari ko ay di-kalayuan.
Sa piling ng ‘yong mahal, naroon ang langit.

(Janice Kapp Perry [Provo, Utah: Karapatang-sipi © 1977].)

Tanong

- Nasaan o ano ang langit? (Ito ay ang pagiging nasa tahanan sa tabi ng mga minamahal.)

Kung ang langit ay matatagpuan sa isang ulirang tahanan, hindi ba nararapat na tumutulong tayo sa paggawa ng ating tahanan na uliran ngayon at naghahanda para sa katungkulan ng pagiging mga pinuno sa ating sariling tahanan sa hinaharap? Ang pagtulong sa paggawang uliran ng tahanan at pagiging pinuno sa tahanan ay mga dakilang pananagutan na nangangailangan ng paghahanda.

---

**Mga Sangkap ng Makalangit na Tahanan**

Talakayan

- Ano ang ilan sa “mga sangkap” ng isang makalangit na tahanan? (Upang tulungan ang mga kasapi ng klase na masagot ang tanong na ito, magpatuloy sa gawain ng klase.)

Gawain

Ihanda ang mga mahalagang bagay na gagamitin sa gawain, kasama na ang mga sinulatang piraso ng papel. Maaari mong naisin na ibigay ang mga sinulatang piraso ng papel sa mga kasapi ng klase, at, habang binabanggit mo ang isang tiyak na “sangkap,” bayaang ang kasapi ng klase na may hawak ng sinulatang piraso ng papel na dalhin ito sa lamesa at ilagay ito sa mangkok na haluhan.

Isuot ang epron at sumbrero, kung mayroon kayo, at isadula ang sumusunod na resipe na ginagamit ang malaking mangkok, panghalo o kutsara, at mga sangkap (mga sinulatang piraso ng papel). Habang hinahalo mo, sabihin ang sumusunod:

Ito ang mga sangkap para sa isang makalangit na tahanan.

Una, sa simulang-simula, anyayahan ang Espiritu Santo na mamalagi sa inyong tahanan.
Durugin ang Mga Tukso at Kasalanan at itabi ang mga ito sa labas ng mangkok.
Paghaluin ang isang Kasal sa Templo, isang Ina (na nagmamahal kay Ama), isang Ama (na nagmamahal kay Ina).
Unti-unting dagdagan ng Mga Anak.
Agad na ihalo ang Pagsunod sa Ebanghelyo: Pag-aaral ng Banal na Kasulatan, Panalangin, at Pagdalo sa Pulong.
Budburan ng masaganang Kabutihang-loob at Talastasan.
Palamutian ng Salita ng Karunungan: Ehersisyo, Tamang Pagkain, at Pahinga.
Buhusan ng Pagmamahal ang lahat.
Ihain na puno ng Pagkamapagbigay.

Kapag nakatapos na kayo sa mga sangkap, buksan ang mga galyetas o ibang pagkain na inihanda mo bago magsimula ang klase. Pakuhanin ng tig-iisa ang bawat kasapi ng klase. Sabihin sa kanila na katulad ng pamamalagi ng sarap ng lasa ng mga galyetas (o kendi, atbp.), ang tagumpay sa pag-aasawa ay maaaring magtagal magpakailanman kung nakahalo ang lahat na sangkap. Muli, huwag labagin ang pag-aayuno kung ito ay Linggo ng pag-aayuno.

**Ang Pamumuhay sa Mga Alintuntunin ng Ebanghelyo ay Naghahanda sa Isang Tao Para Sa Makalangit na Tahanan Sa Lupa**

Isaalang-alang ang bawat sangkap para sa isang makalangit na tahanan sa pagkasunod-sunod ng paggamit sa mga ito. Maaaring makatulong ito sa klase upang maunawaan kung bakit ang pamumuhay sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay mahalaga habang inihahanda natin ang ating sariling tahanan.

Mga sinulatang piraso ng papel

Kunin ang mga sinulatang piraso ng papel para sa bawat sangkap mula sa mangkok na haluhan at ipakita ang bawat isa sa nakikita ng mga kasapi ng klase. Talakayin ang bawat bagay.

Ang Espiritu Santo

Ang Espiritu Santo ay isang kaloob na ibinigay sa atin sa pagbibinyag. Kung namumuhay tayo upang maging karapat-dapat, aaliwin niya tayo at babalaan tayo sa mga panganib at tukso.

Mga Tukso at Kasalanan

Bigyang-diin na kailangan nating iwasan ang mga tukso na maaaring bumigo at sumira sa mga layunin na nakalaan para sa ikatatamo ng walang-hanggang kaligayahan.

Kasal sa Templo

Ipaalala sa klase na panatilihin ang layuning ito sa kanilang sarili. Maaari mong imungkahi na magsabit sila ng larawan ng templo sa kanilang silid o tahanan.

Larawan

Ipakita ang larawan ni Pangulong McKay at ng kanyang asawang si Emma mula sa aralin.

Sinabi ni Pangulong David O. McKay: "Ang mga kabataang lalaki at babae na nais mamuhay ng pinakamaligayang pamumuhay ay makabubuting ihandang mabuti ang kanilang sarili na maging karapat-dapat sa ganyang uri ng pag-aasawa na inordenan ng Diyos—ang pag-iisa ng isang lalaki at babae na karapat-dapat na magpakasal sa templo ng Kataas-taasan" (*Gospel Ideals* [Salt Lake City: The Improvement Era, 1953], p. 465).

Mga Anak

Ang pag-aaral na mahalin ang mga bata ay mahalaga sa bawat isa sa atin sa paghahanda para sa walang-hanggang tahanan. Himukin ang klase, lalung-lalo na ang mga kabataang lalaki, na tumulong sa pag-aaruga sa kanilang nakababatang kapatid na lalaki at babae para sa kanilang mga magulang.

Pag-aaral ng Banal na Kasulatan

Himukin ang klase na ang bawat isa ay palagian at panayang mag-aral ng mga banal na kasulatan sa tahanan. Ang mga gawi na napauunlad sa kabataan ng isang tao ay karaniwang nagpapatuloy sa kanyang pagtanda.

Kabutihang-loob

Tulungan ang klase na makita na ang kabutihang-loob, kung ginagawa kapag sila ay nasa kabataan pa, ay makatutulong nang malaki sa kanila sa pagpasok nila sa daigdig ng may mga sapat na gulang. Bigyang-diin na nakahihigit ito kaysa kagandahang-asal at kasanayan sa asal. Kasama rin nito ang kabaitan.

Talakayan

- Ano ang ilan sa mga karaniwang kabutihang-loob ng ating kultura? (Iba-iba ang mga sagot.)

- Bagamat iba-iba ang ilang kabutihang-loob sa iba-ibang kultura, may mga pangkaraniwan sa lahat ng kultura. Ano ang ilan sa mga pangkaraniwanng kabutihang-loob? (Iba-iba ang mga sagot, subalit tiyakin na mababanggit ang mga sumusunod sa talakayan: kabaitan, pagpapasalamat [pagsasabi ng paki at salamat], paggalang [lalo na sa mga magulang, sa mga nanunungkulan, at matatanda].)

Talastasan

Talakayan

- Sa loob ng nakaraang linggo, ilang pakikipag-usap na nagtagal ng labinlimang minuto o higit pa ang inyong ginugol sa mga sumusunod na tao: sa iyong ina, sa iyong ama, sa

iyong mga kapatid? (Pahintulutan ang mga kasapi ng klase na sumagot. Isaalang-alang ang bawat isa nang bukud-bukod, una ang ina, sumunod ang ama, atbp. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pag-aaral na makipagtalastasan nang may kasanayan. Imungkahi na magsanay sila sa kanilang mga magulang o ibang kasapi ng mag-anak. Alalahanin na ang pakikipagtalastasan ay kinabibilangan ng pakikinig.)

Ehersisyo, Salita ng Karunungan, at Pamamahinga

- Ano ang kinalaman ng pagsunod sa Salita ng Karunungan sa paghahanda na maging bahagi ng yunit ng walang-hanggang mag-anak?

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin nang sama-sama bilang isang klase ang Doktrina at Mga Tipan 89:3, 18–21.

Pagmamahal

Tinuruan tayo ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng dakila niyang halimbawa kung paano magmahal. Ang kanyang payo ay simple, subalit higit na mabisa nang sabihin niya:

"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa't isa" (Juan 13:34).

Pagkamapagbigay

Ipaalala sa klase na mala-Cristo ang pagiging mapagbigay.

Sinabi ni Pangulong McKay:

"Tinutulungan tayo ng Diyos na magtayo ng mga tahanan na kung saan maaaring maranasan ang espiritu ng langit sa lupa. Kapwa natin alam na maaaring mangyari ito; hindi ito isang panaginip; hindi ito isang teyoriya. Maaari tayong magkaroon ng matamis na pagsasamahang iyan sa pagitan ng mag-asawa na unti-unting tumitingkad ang pagmamahalan habang dumarating ang mga kaguluhan sa buhay" (David O. McKay, *Gospel Ideals,* p. 473).

---

## Patotoo at Hamon

Tapusin sa pamamagitan ng iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na gumawa ng kanilang mga layunin na huwag tumanggap ng kasal na hindi kasal sa templo. Hamunin sila na magsimula ngayon na ihanda at gawin ang kanilang tahanan na munting langit sa lupa, na ginagamit ang "mga sangkap" para sa makalangit na tahanang tinalakay sa araling ito.

Tapusin sa pamamagitan ng iyong patotoo.



# Ang Mga Banal na Kasulatan ay Maaaring Maging Kalugud-lugod


Aralin
31

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase na ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay maaaring maging kalugud-lugod kung ihahalintulad natin ang mga banal na kasulatan sa ating sarili.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng mga sipi ng Doktrina at Mga Tipan at Aklat ni Mormon para sa bawat kasapi ng klase.
2. Gumawa ng paskil o isulat ang mga sumusunod sa pisara: *3 Susi Upang Gawing Kalugud-lugod ang Mga Banal na Kasulatan.*
3. Gumawa ng sumusunod na paskil na mga susi o maghandang iguhit ang mga i to sa pisara.




4. Kopyahin ang bigay-sipi na "Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan" para sa bawat kasapi ng klase (tingnan sa hulihan ng aralin).
5. Pag-aralan muna ang mga pangungusap para sa gawaing unahan sa paghahanap mula sa banal na kasulatan.
6. Magdala ng isang pangkat ng mga susi sa klase.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad


Pagpapakita at talakayan

• Magpakita ng isang pangkat ng mga tunay na susi at magtanong: Saan maaaring gamitin ang mga susing ito? (Tumanggap ng anumang makatuwirang sagot. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng—upang ipangkandado ng mga pintuan, buksan ang mga pintuan, paandarin ang mga kotse, o ang mga motorsiklo, atbp.)

Mga paskil o pisara

Ngayon ay titingnan natin ang tatlong susi na gagawang higit na makahulugan at higit na kalugud-lugod sa mga banal na kasulatan. (Ipakita ang paskil o isulat sa pisara: *3 Susi Upang Gawing Kalugud-lugod ang Mga Banal na Kasulatan* [tingnan ang halimbawang paglalarawan sa pisara sa hulihan ng aralin upang makita kung ano ang magiging anyo ng panghuling pisara].)

Ikabit o iguhit ang Susi 1 sa pisara. Pagkatapos ay ipahanap at ipabasa sa mga kasapi ng klase ang mga sangguniang banal na kasulatan na nakasulat sa Susi 1.





Talakayan at pisara

- Ano ang Susi 1? (*Pag-aralan o "magpakabusog" sa mga banal na kasulatan.* Isulat ang sagot sa ilalim o sa tabi ng Susi 1.)
- Ano ang kaibahan ng pagbabasa at pag-aaral ng mga banal na kasulatan? (Kapag tayo ay nag-aaral ng mga banal na kasulatan, gumagawa tayo ng nakatuon pansing pagsisikap na maunawaan ang mga banal na kasulatan. Tayo ay may magandang ideya kung ano ang ibig sabihin ng mga salita sa pahina at anong kuwento o doktrina ang itinuturo.)

Paskil o pisara

Idikit o iguhit ang Susi 2 sa pisara.




Talakayan at pisara

- Ano ang Susi 2? (*"Ihalintulad ang lahat ng banal na kasulatan sa atin."* Isulat ito sa ilalim o sa tabi ng Susi 2.)
- Ano ang ibig sabihin ng "ihalintulad ang lahat ng mga banal na kasulatan sa atin"? (Tumanggap ng anumang makatuwirang sagot at bigyang-diin na kabilang dito ang paghahalintulad sa ating mga sarili at sa mga banal na kasulatan.)

---

**Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan**

Bigay-sipi

Ang isang mabuting paraan upang "Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan" sa ating sarili ay ang ugaliing tanungin ang ating sarili ng mga tanong na tulad ng mga ito (magbigay ng mga kopya ng bigay-sipi sa klase at pagkatapos ay basahin ito sa kanila).

Bigyang-diin ang sumusunod na paksa:

Kahit na ating "Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan" sa ating sarili, hindi nito binababago ang ating mga kalagayan. Kailangan pa rin nating isagawa ang mga alituntunin. Ang hindi nagagamit na kaalaman ay hindi kailanman nagkakaroon ng kapangyarihan na baguhin ang mga buhay.

Paskil o pisara

Idikit o iguhit ang Susi 3 sa pisara.

**3 Susi Upang Gawing Kalugud-lugod ang Mga Banal na Kasulatan**

SUSI 1

2 Nefias 32:3
Pag-aralan o "magpakabusog" sa mga banal na kasulatan

SUSI 2

1 Nefias 19:23
"Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan sa atin."

SUSI 3

Moronias 10:4–5 at Doktrina at Mga Tipan 18:35–36

Talakayan at pisara

Ano ang Susi 3? (*Malalaman natin sa pamamagitan ng Espiritu—ang kapangyarihan ng Espiritu Santo—na ang mga banal na kasulatan ay totoo.* Ilagay ang sagot sa pisara sa tabi ng susi.)

Patotoo

Magbigay ng iyong patotoo sa katotohanan na ang tatlong susing ito ay mabisa at ang mga banal na kasulatan ay nagiging kalugud-lugod kapag ang mga ito ay nagiging makahulugan sa atin. Bigyang-diin ang katotohanan na ang mga banal na kasulatan ay may kapangyarihan na baguhin ang mga buhay.

---

**Ang Pagsasagawa ng Tatlong Susi**

Gawain

Kaagad magtungo sa bahagi ng pagsasagawa ng aralin at sa unahan sa paghahanap sa banal na kasulatan. Hatiin ang klase sa dalawang magkasindaming pangkat. Pagkatapos ay isulat ang mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan sa pisara katulad ng nakalarawan sa hulihan ng aralin.

Pag-aralan ang bawat sanggunian na kasama ang iyong mga kasapi ng klase. Habang iyong binabasa ang bawat sanggunian, isulat ang mga salitang hudyat sa bawat banal na kasulatan sa pisara.

1 Nefias 3:7. *Hahayo at Gagawin*

2 Nefias 2:25. *Si Adan ay Nahulog, Kagalakan*

Mosias 2:17. *Maglingkod sa Kapwa, Maglingkod sa Diyos*

Alma 37:35. *Matuto ng Karunungan, Kabataan*

Alma 41:10. *Kasamaan, Kaligayahan*

Tayo ay dadako sa "unahan" sa paghahanap sa banal na kasulatan sa mga sanggunian na katatapos lamang nating basahin. Maaari kayong sumangguni muli sa pisara kailanma't kailangan. Ang layunin ngayon ay upang *isagawa* ang tatlong susi na napag-aralan natin. (Basahin ang mga sumusunod sa klase.)

Magkakaroon ng dalawang raun. Ako ay magbibigay ng palatandaan sa unahan sa paghahanap sa banal na kasulatan sa bawat raun: sa unang raun ito ay isang salitang hudyat, sa ikalawang raun ito ay isang pangungusap. Makikita ninyo ang banal na kasulatan na naaangkop at mabilis na itaas ang inyong kamay. Ang unang kasapi ng klase na makakakita ng banal na kasulatan ay makakukuha ng 1 puntos sa pagiging mabilis para sa kanyang pangkat. Matapos maibigay ang puntos sa pagiging mabilis ako sa gayon ay bibilang hanggang limang libo sa pamamagitan ng libu-libo, katulad ng isang libo, dalawang libo, at hanggang lumaon. Kapag naabot na ang limang libo, sasabihin kong "Hinto." Ang lahat ng kasapi ng pangkat na nakakita sa banal na kasulatan ay makapupuntos ng tag-isa para sa kanilang pangkat (kung limang kasapi ng pangkat ang may tamang banal na kasulatan, ang kanilang pangkat ay makapupuntos ng lima). Upang matukoy ang mananalong pangkat, kukunin natin ang kabuuan ng mga puntos at hahatiin sa pamamagitan ng dami ng tao sa pangkat.

Halimbawa: Kung may limang tao sa isang pangkat, at ang pangkat na iyon ay may kabuuan na dalawampu't limang puntos, hahatiin natin ang dalawampu't lima sa lima, na ang katumbas ay lima.

(Gumugol ng humigit-kumulang sa pitong minuto sa bawat raun ng unahan sa paghahanap sa banal na kasulatan. Tiyakin na mabilis ang pagsasagawa ng gawain. Nakakatulong kung minsan ang pagkakaroon ng isang uri ng gantimpala upang himukin ang mga kasapi ng klase. Maaaring naisin mong doblehin ang gantimpala ng mga nanalo. Magkaroon ng kasayahan, ngunit alalahanin na ang layunin ng gawaing ito ay upang pagtibayin ang kuru-kuro na ang mga banal na kasulatan ay maaaring maging "kalugud-lugod" kapag ang mga ito ay naging makahulugan sa atin.)

Raun 1: Umpisahan ang raun 1 sa pagbibigay ng mga salitang hudyat na inilagay mo sa pisara para sa mga banal na kasulatan na binasa mo. Maaari mong pagbali-baligtarin ang ayos kung nanaisin mo. (Huwag basahin ang mga sagot, na nakalagay sa mga panaklong.)

Hahayo at Gagawin (1 Nefias 3:7)

Si Adan ay Nahulog, Kagalakan (2 Nefias 2:25)

Maglingkod sa Kapwa, Maglingkod sa Diyos (Mosias 2:17)

Matuto ng Karunungan, Kabataan (Alma 37:35)

Kasamaan, Kaligayahan (Alma 41:10)

Raun 2: Umpisahan ang raun 2 sa pagbabasa ng mga sumusunod na pangungusap (mga sagot sa mga panaklong)

1. Bakit hiniling ni Pangulong Ezra Taft Benson sa mga kabataan na basahin ang Aklat ni Mormon? (Alma 37:35.)
2. Ang pagkahulog ni Adan ay isang biyaya para sa atin. (2 Nefias 2:25.)
3. Hindi ko alam kung kaya kong maglingkod sa isang misyon. Hindi ko talaga kayang makipag-usap sa mga tao. (1 Nefias 3:7.)
4. Bakit mabuti ang aking pakiramdam kapag nakatulong ako sa ibang tao? (Mosias 2:17.)
5. Bakit kailangan natin na magkaroon ng panukalang gawain ng paglilingkod ng Simbahan bawat taon? (Mosias 2:17.)
6. Kung dinadaya ko ang aking mga pagsusulit sa matematika, ako ay makakakuha ng "100" at ako ay magiging maligaya. (Alma 41:10.)

Mga halimbawa ng panghuling pisara

**3 Susi upang Gawing Kalugud-lugodang Mga Banal na Kasulatan**

SUSI 1

2 Nefias 32:3
Pag-aralan o "magpakabusog" sa mga banal na kasulatan

SUSI 2

1 Nefias 19:23
"Ihalintulad ang lahat ng mga banal na kasulatan sa atin"

SUSI 3

Moronias 10:4–5 at Doktrina at Mga Tipan 18:35–36
Malalaman natin sa pamamagitan ng
Espiritu na ang banal na kasulatan ay totoo.

1 Nefias 3:7 Hahayo at Gagawin
2 Nefias 2:25 Si Adan ay Nahulog, Kagalakan
Mosias 2:17 Maglingkod sa Kapwa, Maglingkod sa Diyos
Alma 37:35 Matuto ng Karunungan, Kabataan
Alma 41:10 Kasamaan, Kaligayahan

Mga Puntos
Pangkat 1
Pangkat 2

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamunin ang mga kasapi ng klase na gamitin ang mga banal na kasulatan upang ipagtanggol ang ebanghelyo.

# Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan

1. Paano maisasagawa ang sangguniang ito sa akin?
2. Ano ang magagawa ko ngayon upang ipamuhay nang higit na lubusan ang banal na kasulatang ito?
3. Ano ang mararamdaman ko kung ako ang nasa kalagayang iyon?
4. Kumikilos ba ako na katulad ng sinuman sa banal na kasulatan na ito?
5. Kung ihahalintulad ko ang aking sarili sa sinuman sa mga tao, sino siya? Bakit?
6. Ang isang paraan upang "Ihalintulad ang Mga Banal na Kasulatan" ay ang ihalili ang ating sariling pangalan sa panghalip sa mga banal na kasulatan. Halimbawa, sa Doktrina at Mga Tipan 82:10 ay mababasa: "Ako, ang Panginoon, ay saklaw kapag [ginawa ni Mark] kung ano ang aking sinasabi; ngunit kapag [hindi ginawa ni Mark] ang aking sinasabi, [si Mark] ay walang pangako."

Aralin
32

# Joseph Fielding Smith—Anak na Ipinangako, Mag-aaral ng Mga Banal na Kasulatan

**Isinilang:** 19 Hulyo 1876 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1970–1972

**LAYUNIN**

Sa pamamagitan ng halimbawa ni Joseph Fielding Smith, mararamdaman ng mga kasapi ng klase na mahalaga ang pag-aaral ng banal na kasulatan at ng ebanghelyo sa paghahanda sa buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Joseph Fielding Smith sa bahaging may kulay.
2. Kumuha ng mga lapis at papel para sa bawat kasapi ng klase.
3. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may mga sipi ng mga pamantayang banal na kasulatan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Basahin ang mga sumusunod na kuwento tungkol kay Joseph Fielding Smith, ikasampung Pangulo ng Simbahan, na wari ay ikaw si Pangulong Smith.

Si Junie " 'ay isa sa mga pinakamatalinong hayop na aking nakita. Siya ay halos katulad ng tao sa kanyang kakayahan. Hindi ko siya maikulong sa kamalig sapagkat patuloy niyang inaalis ang tali sa pintuan ng pitak sa kabelyerisa sa itaas ng haligi, ngunit ito ay inaalis lamang niyang pataas sa pamamagitan ng kanyang ilong at mga ngipin. Pagkatapos, siya ay lalabas sa bakuran.

" 'Sa bakuran ay mayroong gripo ng tubig na ginagamit para sa pagpupuno ng labangan para sa aming mga hayop. Bubuksan ito ni Junie sa pamamagitan ng kanyang ngipin at hahayaang dumadaloy ang tubig. Pinagagalitan ako ng aking ama sapagkat hindi ko maikulong ang kabayong iyon sa kamalig. Siya ay hindi kailanman umaalis; bubuksan niya lamang ang tubig at maglalakad palibot sa bakuran o sa damuhan o sa hardin. Sa kalagitnaan ng gabi, maririnig ko na dumadaloy ang tubig at sa gayon ay kailangang bumangon ako at isara iyon at muling ikulong si Junie.

" 'Iminungkahi ng aking ama na mukhang higit na matalino pa ang kabayo kaysa sa akin. Isang araw ay nagpasiya siya na ikukulong niya ito upang hindi ito makalabas. Kinuha niya ang tali na karaniwan ay nakapulupot sa itaas ng haligi at itinali ito sa paligid ng haligi at sa sa ilalim ng isang ekis na kabilya, at pagkatapos ay sinabi niya, "Kabayong batang babae, tingnan natin kung makakawala ka pa ngayon diyan!" Umalis kami ng aking ama sa kamalig at nagsimulang bumalik sa bahay; at bago namin narating ito, si Junie ay nasa aming tabi.'


" . . . Labis na nakangiti, [ako] ay nakapagtanong, 'Ama, ngayon sino ang higit na matalino?' " (Joseph Fielding McConkie, *True and Faithful* [Salt Lake City: Bookcraft, 1971], p. 19).

Larawan at talakayan

- Ilan sa inyo ang nakakaalam kung kanino patungkol ang kuwento? Itaas ang inyong mga kamay. (Habang tumutugon ang mga kasapi ng klase, ipakita ang larawan ni Joseph Fielding Smith at tanungin ang isang tao sa klase na kilalanin ang nasa larawan. Banggitin na si Joseph Fielding Smith ay naging ikasampung Pangulo ng Simbahan.)

Pisara at talakayan

Maghanda ng banghay ng tsart ng talaan ng mga ninuno na katulad ng ipinakikita sa pisara. Habang iginuguhit ang mga linya, sabihin sa klase na tutuntunin ninyo ang angkan ni Joseph Fielding Smith sa partido ng kanyang ama. Isulat ang pangalan ni Joseph Fielding Smith na katulad ng ipinakikita at tanungin ang mga kasapi ng klase kung mapupunuan nila ang mga patlang.



**Ang Angkan ni Joseph Fielding Smith sa Partido ng Kanyang Ama**

Habang isinusulat ang mga pangalan, sabihin sa klase na si Pangulong Joseph Fielding Smith, Jr. ay isinilang noong 19 Hulyo 1876. Ituro na siya ay isinilang na may natatanging angkan. Ipaliwanag na si Joseph ay ipinangalan sa kanyang ama, kahit na kadalasan na tinatawag natin ang kanyang ama na Joseph F. Smith, sa halip na Joseph Fielding Smith. Si Joseph F. Smith ay ang pang-anim na Pangulo ng Simbahan. Ang lolo ni Joseph Fielding Smith ay si Hyrum Smith, ang pinakamamahal na kapatid ni lalaki ng Propetang Joseph Smith na kasama niyang namatay bilang isang martir sa Kulungan ng Carthage. Ang kanyang lolo sa tuhod ay si Joseph Smith, Sr. Sinabi ni Propetang Joseph Smith tungkol sa kanyang ama na si Joseph Smith, Sr., "Siya ang unang tao na tumanggap ng aking patotoo pagkatapos kong makita ang anghel" (*History of the Church,* 4:190). Siya rin ang unang Patriyarka sa Simbahan.

---

### Si Joseph Fielding Smith ay Isang Masunuring Anak na Ipinangako

Si Joseph Fielding Smith ay isang anak na ipinangako. Ipinangako ng kanyang ama sa kanyang ina, na si Julina Lambson, na ang una niyang anak na lalaki ay papangalanan na Joseph Fielding, Jr. Si Elder Bruce R. McConkie, na manugang na lalaki ni Joseph Fielding, ay nagsalaysay ng sumusunod na kasaysayan ng mag-anak tungkol sa pagsilang ni Joseph Fielding Smith at ang mga katangian ng kanyang ina. (Basahin ito sa klase.)

"Si Julina ay may tatlong anak na babae ngunit walang mga anak na lalaki, kaya siya ay dumulog sa harapan ng Panginoon at, katulad ni Hannah noong sinauna ay, 'nangako.' Ang kanyang pangako: na kung pagkakalooban siya ng Panginoon ng isang anak na lalaki, 'gagawin niya ang lahat sa kanyang kapangyarihan upang tulungan siyang maging kapaki-pakinabang sa Panginoon at sa kanyang ama.' Ang Panginoon ay . . . nagpatunay sa kanya, bago ang kapanganakan ng lalaking bata, ang kanyang anak na lalaki ay tatawagin upang maglingkod sa Kapulungan ng Labindalawa" (Bruce R. McConkie, "Joseph Fielding Smith: Apostle, Prophet, Father in Israel," *Ensign,* Ago. 1972, p. 29).

Nagpasalamat si Joseph Fielding Smith sa kanyang mga magulang at sa Panginoon sa kanyang maagang pagsasanay. Siya ay palagiang nagpapasalamat sa pagsasanay na tinanggap niya mula sa kanyang ama at sa tuhod ng kanyang ina. Kinukuwentuhan niya siya ng mga kuwento tungkol sa mga tagabunsod at tinuruan siyang mahalin si Propetang Joseph Smith, manalangin, at igalang ang kanyang mga tungkulin sa pagkasaserdote. Sinabi, niya " 'Natutuhan ko sa napakaagang panahon na buhay ang Diyos. Binigyan niya ako ng patotoo noong ako ay bata pa at sinikap kong maging masunurin, na palaging may kaunting tagumpay' " (Joseph Fielding Smith, Jr. at John J. Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1972], p. 57).

Talakayan

- Bakit nakakatulong ang pagkakaroon ng patotoo sa maagang bahagi ng buhay? Bakit magiging mahalaga ang pagsunod sa pagpapanatili ng patotoo? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)

Halimbawa at talakayan

Bilang isang nagbibinata, si Joseph Fielding ay matiyagang nagtrabaho at may kusang-loob na pasanin ang bahagi niya sa gawain. Tumutulong siya sa mga gawain sa kanyang tahanan at sa gulang na sampu siya ay naging bahagi ng propesyon ng kanyang ina bilang tagapagpaanak. (Basahin o ikuwento sa iyong sariling pananalita ang mga sumusunod.)

"Noong . . . si Joseph ay sampung taong gulang, . . . sa murang gulang na iyon inumpisahan niyang tumulong [sa kanyang ina] sa kanyang mga propesyonal na tungkulin bilang isang lisensiyadong tagapagpaanak o dalubhasa sa pagpapaanak. Ang trabaho ni Joseph ay katulad ng sa batang lalaki sa kabelyerisa at tsuper ng kalesa [buggy]. Sa lahat ng oras ng araw o gabi, kapag may tawag para sa paglilingkod ng kanyang ina, isinisingkaw ni Joseph ang matapat na matandang babaeng kabayo na si 'Tandang Meg' sa kalesa at ihahatid ang kanyang ina sa paanakan. Dito ay maaari siyang maghintay habang ang kanyang ina ay nagpapaanak, o, kung inaakala ng ina niya na matatagalan ang paghihintay, siya ay pauuwiin nang may tagubilin kung kailan siya babalikan. . . .

" 'Paminsan-minsan ako ay halos mamatay sa lamig. Namangha ako na napakaraming sanggol ang ipinanganganak sa kalagitnaan ng gabi lalo na sa mga malamig na gabi ng taglamig. Lubos kong inaasam na sana ay ilagay ng mga ina ang panganganak sa mabuti-mabuting oras' " (Smith at Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. 52–53).

Kuwento at talakayan

"Ang maraming oras ng kabataan ni Joseph ay ginugol sa pagpapastol ng mga baka malapit sa Ilog ng Jordan at pagtatrabaho na kasama ng kanyang mga kapatid na lalaki sa bukid ng mag-anak sa Taylorsville. Sa isang pagkakataon noong siya at ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki na si George, ay nagsasakay ng mga dayami sa bagon upang dalhin ito mula sa bukid hanggang sa kamalig, si Joseph ay muntikan nang mamatay. Sila ay tumigil sa kalsada sa tabi ng kanal upang magmandala ng ilang basta ng damo at painumin ang mga kabayo. Sapagkat sila ay may magugulating kabayo, tinagubilinan ni Joseph si George na tumayo sa harap ng pangkat ng kabayo at hawakan ang kanilang mga kabisada hanggang siya ay makaakyat at mahawakan ang mga renda. Sa halip, si George ay pumunta sa likod at nag-umpisang umakyat sa nagdudugtong na tali. Habang ginagawa niya iyon, ang mga kabayo ay biglang umalma at si Joseph ay nahulog sa gitna ng mga kabayo sa pamatok.

"Ang kaisipan na, 'Ito, na ang aking katapusan!' ay sumagi sa aking isipan. Ngunit isang bagay ang nagpaliko sa mga kabayo at sila ay tumakbo sa kanal, habang si Joseph ay humagis papalayo sa kanilang mga paa at sa mga gulong ng bagon. Nang siya ay tumayo, sinabi niya kay George ang kanyang tapat na pagtantiya sa mga pakiramdam niya at pagkatapos ay nagmadaling umuwi—nangangatog, ngunit nagpapasalamat na siya ay buhay pa. Ang kanyang ama ay lumabas upang salubungin siya at nagnais malaman kung anong kahirapan ang kanyang naranasan, dahil nakatanggap siya ng malakas na pakiramdam na ang kanyang anak ay nalagay sa isang uri ng panganib" (Joseph F. McConkie, *True and Faithful,* p. 18).

- Sa palagay ninyo kaya ay binabantayan at inaalagaan si Joseph Fielding noong oras na ito? (Malamang na malamang na ang mga kasapi ng klase ay sasagot na inilalaan siya ang Panginoon para sa isang mahalagang misyon.)

Halimbawa

Ikinalulugod at nilalahukan ni Joseph Fielding Smith ang maraming gawain na kinalulugdan ng mga kabataang lalaki. Mahilig siya sa palakasan, lalo na ang beysbol, at paminsan-minsan siya ay nangingisda, ngunit hindi niya kinalulugdan ang pangangaso. (Sabihin o basahin ang sumusunod.)

"Paminsan-minsang nangingisda si Joseph, ngunit talagang walang interes sa pangangaso, marahil dahil sa hinikayat siya ng kanyang ama na mali ang pumatay para sa kasiyahan. Gayunman, isang araw, ang ilan sa kanyang mga kapatid na lalaki at mga kaibigan ay namilit sa kanyang mangaso ng kuneho.

"Atubili niyang binaril ang isang kuneho, narinig itong umiyak na katulad ng isang sanggol, na kadalasang ginagawa ng mga sugatang kuneho, nasaktan ang kanyang puso, binitiwan ang kanyang baril at hindi na kailanman gumamit ng isa simula noon. Katulad ng kanyang ama, itinuro niyang mali ang pumatay para sa kasiyahan" (Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. 54).

**Ang Pagmamahal at Pag-aaral ni Joseph Fielding Smith ng Mga Banal na Kasulatan**

Marahil ang pinakamahalagang gawain ni Joseph noong kabataan niya, at isa na nakaimpluwensiya sa kanyang buhay at misyon, ay ang pagmamahal niya sa ebanghelyo at ang pag-aaral niya nito. Nang maglaon ay sinabi niya:

"Mula sa aking pinakamaagang alaala, mula sa oras nang ako ay unang bumasa, ako ay nakatanggap ng higit na kasiyahan at higit na kaluguran sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagbabasa tungkol sa Panginoong Jesucristo, at kay Propetang Joseph Smith, at sa gawain na nagawa niya para sa kaligtasan ng mga tao, kaysa ano pa mang bagay sa mundo" (Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Abr. 1930, p. 91).

- Anong mga gawain ang nagbibigay sa iyo ng higit na kasiyahan kaysa ano pa man at bakit? (Talakayin ang kanilang mga sagot, na itinatanong kung saan sila inihahanda ng mga gawaing iyon.)

Nang si Joseph Fielding ay walong taong gulang at nabinyagan, binigyan siya ng kanyang ama ng sipi ng Aklat ni Mormon. Ang pera ay mahirap at ito ay isang may-diperensiyang sipi na nabili sa mababang halaga. Gayon pa man, naalala ni Joseph Fielding:

" 'Noong ako ay maliit na bata, napakabata upang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron, iniabot ng aking ama sa aking mga kamay ang isang kopya ng Aklat ni Mormon at hiniling na basahin ko ito. Tinanggap ko ang Talaang ito ng mga Nefita nang may pasasalamat at ginawa ko sa aking sarili ang gawain na itinakda sa akin. May mga sipi na naitatak sa aking isipan at hindi ko nakalimutan kailanman ang mga ito' " (Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. 57).

Pagkaraan ng dalawang taon, "noong panahon na siya ay sampung taong gulang na[,] nabasa na niya nang lubusan ang Aklat ni Mormon hindi lamang isang beses kundi dalawa" (Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. 57).

- Hinilingan na ba tayo ng isang propeta na basahin ang Aklat ni Mormon? Nagawa na ba ninyo ito? (Kung hindi pa, hamunin sila na sundin ang halimbawa ni Pangulong Smith at gawin sa sarili nila na basahin ito.)

Bilang isang kabataang lalaki labis na ikinalugod ni Joseph Fielding ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan kaya paminsan-minsan ay iniiwan niya nang maaga ang isang larong bola o nagmamadaling tapusin ang kanyang mga gawain upang makabalik sa kanyang pag-aaral. Siya ay kadalasang nakikita sa silid-aralan ng kanyang ama, sa kamalig ng dayami, sa lilim ng isang puno, o naglalakad pauwi mula sa kanyang trabaho sa malaking tindahan ng ZCMI na nagbabasa at nag-aaral ng mga banal na kasulatan. Pagkaraan ay sinabi niya:

" 'Naaalala ko na ang isang bagay na ginawa ko mula nang ako ay natutong bumasa at sumulat ay ang pag-aralan ang ebanghelyo. Binasa at itinanim ko sa aking isipan ang katesismo ng mga bata [isang aklat sa pag-aaral tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo] at mga aklat ng primarya sa ebanghelyo. Pagkaraan, binasa ko ang kasaysayan ng Simbahan na nakatala sa *Millennial Star*. Binasa ko rin ang Bibliya, ang Aklat ni Mormon, ang Mahalagang Perlas, at ang Doktrina at Mga Tipan , at ibang panitikan na nahawakan ko' " (McConkie, *True and Faithful,* p. 69).

- Ano ang iisipin sa panahong ito sa isang kabataang lalaki na kumikilos sa ganitong paraan? Siya ba ay tatanggapin? Siya ba ay pagtatawanan sa pagiging masigasig sa pag-aaral o relihiyoso? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)
- Ano ang maaaring mangyari kung isa sa inyong pangkat ay umalis nang maaga mula sa paglalaro ng bola o sa isang gawain upang mag-aral ng mga banal na kasulatan? (Ituro na maaari tayong umasa sa mga dakilang biyaya kapag tinanggap natin ang isa't isa at kapag nakahanda tayo na unahin ang Panginoon.)
- Paano natin matutulungan ang isa't isa upang sundin ang halimbawa ni Joseph Fielding Smith sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)

Dahilan sa paghahanda at kasipagan niya sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, si Joseph Fielding Smith ay naging isang tanyag na manunulat at iskolar ng mga banal na

kasulatan, na pinagpala ang maraming kasapi ng Simbahan. Hindi bababa sa dalawampu't limang aklat at polyeto na isinulat niya at mga talumpati ang nailathala at kinalulugdan ng milyun-milyong kasapi ng Simbahan. Ang mga salita sa kanyang basbas patriyarkal na, " 'Pagkakalooban ka upang bigyang kahulugan ang mga banal na kasulatan nang higit kaysa sa mga kasamahan mo,' " ay nagkatotoo. (Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. vi).

---

## Ang Pag-aaral ng Mga Banal na Kasulatan ay Makatutulong sa Atin at Magiging Isang Biyaya sa Ating Buhay

Gawain

Mamahagi ng papel at mga lapis sa bawat kasapi ng klase at tiyakin na bawat isa ay may sipi ng mga pamantayang banal na kasulatan.

Noong 1953, si Pangulong Smith ay hinilingan na magsulat ng pitak sa magasin ng Simbahan na, *The Improvement Era,* kung saan gagamitin niya ang mga banal na kasulatan upang sagutin ang mga tanong ng mga kasapi ng Simbahan. Ipinagpatuloy niya ito sa loob ng halos labing-apat na taon. Ang maraming tanong at sagot ay inilathala sa isang limang tomong pangkat ng mga aklat na tinawag na *Answers to Gospel Questions*.

Ngayon ay magkakaroon kayo ng pagkakataon na gawin ang katulad na bagay. Sa pamamagitan ng paggamit ng inyong mga banal na kasulatan, *Topical Guide,* at *Bible Dictionary,* hanapin at sumulat ng isang maikling sagot sa dalawa man lamang na mga tanong tungkol sa ebanghelyo. Maaari ninyong piliin ang sarili ninyong mga tanong. Sa pagsusulat ng inyong mga tanong at mga sagot magsisimula kayong makaramdam ng lakas at humanga sa kakayahan ni Joseph Fielding Smith.

(Karaniwan, papipiliin mo ang mga kasapi ng iyong klase ng kanilang sariling mga tanong sa ebanghelyo o mga tanong na maaaring narinig nila mula sa mga kaibigan. Sa pagkakakilala mo sa klase, maaari kang pumili ng mga tanong na sa wari ay napapanahon para sa kanila. Ang sumusunod ay mga mungkahi lamang: 1. Ang mga banal na kasulatan ay naisulat daan-daang taon na ang nakalilipas. Bakit napakahalaga ng mga ito sa panahong ito? 2. Ako ay may kaibigang hindi-kasapi na nagsasabi na ang Diyos ay espiritu. Paano ko siya sasagutin? 3. Tinatalakay ko ang ikalawang pagparito ni Jesucristo sa ilang mga kaibigan at ilan sa mga palatandaan na unang mangyayari. Saan ako makakikita ng isang talaan ng ilan sa mga palatandaang ito?)

Pagkatapos saliksikin ng mga kasapi ng klase ang mga banal na kasulatan, *Topical Guide,* at *Bible Dictionary,* kung naaangkop, hilingan ang ilan sa kanila na ibahagi ang kanilang mga sagot at talakayin ang mga ito bilang isang klase.

Para sa mga maaaring walang limbag ng BHA na mga banal na kasulatan: Ang mga sumusunod na magkakasunod na mga banal na kasulatan ay makatutulong upang sagutin ang mga iminungkahing tanong. (Ang "mga magkakasunod na mga banal na kasulatan" ay dapat lamang gamitin sa mga lugar kung saan walang makukuhang *Topical Guide* at *Bible Dictionary*.)

1. Bakit mahalaga ang mga banal na kasulatan sa ngayon: Josue 1:8, Mateo 22:29, Juan 5:39, 2 Nefias 32:3, Doktrina at Mga Tipan 1:37.
2. Ano ang katangian ng Diyos, ano ang kawangis niya: Genesis 1:26–27, Exodo 24:9–11, 33:11, 20 [JST 33:20], 23; Lucas 24:36–39; Juan 14:9; Doktrina at Mga Tipan 130:22.
3. Ang mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito: Mormon 8:26–32, Doktrina at Mga Tipan 43:20–25, Doktrina at Mga Tipan 45:21–52.

---

## Ang Mga Banal na Kasulatan ay Makasasagot sa Ating Mga Tanong

Ang mga banal na kasulatan ay makasasagot sa ating mga tanong at makatutulong sa ating buhay. Bigyang-diing muli ang kahalagahan na ginampanan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa buhay ni Pangulong Smith.

Makinig sa payo ni Joseph Fielding Smith at maging handang tukuyin ang maraming biyaya na binanggit niya na nagmumula sa pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan. (Basahin ang sumusunod.)

"Ang isa sa mga pananagutan na ibinigay ng Panginoon sa mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw ay ang saliksikin ang mga banal na kasulatan at magkaroon ng imbak na kaalaman, kung hindi ay hindi sila magkakaroon ng patnubay ng Espiritu Santo, kahit na sila ay bininyagan at pinagtibay na. Ang mga mangmang sa kaalaman ng mga katotohanan ng ebanghelyo at hindi nakababatid sa mga turo na ibinigay ng Panginoon sa mga Ama, ay hindi rin magkakaroon ng patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Pinahihintulutan ng mga ganitong tao ang kanilang sarili na matukso at malinlang ng mga masasama, mga walang konsensiyang kaluluwa at nasa malaking panganib na maakay sa kahangalan at mga ipinagbabawal na landas sapagkat wala silang saligan sa pananampalataya na magpapatibay" (*Improvement Era,* Mar. 1964, p. 159).

- Anong mga biyaya ang ipinangako ng mga propeta sa mga nagsasaliksik ng mga banal na kasulatan? (Maraming kaalaman, pangangalaga at patnubay mula sa Espiritu Santo, isang saligan ng pananampalataya na magpapatibay.)
- Anong panganib ang sinusuong natin sa hindi pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan? (Tukso, kakulangan ng Espiritu, panlilinlang, naaakay sa mga ipinagbabawal na landas.)

## Patotoo at Hamon

Magbigay ng iyong patotoo sa kahalagahan ng pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan at ng pagiging isang mag-aaral ng mga ito katulad ni Pangulong Smith. Magbigay ng iyong patotoo na nilalaman ng mga ito ang mga salita ng Tagapagligtas at sabihin ang pagiging biyaya ng mga ito sa iyong buhay. Hamunin ang mga kasapi ng klase na palagiang saliksikin ang mga banal na kasulatan.

Aralin
33


# Ginampanang Mabuti ni Joseph Fielding Smith ang Kanyang Tawag

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng mga kasapi ng klase na tinupad at ginampanang mabuti ni Joseph Fielding Smith ang kanyang tawag bilang propeta sa paraan na siya ay namuhay at nagturo ng mga doktrina ng ebanghelyo; hahangarin din nila na gampanang mabuti ang kanilang sariling mga tawag.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Joseph Fielding Smith sa bahaging may kulay.
2. Kumuha ng salaming nagpapalaki, kung maaari, at dalhin ito sa klase. Kung hindi maaaring kumuha ng salaming nagpapalaki, gumawa ng isa na gawa sa papel upang makatulad ito ng tunay na salamin.
3. Sa klase, hihilingan ang mga kasapi ng klase ay hihilingan na gamitin ang salaming nagpapalaki upang bumasa ng mga pamagat na nakasulat sa anim na iba-ibang tarheta na nakadikit sa pisara. Kumuha o gumawa ng anim na tarheta (tatlo-sa-limang-pulgada o apat-sa-anim-na-pulgada), at isulat ang mga titulo na ipinakikita sa larawan sa bawat tarheta. Sumulat ng katamtamang liit upang ang mga pamagat ay hindi mabasa ng mga kasapi ng klase na nakaupo malapit sa pisara. Gumamit ng ilang paraan ng pagdidikit ng mga tarheta sa pisara na hindi sumisira sa pisara mismo, at ihanda ang mga tarheta para ipakita sa klase. Ang panghuling pisara ay kailangang maging katulad ng sumusunod na paglalarawan.




4. Ihandang ipakita ang larawan ni Pangulong Joseph Fielding Smith at ang eroplano na kabilang sa aralin.
5. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging "Joseph Fielding Smith."

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

## Pambungad

Larawan

Ipakita ang larawan ni Joseph Fielding Smith

Bagama't ang mensahe ng propeta, paminsan-minsan, ay tila maselan at ang propeta mismo ay tila napakahigpit sa pagbabahagi nito, ang mga propeta ay kadalasang palakaibigan, mapagmahal na mga tao na kinakikitaan ng kaligayahan sa buhay na nakahahawa. Ang pamumuhay ng ebanghelyo ang nagdudulot ng kaligayahang ito.

Si Joseph Fielding Smith ay isang tao na may maraming talento. Dahil sa kanyang pananampalataya, pagpapakumbaba, at hangarin na maglingkod sa Panginoon, ginamit niya ang mga talentong iyon sa mabuti at naging isang mabisang instrumento sa kamay ng Panginoon sa pag-akay sa mga banal.

Pakay-aralin at Talakayan

Ipakita ang salaming nagpapalaki o ipaliwanag na upang mapalaki ang isang bagay sa paningin ng isang tao, ang isa ay kailangang maging malapit dito o gumamit ng salaming nagpapalaki.

Hiniling sa atin ng Panginoon na gampanang mabuti ang ating mga tawag. (Ipabasa nang malakas sa isang kasapi ng klase ang Doktrina at Mga Tipan 84:33.)

- Ano ang ibig sabihin ng "gampanang mabuti" ang tawag? (Upang gawing higit o upang palawakin natin ang ating mga kakayahan; o upang higit na gampanan ang tawag na ipinagagawa sa atin.)

Pisara at talakayan

- Sa anong paraan naging isang mabuting sagisag para sa buhay ni Joseph Fielding Smith ang salaming nagpapalaki? (Ginampanang mabuti ni Pangulong Smith ang kanyang mga tawag sa buhay. Isulat ang sagot na ito sa itaas ng pisara. Tingnan ang halimbawang pisara sa bahaging Paghahanda. Pansinin din ang pagkakaayos ng mga tarheta para sa mga sumusunod na gawain.)

---

## Malapitang Pagsusuri sa Buhay ni Joseph Fielding Smith

Gawaing pampisara

Mahalaga na ang gawain na ito ay umusad sa bilis na hindi gaanong matagal. Maging maalam sa gawain sa pamamagitan ng pagsasanay o maraming beses na pag-aaral bago ito ituro.

Idikit ang tarheta 1, *Pisikal na Kalakasan,* sa kanang bahagi ng pisara. Hilingan ang isang kasapi ng klase na pumunta sa harapan at, sa pamamagitan ng paggamit ng salaming nagpapalaki, sabihin sa klase kung ano ang nakasulat sa tarheta. Pagkatapos basahin ang tarheta, sabihin sa klase ang sumusunod.

Kinagigiliwan ni Pangulong Smith ang mga laro at mga palakasan bilang isang kabataang lalaki. Nagpatuloy siyang sumali sa maraming palakasan sa buong buhay niya at hinikayat niya ang kanyang mga anak sa lahat ng mga palakasan maliban sa pangangaso. Napakahusay niyang manlalangoy at ang kanyang tahanan ay may laruan ng tenis at mga *horseshoe pit.* Natatangi niyang kinagiliwan ang hanbol (handball) at isang napakahusay na manlalaro.

Minsan ay hinamon niya ang dalawa niyang anak na lalaki sa larong hanbol. Pinapili pa niya sila kung aling kamay ang kanyang gagamitin. Kahit na ang isang kamay ay nakalagay sa likuran, nanalo siya sa laro. Isang dating gobernador ng Utah, na si Herbert B. Maw, na dalawampung taon na nakababata kay Pangulong Smith, ay nagbahagi ng kanyang karanasan tungkol kay Pangulong Smith sa larong hanbol: " 'Iniisip ko na hindi ko gaanong pahihirapan ang matandang ginoo at hindi ko siya tatalunin nang may malaking kalamangan. Isipin mo ang aking kahihiyan nang ibinigay niya ang pinakamalaking pagkatalo sa aking buhay! Inakala ko na ako ay isang magaling na manlalaro ng hanbol, ngunit wala pala akong kalaban-laban sa kanya' " (Joseph Fielding Smith, Jr., at John J. Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1972], p. 15). Sa halos pitumpung-taong gulang, sa utos ng manggagamot, atubuling isinuko ni Pangulong Smith ang laro.

Sa paggamit ng mga makakapal na titik, isulat sa ilalim ng tarheta 1 ang *Pisikal na Kalakasan.*

Idikit ang tarheta 2, *Mga Bagong Hamon,* sa pisara tuwiran sa ilalim ng mga makakapal na titik sa ilalim ng tarheta 1. Pagkatapos ay anyayahan ang isa pang kasapi ng klase na pumunta sa harapan at gamitin ang salaming nagpapalaki upang sabihin sa klase kung ano ang nakasulat sa tarheta 2.

Pagkatapos basahin ang tarheta, ipaliwanag ang sumusunod.

Larawan at halimbawa

Ang isa sa mga manunulat ng talambuhay ni Pangulong Smith, si John J. Stewart, ay nagsalaysay ng sumusunod na kuwento tungkol kay Pangulong Smith. (Ipakita ang larawan ni Pangulong Smith at ang eroplano at basahin ang sumusunod na karanasan sa klase.)

"Naaalala ko ang pagkagulat isang araw nang tumawag ako sa tanggapan niya sa Salt Lake City. Ang kalihim niya, si Ruby Egbert, ay nagsabi, 'Lumapit ka dito sa bintana at marahil ay makikita mo siya.' Nag-uusisa, lumakad ako palapit sa bintana. Subalit ang tangi kong nakikita ay isang eroplano na bumabagtas sa asul na himpapawid sa ibabaw ng Great Salt Lake. Ang pinagdaanan nitong puting ulap ay malinaw na nagbibigay tanda sa ilang matatarik na pag-akyat, mga pag-ikot, mga pagsisid, mga paggulong at pagliko. 'Nandoon siya na nagsasakatuparan ng propesiya,' ang paliwanag ng kanyang kalihim na humahagikgik. 'Sinasabi ng mga banal na kasulatan na sa mga huling araw ay magkakaroon ng mga ulap ng usok sa kalangitan.'

" 'Ang ibig mong sabihin ay sakay siya ng eroplanong iyon?' ang aking hindi makapaniwalang tanong.

" 'Ah, oo, siya nga iyon. Gustong-gusto niyang magpalipad. Sinasabi na nakapagpapaginhawa ito sa kanya. Isang kaibigan sa Pambansang Bantay (National Guard) ang tumatawag sa kanya at nagsasabi, 'Gusto mo bang maginhawaan?' at lumilipad na sila. Pagdating na nila sa himpapawid, kadalasan ay siya na ang magpapalipad. Lumipad sa Grand Canyon at pabalik noong nakaraang linggo, sa bilis na 400 milya isang oras!'

"Hindi ko matanggihang magtungo sa paliparan upang makita ang paglapag niya. Habang umuugong ang eroplanong *jet* sa padaanan upang tumigil, mula sa likod na lugar ng piloto (cockpit), naka-americana at helmet, ay lumabas ang mabait na matandang ginoong ito, na noon ay mga 80, na nakangiti. 'Kagilagilalas iyon!' ang bulalas niya.

" 'Ganoon lamang ako higit na makalalapit sa langit sa ngayon' " (Smith and Stewart, Life of Joseph Fielding Smith, p. 1–2).

"Si Pangulong Smith ay isang pandangal na *brigadier general* sa Pambansang Bantay ng Utah (Utah National Guard)" (Emerson Roy West, *Profiles of the Presidents* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1980], p. 250).

Ang mga taon ni Joseph Fielding Smith ay bumagtas mula sa kabayo at kalesa hanggang sa eroplanong *jet,* isang siglo ng kamangha-manghang pag-unlad. Ang pagiging Pangulo ng Simbahan sa gulang na siyamnapu't tatlo ay nagbigay sa kanya ng malaking pagkakataon upang sundin ang payo ng Patriyarka niya na nagsabi: " 'Samakatuwid ay sinasabi ko sa iyo, madalas na tumanaw sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap' " (A. William Lund, "Elder Joseph Fielding Smith," *Improvement Era,* Abr. 1950, p. 315).

Muli sa makapal na titik, isulat sa ilalim ng tarheta 2, *Ang Mga Bagong Hamon*.

Idikit ang tarheta 3, *Gawaing Misyonero,* sa pisara tuwiran sa ilalim ng makapal na titik sa ilalim ng tarheta 2. Pagkatapos ay anyayahan ang isa pang kasapi ng klase na pumunta sa harapan at gamitin ang salaming nagpapalaki upang sabihin sa klase kung ano ang nakasulat sa tarheta 3.

Pagkatapos ay magpatuloy na ipaliwanag ang nalalabing bahagi ng buhay ni Pangulong Smith, sa pagsunod sa pamamaraan na ginamit sa mga naunang halimbawa.

### Gawaing Misyonero

Napangasawa ni Joseph Fielding Smith si Louie Shurtliff noong 26 Abril 1898. Siya ay nagmula sa Ogden, Utah, at siya ay nakilala niya nang tanggapin niya (Louie) ang isang paanyaya mula sa kanyang ama (Joseph) na manatili sa tahanan ng Smith habang siya ay pumapasok sa Pamantasan ng Utah. Kahit mahirap sa kanyang kalooban, si Joseph Fielding ay nagpaalam sa kanyang bagong asawa isang taon lamang pagkatapos ng kanilang kasal upang tanggapin ang isang tawag upang maglingkod bilang isang misyonero sa mga Isla ng Britania. Sa kabila ng kahirapan ng pag-iwan sa kanyang bataang asawa, ang gawaing misyonero sa Inglatera ay labis na mapanghamon. Naalala niya, "Kinailangan ko pang sabihin nila sa akin na lumabas, at tumayo sa mga kanto ng kalsada at nagawa ang mga tao na maging mandurumog at hagisan kami ng lahat na makita nila sa kalsada" (talumpati na ibinigay sa Ikalawang Purok ng Kenwood, Istaka ng Wilford, 26 Hunyo 1960). Kahit ano pa man, tinupad niya ang isang marangal na misyon. (Tingnan din sa Smith and Stewart, "Mission to England," *Life of Joseph Fielding Smith,* p. 84–121.)

### Paglilingkod sa Simbahan

Tagabunsod ng Talaangkanan: "Kakaunting kalalakihan na katulad ni Joseph Fielding Smith ang nabagbag ng espiritu ni Elijah. . . . [Siya] ay isa sa mga lakas na nagpapakilos sa likod ng Samahang Pantalangkaan (Geneological Society) ng Utah. Siya ay naglingkod bilang kalihim sa samahang iyon mula 1907 hanggang 1922. . . . Siya . . . ay dumalaw sa lahat ng aklatan ng talaangkanan sa mga malalaking lungsod ng silangang Estados Unidos sa pagsasaliksik sa mga pinakamahusay na pamamaraan ng pag-iingat pagsasalansan ng mga tala. . . . [Siya] ay bumalik na may dalang maraming kapaki-pakinabang at mahahalagang mungkahi na isinagawa ng Lipunan ng Utah. Isa [sa] mga rekomendasyon ay ang mailathala ang magasin ng talaangkanan. . . . Bilang kinalabasan, si Elder Smith ay nahirang na patnugot at tagapangasiwa ng kalakal ng bagong *Utah Genealogical and Historical Magazine* [noong 1910]" (Joseph Fielding McConkie, *True and Faithful* [Salt Lake City: Bookcraft, 1971], p. 38).

Mananalaysay: Kaagad pagkatapos niyang bumalik mula sa kanyang misyon noong 1901, si Joseph Fielding Smith ay nakakuha ng trabaho sa Tanggapan ng Mananalaysay ng Simbahan kung saan siya ay naging Katulong na Mananalaysay ng Simbahan. Noong 1921 siya ay naging Mananalaysay ng Simbahan, isang tungkulin na kanyang hinawakan hanggang 1970, noong siya ay naging Pangulo, noong taong siya ay naging siyamnapu't apat. (Inangkop sa Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. 123, 359.)

Tinawag sa Pagiging Apostol: Ang pagkakatawag sa Kapulungan ng Labindalawa ay lubhang ikinabigla ni Joseph Fielding Smith.

"Habang [siya] ay naglalakad papasok sa tarangkahan ng Templo ng Salt Lake upang dumalo sa pangwakas na pagtitipon ng Pang-Abril na Komperensiya noong 1910, isa sa mga bantay sa tarangkahan ang nagtanong sa kanya, 'Sino kaya ang tatawagin para punuan ang kakulangan sa Kapulungan ng Labindalawa?' Si Joseph Fielding Smith ay sumagot, 'Hindi ko alam, ngunit mayroon akong isang bagay na alam—hindi ako at hindi ikaw!' Nagpatuloy siya na pumunta sa pagpupulong at naupo.

"Sinimulan ng kanyang ama [na Pangulo ng Simbahan] ang pagpupulong at ipinahayag ang pambungad na awit. . . . At tumayo si Heber J. Grant upang sabihin ang mga pangalan ng mga Pangkalahatang Awtoridad para sa botong pagsang-ayon. Mga tatlumpung segundo bago siya dumating sa bahaging babasahin na niya ang pangalan ng magiging bagong apostol, biglang nalaman ni Joseph Fielding Smith na ang babasahin na pangalan ay kanya. (Sa mga panahong iyon hindi [palagiang] karaniwang nakaugalian na kausapin nang pauna ang taong may kinalaman.) Siya ay tama" (McConkie, *True and Faithful,* p. 35).

Siya ay buong kadakilaang naglingkod sa tawag na ito nang halos animnapung taon, na tinutupad ang maraming pananagutan at naglalakbay sa buong mundo sa gawaing para sa Pangulo ng Simbahan.

## Ama

Mahal ni Pangulong Smith ang mga bata at siya ay isang matapat at dedikadong ama. Sa kabila ng napakaraming gawain, pinaglaanan niya ng panahon ang kanyang mag-anak. Sa buong kalungkutan, ang kanyang unang asawa na si Louie ay namatay pagkatapos lamang ng sampung taong kasal, na iniwan siyang nag-iisa upang palakihin ang dalawang anak na babae. Siya ay nakakita ng isang bagong pag-ibig at katuwang kay Ethel Reynolds at pinakasalan siya noong 2 Nobyembre 1908. Sa dakong huli, sila ay biniyayaan ng siyam ng anak, limang lalaki at apat na babae. Nang si Ethel ay mamatay noong 26 Agosto 1937, muli siya ay naharap sa pagkawala ng isang minahal niya. Subalit muli, siya ay biniyayaan. Nakakita siya ng pag-ibig at kaligayahan kay Jessie Evans, na pinakasalan niya noong 12 ng Abril 1938.

Ipabasa sa isang kasapi ng klase (kung maaari ay babae) ang sumusunod na parangal na ibinigay ng kanyang asawang si Ethel:

" 'Ako ay hinilingan ninyo na magsalaysay tungkol sa lalaking kilala ko.' . . . 'Kadalasan kong naiisip kapag siya ay nawala sasabihin ng mga tao, "Siya ay napakabait na ginoo, matapat, kinikilala, atbpa." Magsasalita sila tungkol sa kanya ng kung ano ang pagkakilala sa kanya ng mga tao; ngunit ang lalaki na nasa kanilang isipan ay may malaking kaibahan sa lalaki na kilala ko. Ang lalaking kilala ko ay isang mabait, mapagmahal na asawa at ama na ang pinakadakilang pangarap sa buhay ay ang gawing maligaya ang mag-anak niya, na may buong pagkalimot sa sarili sa pagsisikap niyang gawin ito. Siya ang lalaki na nagpapatulog sa pamamagitan ng pag-awit ng isang sinusumpong na bata, na nagsasalaysay ng mga kuwento sa oras ng pagtulog sa mga paslit, na kailanman ay hindi lubhang pagod o lubhang abala upang magpuyat sa gabi o gumising nang maaga upang tulungan ang mga nakakatandang bata na sagutan ang mga nakalilitong tanong sa paaralan. Kapag ang sakit ay dumapo, ang lalaking kilala ko ay maamong nagbabantay sa maysakit at naglilingkod sa kanya. Sila ay umiiyak para sa kanilang ama, na nararamdaman ang kanyang pagkanaroroon bilang isang panlunas sa lahat ng sakit. Ang kanyang mga kamay ang gumagamot sa mga sugat, ang kanyang mga bisig ang nagbibigay ng tapang sa mga naghihirap, ang kanyang tinig ang nagpapaalala sa kanila nang malumanay kapag sila ay nagkakamali, hanggang maging kaligayahan nila na gawin ang bagay na makapagpapaligaya sa kanya.

" 'Ang lalaking kilala ko ay napakamaginoo, at kung naramdaman niyang siya ay naging hindi-makatarungan sa sino man, ang layo ay hindi kailanman napakalayo sa kanya upang puntahan at, sa pamamagitan ng mga mapagmahal na salita o mabubuting gawa, aalisin ang sakit. Buong kagalakang tinatanggap niya ang mga kabataan sa kanyang tahanan at hindi kailanman higit na masaya kapag tinatalakay ang mga paksa ng araw na iyon—mga palaro o kahit anong pinaka-nagbibigay kawilihan sa kanila. Kinagigiliwan niya ang mabuting kuwento at madaling makakita ng katatawanan sa isang pangyayari, upang humalakhak, at maging katatawanan, palaging handang lumahok sa mga magagandang gawain.

" 'Ang lalaking kilala ko ay hindi makasarili, hindi madaingin, mapagbigay, maalalahanin, maawain, na ginagawa ang lahat ng kanyang magagawa upang gawin ang buhay na isang napakalaking kagalakan sa kanyang mga minamahal. Iyan ang lalaking kilala ko' " (*True and Faithful,* p. 83–84; tingnan din sa *Improvement Era,* Hunyo 1932, p. 459).

## Pangulo ng Simbahan at Propeta

Alam ni Pangulong Smith na ang kanyang tawag ay galing sa Diyos at napakataimtim niyang ginampanan ang kanyang pananagutan. Bilang isang Apostol ng animnapung taon—isang natatanging saksi ni Cristo—at sa tatlong taon bilang Pangulo at Propeta ng Simbahan at sa lahat ng tao, siya ay nangaral at sumulat nang walang humpay sa mga kasapi ng Simbahan at sa lahat ng tao sa buong mundo. Sila ay hinimok niya na lumapit kay Cristo at isunod ang kanilang buhay sa mga turo ng Guro. Siya ay nangaral ng hindi-mabilang na mga pangaral, mayroong mahigit na dalawampu't limang mga tomo ng kanyang gawa na nailathala (ang iba ay nailathala pagkatapos na siya ay mamatay), at ginugol ang maraming mahahalagang panahon sa pagpapasigla sa bawat tao.

Bilang isang kabataang lalaki ay sinabi sa kanyang basbas patriyarkal: " 'Natatanging karapatan mo ang mabuhay nang matagal at kalooban ng Panginoon na ikaw ay maging isang dakilang lalaki sa Israel. . . . Magiging tungkulin mo na umupo sa kapulungan kasama ng iyong mga kapatid at mangulo sa mga tao. . . . Ikaw ay talagang tatayo sa harapan ng mga tao bilang isang propeta at isang tagapahayag sa kanila, dahilan sa ikaw ay pinagpala ng Panginoon at inordenan sa tawag na ito' " (Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. vii).

Ang Kapulungan ng Labindalawa na kung saan siya ay nangulo ay nag-alay ng parangal sa kanyang ika-walumpung taong kaarawan: " 'Kami na gumagawa sa Kapulungan ng Labindalawa sa ilalim ng pamumuno niya ay may pagkakataon na sulyapan ang totoong kadakilaan sa kanyang pagkatao. . . . Ninanais lamang namin na maramdaman ng buong Simbahan ang kalambutan ng kanyang kaluluwa at ang malaking pagmamalasakit niya sa kapakanan ng mga hindi-mapapalad at yaong nasa pighati. Minamahal niyang lahat ang mga banal at kailanma'y hindi tumitigil na manalangin para sa makasalanan' " (Smith and Stewart, *Life of Joseph Fielding Smith,* p. vii).

Hamon

- Gagampanan mo bang mabuti ang iyong tawag? (Hayaang suriin ng mga kasapi ng klase ang kanilang mga damdamin. Basahin ang sumusunod na hamon, na hinihilingan sila na maalalahaning isaalang-alang ang kanilang mga gagampanan sa hinaharap sa kaharian ng Diyos.)

---

**Patotoo at Hamon**

Pagkatapos hamunin ang mga kasapi ng klase na gampanang mabuti ang kanilang mga tawag, magbigay ng iyong patotoo na si Pangulong Joseph Fielding Smith ay isang propeta ng Diyos at naging matapat sa kanyang tawag na ipangaral ang mga doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo, na si Cristo ay buhay at mahal niya tayo, at na tayo ay higit na makalalapit sa kanya sa pamamagitan ng pakikinig sa mga propeta.

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 6 (1 minuto, 47 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 7 (5 minuto, 4 na segundo), ng patotoo ni Joseph Fielding Smith. Kung walang makukuhang *video* at *audiocassette,* basahin ang patotoo na nakalimbag dito.

"Ako ay nagagalak sa gawain ng Panginoon at lumuluwalhati sa katiyakang kaalaman sa aking kaluluwa ng Kanyang katotohanan at pagka-Diyos. Buong puso akong naniniwala na si Jesucristo ay ang Anak ng buhay na Diyos, na tinawag niya ang propetang si Joseph Smith upang tumayo bilang ulo ng dispensasyong ito at itatag muli sa lupa ang Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa at na ang gawain na kung saan tayo ay abala ay totoo."


WARNING
BEFORE REMOVING SEAT
U.S. AIR FORCE
WARNING
THIS AIRCRAFT CONTAINS A SEAT
EJECTION CATAPULT CONTAINING
AN EXPLOSIVE CHARGE. SEE
T.O. NO. 39B-60C-1 FOR COMPLETE
INSTRUCTIONS
WARNING
THIS AIRPLANE CONTAINS A

# Panalangin, Mahalaga at Makapangyarihan

Aralin 34

**LAYUNIN**

Ang mga kasapi ng klase ay makadarama ng kapanatagan sa pagpapahayag ng kanilang mga damdamin sa kanilang Ama sa Langit sa panalangin at maghahangad na manalangin nang higit na madalas.

**PAGHAHANDA**

1. Kumuha ng larawan ng isang batang babae na nananalangin (62310) mula sa aklatan ng bahay-pulungan.
2. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng Aklat ni Mormon.
3. Maghanda ng ilang mga domino para sa pakay-aralin (o ibang bagay na maaaring gamitin na pampalit sa mga domino). Sa unang domino ay idikit ang tatak na *Panalangin.* Idikit ang ibang tatak katulad ng *poot, galit, pagmamalaki, pagkamakasarili, kasakiman,* pagiging *hindi-matapat,* at iba pa. Gumamit ng maraming domino na maiisip mong nararapat, na bawat isa ay nilalagyan ng tatak. Sa likurang bahagi ng domino (maliban sa isang may tatak na *panalangin*), isulat ang mga tatak na pinapangalanan ang kabaligtaran ng kasalanan sa dominong iyon. Halimbawa, *pagmamahal* sa likurang bahagi ng *poot, galit* at *pagtitiis, pagmamalaki* at *pagpapakumbaba, karamutan* at pagka*mapagbigay,* kasakiman at pagkabukas-palad, *hindi-matapat* at *matapat*.
4. Isulat ang mga sumusunod na maikling pangungusap, ang bawat isa sa bawat magkahiwalay na piraso ng papel o paskil:

| |
|---|
| Habang lalo tayong nananalangin, lalo tayong nagiging panatag sa ating pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit. |

| |
|---|
| "Mula sa kataimtiman ng panalangin bumabangon ang isang tao tungo sa tunay na kataasan." Neal A. Maxwell |

| |
|---|
| "Magsilapit [kayo] sa akin at ako ay lalapit sa inyo" (Doktrina at Mga Tipan 88:63) |

5. Maghanda ng tatlong magkakahiwalay na mga sinulatang piraso ng papel na may mga sumusunod na salita:

| | | |
|---|---|---|
| Bakit? | Paano? | Ano? |

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Pakay-aralin

Ang panalangin ay maihahambing sa pagtutulak ng talaksan ng mga domino. (Itayo ang mga domino, o ibang mga gamit na iyong tinatakan, sa isang linya, na nauuna ang dominong may tatak na panalangin, sa pinakamalapit sa iyo, at ang ibang domino na nakalinya na ang panig na may tatak na kasalanan ay nakaharap sa klase, palayo sa iyo at nasa harapan ng domino na panalangin. Itulak ang dominong may tatak na panalangin patungo sa linya na nakaharap sa klase. Hilahin ang mga nabuwal na ng domino mula sa talaksan nang isa-isa at ipakita ang salita sa kabilang bahagi. Halimbawa, kapag nabuwal ng panalangin ang *pagmamalaki,* nagiging bunga ang *pagpapakumbaba*. Tingnan ang buong talaan ng mga kasalanan na nabuwal ng panalangin, na ipinakikita sa klase ang mga kinalabasan.)

### Bakit Tayo Nananalangin?

Sinulatang Piraso ng Papel

Ipakita ang sinulatang piraso ng papel: "Bakit?"

- Bakit tayo nananalangin? (Bayaan na pag-isipan ng klase ang tanong habang ibinibigay ang aralin.)

Larawan

Ipakita ang larawan ng isang batang babae na nananalangin sa tabi ng kanyang higaan.

Sina Adan at Eba ay ang una sa mga anak ng Ama sa Langit na nakaranas ng pagkahiwalay mula sa kanya. Maaaring alam ng Ama kung gaano natin kailangan ang kanyang gabay sa paghihiwalay na ito, sapagkat kasama "sa [mga] unang tagubilin na ibinigay ng Panginoon kina Adan at Eba, kasunod ng pagpapalayas sa kanila sa Halamanan ng Eden, ay ang manalangin" (Marion G. Romney, "Why We Should Pray," sa *Prayer* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1977], p. 16; tingnan din sa Moises 5:4–6).

Ang tagubilin ng Ama sa Langit ngayon ay walang pagkakaiba. Basahin nang magkakasama at talakayin ang Doktrina at Mga Tipan 90:24: "Masigasig na maghanap, manalangin palagi, at maging mapanampalataya, at lahat ng bagay ay maisasakatuparan para sa iyong kabutihan, kung kayo ay lalakad ng matuwid at aalalahanin ang tipan kung saan kayo ay nakipagtipan sa isa't isa."

- Bakit tayo nananalangin? (Pahintulutan ang mga tugon, gayunman, gabayan ang klase sa pagtatapos na tayo ay nananalangin upang makakuha ng tulong sa *lahat ng bagay*. Tingnan ang Doktrina at Mga Tipan 59:21.)
- Bumanggit ng isang bagay na ginagawa mo nang mahusay. (Kung ang mga kasapi ng klase ay atubili, magbanggit ng mga kasanayan ng mga kasapi ng klase na nalalaman mo.)
- Paano kayo naging mahusay sa mga kasanayang ito? (Sa pamamagitan ng pagsasanay. Ang paggawa nito nang *paulit-ulit*.)

Paskil at sinulatang piraso ng papel

Ipakita ang pangungusap 1: Habang lalo tayong nananalangin, lalo tayong nagiging panatag sa ating pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit.

---

### Paano Tayo Nananalangin?

Idikit ang sinulatang piraso ng papel na "Paano?"

Talakayan

- Paano tayo nananalangin? (Pahintulutan ang mga tugon at basahin ang sumusunod.)

Si Kapatid na [babae] Dwan J. Young, isang pangkalahatang pangulo ng Primarya ay naghandog ng apat na mga karaniwang hakbang sa pananalangin:

"Ang una ay ang *maghanda.* Alalahanin kung sino ang iyong kinakausap. Tayo ay kailangang dumulog sa ating Ama nang may pagpapakumbaba at kaamuang-loob, na handang makinig gayon din na magsalita. Palagian nating alalahanin na ito ay ang ating walang-hanggang Ama na kinakausap natin, at kailanman at maaari, tayo ay lumuhod. Itinutpi natin ang ating mga bisig at iniyuyuko ang ating mga ulo upang ipakita sa Kanya na nagpipitagan tayo sa kanya. Kung minsan, hindi maaaring gawin ang mga bagay na ito—hindi lamang sa isang sandali habang nananalangin tayo. Ngunit kahit na sa mga hindi karaniwang pangyayaring ito, maaari pa rin tayong magsimula sa pamimitagan. . . . Pagkatapos simulang tumawag sa iyong Ama sa Langit.

"Ang ikalawang hakbang ay ang *pagpapasalamat.* Alalahanin na pasalamatan ang iyong Ama sa Langit sa kanyang mga biyaya. . . . Kapag tayo ay nagsimula sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pasasalamat sa mga bagay na mayroon na tayo, nagsisimula tayong tanawin ang ating buhay sa isang bagong paraan. . . . Kung minsan ang pagiging mapagpasalamat ay hindi dumarating nang madali. Kung minsang kapag tayo ay dumudulog sa ating Ama sa Langit tayo ay nasa kawalan ng pag-asa na mahirap umisip ng anumang bagay upang ipagpasalamat. Ito ang mga panahon na napakahalaga ng pananalangin, mga panahon na ang pagdulog sa kanya ay kailangan sapagkat talagang kailangan natin siya upang lumapit siya sa atin. . . .

"Ang ikatlong hakbang ay ang *magsaliksik.* Hingin ang kanyang tulong, ngunit humingi nang may bukas, nagsasaliksik na espiritu. Magsumamo para sa gabay upang harapin

ang mga pagsubok na ibinigay sa iyo. Humingi, sa pagkakaalam katulad ng ginawa ni Nefias, na 'ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao maliban na siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila' (1 Nefias 3:7.) . . .

"Ang ikaapat at huling hakbang sa pananalangin ay ang *magwakas.* Alalahanin na ihandog ang inyong panalangin sa pangalan ni Jesucristo. Siya ang ating sugo, ang ating kinatawan, sa Ama. Ito ang dahilan kung bakit natin inihahandog ang ating mga panalangin sa kanyang pangalan. Ito ang pagkilala natin sa kanya bilang Tagapagligtas natin" (*Ensign,* Nob. 1985, p. 91–92).

Pisara

Isulat ang sumusunod sa pisara.

**Apat na Hakbang sa Panalangin**

1. Buong pagpipitagan na magsalita sa ating Ama sa Langit.
2. Ipahayag ang iyong buong pasasalamat.
3. Hilingin ang iyong mga kailangan.
4. Magtapos sa pangalan ni Jesucristo.

At ang pinakamahalaga sa lahat, kailangang palagi tayong manalangin. Sinabi ni Amulek: "Hayaan na ang inyong mga puso ay mapuspos, patuloy na lumalapit sa panalangin sa kanya" (Alma 34:27).

Maaaring makadama tayo ng labis na pagkapahiya na idulog sa Panginoon ang ating mga tiyak na kahinaan. Marahil ay may mga pangyayari na nakakaharap natin na kung saan iniisip natin, "Ako ay nahihiya na ito ay nangyayari sa akin. Ayaw kong malaman ng *iba*!" Alam naman ito ng Ama sa Langit. Alam na alam niya ang kanyang mga anak, ang bawat isa sa atin. Ang malakas na pag-amin sa kanya ng isang tiyak na kahinaan, ang pagpapahiwatig ng ating kalungkutan sa ating mga kasalanan o pagkakamali mula sa ating puso ay *mabisa*! Ito ay tumutulong sa atin.

• Bakit ito mabisa, bakit ito nakatutulong sa atin? (Maglaan ng oras para sa tanong. Akayin ang klase sa pagtatapos na kapag nakipag-usap tayo sa ating Ama sa langit tungkol sa isang karanasan, isang pagkakamali, isang pangyayari, tinutulungan tayo nito na higit na maunawaan kung ano ang nangyari o ano ang maaaring nangyayari. Tinutulungan niya tayong makaunawa. Ang mga pagpapahiwatig mula sa puso ay kadalasang napakanakapagpapakumbaba at tinutulungan tayong maging madaling turuan. Kapag tayo ay natuturuan, sa gayon ang pagsisisi at pagbabago ay maaaring dumating sa ating buhay. Nagdadala ito ng kaligayahan.)

Paskil at sinulatang piraso ng papel

Ipakita ang pangungusap 2. Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, "Mula sa kataimtiman ng tunay na pananalangin bumabangon ang bawat isa sa tunay na tugatog" (sa "What Should We Pray For," sa *Prayer,* p. 52).

---

### Ano ang Dapat Nating Ipanalangin?

Idikit ang sinulatang piraso ng papel na "Ano?"

• Ano ang dapat nating ipanalangin? (Pahintulutan ang mga tanong. Gabayan sila sa kaisipan na tayo ay makapananalangin para sa *bawat* bahagi ng ating buhay.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin nang sabay-sabay ang Alma 34:17–27.

Sa Aklat ni Mormon nababasa rin natin na ang "anuman ang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, *kung alin ay matuwid (na tama)*, naniniwalang inyong tatanggapin, dinggin, ipagkakaloob ito sa inyo" (3 Nefias 18:20; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

Kahit maaari tayong humiling ng isang bagay sa panalangin, kung paano tumutugon ang Diyos ay naaayon sa kanyang banal na karunungan. Maaaring makita natin na ang mga tugon sa atin ay hindi kaagad dumarating. (Tingnan ang Doktrina at Mga Tipan 9:7–9.)

Paskil

Ipakita ang pangungusap 3. “Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo” (Doktrina at Mga Tipan 88:63).

---

**Ang Panalangin ay Maaaring Magkaroon ng Maraming Anyo**

Ang ating mga panalangin ay maaaring magkaroon ng maraming anyo. Ang mga ito ay maaaring awitin, itangis, ibulong, o ibulalas. Ang mga panalangin ay maaaring “maisipan” kapag hindi ipinahintulot ng oras at pangyayari na ang mga ito ay sabihin nang malakas. Ang mga panalangin ay maaaring kasing-ikli ng isang salita—“Saklolo”—o kasinghaba ng panalangin ni Enos (tingnan ang Enos 1), na tumagal nang buong araw at hanggang gabi. Ang mga panalangin ay maaaring hilingin nang tahimik habang nagmamaneho ng kotse, nakasakay sa bus, sa panahon ng pagsusulit, sa tanggapan ng manggagamot, o nasaanman tayo at kailangan natin ang ating Ama sa Langit. Ang pangangailangan sa panalangin ay maaaring dumating sa anumang oras, at kapag dumarating ito, alalahanin kung sino ang iyong kinakausap. Ang panalangin ay *mahalaga* at *makapangyarihan*!

Si Kapatid na [babaeng] Dwan J. Young ay nagbahagi ng kanyang patotoo sa panalangin:

“Ang mahalagang bagay na alalahanin ay ang manalangin nang madalas, makipag-usap sa Ama sa Langit, hangarin ang kanyang payo upang ikaw ay gabayan niya. Kapag ikaw ay lumalapit sa Ama sa Langit sa panalangin, siya ay lalapit sa iyo. Hindi mo kailangan na muling makadama ng pag-iisa. Ako ay nagpapatotoo dito” (*Ensign,* Nob. 1985, p. 92).

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo at hamunin ang bawat kasapi ng klase na gumawa ng layunin upang pagbutihin ang pamamaraan ng bawat isa sa pakikipag-usap sa kanyang Ama sa Langit.

# Harold B. Lee: Mula sa Pagkabata Hanggang Paglaki, Malapit sa Diyos

Aralin 35

**Isinilang:** 28 Marso 1899 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1972–1973

**LAYUNIN**

Mauunawaan ng klase na ang lakas sa buhay ni Pangulong Harold B. Lee ay nagmula sa kanyang pakikinig sa Espiritu ng Diyos.

**PAGHAHANDA**

1. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging "Harold B. Lee."
2. Hanapin ang larawan ni Harold B. Lee sa bahaging may kulay.
3. Mag-anyaya ng isang nakabalik na misyonero na kilala ng mga kasapi ng klase upang magbigay ng isang maikli, espirituwal na mensahe tungkol sa Espiritu Santo o sabihin sa misyonero na ilagay ang kuwento sa *audiocassette*. Hilingin sa kanya na sabihin nang maikli kung paano siya tinulungan ng Espiritu na matapos niya ang nais niyang mangyari sa buhay niya sa panahon na ito. (Tiyakin na kumuha ng pahintulot mula sa obispo o pangulo ng sangay para sa gawaing ito at sa nakabalik na misyonerong ito.)

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Patayuin ang isa sa mga kasapi ng klase sa harapan ng klase at ipasagot ang mga sumusunod na mga tanong:

- Ano ang iyong mararamdaman kung ipinagtulakan ka nang malakas ng iyong ina?
- Ano ang iyong mararamdaman kung ang pagkakatulak na iyon ay nagligtas lamang sa iyong buhay?

Isalaysay ang sumusunod na halimbawa mula sa kabataan ni Pangulong Lee:

" 'May isang malakas na bagyong may kulog at kidlat na nagngangalit malapit sa kabundukan na kung saan naroon ang aming bahay. Ang aming mag-anak, na binubuo ng aking lola, ina, at dalawa o tatlo sa nakababatang anak, ay nakaupo sa kusina sa harapan ng isang nakabukas na pinto, na nanonood sa isang malaking pagtatanghal ng likas na mga paputok. Isang biglang sunud-sunod na kidlat na sinundan ng biglang malakas na kulog ang nagpahiwatig na ang kidlat ay tumama sa napakalapit.

" 'Pabalik-balik akong naglalaro sa may pintuan nang bigla at walang babala, itinulak ako nang malakas ng aking ina na nagpahandusay sa akin nang patalikod sa may labas ng pintuan. Sa sandaling iyon, isang napakatinding kidlat ang bumaba sa pausukan ng kalan sa kusina, palabas sa bukas na pintuan ng kusina, at bumiyak ng malaking malalim na hiwa mula sa tuktok hanggang sa ilalim ng malaking puno sa napakalapit sa harapan ng bahay. Kung hindi dahil sa likas na pandamdam ng aking Ina, at kung ako ay nanatili sa bukana ng pintuan, hindi ko maisusulat ang kuwentong ito ngayon.

" 'Hindi kailanman maipaliwanag ng aking ina ang kanyang kisap-matang pasiya. Ang tanging nalalaman ko ay naligtas ang buhay ko dahil sa kanyang likas na pagiging pabigla-bigla at pagka-mabilis makaramdam.

" 'Paglipas ng maraming taon, kapag nakikita ko ang malalim na marka sa malaking punong iyon sa lumang bahay ng mag-anak, ang nasasabi ko lamang mula sa isang lubos na nagpapasalamat na puso, ay "Salamat sa Panginoon sa mahalagang kaloob na

iyon na taglay nang masagana ng aking ina at ng marami sa mga matapat na ina, na sa pamamagitan nila ang langit ay maaaring maging napakalapit sa oras ng pangangailangan" ' " (L. Brent Goates, *Harold B. Lee, Prophet and Seer* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc. 1985], p. 41).

Itanong sa klase ang mga sumusunod na tanong, na isinasaisip ang layunin sa pagtuturo tungkol sa gumagabay na impluwensiya at lakas mula sa Espiritu Santo:

- Kung ikaw ay malayo sa iyong tahanan na lampas sa oras na inaasahan ng iyong mga magulang, bakit sa palagay mo balisa sila hangga't hindi ka pa nakakauwi?
- Kadalasan bang pinasasalamatan ng mga kabataan kung paano sila ginagabayan ng kanilang mga magulang sa maagang bahagi ng kanilang buhay?

Malimit na ang mga magulang ay gumagabay sa ilalim ng inspirasyon, ganoon pa man, kung minsan ay tumututol ang mga kabataan, kahit na ang mga magulang ay may inspirasyon. (Bilang isang guro, maaari mong naisin na magsalaysay ng isang pansariling halimbawa.)

Talakayan sa mga banal na kasulatan

- Mayroon bang sinuman sa inyo na nakadama na ng mga udyok ng Espiritu? Ilarawan kung ano ang iyong naramdaram. (Pahintulutan ang iba't ibang tugon mula sa mga nagnanais na magbahagi ng mga ito.)

Basahin ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Mga Taga Galacia 5:22–23, Doktrina at Mga Tipan 6:14.

- Ano ang mga natatanging pagkakataon na natatanggap sa pamamagitan ng pagsunod sa Espiritu sa kabataan ng isang tao? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)

Larawan

Ipakita ang larawan ni Harold B. Lee.

Ngayon ay pag-aaralan nating mabuti ang buhay ni Pangulong Harold B. Lee, ikalabing-isang pangulo ng Simbahan. Ang isa sa mga natatangi niyang katangian ay kung paano siya matamang nakinig sa Espiritu.

---

### Ang Kabataan ni Pangulong Lee

Talakayan

Siya ay isang guro sa isang pambayang paaralan sa gulang na labingpito; isang guro at punong-guro sa isa pang pambayan na paaralan sa gulang na labingwalo; isang misyonero sa gulang na dalawampu't isa; isang asawa sa gulang na dalawampu't-apat; isang mataas na tagapayo sa gulang na dalawampu't-walo; isang pangulo ng istaka sa gulang na tatlumpu't isa; at isang guro sa seminaryo, isang nahirang na opisyal sa pamahalaan ng Lungsod ng Salt Lake (Salt Lake City Commissioner), isang tagapamahala ng Pambuong Simbahang Sistema sa Pangkapakanan, at isang Apostol, lahat bago ang gulang na apatnapu't dalawa.

- Sa palagay ba ninyo ang mga biyaya at mga pagkakataon na ito na dumating kay Harold B. Lee ay makakamit nang wala ang kanyang palagiang pakikipag-usap sa Espiritu? (Pahintulutan ang mga puna.)

Panauhin

Kung natamo ninyo ang pahintulot ng obispo o pangulo ng sangay, pasalitain nang maikli ang inanyayahang nakabalik na misyonero nang tungkol sa Espiritu.

---

### Ginamit ni Pangulong Lee ang Kanyang Pagiging Malapit sa Espiritu upang Impluwensiyahan ang Kabataan

Halimbawa

Basahin ang sumusunod na karanasan mula sa buhay ni Pangulong Lee:

"Noong Disyembre 5, 1969, isang malaking pangkat ng kabataan at ang kanilang mga pinuno ang nagtipon para sa isang napakabukod-tanging pagpupulong sa gusali ng Dalubhasaan ng Relihiyon sa kampus ng Pamantasan ng Utah. Si [Elder Lee] ay nahimok na magbigay ng patotoo ng mga pansariling karanasan sa mga kabataan [upang ipaalam sa mga kabataang ito ang katotohanan ng Diyos]. Si Elder Lee ay tumugon sa mga mungkahing ito sa isang makapangyarihang sermon sa pagtatanggol sa kaharian, na kinukuha ang paksa niya mula sa Doktrina at Mga Tipan 115:4–5, 'Magliwanag, nang ang

inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa.' Isinalaysay niya ang mga sarili niyang karanasan ng tunay na mga makabagong himala na nangyari sa kanya, na nagpapatunay sa kapangyarihan ng pagkasaserdote; na naglalarawan ng mga pinasiglang tawag, ng mga may kaugnayang kaugalian, at mga walang-hanggang alituntunin; at nagbibigay halimbawa ng pagkamabisa ng panalangin sa buhay ng mga Banal. Ito ay pinatunayan niya sa pamamagitan ng mga sangguniang banal na kasulatan sa kabuuan. . . .

"Pagkatapos, nang halos mahigit sa kalagitnaan ng kanyang sermon na isang oras at labinlimang minuto, nagbago ang kalagayan. Si Elder Lee ay sandaling tumigil. Ang kanyang tinig ay naging tahimik. Iniyuko niya ang kanyang ulo sa pulpito, hinahawakan ito nang mahigpit sa dalawang kamay. Siya ay humakbang paatras at tumingala.

"At nangyari! Ang espiritu ng pagpupulong ay biglang nagbago habang tinatapos ni Elder Lee ang kanyang sermon nang lubhang madamdamin, matatag at maalab na pinatutunayan ang katotohanan ng kanyang mga matibay na pananalig, . . . at nagbibigay ng pansariling, buong pusong patotoo na ang Diyos ay buhay. Sinabi niya kung paano niya nalaman ang katotohanang ito bilang isa sa kanyang mga natatanging saksi sa lupa. Nalaman ng lahat na naroon na alam niya! Ang mga bintana ng kalangitan ay tila binuksan, at ang Espiritu ng Tagapagligtas ay dumaloy sa buong kongregasyon. . . .

"Wala isa man ang kumilos pagkatapos ng panalangin. Si Elder [Marion D.] Hanks [na siyang nangangasiwa sa pagpupulong] ay bumalik sa pulpito at tahimik na tumayo doon habang ang alon ng espirituwal na kapangyarihan ay tumangay sa mga tagapakinig. Wala pa ring nangahas na umalis. Walang ingay o kahit anumang uri ng pagkilos. . . .

"[Naalala] ni Elder Hanks ang sumunod na nangyari:

" 'Pagkatapos ng mahabang oras ng lubos na hindi kumikilos na katahimikan, ako ay tumango sa mga tagapakinig, hinarap at inanyayahan sina Elder at Sister Lee na lumakad kasama ako, at inihatid sila sa harapan ng bulwagan ng gusali ng dalubhasaan, kung saan sina Elder at Sister Lee ay nakipagkamay sa isang lubusang hindi-makapagsalita at halos maluha-luhang pangkat ng mga kabataan habang sila ay nagdadagsaan. Buong kawili-wili, sa mahabang katahimikan, na inabot ng mga dalawampung minuto o matagal pa, . . . may isang taong nagsimulang umawit ng "*The Spirit of God Like a Fire is Burning.*" Kaunti lamang ang sumali. Pagkatapos ng unang taludtod sila ay tumigil, at ang katahimikan ay nagpatuloy. Kahit na ang banal na awiting iyon ay naging sagabal sa dakilang Espiritu' " (L. Brent Goates, *Harold B. Lee, Prophet and Seer,* p. 392–396).

Halimbawa

Ipabasa sa isang kasapi ng klase na magaling bumasa ang sumusunod na pangyayari:

Bago ang kanyang kamatayan, si Pangulong Lee ay dumadalo sa pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo ng kanyang purok sa sariling bayan. "Bago matapos ang pulong, ang kilalang tinig ni Pangulong Lee ay nagmula sa likuran ng kapilya, na humihingi ng pahintulot . . . [upang kausapin ang kanyang purok].

" 'Mga Kapatid, minamahal kong mga kaibigan at mga kapitbahay, mga kasapi ng aking mag-anak na purok, at yaong aking mga maliit na kawan na aking pinamamahalaan: ako ay humihingi ng paumanhin sa paggambala sa inyo, ngunit alam ko na makagagambala sa aking Ama sa Langit kung hindi ako magsasabi ng anuman sa inyo sa oras na ito.

" 'Sa pamamagitan ng patotoo gusto kong malaman ninyo na alam ko na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ay ang Cristo at ating Manunubos, at siya ang pinuno ng Simbahan na ito; hindi ako. *Alam* ko na pinangangasiwaan niya ang lahat ng mga gawain ng Simbahang ito at sinasabi ko ito sa pamamagitan ng patotoo upang malaman ninyo na alam ko na siya ay buhay.' . . . Pagkatapos ng mahabang pagtigil. . . .

" 'Sinasabi ko ito sa inyo sa pamamagitan ng isang mahalagang babala, na alam ko rin na ang kalaban ay buhay at nangangasiwa sa mga gawain ng tao. At siya ay nagtitikang likhain ang pagkawasak ng tao. Kung hindi niya tayo makukuha, pipilitin niyang kunin ang mga yaong malapit sa atin, sapagkat siya ay nasa isang napakalakas na pakikidigma sa gawain ng Tagapagligtas. At kailangan kong sabihin sa inyo ang mga babalang ito. Kaya manatiling malapit sa Panginoon. Huwag mawalan ng pag-asa. Aalagaan ng Panginoon ang sarili niya. Kung kayo ay handa, hindi ninyo kailangang matakot, kung kayo ay nasa panig ng Panginoon' " (L. Brent Goates, *Harold B. Lee, Prophet and Seer,* p. 564).

Talakayan sa banal na kasulatan

Malinaw na nakita ni Pangulong Harold B. Lee ang panahong ito bilang mapanganib na panahon. Alam niya na ang ebanghelyo ay totoo, at alam niya na gagawin ni Satanas ang lahat sa kanyang kapangyarihan upang labanan ito.

Basahin at talakayin ang 2 Nefias 28:20–21.

Alam ni Pangulong Lee na kakailanganing mamuhay nang malapit sa Espiritu ng ating Ama sa Langit upang malabanan ang mga kasamaan ng kasalukuyang panahon at upang mamuhay ng maliligayang buhay.

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 7 (1 minuto, 39 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 8 (3 minuto, 41 segundo), ng patotoo ni Harold B. Lee. Kung walang makuha na *video* at *audiocassette,* tapusin ang aralin sa patotoo at hamon.

"Ang pangunahing kabutihan ni Harold B. Lee ay ang kanyang espirituwalidad, ang kanyang pagkamalapit sa Diyos na gumabay sa kanyang mga kaisipan at mga hakbang, ang kanyang lubos na hindi-karaniwang kakayahan upang magtamo ng mga biglaang inspirasyon at nakapagpapaliwanag na liwanag bilang sagot sa kanyang mga pagninilay-nilay at mga panalangin" (L. Brent Goates, *Harold B. Lee: Prophet and Seer,* p. 462).

---

**Patotoo at Hamon**

Hamunin ang mga kasapi ng klase na humanap ng mga halimbawa sa kanilang buhay kung saan ang Espiritu Santo ay kumikilos. Pagkatapos ay hamunin sila na palawakin ang kaugnayang iyon sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno at pag-aaral ng banal na kasulatan.

Magbigay ng iyong sariling patotoo kung paano tumulong ang Espiritu Santo sa iyong buhay.

# Harold B. Lee—Pinunong Masigasig

Aralin 36

**LAYUNIN**

Ang mga kasapi ng klase ay maghahangad na sundin ang halimbawa ng pinasiglang pamumuno ni Pangulong Harold B. Lee sa paghahanda ng kanilang sarili at pagtulong sa paghahanda ng kanilang mga kaibigan upang salubungin ang Tagapagligtas.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Harold B. Lee sa bahaging may kulay.
2. Mag-ipon ng mga larawan mula sa mga lokal na pahayagan na naglalarawan ng mga sumusunod na suliranin: digmaan, taggutom, mga likas na sakuna, kawalan ng trabaho, kasamaan, sakit at kahirapan. O mag-atas ng mga kasapi ng klase na magdala ng mga halimbawa mula sa mga pahayagan o mga magasin. (Paalalahanan ang mga kasapi ng klase na huwag magdadala ng hindi angkop na kagamitan sa klase.) Hilingan ang ilang kasapi ng klase na talakayin kung anong hakbang ang makababawas ng mga epekto ng mga suliraning ito o nakatutulong na alisin ang nasabing mga suliranin.)
3. Ipahanda sa isang kasapi ng klase na nasa panguluhan ng kabataan na mag-ulat tungkol sa ginagampanan niya sa komite ng kabataan sa panguluhang obispo at kung ano ang ginagawa ng pangkat na iyon.
4. Atasan ang isang kasapi ng klase upang sabihin o basahin ang mga sinabi ni Pangulong Marion G. Romney tungkol kay Pangulong Harold B. Lee: (Maglaan ng o kopya para sa kasapi ng klase.)

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

*Talakayan*

Isulat ang mga sumusunod na suliranin sa pisara: Digmaan, Taggutom, Mga Likas na Sakuna (mga baha, mga lindol, at mga bulkan), Mga Sakuna sa Sasakyan, Kawalan ng Trabaho, Kasamaan, Sakit, Kahirapan. Ilagay ang bawat larawan mula sa pahayagan o magasin sa ilalim ng angkop na pang-ulo.

- May nasaktan na ba sa inyo dahil sa mga suliraning ito? (Pahintulutan ang maikling talakayan.)

Isipin na ang inyong tahanan ay nasira ng isang baha.

- Ano ang ilan sa mga bagay na kakailanganin mo ang tulong? Paano mo makukuha ang tulong na kailangan mo? Kanino ka lalapit para humingi ng tulong? (Pahintulutan ang maikling talakayan.)

### Si Harold B. Lee ay isang Dakilang Pinuno

*Talakayan sa banal na kasulatan*

Maraming mga dakilang pinuno sa daigdig ang mayroong mga katangiang katulad ng adhikain, lakas, kakayahan sa pagsasaayos, panghalina, at kapangyarihan sa talino. Ang mga katangiang ito ay makakatulong sa paglutas ng mga suliranin na likha ng isang sakuna, ngunit sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na mayroon pang isang bagay na kailangan para sa isang dakilang pamumuno.

Una, ang isang pinuno ay kinakailangang palaging gumagawa ng kabutihan, maging bago dumating ang isang sakuna.

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 64:33–34.

Pangalawa, kinakailangang alalahanin ng isang pinuno na siya ay naglilingkod hindi para sa kanyang sariling kaluwalhatian, kundi para sa ikabubuti ng mga tao at para sa kaluwalhatian ng Ama sa Langit.

Basahin at talakayin ang Mga Taga Galacia 5:26.

Panghuli, ang isang pinuno ay kinakailangang makaunawa na makapangunguna lamang siya sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, pagkamahabagin, pagkamasunurin, pagmamahal, at sa kapangyarihan ng pagkasaserdote.

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 121:36, 41–43.

- Anong mga kasanayan (alalahanin ang mga banal na kasulatan na kababasa lamang) ang kailangan ng isang magaling na pinuno? (Ang mga tugon ay maaaring kabilangan ng: pagpapakumbaba, pagkamahabagin, pagkamasunurin, pagmamahal, at ang kapangyarihan ng pagkasaserdote.) Si Harold B. Lee ay ganoong uri ng pinuno.

Larawan

Ipakita ang larawan ni Harold B. Lee.

Halimbawa

Isalaysay ang sumusunod na pangyayari sa buhay ni Harold B. Lee.

Noong 1930, si Pangulong Lee ay pangulo ng Istaka ng Pioneer sa Lungsod ng Salt Lake. May apat na libo at walong daang katao ang umaasa sa mga ama na walang trabaho o kaya ay nangangailangan ng natatanging tulong. Sinabi niya, "Nang panahong iyon ako ay isa sa mga komisyonado ng lungsod. Kinagabihan bago ang Bisperas ng Pasko, nagkaroon kami ng napakalakas na bagyo ng niyebe, at ako ay nasa labas sa buong magdamag na kasama ng mga manggagawa na naglilinis ng kalsada, na nalalaman na ako ang masisisi kung ang isa man sa aking mga manggagawa ang mahulog sa trabaho. Ako ay umuwi na upang magpalit ng aking kasuotan upang magpunta sa tanggapan.

"Habang ako ay nagsisimulang bumalik sa bayan, nakakita ako ng isang maliit na batang lalaki na nasa tabi ng kalsada, na pumapara upang makisakay. Siya ay nakatayo sa nanunuot na lamig na walang pangginaw, walang guwantes, at walang panlabas na sapatos. Ako ay tumigil at nagtanong kung saan siya pupunta.

" 'Ako ay pupunta sa bayan sa isang libreng pagtatanghal,' sinabi niya.

"Sinabi ko sa kanya na ako ay pupunta rin sa bayan at maaari siyang makisakay sa akin.

" 'Anak,' sinabi ko, 'handa ka na ba para sa Pasko?'

" 'Ay, naku, ginoo,' ang tugon niya, 'kami ay hindi magkakaroon ng anumang Pasko sa aming tahanan. Ang aking ama ay namatay tatlong buwan na ang nakalilipas at iniwan ang aking ina at isang maliit na kapatid na lalaki at babae.'

"Tatlong anak, lahat ay wala pang labindalawang taong gulang!

"Binuksan ko ang pampainit sa aking kotse at sinabi, 'Ngayon, anak, ibigay mo sa akin ang iyong pangalan at tirahan. May isang tao na pupunta sa inyong tahanan—kayo ay hindi malilimutan. At magsaya ka, Bisperas na ng Pasko!'

"Nang gabing iyon hiniling ko sa bawat obispo na sumama sa kanyang mga tagahatid at tiyakin na ang bawat mag-anak ay naasikaso, at mag-ulat muli sa akin. Habang naghihintay sa huling obispo upang mag-ulat, bigla kong naalala nang may kirot ang isang bagay. Sa aking pag-aapura na makita ko na ang lahat ng aking tungkulin sa trabaho at ang aking mga pananagutan sa Simbahan ay mabuting naisagawa, nakalimutan ko ang maliit na batang lalaki at ang pangakong ginawa ko sa kanya.

"Nang ang huling obispo ay mag-ulat, itinanong ko, 'Obispo, mayroon pa bang natira upang dumalaw sa isa pang mag-anak?'

" 'Oho, mayroon pa ho tayo,' ang tugon niya.

"Isinalaysay ko sa kanya ang kuwento tungkol sa maliit na batang lalaki at ibinigay ko sa kanya ang tirahan. Maya-maya siya ay tumawag upang sabihin na ang mag-anak na iyon ay tumanggap din ng iba't ibang punung-punong buslo. Sa wakas ay natapos na ang Bisperas ng Pasko, at ako ay nagpunta na sa kama.

"Sa paggising ko nang umagang iyon ng Pasko, sinabi ko sa aking puso, 'Ipahintulot nawa ng Diyos na hindi ko kailanman mapalampas ang isa pang taon subalit ako, bilang isang pinuno, ay tunay na makakikilala sa aking mga tao. Malalaman ko ang kanilang mga pangangailangan. Higit akong magiging maalam sa mga higit na nangangailangan ng aking pamumuno!' " (Harold B. Lee, *Ye Are the Light of the World* [Salt Lake City: Deseret Book Company, 1974], p. 346–47).

Talakayan

- Anong mga katangian ng pamumuno ang ipinakita dito ni Pangulong Lee? (Akayin muli ang klase sa mga katangian ng pamumuno na paunang tinalakay sa aralin.)

Ulat

Ipakuwento o ipabasa sa naatasang kasapi ng klase ang mga sumusunod na pangungusap na ginawa ni Pangulong Marion G. Romney, na naglingkod bilang Ikalawang Tagapayo ni Pangulong Lee sa Unang Panguluhan ng Simbahan.

"Lubusang nananampalataya sa salita ng Panginoon na dapat kitain ng tao ang kanyang kakainin sa pamamagitan ng pawis sa kanyang mukha at naniniwala na ang lahat ng bagay ay maaari sa kanya na naniniwala, si [Harold B. Lee] ay buong tapang na nagsimula sa walang pagkatakot na katalinuhan at kagitingan ni Brigham Young upang magbunsod ng daan na kung saan ang kanyang mga tao, sa kanilang mga sariling pagsisikap at sa tulong ng kanilang mga kapatid, ay matustusan ang mga pangangailangan sa buhay.

"Ginabayan ng liwanag ng langit, sa mga panukala sa pagtatayo ng mga gusali, mga panukala sa paggawa, at iba't ibang gawain ng pagbabagong-ayos, siya ay nagpakita ng pagmamahal sa kanyang kapwa-tao na bihirang mapantayan sa alinmang salinlahi. . . .

"Buong puso niyang minahal at pinaglingkuran ang kanyang kapwa-tao. Minahal niya ang mahihirap, sapagkat siya ay naging isa sa kanila. . . .

"Ang naging karanasan ni Harold B. Lee sa pag-aalaga sa mga tao ng kanyang istaka ay isang paghahanda para sa mga higit na dakilang mga bagay na darating. Iyon ang kanyang tawag para sa higit na malawakang paglilingkod sa kabuuang palatuntunang pangkapakanan ng Simbahan. 'Noong Abril 20, 1935,' si [Pangulong Lee] ay nagsabi, 'Ako ay tinawag sa isang pulong sa tanggapan ng Unang Panguluhan. . . . Ang aking abang tungkulin sa pangkapakanang palatuntunan na ito ay inilarawan. Umalis ako doon . . . at nagmaneho . . . patungo sa Lungsod ng Creek Canyon. Lumabas ako, pagkatapos magmaneho nang malayo hanggang sa abot ng aking makakaya, at naglakad ako sa mga punungkahoy. Hinanap ko ang aking Ama sa Langit. Nang ako ay umupo upang ibuhos ang bagay na ito, na nag-iisip tungkol sa isang samahan upang ganapin upang isagawa ang gawaing ito, ako ay tumanggap ng patotoo, sa magandang hapong iyon ng tagsibol, na inihayag na ng Diyos ang dakilang samahan na kailanma'y maibibigay sa sangkatauhan at na ang kailangan na lamang ngayon ay ang ihandang pakilusin ang samahang iyon at ang temporal na pangkapakanan ng mga Banal sa Huling-araw ay mapangangalagaan.

"Ang samahan na sinabi dito ay ang Banal na Pagkasaserdote ng Diyos" ("In the Shadow of the Almighty," *Ensign,* Peb. 1974, p. 96).

- Ano ang pangunahing sangkap para sa sinumang matagumpay na pinuno ng Simbahan? (Ang pagkasaserdote at ang kapangyarihan nito.)


---

**Si Pangulong Lee ay isang Pangunahing Kasangkapan sa Plano ng Panginoon para sa Pag-uugnay ng Lahat ng Mga Palatuntunan ng Simbahan**

Ang palatuntunang pang-ugnayan ng Simbahan sa ngayon ay sinimulan habang si Elder Harold B. Lee ay naglingkod bilang isang kasapi ng Kapulungan ng Labindalawang Apostol. Ang Unang Panguluhan sa ilalim ng patnubay ni Pangulong David O. McKay ay nagtatag ng isang Lupon ng Ugnayang Tagapagpatupad upang patnubayan ang palatuntuna ng ugnayan, at si Elder Lee ay natawag upang maging tagapangulo. Sa ilalim ng ugnayan, ang lahat ng mga Samahan at mga palatuntunan ng Simbahan ay may patnubay ng pagkasaserdote at lahat ng mga aralin at mga kagamitan ay binalak upang ang mga kuru-kuro ay hindi nauulit sa mga pantulong at mga korum. Ang mga kagamitan ay binalak upang ang mga mahalagang kuru-kuro ay maituro at mapagbalik-aralan sa mga angkop na klase nang may pamamaraan. Ang impluwensiya ni Pangulong Lee sa palatuntunang pang-ugnayan ay nagkaroon ng isang matinding bisa sa buhay ng mga kasapi ng simbahan.

Pisara at Ulat

● Ano ang lupong pangkabataan ng pamunuang obispo? (Ipasabi sa paunang naatasang kasapi ng klase ang tungkol sa ginagampanan ng lupong pangkabataan ng pamunuang obispo at ang tungkol sa kanyang ginagampanan dito. Ilarawang-guhit sa pisara kung paanong bahagi ng palatuntunang pang-ugnayan ng pagkasaserdote ang lupong pangkabataan ng pamunuang obispo.)




Si Elder Robert B. Backman, ng Unang Korum ng Pitumpu, ay magsasalaysay ng karanasang ito: "Nang ako ay natawag na maging pangulo sa Pagkasaserdoteng Aaron—MIA ni Pangulong Harold B. Lee, ako ay nagkaroon ng isang pinakakawili-wiling pakikipag-usap sa kanya. Sinabi niya ang tungkol sa kabataan ng Simbahan at tungkol sa mga hamon na hinaharap nila sa paglaki sa mundong ito na kung saan tayo ay namumuhay. Ipinahiwatig niya ang kanyang malaking pagmamalasakit tungkol sa katotohanan na ang ilan sa kanila ay maaaring dumalo sa Primarya, Panlinggong Paaralan, Kapwa, mga korum ng pagkasaserdote, at seminaryo at lumabas sa kabilang dulo na walang mga patotoo.

"Sinabi niya: 'Alam mo kung bakit naiisip ko iyon? Sapagkat ang ating mga kabataan ay lumaking mga tagapanood. Pagkatapos ay binigyan niya ako ng hamon na hindi ko kailanman nalimutan at isa na ibinabahagi ko sa mga kabataan ng Simbahan sa maraming pagkakataon. Sinabi niya, 'Bob, hinahamon kita na maglaan ng palatuntunan na maghahanda sa salinlahing ito upang salubungin ang Tagapagligtas kapag pumarito siya' " (L. Brent Goates, *Harold B. Lee: Prophet and Seer* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1985], p. 504–5).

Talakayan

● Paano tumutulong ang lupong pangkabataan ng pamunuang obispo na tuparin ang hamon ni Pangulong Lee kay Elder Backman? (Pahintulutan ang iba't ibang tugon.)

● Paano ito naaangkop sa ilalim ng palatuntunang pang-ugnayan ng Simbahan? (Lahat ng mga gawain ay pinamamatnugutan ng mga korum ng pagkasaserdote ng Simbahan.)

● Paano ito naaangkop sa palatuntunan upang tulungan ang mga kasapi ng Simbahan na salubungin ang Tagapagligtas? (Kailangan ng Simbahan ang mga kabataan na may mga patotoo na makapamumuno sa Simbahan sa hinaharap. Isinasali ng lupong pangkabataan ang mga kabataan ngayon at pinaglalaanan sila ng mga mahahalagang pagsasanay sa pamumuno para sa hinaharap.)

● Ano ang ilan sa mga pangunahing naitulong ni Pangulong Harold B. Lee sa Simbahan? (Imungkahi na isipin nila ang kapwa aralin tungkol kay Pangulong Lee. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng: [1] pang-espirituwal, [2] pamumuno, [3] mga tulong sa pangkapakanan, at [4] mga tulong sa mga ugnayan.)

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo na ang mga alituntuning ito ay mahalaga sa pag-unlad ng Simbahan ng Panginoon at na si Pangulong Lee ay tunay na gumanap ng isang mahalagang tungkulin sa pagtulong sa atin upang maghanda na salubungin ang Tagapagligtas. Hamunin ang bawat kasapi ng klase na gawin ang ganoon.

# Spencer W. Kimball Pinalaki sa Apoy ng Maglalantay

Aralin 37

**Isinilang:** 28 Marso 1895 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1973–1985

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase na ang kahirapan ay kadalasang nagdadala ng pinakamatamis at pinakadalisay na mga katangian sa mga lalaki at mga babae, na pinahihintulutan silang magbigay ng dakilang paglilingkod sa iba.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Spencer W. Kimball sa bahaging may kulay.
2. Maaari mong naising magbasa ng mga piling bahagi mula sa *Spencer W. Kimball* nina Edward L. at Andrew E. Kimball, Jr. (Salt Lake City: Bookcraft, 1977).
3. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging "Spencer W. Kimball."

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Sa buong buhay na nagbigay sa kanya ng maraming suliranin, tumanggi si Spencer W. Kimball na pahintulutan ang kanyang mga pansariling suliranin na maging balakid sa daan ng kanyang paglilingkod sa Diyos at sa kanyang kapwa-tao.

Basahin ang sumusunod na bahagi mula sa talumpati sa komperensiya ni Elder Wm. Grant Bangerter noong Oktubre 1977:

"Minamahal kong mga kapatid, . . . Nasa aking isipan ang isang natatanging sandali sa kasaysayan ng Simbahan na may malaking kinalaman sa ating mga patotoo at sa pag-unlad ng ebanghelyo. Sana ito ay natala nang tumpak ng mga nagtatala ng kasaysayan. Tinutukoy ko ang nangyari noong ika-4 ng Abril, 1974.

"Ang kuwento ay talagang nagsimula noong ika-26 ng Disyembre, 1973. Sa araw na iyon ay biglang namatay si Pangulong Harold B. Lee. Ang kanyang kamatayan ay talagang hind inaasahan. . . . Alam namin, talaga, na si [Pangulong Spencer W. Kimball] ay makapangangasiwa kahit paano, ngunit hindi ito magiging madali sa kanya, at ang mga bagay ay hindi magiging katulad ng dati. . . .

" . . . Dumating ang sandali kung saan ay tumayo si Pangulong Kimball upang magtalumpati sa mga nagtipon na pamunuan. Napansin niya na hindi rin niya kailanman inaasahan na hawakan ang katungkulan [bilang propeta] at na naaalala niya si Pangulong Lee na katulad naming lahat. Pagkatapos ay pinag-aralan niyang muli ang karamihan sa mga tagubilin na ibinigay ni Pangulong Lee sa mga nagdaang taon, at ang aming mga panalangin sa pangalan ni Pangulong Kimball ay nagpatuloy.

"Habang siya ay nagpapatuloy na sa kanyang talumpati, gayunman, hindi pa siya gaanong nakapagsasalita nang, isang bagong kamalayan ang tila bumaba sa kongregasyon. Kami ay naging alisto sa isang kagila-gilalas na espirituwal na pagkanaroroon, at natanto namin na kami ay nakikinig sa isang bagay na kakaiba, makapangyarihan, naiiba sa mga nakalipas na pagpupulong namin. Ito ay tila ba, sa pagsasalita sa espirituwal, ang aming buhok ay nagsimulang tumayo. Ang aming mga kaisipan ay biglang nanginig at namamangha sa nangingibabaw na mensahe na dumarating sa aming mga tainga. Sa isang bagong kaunawaan natanto namin na si Pangulong Kimball ay nagbubukas ng mga espirituwal na bintana at kumakaway sa amin upang lumapit at titigang kasama niya ang mga plano ng walang-hanggan. Tila ba ibinababa niya ang mga tabing na tumakip sa layunin ng Pinakamakapangyarihan at inaanyayahan tayong tingnan kasama niya ang kapalaran ng ebanghelyo at ang pangitain ng ministeryo nito.

"Ako ay nag-aalinlangan na sinumang tao na naroroon nang araw na iyon ay hinding-hindi makalilimot sa pangyayari. . . . Ang Espiritu ng Panginoon ay kumilos kay Pangulong Kimball at ito ay nagpatuloy mula sa kanya tungo sa amin bilang isang nahahawakang pagkanaroroon, na minsan ay kapwa kumikilos at nakabibigla. Binuksan niya sa aming paningin ang isang maluwalhating pangitain. Sinabi niya sa amin ang ministeryo na isinagawa ng mga apostol sa kapanahunan ng Tagapagligtas, at kung paano ang katulad na misyon ay iginawad sa mga apostol sa ilalim ni Joseph Smith. Ipinakita niya kung paano nagpatuloy sa pananampalataya at katapatan at dinamitan ng *dakilang* kapangyarihan ang mga kalalakihang ito na kung saan ay dinadala nila ang ebanghelyo sa mga kadulu-duluhan ng lupa, na inaabot ang malalayo, sa ilang mga paraan, kaysa sa ating ginagawa sa kasalukuyan kasama ang lakas ng makabagong simbahan na ito. Ipinakita niya sa amin kung paano ang Simbahan ay hindi lubos na namumuhay sa katapatan na inaasahan ng Panginoon sa Kanyang mga tao, at iyan, sa isang banda, kami ay lumagay sa isang pagkalugod sa espiritu at sa kasiyahan sa mga bagay na kung ano ang mga ito noon. Sa sandaling iyon sinabi niya ang tanyag na salawikain, 'Dapat nating lakihan ang ating hakbang! . . . '

"Si Pangulong Kimball ay nagsalita ng ibang mga mensahe: 'Kailangan tayong pumunta sa lahat ng mundo.' 'Bawat kabataang lalaki ay dapat magpunta sa misyon.' 'Buksan ang pintuan sa mga bagong bansa.' 'Magpadala ng mga misyonero mula sa Mexico, Timog Amerika, Hapon, *Britania,* at Europa.' . . . Ito ay isang bagong pangitain, nakababagabag at nakapupukaw, na idinagdag sa dati. . . .

"Si Pangulong Kimball ay nagsalita sa ilalim ng natatanging impluwensiyang ito sa loob ng isang oras at sampung minuto. Ito ay isang mensahe na lubusang hindi katulad ng anumang ibang naranasan ko. Natanto ko na ito ay katulad sa pangyayari noong ika-8 ng Agosto, 1844, nang si Brigham Young ay nagsalita sa mga Banal sa Nauvoo kasunod ng pagkamatay ng Propetang si Joseph. Si Sidney Rigdon ay nagbalik mula sa Pittsburgh, kung saan siya ay tumalikod sa katotohanan, upang subuking bihagin ang Simbahan. Maraming tao ang nagpatotoo, gayunman, na si Brigham Young ay tumayo, ang kapangyarihan ng Panginoon ay napasakanya hanggang sa punto na siya ay nagbago ng anyo sa harapan nila, sa anyo at tinig ni Joseph Smith. Ang sandaling iyon ay katiyakan sa kasaysayan ng Simbahan, at ang pangyayari noong Abril 4, 1974 ay magkatulad.

"Nang si Pangulong Kimball ay nagtapos, si Pangulong Ezra Taft Benson ay tumayo at sa tinig na punung-puno ng damdamin, pinararating muli ang pakiramdam ng lahat ng naroon, nagsabi, sa pagbubuod: 'Pangulong Kimball, sa lahat ng mga taon na ang mga pagpupulong na ito ay ginaganap, hindi pa kami kailanman nakarinig ng talumpati na katulad ng kabibigay mo lamang. Buong pagpapatunay, na may propeta sa Israel.' " (sa Conference Report, Okt. 1977, p. 37–39, o sa *Ensign,* Nob. 1977, p. 26–27).

---

**Ang Kahirapan ay Maaaring Maging Isang Mabuting Guro**

Talakayan

- Ano ang isa sa mga pinakamahirap na bagay na kinailangan mong danasin sa iyong buong buhay? Ano ang ilang mga kahirapan ng mga tao sa mundo? (Ang mga tugon ay magkakaiba-iba. Maaaring ibilang ng mga ito ang: kapaguran ng damdamin, mga kasapi ng mag-anak na hindi ipinamumuhay ang ebanghelyo, sakuna sa pangkabuhayan, sakit, kamatayan, atbp.)

- Bakit kailangang maranasan ng mga tao ang mga sakunang ito? Nais ba tayong parusahan ng Diyos? Maaari ba tayong makakuha ng kahit anong magandang pag-uugali sa pamamagitan ng pagsubok sa ganoong paraan? (Pahintulutan ang talakayan, na binibigyang-diin na tayo ay narito upang subukin at sa pamamagitan ng mga pagsubok sa atin tayo ay nakagagawa ng mga pagpapasiya na nagpapalapit sa atin sa ating Ama sa Langit. Hindi nais ng Diyos na tayo ay parusahan. Paalala: ang pag-unlad at mga mabubuting kinalalabasan na maaaring maging bunga ay tatalakayin pagkatapos ng dalawang magkasunod na mga banal na kasulatan.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin ang mga sumusunod na banal na kasulatan kasama ng klase: Juan 9:2–3 at Doktrina at Mga Tipan 122:7.

- Anong mga mabubuti at positibong pag-uugali ang maaaring manggaling mula sa mga pagsubok na kailangang danasin ng mga lalaki at babae sa buhay na ito? (Ang mga maaaring mga tugon: kalakasan upang makapagtiis, karanasan, pagtitimpi, mapagmahal na ugali sa mga naglilingkod sa atin, pagiging malapit sa Panginoon, pagpapakumbaba, pagtitiwala sa Panginoon.)

---

**Ang Sakit at Kalungkutan ang Tila Nagpahinahon at Humubog kay Pangulong Kimball**

Talakayan

- Paano nakaapekto sa kanya ang bawat sumusunod na pangyayari sa buhay ni Spencer W. Kimball?

1. Siya ay muntikan nang malunod sa gulang na sampu.
2. Naulila siya sa kanyang ina sa gulang na labing-isa.
3. Siya ay muntikan nang mamatay sa tipos sa gulang na labingtatlo.
4. Naulila siya sa kanyang ama sa gulang na dalawampu't siyam.
5. Limang taon pagkatapos ng kanyang tawag sa Kapulungan ng Labindalawang Apostol, siya ay nakaranas ng isang malubhang sakit sa puso na nagpilit sa kanya sa mga buwan ng pagiging hindi-aktibo. (Ito ay talagang mahirap para sa isang lalaki na naging malakas ang pangangatawan, isang tanyag na manlalaro, isang mabisang mangangalakal, isang pangulo ng istaka, at pagkatapos ay isang Apostol.)
6. Pagkaraan ng ilang taon siya ay nagkaroon ng kanser sa lalamunan. Sinabi ng mga manggagamot na mawawalan siya ng tinig, ang pinakasentro ng kanyang buhay at paglilingkod bilang isang Apostol. (Sa isang natatanging basbas mula kay Elder Harold B. Lee, si Pangulong Kimball ay pumayag sa isang operasyon. Bahagi ng pinagmumulan ng kanyang tinig (vocal cord) ay naligtas. Nang siya ay handa nang magsalitang muli, siya ay umuwi sa lambak ng kanyang kabataan. Doon ay sinabi niya ang tungkol sa pagkapasakamay niya sa mga "manlalaslas ng lalamunan" sa silangan. Dahil sa napakahalagang pagpapatawang ito, siya ay nagpaalam sa nakaraan at isang bagong tinig ang nagsimulang marinig—walang awitan, ngunit isang pinakamamahal, kilalang tinig na may lakas ng tunog upang ihambing sa bigat ng kanyang mensahe.)
7. Pagkaraan ang kalagayan ng kanyang puso ay lumala at nangailangan ng pagtitistis upang buksan ang kanyang puso upang masagip ang kanyang buhay. (Muli si Pangulong Lee ay nagbigay ng mga basbas: buhay para sa pasyente at makalangit na gabay para sa siruhano. Ang kapwa mga basbas ay natupad. Isang mabilisang paggaling ang nangyari; nailigtas ang isang propeta.)

Dalawang taon lamang pagkatapos ng kanyang pagtitistis sa puso, si Spencer W. Kimball ay naging Pangulo ng Simbahan ng Panginoon, nagpapakita ng napakalakas na kalusugan hanggang sa mga huling taon, nang ang kanyang abalang talatakdaan ay kinailangang bawasan dahilan sa lumalaking mga suliranin sa kalusugan. Siya ay namatay sa gulang na siyamnapu.

Halimbawa

Si Pangulong Kimball ay inihanda para sa marami niyang pagsubok sa pamamgitan ng mga matitinding pangyayari sa isang buhay na katulad ng buhay sa hangganan ng kabayanan. Ang kanyang ama, na noon ay pangulo ng istaka, ay nagsalita sa kanyang pagtatapos mula sa Akademya ng BHA [mataas na paaralan], at inihayag mula sa pulpito, na hindi alam ng kanyang anak na lalaki, na si Spencer ay hindi mag-aaral sa kolehiyo nang taglagas na iyon ngunit magpupunta sa misyon. Isang napakamasunuring anak, tinanggap ni Pangulong Kimball ang kanyang tawag nang walang tanong.

Si Spencer ay nagtatrabaho na sa loob ng dalawang tag-araw sa isang gatasan sa isang bahagi ng Arizona upang kumita ng sapat para sa pagko-kolehiyo. Nagtatrabaho siya ngayon sa ganoon ding kakayahan, subalit ngayon ito ay upang gawing maaari na paglingkuran niya ang Panginoon.

"Ito ay isang mahirap na gawain. Ang nakapapasong tubig na ginagamit niya at ng ibang mga batang lalaki upang hugasan ang mga lata ng gatas ay nakapagpalambot sa kanilang mga daliri. Pagkasimulang-pagkasimula niyang gatasan ang isang dosenang baka niya, umaga o gabi, ang bigat ng malalambot niyang daliri ang humihiwa sa laman. Ang mga ito

ay namamaga at nagbibitak hanggang sa ang dugo ay tumulo. ‘Ako ay maaaring naiyak na nang maraming ulit,’ naalala niya. Ang ilan sa mga daliri ng mga batang lalaki ay namaga nang husto na nalaglag ang kanilang mga kuko at ang kanilang mga bisig ay namaga. Ang ilang mga suso ng mga baka tila ay napakatigas, naalala ni Spencer, na ‘tila siya ay kumukuha ng gatas mula sa mga matitigas na kabilyang bakal.’ Nang siya ay naglalakad sa bayan para sa Panlinggong Paaralang kasama ng ilang mga batang lalaki, ang kanilang mga daliri ay mamimintig nang napakasakit kaya itinataas nila ang mga ito sa kanilang ulo upang tulungan na alisan ito ng dugo.” (Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball, Jr., *Spencer W. Kimball* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc. 1977], p. 70).

Ang karanasan sa gatasan ay nagbigay kay Spencer ng pangunahing pagharap sa mundo sa labas ng impluwensiya ng mga Mormon, ang mundo ng mga hindi kasapi. Linggu-linggo si Spencer at ang isang batang kaibigan, si Ben Blake, lamang ang mga kabataang lalaki na naroon upang magbasbas at magpasa ng sakramento.

“Ang amo ni Spencer sa gatasan na hindi kasapi ay palaging may tabako sa kanyang bibig. Ang isa sa kanyang mga kaibigan sa trabaho [isang kasapi] ay nagsigarilyo at lumayo sa Simbahan. [Ngunit si Spencer ay nakatagpo ng isang mabuting kaibigan, isang nakabalik na misyonero na ang pangalan ay George.] Dalawang mga sigang batang lalaki ang nagtatrabaho rin doon. Isa sa kanila ang bumasag sa ulo ni George sa pamamagitan ng isang bakal na korteng mani na nakabalot sa panyo. Pagkaraang nakita ni Spencer si George na nagdurugo nang malubha. Ang ibang mga batang lalaki ay napaalis, naalala ni Spencer nang may kasiyahan, at ‘Kami ay nagkaroon ng lubos na kapayapaan.

“Paminsan-minsan sumasama si Spencer kay George upang tulungan siyang maghatid ng gatas. Ang Globe [Arizona, na kung saan sila nagtrabaho,] ay isang minahang bayan na walang batas. [Ang walang-kaginhawaang bahagi ng bayan,] ang isa sa mga pinakamagandang lugar ng gatasan, ay nagpabalisa kay Spencer; sinundan niya si George doon nang madalas sa kailangan pa niyang gawin. . . .

“[Si Spencer ay naalala ng kanyang ama, lalo na dahilan sa si Spencer ay malapit nang pumunta sa misyon.] Isinulat niya, ‘Ngayon, aking mahal na anak, ako ay nalulungkot sa iyong pagkawala at ang isipin na hindi ko makakasama ang aking anak nang mahabang panahon ay nagpapanibago sa akin kung minsan. Ang ating pagsang-ayon kay Alice [kanyang kapatid na babae] na pumunta sa Utah at ikaw na nasa malayo ay labis-labis na sa isang panahon sa harap ng mga di-kaaya-ayang pangyayari na umiiral paminsan-minsan, na katulad ng alam mo. Ngunit ito ay aking kinakaya. Ang tanging magagawa ko ay magtrabaho nang masigasig at aliwin ang aking damdamin. Trabaho, trabaho, ang pinakadakilang bagay sa mundo’ ” (Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball, Jr., *Spencer W. Kimball,* p. 70–71).

Talakayan

Hilingin sa klase na isaalang-alang ang buhay ni Pangulong Kimball at ang mga kahirapan na naranasan niya upang sagutin ang mga sumusunod na mga tanong. (Pahintulutan ang iba’t ibang sagot.)

- Anong mga karanasan sa mga unang taon ni Pangulong Kimball ang tumulong sa kanya upang matagumpay na madaig ang mga kahirapan na dumating sa dakong huli? (Tingnan ang talaan sa mga pahina 158–159.)
- Paano siya inihanda upang harapin ang mundo sa pamamagitan ng mga karanasang ito? (Ang mga karanasang ito ay nagpahintulot sa kanya upang panatilihin ang kabutihan at pagiging matapat ng kanyang katauhan sa kabila ng pagsubok ng mundo.)
- Ano ang tulong na ibinigay sa kanya ng kanyang ama? (Ang kanyang ama ay isang halimbawa ng katapatan, at karangalan.)
- Ano ngayon ang maituturo niya sa mga tao ng Simbahan habang siya ay naglilingkod sa kanila bilang propeta? (Matuturuan niya silang masigasig na gumawa, maging matapat sa paglilingkod sa iba, at makitungo nang tapat.)

---

### Si Pangulong Kimball ay Nakapagbigay ng Isang Kahanga-hangang Paglilingkod sa pamamagitan ng Hindi Pagpapahintulot na Madaig Siya ng Kahirapan

Itala ang mga sumusunod na tagumpay sa pisara habang ipinakikita mo sa klase.

Pisara

**Mga Tawag sa Simbahan**

1. Misyonero
2. Tagatala ng istaka
3. Pangulo ng istaka
4. Apostol
5. Pangulo ng Simbahan

**Ang Mga Palatuntunan at Patakaran na Pinairal**

1. Binigyan ng karapatan ang mga pangulo ng istaka na ordenan ang mga misyonero.
2. Binigyan ng karapatan ang mga pangulo ng istaka na italaga ang mga obispo.
3. Nagdagdag ng tatlong pahayag [sa Ingles] sa Doktrina at Mga Tipan (mga bahaging 137 at 138 at Opisyal na Pagpapahayag—2, na nagpapahintulot sa lahat ng mga kalalakihan na kasapi na humawak ng pagkasaserdote).
4. Gumawa ng mga makapangyarihang pananalita laban sa pagkabinabae at tomboy, at pagpapalaglag.
5. Isinaayos ang Unang Korum ng Pitumpu, na tinatanggal ang mga Katulong sa Korum ng Labindalawang Apostol.
6. Ipinatupad ang pinagsamang talatakdaan ng Linggong pagpupulong.
7. Pinahintulutan ang paglalathala ng bagong BHA na edisyon ng mga banal na kasulatan sa Ingles.
8. Pinalawak ang pagtatayo ng mga templo (21 templo ang itinalaga ng kapanahunan ng kanyang pagkapangulo).
9. Pinarami ang mga gawaing misyonero nang kamangha-mangha (dinalawang-ulit ang bilang ng mga misyonero habang Pangulo).

---

**Ang Tawag ni Pangulong Kimball sa Pagiging Apostol**

Si Pangulong Kimball ay may pag-aalinlangan sa kanyang kakayahan upang maging Apostol ng Panginoon. Sinabi niya ang paggugol ng mga gabing hindi siya makatulog na nag-aalala tungkol sa kanyang tawag.

Bago ginawa ang pagpapahayag ng kanyang tawag, siya ay pumunta sa mga bundok upang tumanggap ng pagpapatibay mula sa Panginoon. Sinabi niya, " 'Dinaig ako ng aking kahinaan. . . . Ang mainit na luha ay umagos sa aking mga pisngi habang hindi ako kumikilos upang punasan ang mga ito. Pinararatangan ko ang sarili ko, at isinusumpa ko ang sarili ko at sinisisi ko ang sarili ko. Malakas akong nananalangin para sa mga natatanging basbas mula sa Panginoon. Sinasabi ko sa kanya na hindi ko hiniling ang katungkulang ito, na hindi ko kayang gawin ang gawain, na ako ay hindi ganap at mahina at tao lamang, na ako ay hindi karapat-dapat sa ganitong napakadakilang tawag, kahit na ako ay nagsikap talaga at ang aking puso ay naging tumpak. Alam ko na maaaring ako ay naging bahagi man lamang ng may pananagutan sa mga paglabag at mga hindi pagkakaunawaan na inisip ng ibang tao na sinapit nila sa aking mga kamay. Natanto ko na ako ay naging hamak at walang halaga sa maraming pagkakataon. Hindi ko pinatawad ang aking sarili. . . .

"Kung ako lamang ay magkakaroon ng katiyakan na ang aking tawag ay pinasigla karamihan sa aking ibang mga pag-aalala ay mapaparam. . . . Ako ay natisod sa burol at sa bundok, habang ang daan ay naging mahirap. Ako ay gumiray-giray nang ang mga daanan ay naging makitid. Walang mga daan ang naroon upang sundan. . . . Ako ay hindi pa nanalangin noon katulad ng aking panalangin ngayon. Ang nais ko at ang naramdaman kong kailangan ay ang katiyakan na ako ay tinatanggap ng Panginoon.

"Binali ko ang isang dulo [ng isang piraso ng patpat ng *oak*] para sa isang tungkod . . . at tinulungan ako nitong makaakyat. . . . Naalala ko ang aking Ama at Ina at ang aking Lolo, na si Heber C. Kimball [na] lumisan na sa daigdig. . . . Mayroong isang malaking pagnanais, na makakuha ng patotoo sa aking tawag. . . .

"Isa bang panaginip ang dumating sa akin? Ako ay pagod na pagod at sa palagay ko ay naidlip ako nang sandali. Sa wari ay nakita ko sa aking panaginip ang aking lolo at naging gising sa dakilang gawain na ginawa niya. Hindi ko masasabi na iyon ay isang pangitain, ngunit alam ko na sa bagong karanasan na ito ay dumating ang katahimikang katulad ng humihinang hangin. . . . Ako ay tumayo, naglakad sa bahaging batuhan at naupo sa ungos ng bato. Ang aking mga luha ay tuyo, ang aking kaluluwa ay payapa. Isang payapang pakiramdam ng katiyakan ang aking naramdaman, ang pag-aalinlangan at ang mga tanong ay natalo. Tila ba ang isang matinding bigat ay nawala. Ako ay naupo sa kapanatagan ng katahimikan na minamasdan ang magandang lambak, pinasasalamatan ang Panginoon sa kasiyahan at katiyakang sagot sa aking mga panalangin. Matagal akong nagmumuni-muni dito sa matiwasay na katahimikan, malayo, at naramdaman ko na ako ay lalong naging higit na malapit sa Panginoon kaysa sa anumang panahon ng aking buhay. . . . Naramdaman ko na alam ang aking daan, ngayon, sa pisikal at sa espirituwal at alam ko kung saan ako tutungo" (tingnan ang Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball, Jr., *Spencer W. Kimball,* p. 193–95).

Patotoo na nasa *video* o *videocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 8 (1 minuto, 16 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 9 (2 minuto, 58 segundo), ng patotoo ni Spencer W. Kimball.

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo sa klase na si Spencer W. Kimball ay isang propeta ng Diyos. Hamunin ang klase na alalahanin ang mga nalalaman nila tungkol kay Pangulong Kimball at sa kanyang mga karanasan. Hilingin sa kanila na tantiyahin ang mga panahon ng kagipitan at pagsubok na dumating sa kanilang sariling buhay. Paano mapatatamis at mapadadalisay ng mga pagsubok na ito ang kanilang mga kaluluwa.

# Spencer W. Kimball—Huwaran ng Pagpapatawad

Aralin 38

**LAYUNIN**

Makikita ng klase na kailangan ng bawat isa sa atin na humingi at mabigyan ng kapatawaran upang makarating sa kaharian ng Diyos.

**PAGHAHANDA**

1. Maaari mong naisin na magbasa ng mga sipi mula sa *Miracle of Forgiveness* ni Spencer W. Kimball (Salt Lake City: Bookcraft, 1969).
2. Hanapin ang larawan ni Spencer W. Kimball sa bahaging may kulay.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Bago tinanggap ni Spencer W. Kimball ang pagpapatibay sa kanyang tawag bilang isang Apostol, naramdaman niyang kailangan niyang dumalaw sa kanyang sinilangang bayan.

“Ang higit na bumabalisa kay Spencer ay kung paano siya magiging karapat-dapat kumilos ayon sa kanyang tawag. Paano na ang mga taong nasaktan niya? Sila ba ay maghihinanakit sa kanya? Inumpisahan niyang dalawin ang bawat taong nakasama niya nang madalas sa pangangalakal upang ipaliwanag ang kanyang bagong katayuan: ‘Ako ay tinawag sa isang mataas na katungkulan sa aking Simbahan. Hindi ako makapaglilingkod na panatag ang aking kalooban maliban na malaman ko na ang aking buhay ay naging marangal. Ikaw at ako ay nagkaroon ng mga pagsasama. Kung nagkaroon man ng kawalan ng katarungan. . . . Dala ko ang aking aklat ng tseke sa bangko.’ Karamihan ay nakipagkamay at tumangging makarinig pa. Dalawang lalaki ang nag-isip na para sa pagiging patas ay dapat silang makakuha ng kaunti pang daang dolyar sa ilang mga nabenta. Ginawa ni Spencer ang tseke.

“Dinalaw niya ang isang kapitbahay. Ang dalawang kalalakihan ay may hindi pinagkasunduan sa paggamit ng patubig na dumaraan sa mga lupa ng kanilang tahanan. Si Spencer ay kumatok sa kanyang pinto at humingi ng paumanhin. “Tiyak-na-tiyak ang naramdaman ko na siya ang higit na may kasalanan at ako ay labis niyang nasaktan, ngunit alam ko na walang pag-aaway ang iisang panig at sa gayon ako ay handang magpatawad at lumimot. . . .

“Isang tagatala sa istaka na napagalitan minsan ni Spencer dahil sa kawalang-ingat sa pag-iingat ng ilang talaan ng pananalapi ng Simbahan ay naging malamig ang pakikitungo sa kanya mula noon. Ngayon ay hinarap siya ni Spencer at sinabing hindi siya makapag-uumpisa sa pagiging apostol na may mga masasamang damdamin sa pagitan nila. Pinag-usapan nila ito.

“May isang ginang sa kanyang istaka na galit-na-galit kaya ito ay tumatawid ng lansangan upang maiwasan siya. Hindi niya kailanman sinabi kung bakit. Naalala ng takigrapo ni Spencer na siya ay hindi mapalagay sa tanggapan ng Kimball-Greenhalgh isang umaga, kilik ang isang polder. . . . ‘Ayaw ko pang umalis. Hindi kailanman ako nakagawa ng anumang napakahirap.’ Ngunit siya ay umalis. Tinanong niya ang ginang, ‘Ano ang nagawa kong laban sa iyo?’ Inakala niya na nakialam siya sa gobernador upang tutulan ang paghirang sa kanyang asawa sa tanggapan ng estado.

“ ‘Sino ang nagsabi sa iyo niyan?’

“ ‘Ang aking mga kaibigan.’

“ ‘Sila ay nagkamali. Hindi ko gagawin iyan. At ako naman ay walang ganoong uri ng impluwensiya sa gobernador.’

"Ang kanilang pag-uusap ay nag-ayos ng mga bagay sa pagitan nila" (Edward L. at Andrew E. Kimball, Jr., *Spencer W. Kimball* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1977], p. 197–98).

---

**Ang Mga Tagapaglingkod ng Panginoon ay Kailangang Magkaroon ng Mga Dalisay na Kaisipan at Mga Dalisay na Kilos**

Talakayan

- Bakit ginawa ni Pangulong Kimball ang lahat ng mga pagsisikap na ito ng pakikipagkasunduan bago niya tinanggap ang trabahong Apostol ng Panginoon? (Mga mungkahing tugon: nais niyang magpatawad at mapatawad upang masimulan niya ang malaking gawain ng may Espiritu na magpapahintulot ng tuwirang pakikipag-usap sa Panginoon.)

Basahin nang sabay-sabay ang Doktrina at Mga Tipan 58:42–43.

Kung nagkasala ang isang tao, ang kabuuang kabayaran ay kailangang gawin upang siya ay maging dalisay at magkaroon ng mapagpakumbabang espiritu. Sinikap ni Pangulong Kimball na gumawa ng ganap na pagsasauli, kahit na naramdaman niya na maaring hindi talaga kailangan sa batas.

Mga Palaisipang Tanong

Sagutin ang mga tanong na ito sa inyong sarili. Isipin ang kahit na sinong tao na nagkasala sa inyo, nagbigay sa inyo ng suliranin o pasakit. Anong uri ng mga pagpupunyagi ang kakailanganin upang magtungo ka sa kanila at buong pusong humingi ng paumanhin sa pagbibigay sa [kanila] ng mga sama ng loob? Ano ang mararamdaman mo at ng taong iyon?

Pisara at talakayan

- Ano ang ilang mga bagay na nakasasama sa isipan at espiritu? (Halimbawa: mga mapanuring kaisipan, mga damdamin ng pagkapoot, mga kaisipang mapornograpiya at malalaswa, pagkukunwari, walang utang na loob, karamutan, pagkagumon sa anumang uri ng mga ipinagbabawal na gamot, atbp. Itala ang mga ito at ang ibang mga tugon ng klase sa pisara.)
- Paano nilalason ng mga bagay na ito ang ating mga isipan gayon din ang ating mga espiritu? (Pinapalitan nila ang mabubuti at malilinis na kaisipan at maaring maging dahilan na maiwala natin ang impluwensiya ng Espiritu Santo.)

Binigyang-diin ni Pangulong Kimball na ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay makapaglilingkod lamang nang may:

Pisara

| |
|---|
| Mga Dalisay na Kaisipan<br>at<br>Mga Dalisay na Kilos |

---

**Ang isang Tao ay Magiging Malaya Lamang Kung Siya ay Magsisisi**

Kuwento

Isinalaysay ni Pangulong Kimball ang sumusunod na kuwento:

Ang isang tao "na nagpipilit na tumakas sa katotohanan at umiwas sa mga parusa, upang umiwas sa pagharap sa kalagayan, ay halos katulad ng isang takas na nakagawa ng lubhang krimen at nabilanggo sa piitan nang may hatol na habang-buhay. Nadama niya na siya ay naging napakatalino sa kanyang mga pinaggagawa at dahil lamang sa ilang mga kamalian o pandaraya ng kapalaran kaya siya nahuli.

"Sa matagal, at mga walang-awang mga oras sa piitan, binalak niyang tumakas. Sa lubhang pagsasaayos at pagsisikap siya ay lumikha ng maliit na lagari, at gamit ito ay gumawa siya nang halos walang tigil sa kalaliman ng gabi hanggang sa wakas ay naputol niya ang isang

bakal. Siya ay naghintay sa inakala niyang isang magandang pagkakataon sa katahimikan ng gabi upang hilahin sa isang tabi ang mga bakal at ipilit ang kanyang katawan palabas sa butas, at habang inaalis niya ang mga bakal, isang kaisipan ang pumasok sa isipan niya, 'Aha, sa wakas ako ay malaya!' At pagkatapos ay natanto niya na siya ay nasa mga daanan sa loob lamang, at hindi pa niya napalalaya ang sarili niya. . . .

"Maingat siyang bumaba sa pasilyo patungo sa pintuan at tumayo sa kadiliman ng sulok hanggang dumaan ang bantay. Sinuntok niya ang bantay na nawalan ng malay at kinuha ang mga susi niya at binuksan ang pintuan. Nang makalanghap siya ng malamig na hangin sa labas, ang kaisipan ay pumasok muli sa kanya, 'Ako ay malaya na! Ako ay matalino. Walang sinuman ang makapipigil sa akin; walang sinuman ang makapipilit sa akin na bayaran ang mga kaparusahan!' Nang siya ay matahimik na lumabas napansin niya na siya ay nasa labas pa rin ng mga palaruan ng bakuran ng kulungan. Siya ay isang bilanggo pa rin.

"Subalit napakahusay ng plano niya. Nakakuha siya ng isang lubid, inihagis niya ito sa bakod at isinabit ang isang dulo, at hinila ang sarili niya sa lubid pataas sa bakod. 'Sa wakas, malaya na ako,' ang akala niya, 'Hindi ko kailangang magbayad ng mga kaparusahan. Napakatalino ko upang maiwasan ang mga humahabol.'

Sa mga oras na ito ang mga ilaw ay nakatuon sa mga bakod ng tore, at ang mga baril ay nagsimulang magputukan, at ang alarma ay tumunog. Siya ay mabilis na tumalon pababa sa labas sa kadiliman at tumakbo upang magtago. Nang siya ay makalayo na mula sa piitan, narinig niya ang mga asong tumatahol, ngunit ang kanyang amoy ay nawala para sa mga aso nang siya ay naglakad nang malayo na sa sapa. Nakakita siya ng isang mapagtataguang lugar sa lungsod hanggang hindi natunton ng mga humahabol ang kanyang mga bakas.

"Sa dakong huli ay nakakita siya ng lalabasan sa silangang bahagi ng estado at nagtrabaho siya sa isang may-ari ng mga tupa, na nagpapastol ng tupa. Siya ay napakalayo na sa mga burol. Sa wari ay walang sinumang nakakilala sa kanya. Binago niya ang kanyang anyo sa pamamagitan ng pagpapahaba ng kanyang buhok at balbas. Ang mga buwan ay lumipas. Noong una ay ikinatuwa niya ang kanyang kalayaan at nagyabang sa kanyang sarili sa kanyang pagiging tuso—kung paano niya natakasan ang lahat ng humahabol at ngayon ay walang mga saksi at walang mga nagpaparatang, at siya ay malaya at hindi kailangang managot kaninuman. Ngunit ang mga buwan ay walang-kinahihinatnan at nakakasawa, at ang tupa ay nakayayamot, ang oras ay walang katapusan; ang kanyang mga panaginip ay hindi matapos-tapos. Natanto niya na hindi siya makakawala sa kanyang sarili at sa kanyang budhing nang-uusig. Nalaman niya na siya ay hindi malaya, na sa katotohanan siya ay nakakadena at nakagapos; at tila may mga tainga na nakarinig sa kanyang sinabi, mga matang nakakita sa ginawa niya, mga tahimik na tinig na palagiang nagpaparatang sa nagawa niya. Ang kalayaang ikinasiya niya ay napalitan ng mga kadena.

"Sa wakas ay iniwan ng takas na ito ang kanyang tupa, nagpunta sa bayan at nagbitiw sa kanyang trabaho. Pagkatapos ay natagpuan niya ang daan pabalik sa malaking lungsod at sa mga kagawad ng batas at sinabi niya na handa na siyang magbayad upang maging malaya.

"Nalaman ng ginoong ito ang halaga ng kasalanan" (*Miracle of Forgiveness,* p. 143–44).

Maingat-na-maingat na binalangkas ni Pangulong Kimball ang mga hakbang sa pagsisisi at pagpapatawad sa *Miracle of Forgiveness:*

1. Tayo ay kailangang gumising sa katotohanan na tayo ay nagkasala. Basahin ang 2 Mga Taga Corinto 7:9–10.
2. Kailangan nating talikdan ang kasalanan. Basahin ang Santiago 4:7.
3. Dapat nating ipagtapat ang ating mga kasalanan: (1) sa mga taong ating nasaktan, (2) sa Panginoon mismo, at (3) sa mga may karapatang kinatawan ng Panginoon kung ang mga kasalanan ay likas na malubha. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 58:43: "Sa pamamagitan nito iyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—dinggin, kanyang ipahahayag ang mga yaon at iiwanan ang mga yaon.")

4. Kailangan tayong gumawa ng pagsasauli kung kaya natin. (Tingnan ang *Miracle of Forgiveness,* p. 194: "ang nagsisising makasalanan ay kailangang gumawa ng pagsasauli hangga't ito ay maaari.")
5. Kailangan natin samakatuwid na patuloy na sundin ang mga utos ng Diyos. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 1:32: "Gayon man, siya na nagsisisi at gumagawa ng mga utos ng Panginoon ay patatawarin.")

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo sa paraan ng pagpapagaling ng pagsisisi at pagpapatawad at ang malaking impluwensiya ni Pangulong Spencer W. Kimball sa mga kasapi ng Simbahan upang sundin ang alituntuning iyon.

Hamunin ang mga kasapi ng klase na magsisi at hingin ang kapatawaran mula sa kanilang mga nasaktan at sa Panginoon.

# “Lakihan ang Inyong Hakbang”

Aralin
39

**LAYUNIN**

Ang mga kasapi ng klase ay “lalakihan ang kanilang mga hakbang” sa higit na ganap na pamumuhay ng ebanghelyo ngayon.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Spencer W. Kimball sa bahaging may kulay.
2. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may sipi ng mga pamantayang banal na kasulatan.
3. Maghanda ng paskil na may mensaheng ito:

   “Iniisip ko kung ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya. . . . Handa ba tayong lakihan ang ating hakbang?” (Pangulong Spencer W. Kimball.)

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Papuntahin sa harapan ng klase ang ilang mga kasapi ng klase. Gumagamit ng teyp na pandikit (masking tape), o ibang mga kagamitan na pangmarka, markahan ang laki ng bawat hakbang ng bawat tao sa sahig. Hamunin sila na lakihan ito ng mga anim na pulgada at pagkatapos ay muling markahan ang hakbang sa sahig ng bawat tao. Pagkatapos ay ipaliwanag na ang sobrang anim na pulgadang hakbang ay makapagpapalayong mabuti sa habang magagawa nila sa isang pag-uunahan sa takbuhan.

**Hinamon Tayo ni Pangulong Kimball na Lakihan Natin ang Ating Mga Hakbang**

Larawan at paskil

Ipakita ang larawan ni Pangulong Spencer W. Kimball.

Sa mensahe mula kay Pangulong Kimball na inilimbag noong Oktubre 1974 sa *Ensign,* sinabi niya ang sumusunod na tanong, karaniwan subalit makapangyarihan, sa buong kasapian ng Simbahan. (Ipakita ang paskil.)

“Iniisip ko kung ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya. . . . Handa ba tayong lakihan ang ating hakbang?” (“When the World Will be Converted,” *Ensign,* Okt. 1974, p. 5).

Sinasabi sa diksiyonaryo na ang kahulugan ng *lakihan* ay “upang pahabain . . . upang palakihin . . . upang paabutin,” at ang hakbang ay nangangahulugang “upang humakbang ng napakahaba . . . kumilos sa o kasama ng . . . mga mahahabang sinukat na hakbang . . . likas na paglakad.”

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Kimball nang hilingin niya sa atin na “lakihan ang ating hakbang?” (Pahintulutan ang iba’t ibang sagot.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Tayo ay mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw. Alam ni Pangulong Kimball na sinisikap nating ipamuhay ang ebanghelyo. Alam din niya ang mundo sa ating paligid at ang ating pananagutan na ikalat ang kaharian ng Diyos sa bawat bansa, kaanak, wika, at tao. Naramdaman ni Pangulong Kimball ang pangangailangan sa madaliang pagkilos sa mensahe ng sumusunod na mga banal na kasulatan:

Basahin sa klase ang Doktrina at Mga Tipan 42:58 at 133:7–9, 37.

Sapagkat ang bawat isa sa inyo ay bahagi ng kaharian ng Diyos habang ito ay lumalaganap sa mundo sa bawat bansa, ang tawag na—“Lakihan ang Iyong Hakbang”—ay sa iyo.

- Paano tayo makagagawa ng higit sa ginagawa natin? (Pahintulutan ang iba't ibang tugon.)

Kung minsan ang pamumuhay ng ebanghelyo ay tila nakakapuspos. Napakaraming dapat gawin! Paminsan-minsan ay maaari nating isipin. "Pagkatapos kong sabihin ang aking mga panalangin, basahin ang mga banal na kasulatan, gumawa sa kasaysayan ng aking mag-anak, magbayad ng ikapu, sumulat sa aking talaarawan, paunlarin ang aking mga talino, at magpunta sa paaralan, wala nang oras pang natitira para sa *anumang bagay*!"

Ang mga sumusunod na kuwento ay makakatulong sa inyo na maunawaan kung *paano* kayo makagagawa ng kaunting karagdagan upang lakihan ang inyong hakbang.

Si Pangulong Kimball ay isang ginoo ng pangako at paggawa. Palagi niyang sinisikap na gumawa nang kaunting higit na mabuti kaysa kinakailangan. Ipinakita niya ang katangiang ito maging bilang isang maliit na bata. Sinabi niya ang sumusunod na karanasan ng kanyang sarili:

"Hayaan ninyong sabihin ko ang isa sa aking mga adhikain na ginawa ko noong ako ay kabataan pa lamang. Nang marinig ko ang isang pinuno ng Simbahan mula sa Lungsod ng Salt Lake na nagsabi sa amin sa komperensiya na dapat nating basahin ang mga banal na kasulatan, at natanto ko na hindi ko pa nababasa ang Bibliya, nang gabing iyon mismo sa pagtatapos ng sermon mismong iyon ako ay naglakad pauwi sa aking tahanan na may isang bloke ang layo at umakyat sa aking maliit na kuwarto sa pagitan ng kisame at ng bubong sa itaas ng bahay at nagsindi ng isang maliit na lamparang langis na nasa maliit na lamesa, at binasa ko ang mga unang kabanata ng Genesis. Pagkaraan ng isang taon ay isinarado ko ang Bibliya, na nabasa na ang bawat kabanata sa malaki at maluwalhating aklat" (Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1974, p. 126–27; o *Ensign,* Mayo 1974, p. 88).

Bilang isang batang lalaki, si Pangulong Kimball ay hindi lamang dumalo sa kanyang mga pulong, katulad ng alam niyang dapat, ngunit nilakihan niya ang kanyang hakbang sa talagang pamumuhay ng ebanghelyo. Ipinangako niya ang kanyang sarili sa pagkakaroon ng ganap na bilang sa pagdalo sa lahat ng kanyang pulong. Ito ay hindi isang madaling gawain para sa isang kabataang lalaki upang tupdin. Isang kaibigan ang nagsabi ng sumusunod:

Halimbawa

"Sa loob ng maraming taon si [Pangulong Kimball] ay may tala ng ganap na bilang ng pagdalo sa Panlinggong Paaralan at Primarya. Isang Lunes siya ay nasa bukid na tinatapakan ang mga dayami para sa kanyang mga nakatatandang kapatid na lalaki nang ang batingaw ay tumunog mula sa bahay-pulungan para sa Primarya.

" 'Kailangan ko nang pumunta sa Primarya,' nakikimi niyang ipinahiwatig.

" 'Hindi ka maaaring pumunta ngayon; kailangan ka namin,' sinabi nila.

" 'Pero, papayagan akong pumunta ni Ama, kung siya ay narito,' ang pagtutol ng batang lalaki.

" 'Si ama ay wala rito,' sinabi nila, 'at ikaw ay hindi pupunta.'

"Ang mga bunton ng mga dayami ay tumataas, na tunay na tumatakip kay Spencer, ngunit sa wakas ay nakahabol siya; walang-ingay na dumaan sa likod ng bagon, siya ay nangangalahati na patungo sa bahay-pulungan bago napansin ang kanyang pagkawala, at ang kanyang ganap na tala ay nananatiling hindi napatid" (Jesse A. Udall, "Spencer W. Kimball: the Apostle from Arizona," *The Improvement Era,* Okt. 1943, p. 591).

Ang maliit na karagdagang iyon lamang na ginagawa natin sa bawat oras ng ating buhay *ay* makakagawa ng kaibahan. Si Ralph Waldo Emerson ay minsang nagsabi: "Gawin ang pinakamabuti sa inyong sarili, sapagkat tanging iyon lamang ang nasa iyo" (sa binanggit sa Richard L. Evans, *Richard Evans' Quote Book,* [Salt Lake City: Publishers Press, 1971], p. 50).

---

### Ang Pagpapalaki ng Ating Hakbang ay Kadalasang Nangangailangan ng Pagpapakasakit

May isang kabayaran na kailangan pagbayaran para sa pagtatapos.

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 35:24 at 82:10.

- Ano ang ilang mga pagpapakasakit na ginagawa mo upang ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo? (Hayaang magkaroon ng lubusang talakayan sa paksang ito. Akayin ang

klase na maunawaan kung bakit tayo nagpapakasakit ng panahon, salapi, at kung minsan ay mga pakikipagkaibigan, tungkulin, at katanyagan para sa ebanghelyo.)

---

**Ang Buhay ng Tagapagligtas ay isang Halimbawa Kung Paano Natin Maaaring Lakihan ang Ating Hakbang**

Ang buhay ni Cristo ay isang halimbawa na maaari nating tingnan sa pagtanggap natin sa hamon ng propeta na "lakihan ang ating hakbang".

Talakayan sa banal na kasulatan

Basahin at talakayin ang marami sa mga sumusunod na banal na kasulatan hanggang nararamdaman mong naaangkop.

- Paano naging mga halimbawa ang mga ito ng Tagapagligtas na gumagawa ng higit? Paano natin maaaring gamitin ang mga ito upang lakihan ang ating hakbang? (Ang bawat pangunahing paksa ng bawat isa ay sumusunod sa pinagkunan.)

Mateo 14:13–21: Pagpapakain sa limang libo.

Juan 13:4–17: Hinuhugasan ni Jesus ang mga paa ng Labindalawa.

3 Nefias 17: Binasbasan ni Jesus ang mga Nefita at ipinanalangin sila.

---

**Patotoo at Hamon**

Magbigay ng iyong patotoo sa kapangyarihan na nasa bawat isa sa atin na "lakihan" ang ating hakbang. Hamunin ang mga kasapi ng klase na umpisahan *ngayon* na tanggapin ang hamon ni Pangulong Kimball at habaan ang kanilang mga hakbang sa ilang bahagi ng kanilang buhay. Paalalahanan sila na kailangan ang pangako, paggawa, at pagpapakasakit, ngunit sila ay tatanggap rin ng mga biyaya.

Aralin 40

# Ezra Taft Benson—Pagtuturo ng Sakripisyo at Paglilingkod sa Panginoon

**Isinilang:** 4 Agosto 1899 **Mga Taon ng Pagiging Pangulo:** 1985–1994

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase kung paano natulungan ni Pangulong Benson ang iba upang maunawaan ang batas ng pagpapakasakit, sa gayon ay tinutulungan silang maging higit na mabuting mga tagapaglingkod sa kaharian ng Diyos.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Ezra Taft Benson sa bahaging may kulay.
2. Tiyakin na ang bawat kasapi ng klase ay may Aklat ni Mormon.
3. Kung may makukuhang *videocassette* na *Testimonies of the Presidents of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (53242, VHS), ipalabas ang bahaging "Ezra Taft Benson."

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pagsasaliksik sa talatuntunan ng banal na kasulatan

(Ang ilang wika ay walang talatuntunan sa kanilang Aklat ni Mormon at Doktrina at Mga Tipan sa tulong sa pag-aaral. Kung wala sa inyong wika, pag-aralang kasama ang mga kasapi ng klase ang salitang *pagpapakasakit* sa isang magandang talatinigan.)

Hanapin ang salitang *sakripisyo* sa talatuntunan sa Aklat ni Mormon at Doktrina at Mga Tipan. Matatagpuan mo ang maraming sanggunian sa banal na kasulatan. (Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at basahin ang sumusunod sa klase.)

Ikaw ay magsasaliksik ng mga tiyak na mga banal na kasulatan tungkol sa sakripisyo. Ako ay magbibigay ng palatandaan mula sa mga sanggunian na nakatala sa ilalim ng "sakripisyo" katulad ng: "bagbag na puso at nagsisising espiritu." Bawat isa sa inyo ay dapat maghanap ng sangguniang iyon sa talatuntunan upang makita ang sanggunian sa banal na kasulatan, na sa bagay na ito ay ang 3 Nefias 9:20, at sa gayon ay makikita ninyo ang siping iyon ng banal na kasulatan. Kapag nakita na ang sipi, ang isang kasapi sa pangkat ay pipiliin upang pumunta sa pisara at isulat ang *ikatlong* salita ng banal na kasulatan sa pisara. Bigyan ng isang puntos ang bawat tamang unang sagot.

(Maaaring naisin mong magkaroon ng ilang gantimpala para sa nanalong pangkat. Huwag gumugol nang labis sa anim o pitong minuto para sa gawaing ito, at pagkatapos ng apat o limang mabubuting sanggunian, tumigil at talakayin ang mga ito sa mga kasapi ng klase. Ang talakayang ito ay isa sa pinakamahalagang bahagi ng iyong aralin; dadalhin nito ang klase sa isang mahalagang paksa ng aralin. Ang gawain ay upang gisingin at hamunin ang mga kasapi ng klase.)

**Natutuhan ni Pangulong Benson ang Alituntunin ng Sakripisyo Mula sa Kanyang Mga Magulang**

Kuwento

Isalaysay sa inyong sariling salita ang sumusunod na kuwento mula sa buhay ni Pangulong Benson

"Ako ay mga labingtatlong taong gulang nang ang aking ama ay nakatanggap ng tawag upang magpunta sa misyon. Ito ay sa panahon ng isang epidemya sa aming maliit na pamayanan sa Whitney, Idaho. Ang mga magulang ay hinikayat na dumalo sa pulong sakramento, ngunit ang mga bata ay kailangang manatili sa tahanan upang maiwasan na mahawa sa sakit.

"Sina Ama at Ina ay dumalo sa pulong sakramento sa isang may isang kabayong kalesa. Sa katapusan ng pulong, binuksan ng tagabantay sa tindahan ang tindahan ng hindi-katagalan upang makuha lamang ng mga magsasaka ang kanilang sulat, yamang ang tanggapan ng koreo ay nasa tindahan. Walang mga namimili, ngunit dahil sa paraang ito ang mga magsasaka ay nakatitipid sa pagpunta sa tanggapan ng koreo nang Lunes. Walang inihahatid na pamprobinsiyang sulat sa mga araw na iyon.

"Habang pinatatakbo ni Ama ang kabayo pauwi, binuksan ni Ina ang sulat, at, sa kanilang pagkagulat, may sulat mula sa Kahon B ng Lungsod ng Salt Lake—isang tawag upang pumunta sa misyon. Walang nagtanong kung ang isa ay handa, nagnanais, o may kakayahan. Ang obispo ang dapat na nakaaalam at ang obispo ay si Lolo George T. Benson, ama ng aking ama.

"Habang sina Ama at Ina ay nakasakay patungong bakuran, sila ay kapwa umiiyak—isang bagay na hindi pa namin nakikita sa aming mag-anak. Nagtipun-tipon kami sa paligid ng kalesa—mga pito kaming naroroon noon—at nagtanong kung ano ang nangyari.

"Sinabi nila, 'Lahat ay nasa mabuti.'

" 'Bakit kayo umiiyak, kung gayon?' ang tanong namin.

" 'Halikayo sa sala at ipaliliwanag namin.'

"Nagtipon kami sa lumang sofa sa sala, at sinabi ni Ama sa amin ang tungkol sa kanyang tawag sa misyon. Pagkatapos ay sinabi ni Ina, 'Kami ay nagagalak na malaman na si Ama ay karapat-dapat upang pumunta sa misyon. Umiiyak kami sapagkat nangangahulugan ito ng dalawang taong paghihiwalay. Alam ninyo na ang inyong ama at ako ay hindi kailanman nagkahiwalay higit pa sa dalawang gabi sa isang panahon simula nang kami ay ikasal—at iyon ay nang si Ama ay nagpunta sa malalim at makitid na lambak upang kumuha ng mga troso, mga haligi at mga panggatong.'

"At kaya nagpunta sa misyon si Ama. Bagama't sa panahon na iyon ay hindi ko lubusang maunawaan ang kataimtiman ng pangako ng aking ama, Ngayon ay higit ko nang naunawaan na ang kusang-loob na pagtanggap niya ng tawag na ito ay katibayan ng dakila niyang pananampalataya" (sa Conference Report, Okt. 1986, p. 59–60; o *Ensign,* Nob. 1986, p. 45–46).

Sa pamamagitan ng halimbawa ng kanyang ama, natutuhan ni Pangulong Benson ang kapangyarihan ng sakripisyo. Siya ang pinakamatandang anak. Habang ang kanyang ama ay naglilingkod sa misyon, kinailangan ng batang si Ezra na pangasiwaan ang gatasan ng mag-anak. Pagkaraan ay nagpunta siya sa misyon, na sinisimulan ang isang panahon ng paglilingkod sa Panginoon mula sa kanyang sariling buhay.

Siya ay naglingkod sa maraming katungkulan sa Simbahan, dalawang ulit bilang pangulo ng istaka. Sumusunod sa kanyang paglilingkod bilang pangulo ng istaka, siya ay natawag sa Korum ng Labindalawang Apostol. Dito niya tinularan ang halimbawa ng kanyang ama at iniwan ang kanyang mag-anak habang nangangasiwa sa mga pangangailangan ng mga Banal sa nasira-ng-digmaang Europa kasunod ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

---

### Nasaksihan ni Pangulong Benson ang Kahirapan sa Mga Banal sa Europa

Sinamahan ni Kapatid na Frederick W. Babbel si Pangulong Benson sa Europa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa mga sumusunod na karanasan mula sa aklat ni Kapatid na Babbel, na *On Wings of Faith,* ay inilarawan ang pagpapakasakit na nakita ni Pangulong Benson sa mga Banal sa Europa.

Halimbawa

Sa isa sa kanyang mga talumpati sa Europa, sinabi ni Pangulong Benson:

"Ang aking puso ay punung-puno ng pasasalamat, aking mga kapatid, habang tinitingnan ko ang inyong mga nakatingalang mukha. Ang aking puso ay sumasa inyo sa dalisay na pagmamahal ng Diyos.

"Bagama't ako ay nagpapasalamat sa pagkakataong ito, nagpunta ako rito nang may mabigat na puso. Habang dinadaanan namin ang inyong luntian at masaganang lupain, nakita ko sa bawat bayan at nayon ang nakatatakot na kinalabasan ng pagsuway ng tao sa mga batas ng Diyos.

“Wala akong pinapanigan o isinusumpa sa nangyari. Ang Diyos ang magiging hukom at ang kanyang mga hatol ay magiging makatuwiran sapagkat nakikita niya hindi lamang ang mga kinalabasan ng ating mga pasiya, kundi hahatulan tayo maging sa hangarin ng ating puso.

“Habang tinitingnan ko ang inyong mga luhaang mata at nakikita ang marami sa inyo na halos basahan ang mga suot at nasa bingit ng kamatayan, ngunit may ngiti sa inyong mga namumutok na labi at sa liwanag ng pagmamahal at pag-unawa na kumikislap sa inyong mga mata, alam ko na kayo ay naging tapat sa inyong mga tipan, na kayo ay naging malinis, na hindi ninyo pinayagan ang galit o pagkasuklam na mamayani sa inyong puso. . . .

“Tayong lahat ay magkakapatid. Lahat tayo ay kasapi ng Simbahan ni Jesucristo—ang kaharian ng Diyos sa lupa. Buong puso nating tinatanggap ang pahayag ng Guro na ‘Tayo ay tagapagbantay sa ating mga kapatid’ ” (Frederick W. Babbel, *On Wings of Faith,* [Salt Lake City: Bookcraft, Inc., 1972], p. 37–39).

Ang sumusunod ay isang tunay na kuwento ng isang babaeng BHA na nakilala ni Pangulong Benson kasunod ng pakikipagpulong sa mga kasapi na nagdanas ng kahirapan sa digmaan.

Ang kapatid na babae ay may “makapal na sako na nakabalot sa kanyang paa at mga binti sa halip na mga sapatos. Maging ang mga ito ay butas-butas na. Ang kanyang kasuotan ay tagpi-tagpi at punit-punit. . . . Ang mabuting kapatid na babaeng ito ay tumira sa Silangan ng Prussia. Sa mga huling araw ng nakatatakot na mga labanan sa lugar na iyon, ang kanyang asawa ay napatay. Siya ay naiwanang may apat na maliliit na anak, isa sa kanila ay sanggol na kinakalong. Sa ilalim ng mga kasunduan ng mga sumasakop na kapangyarihan, isa siya sa 11 milyon na Aleman na kinailangang iwanan ang kanyang bayang sinilangan at lahat ng mga pangunahing ari-arian niya, at pumunta sa Kanlurang Alemanya upang maghanap ng bagong tahanan. Pinayagan siyang magdala ng mga pinakakailangan, mga kumot, atpb. na maisasakay niya sa kanyang maliit na kariton na may gulong na kahoy—mga 30 kilo lahat—na hinila niya sa ibayo ng mapanglaw na kaparangang ito ng digmaan. Ang kanyang pinakamaliit na anak ay binuhat niya sa kanyang mga bisig samantalang ang ibang mga maliliit na bata ay ginawa ang kanilang makakaya upang maglakad sa tabi niya sa panahon ng paglalakbay na ito nang mahigit sa 1,600 kilometro na naglalakad.

“Sinimulan niya ang kanyang paglalakbay bago matapos ang tag-init. Wala man lamang pagkain o salapi sa kanyang kaunting ari-arian, siya ay napilitang manguha ng mga pantawid-gutom mula sa mga bukid at mga gubat na nadaraanan. Siya rin ay palaging nahaharap sa mga panganib mula sa mga nalilitong takas at sa mga magnanakaw na kawal.

“Hindi nagtagal at dumating ang mga niyebe at ang temperatura ay bumaba sa 40° na mababa sa sero. Isa-isang namatay ang kanyang mga anak, namatay sa lamig o biktima ng pagkagutom, o pareho. Inilibing niya sila sa mga mababaw na libingan sa tabi ng daan, na gumagamit ng kutsara bilang pala. Sa wakas, nang maaabot na niya ang katapusan ng kanyang paglalakbay, ang huli niyang munting anak ay namatay sa kanyang mga bisig. Ang kanyang kutsara ay wala na ngayon, kaya humukay siya ng libingan sa naninigas na lupa sa pamamagitan ng kanyang mga daliri lamang.

“Habang inaalala niya ang mga ito at ang ibang mga kahirapan sa isang pulong sa pagpapatotoo, ipinaliwanag niya na ang kalungkutan niya sa oras na iyon ay naging napakabigat. Narito siya na nakaluhod sa niyebe sa tabi ng libingan ng kanyang huling anak. Ngayon ay nawala na ang asawa niya at lahat ng kanyang anak. Iniwanan niyang lahat ang kanyang mga makalupang ari-arian, tahanan, at maging ang kanyang bayang sinilangan. Natagpuan niya ang kanyang sarili sa mga tao na ang kalagayan ay katulad ng kanyang wasak na katayuan.

“Sa sandaling ito ng labis na kalungkutan at kagulumihanan, nadama niyang sasabog ang kanyang puso. Sa kawalan ng pag-asa ay pinag-isipan niya kung paano niya wawakasan ang kanyang sariling buhay na katulad ng ginagawa ng marami niyang kababayan. Napakadali ang tumalon sa malapit na tulay, inisip niya, o pasagasaan ang kanyang sarili sa dumarating na tren!

“Pagkatapos ay pinatotohanan niya na habang ang mga kaisipang ito ay nagpupumilit sa kanya, isang bagay sa kalooban niya ang nagsabi, ‘Lumuhod ka at manalangin.’ At pagkatapos ay ipinaliwanag niya nang may masidhing kagalakan kung paano siya nanalangin nang higit na taimtim kaysa sa naging panalangin niya noon.

"Sa pagtatapos, nagbigay siya ng maluwalhating patotoo, na sinasabi na sa lahat ng mga naghihirap na tao sa kanyang malungkot na bayan, siya ay isa sa pinakamasaya sapagkat alam niya na buhay ang Diyos, na si Jesus ay ang Cristo, at na kung magpatuloy siyang matapat at totoo hanggang sa wakas siya ay maliligtas sa selestiyal na kaharian ng Diyos" (Frederick W. Babbel, *On Wings of Faith,* p. 41–42).

- Sa palagay ba ninyo ay nauunawaan ng babaeng ito ang salitang *sakripisyo*? Paano sa tingin ninyo nakaapekto kay Pangulong Benson at sa iba na nasa Europa ang kuwento niya? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)

---

**Hinikayat ni Pangulong Benson ang Iba na Magsakripisyo**

Habang nasa Europa, hinikayat ni Pangulong Benson si Pangulong Cornelius Zappey, pangulo ng misyon sa Olandes, "na maghanap ng lupain na kung saan ang mga banal sa Olandes ay maaaring magtanim ng mga patatas upang mapangalagaan ang kanilang sariling pangangailangan sa pangkapakanan. Sa katapusan ng unang taon ang mga banal sa Olandes ay umani ng 66 tonelada ng patatas—sapat upang mapangalagaan ang karamihan ng kanilang mga sariling pangangailangan.

"Pagkatapos, isang kakaibang hiling ang hiningi sa mga taong ito. Habang sila ay nagkakatipun-tipon sa malawakang komperensiya sa misyon sa Rotterdam upang magpasalamat sa masaganang ani, ang kanilang pangulo ng misyon . . . ay nagsabi, 'Karamihan sa mga pinakamasasamang kaaway na nakaharap ninyo bilang kinalabasan ng digmaang ito ay ang mga Aleman. Alam namin kung anong mga masidhing pakiramdam ng pagkayamot mayroon kayo sa kanila.

" 'Ngunit ang mga taong iyon ay nasa higit na abang katayuan kaysa sa inyo at hinihiling namin sa inyo na ipadala ang kabuuan ng ani ninyong patatas sa mga banal sa Alemanya. Gagawin ba ninyo ito?'

"Ginawa nila ito. . . .

"Sa mga sumunod na taon ang mga Banal ng Olandes ay nakaipon ng mga 150 tonelada ng patatas. Bilang karagdagan, sila ay nangisda at nakahuli ng sapat na tamban upang mapuno ang ilang mga bariles. Ang kanilang tugon sa tagumpay na iyon ay ito: 'Labis naming ikinalugod ang pagbibigay ng mga patatas sa mga banal sa Alemanya noong nakaraang taon kaya nais naming ipadala ang kabuuang ani namin sa taong ito kasama ang naatsarang mga tamban!' " (Frederick W. Babbel, *On Wings of Faith,* p. 76–77).

Talakayan

Bukod sa pagsasakripisyo, hiniling sa mga Banal ng Olandes na "mahalin ang kanilang mga kaaway."

- Anong mga natatanging damdamin o mga biyaya ng ebanghelyo ang kanilang gantimpala? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)
- Paano tinulungan ng mga Banal ng Olandes ang mga Banal ng Alemanya? Paano nila tinulungan ang kanilang sarili sa higit na mahalagang kaugalian? (Akayin ang klase tungo sa kaalaman na ang sariling pagpapakasakit ay nagdadala ng maraming gantimpala.)

Banal na kasulatan

Si Haring Benjamin, ng Aklat ni Mormon, ay nagsabi sa Mosias 2:18–19, "Dinggin, tinawag ninyo akong inyong hari; at kung ako na tinatawag ninyong hari ay nagpapagal upang paglingkuran kayo, hindi ba't nararapat na kayo ay magpagal upang paglingkuran ang isa't isa?

At dinggin din, kung ako na tinatawag ninyong inyong hari, na ginugol ang kanyang panahon sa paglilingkod sa inyo, at nasa paglilingkod din naman ng Diyos, ay karapat-dapat sa anumang pasasalamat mula sa inyo, o hindi ba't nararapat na pasalamatan ninyo ang inyong makalangit na Hari!"

## Nalalaman ng Panginoon ang Ating Pagsasakripisyo at Tinutulungan Tayo Kapag Tayo ay Humihingi ng Tulong

Halimbawa

Ang mga sumusunod na pangyayari, na isinalaysay ni Frederick W. Babbel, ay naglalarawan kung paano nagantimpalaan ang pagsasakripisyo ni Elder Benson ng natatanging tulong mula sa Panginoon.

Ang mga kalagayan, lalung-lalo na sa mga bahagi ng dating lugar ng digmaan na sakop ng Ruso ay napakahirap sa anumang paglalakbay ng mga Awtoridad ng Simbahan, kahit na mga misyon ng pagtulong.

Sinabi ni Kapatid na [lalaking] Babbel, "Yamang kailangan naming pumasok ng Poland sa pamamagitan ng *hangganan sa himpapawid* na itinayo ng mga Ruso sa pagitan ng Berlin at Warsaw, kailangan naming kumuha ng mga bisa upang makapasok sa Poland bago pahintulutan ng mga opisyal ng militar na mabigyan ng mga kaukulang utos ng militar para sa aming pagpasok sa Berlin. . . .

"Si Pangulong Benson . . . ay may pagkabalisang nagtanong na kung nakuha ko ang mga kaukulang pahintulot. Nang sinabi ko na hindi, kapansin-pansin ang kanyang kabiguan. Naramdaman ko ang taimtim sa kanya na kami ay nahaharap sa tila hindi-malulutas na suliranin.

"Pagkatapos ng ilang mga minuto na pagninilay-nilay sa sarili, na wala isa man sa amin ang bumasag sa katahimikan, sinabi niya nang may katahimikan ngunit may katatagan. 'Bayaan [ninyong] ipanalangin ko ang tungkol dito.'

"Mga dalawa o tatlong oras pagkatapos nagpahinga sa kanyang silid upang manalangin si Pangulong Benson, tumayo siya sa aking daraanang pintuan at nakangiting nagsabi, 'Mag-empake ka ng mga dala-dalahan mo, tayo ay aalis patungong Poland sa umaga!'

"Noong una ay halos hindi makapaniwala ang aking mga mata. Nakatayo siya roon na nababalutan ng magandang liwanag ng maningning na ilaw. Ang kanyang mukha ay nagliwanag habang nagugunita ko ang mukha ng Propetang Joseph nang siya ay puspos ng Espiritu ng Diyos" (Frederick W. Babbel, *On Wings of Faith,* p. 131–32).

Ang panalangin ni Pangulong Benson ay sinagot, at siya ay nakapasok kahit na sa mga malalayong lugar upang tulungan at palakasin ang mga Banal sa mga lugar na nasalanta ng digmaan.

Patotoo na nasa *video* o *audiocassette*

Kung mayroon, ipalabas ang *video,* bahagi 9 (3 minuto, 19 segundo), o patugtugin ang *audiocassette,* bahagi 10 (7 minuto, 23 segundo), ng patotoo ni Ezra Taft Benson.

## Patotoo at Hamon

Magbigay ng iyong patotoo at papangakuin ang iyong mga kasapi ng klase na manalangin para sa sariling patotoo na si Ezra Taft Benson ay tunay na propeta ng Panginoon.

Hamunin ang klase na matamang tingnan ang kanilang sariling buhay upang makita kung sila ay nagsasakripisyo at naglilingkod. Hilingin sa kanila na itanong sa kanilang sarili.

- Tinutulungan ko ba ang mahihirap? ang mga kapus-palad?
- Ako ba ay naghahanda na magpunta sa misyon?

Hilingin sa klase na iwaksi ang maaaring kanilang pansariling makasariling interes at maging interesado sa higit na malaking pangangailangan ng sangkatauhan bilang kabuuan.

# Ezra Taft Benson—Isang Matapat na Tagapaglingkod

Aralin 41

**LAYUNIN**

Matututuhan ng mga kasapi ng klase na ang pagiging matapat sa Diyos ay nagbibigay ng kakayahan sa mga kalalakihan at kababaihan upang higit na makapaglingkod sa kanilang bayan at kanilang kapwa-tao.

**PAGHAHANDA**

1. Hanapin ang larawan ni Ezra Taft Benson sa bahaging may kulay.
2. Maghanda ng paskil na may Panunumpa ng Iskaut:

> **Panunumpa ng Iskaut**
>
> "Sa aking karangalan gagawin ko ang aking makakaya
> Upang gawin ang aking tungkulin sa Diyos at sa aking bayan
> at upang sundin ang Batas ng Iskaut;
> Upang tulungan ang ibang tao sa lahat ng oras;
> Upang panatilihin ang aking sariling malakas sa pisikal, gising
> sa pangkaisipan, at matuwid sa moralidad."
>
> (William "Green Bar Bill" Hillcourt, *Official Boy Scout Handbook* [Irving, Texas: Boy Scouts of America, 1979], p. 27.)

3. Maghanda ng paskil ng ikalabindalawang saligan ng pananampalataya: "Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, mga namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang, at pagtataguyod ng batas" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12); o kumuha ng tsart (65012) ng Ikalabindalawang Saligan ng Pananampalataya mula sa aklatan ng bahay-pulungan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Ang ating mga gawain sa Simbahan, paaralan, at pamayanan ay nagbibigay ng mga pinakamagaling na pagkakataon sa atin upang paglingkuran ang ating kapwa-tao.

- Bakit hiniling ng ating mga pinuno ng Simbahan sa atin, bilang karagdagan sa ating paglilingkod sa Simbahan, na makisali sa mga gawaing pampamayanan, pang-estado at pambansa. (Ang mabubuting tao ay kinakailangan upang tumulong sa lahat ng mga uri ng samahan sa paglilingkod ng pamayanan. Tayo ay uunlad din sa nasabing pakikisali at tayo ay makatutulong upang pagyamanin ang mga adhikain ng Simbahan sa ating pamayanan at bansa.)

Talakayan sa banal na kasulatan

Sabay-sabay na basahin ang Eter 2:12.

- Paano natin mapaglilingkuran ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikisali sa mga pamahalaan ng pamayanan, estado, at bansa? (Pahintultan ang iba't ibang sagot at bigyang-diin na ang impluwensiya ng isang taong ipinamumuhay ang ebanghelyo ay maaaring magkaroon ng matinding epekto sa pamayanan o pamahalaan. Ang ating Ama sa Langit ay nagmamalasakit sa lahat ng kanyang mga anak at maihahanda natin ang ating sarili upang maging mga mabisang kasangkapan sa kanyang mga kamay para sa pagpapala sa iba.)

Basahin ang Doktrina at Mga Tipan 98:9–10.

- Paano ninyo maihahanda ang inyong sarili para sa pagpili ng mga tapat na tao upang kumatawan sa inyo sa pamahalaan? Ano ang inyong matututuhan ngayon na makatutulong sa inyo upang maging matalino sa inyong mga pagpili sa dakong huli?

Ang mga kasapi ng Simbahan ay dapat maging matapat, mapagkalinga, at may malasakit sa mga pangangailangan ng kanilang kapwa-tao. Ang mga katangiang ito ay katangian din ng mga mabuting tagapaglingkod ng bayan.

---

### Si Pangulong Benson ay Matapat na Naglingkod sa Maraming Mga Tungkulin

Talakayan

Sa buong buhay niya, si Pangulong Benson ay naglingkod sa maraming pambayang katungkulan; kasama sa mga iyon ay: ahente ng pagsasaka ng Franklin County para sa Pamantasan ng *Idaho Extension Service* sa Preston, Idaho; tagapangulo, *Department of Agricultural Economics and Marketing* para sa *Extension Service* ng Pamantasan ng Idaho; kalihim ng *Idaho Cooperative Council*; kalihim na tagapagpaganap, *National Council of Farmers Cooperatives* ng Estados Unidos sa Washington, D.C.; Kalihim ng Agrikultura sa ilalim ni Pangulong Dwight D. Eisenhower.

Siya ay naglingkod rin sa maraming pambansang katungkulan sa pagiging Iskaut, kabilang ang pagiging kasapi ng *National Council ng Boy Scouts of America*. Bilang karagdagan sa mga paglilingkod sa bayan, kalakalan, at pagiging Iskaut, si Pangulong Benson ay nagbigay rin ng maraming taon ng matapat na paglilingkod sa Simbahan. Ang lahat ng mga gawaing ito ay nakatulong sa kanyang pamayanan, estado, bansa, at sa mundo, at lalung-lalo na sa Simbahan ng Panginoon.

Si Elder Mark E. Peterson, na naglingkod nang maraming taon kasama ni Pangulong Benson sa Kapulungan ng Labindalawa, ay nagsabi:

"Isa sa pinakakapansin-pansing panahon ng kanyang buhay ay dumating nang siya ay hirangin na Kalihim ng Agrikultura sa kabinete ni Pangulong Dwight D. Eisenhower.

"Ito ay isang pananagutan na hindi niya hinangad. Nang napag-alaman niya na siya ay kasama sa isang katungkulan sa Kabinete, nakipagkita siya kay Pangulong David O. McKay, na noon ay Pangulo ng Simbahan. Sinabi ni Pangulong McKay, 'Ako ay tumanggap ng napakahalagang tawag sa telepono kagabi' na inaalam ang saloobin ng Simbahan kung ang isang paghirang sa Kabinete ay inialok kay Elder Benson. Sinabi ni Pangulong McKay, 'Kapatid na Benson, malinaw ang aking isipan sa bagay na iyan. Kung ang isang pagkakataon ay dumarating sa naaayong espiritu, sa aking palagay ay dapat mong tanggapin.'

"Sinabi ni Elder Benson na hindi makapaniwala na ang ganitong alok ay maigagawad, at sinabi kay Pangulong McKay na kagustuhan niyang ipagpatuloy ang kanyang gawain bilang kasapi ng Kapulungan ng Labindalawa.

"Ipinayo sa kanya ni Pangulong McKay, gayunman, na kung [ang katungkulan] ay inialok, na magkaroon ng pakikipanayam. Ang Pangulong-halal na si Eisenhower ay humiling kay Elder Benson na magpunta sa New York at doon ay sinabihan siya nang mataas na pagpapahalaga na ibinibigay ng mga magsasaka ng bansa kay Elder Benson at hinimok siya na tanggapin ang kanyang makabayang tungkulin at tumugon sa tawag ng kanyang pamahalaan.

Siya ay naglingkod bilang [Kalihim ng Agrikultura] nang walong taon. Sinabi ng Pangulo sa Kalihim na nais niyang manatili siya sa Kabinete sa buong panahon ng kanyang panunungkulan sa *White House*. Ito ay ginawa ni Kalihim na Benson ("Pangulong Ezra Taft Benson," *Ensign,* Enero 1986, p. 7).

Talakayan

- Anong uri ng kabutihang-asal sa moralidad ang maaaring inasahan ni Pangulong Eisenhower mula sa ganitong pinuno na katulad ni Elder Benson? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot at bigyang-diin na ang katapatan sa gawain at katapatan sa pinaglilingkuran ay maaaring dalawang maaasahang katangian.)

Bilang Kalihim ng Agrikultura ng pamahalaan ng Estados Unidos, ang mga pasiya ni Elder Benson ay hindi palaging tinatanggap ng lahat.

- Anong tulong ang maaari niyang asahan mula sa Panginoon sa paggawa ng mga ganitong pagpapasiya? (Pahintulutan ang iba't ibang sagot.)

Halimbawa

Sa isa sa paglalakbay niya sa Ruso bilang Kalihim ng Agrikultura, si Pangulong Benson ay nagkaroon ng makabagbag damdaming karanasan sa paghahayag ng kanyang malalim na pananampalataya sa relihiyon ng ilan sa mga tao sa Ruso.

"Siya ay nakikipagsanggunian kay Punong Ministro Khruschev at sa ibang matataas na pinuno ng pamahalaan ng Ruso bilang kinatawan ng Estados Unidos. Kasunod ang komperensiyang iyon, siya ay nagpahiwatig ng kanyang kagustuhan na dalawin ang ibang simbahan na kung saan ang mga Kristiyano ay pinahihintulutan pang magpulong. Pagkatapos ng ilang pagpipilit, siya ay dinala sa isang Simbahan ng Baptist sa Moscow. Ang mga kasapi ng mga pamamahayag na kasama niya sa Ruso para sa pampamahalaang pulong niya ay sumunod din sa maliit na simbahang ito.

"Ito ay isa sa mga napakakaunting simbahang Kristiyano na bukas pa sa malawak na lungsod na iyon. Ang kongregasyon ay pangunahing binubuo ng matatanda, na ang nakararami ay mga babae.

"Habang ang kapansin-pansing pangkat ng Amerikano ay pumapasok sa kapilya, ang mga tao sa kongregasyon ay tila halos napatunganga, hindi mapaniwalaan ang kanilang mga mata. Ang isa sa mga Amerikano, si Kalihim Benson, ay hindi inaasahang natawag sa pulpito.

"Nauutal sa matinding damdamin, siya ay nagpatotoo sa lungsod na iyon tungkol sa katotohanan ng Panginoon na si Jesucristo.

" 'Buhay ang Diyos. Alam ko na siya ay buhay. Alam ko na si Jesus ay ang Cristo at ang Manunubos ng mundo,' ang pahayag niya.

"Ang kanyang mga salita ay isinalin sa Ruso. Sa bawat pangungusap, ang mga pagtango ng pagsang-ayon ay nakita sa buong kongregasyon. Hinubad ng mga babae ang kanilang mga takip sa ulo at pinunasan ang kanilang mga mata. Ang mga lalaki ay nagpunas ng mga halumigmig na nagpalabo sa kanilang paningin. Ang mga pinatigas ang damdaming mamamahayag na sumama dahilan sa nadama nila na kailangan bilang bahagi ng kasama ng Kalihim, at noong una ay walang interes sa pangrelihiyong pagtitipun-tipong ito, ngayon ay nakiiyak sa kongregasyon.

"Ito ay isang kapita-pitagang sandali. Ang mga puso ay natunaw. Isang espiritu ang bumalot sa mga mananampalataya na hindi pa nila naramdaman noon. Ang mga kamay ay tumiklop at ang mga ulo ay yumuko sa mapagpakumbabang panalangin.

" 'Ako ay matibay na naniniwala sa panalangin,' ang tinig ng Kalihim [Elder Benson] ay nagpatuloy. 'Maaaring maabot at mahawakan ang hindi nakikitang kapangyarihan na nagbibigay ng lakas at tatag sa oras ng pangangailangan. Huwag matakot. Sundin ang mga utos ng Diyos. Mahalin ang Panginoon. Magmahalan sa isa't isa. Mahalin ang sangkatauhan. Ang katotohanan ay magwawagi. Ang panahon ay nasa panig ng katotohanan!'

"Ang mga mamamahayag na Amerikano ay dahan-dahang naglakad sa gitna papuntang pintuan nang may mapagpakumbabang saloobin na lubos na kabaligtaran nang sila ay pumasok. Habang sila ay dumadaan sa mga bangko, ang mga nasasabik at gutom na puso ay iniabot sa kanila. Sa gayon mula sa mga nagpapasalamat na labi ay pumailanglang ang awit na 'Nawa, ay sumainyo ang Diyos . . . ' kahit na natanto ng lahat na ang pag-asang ito ay maaaring hindi maisakatuparan sa pagka-may kamatayan" ("A Moving Experience in Russia," *Ensign,* Enero 1986, p. 12–13).

Si Pangulong Benson ay maaaring hindi nagkaroon ng pagkakataon para sa ganitong paglilingkod sa mundo kung hindi niya tinanggap ang tawag na maglingkod sa kanyang bansa bilang Kalihim ng Agrikultura, kahit na siya ay Apostol ng Panginoon.

---

### Ang Pagmamahal ni Pangulong Benson sa Pagiging Iskaut

Sa isang pulong ng pagkasaserdote sa pangkalahatang komperensiya nang si Pangulong Benson ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, siya ay nagbigay ng pananalita na kung saan ay ginunita niya ang mga pinahahalagahang alaala ng kanyang panahon bilang Iskautmaster (Scoutmaster). Simula ng unang paglilingkod na iyon sa Iskaut, siya ay gumugol ng napakalaking bahagi ng kanyang buhay sa gawaing pang-Iskaut. Isinalaysay niya:

"Ako ay palagiang magpapasalamat na halos animnapu't limang taon na ang nakalilipas ang mabuting obispo ng aming purok ay lumapit sa akin at hiningi sa akin na maging Iskautmaster ako ng dalawampu't apat na batang lalaki sa Purok ng Whitney." Pagkatapos ay sinabi ni Pangulong Benson ang tungkol sa pagsali sa paligsahan ng *Mutual* (MIA) para sa mga koro kasama ang dalawampu't apat na batang lalaking iyon at ang pagkakapanalo sa paligsahan sa Istaka ng Franklin at ang pagpunta sa paligsahan sa lugar ng Logan para sa pakikipaglaban sa anim pang mga istaka.

Ipinagpatuloy niya: "Sa wakas ay dumating na ang oras na ang aming pangkat ay aakyat na sa entabladong iyon. Habang ang aming tagasaliw ay tumutugtog ng *'The Stars and Stripes Forever,'* ang dalawampu't apat na batang lalaking iyon ay nagtungo sa gitna sa isang linya at bumuo ng kalahating buwan sa entablado habang ako ay nakayukyok sa pagitan ng mga silya upang sikaping bigyan sila ng ilang pamumuno. Pagkatapos ay kumanta sila tulad ng hindi ko pa narinig kailanman, at siyempre hindi ko ito ikukuwento kung hindi kami nanalo ng unang puwesto sa Logan. . . .

"Sa unang pagpupulong ng Iskaut kasunod ang aming tagumpay, ang mga batang lalaking iyon (hindi nakalilimutan ang kahit anong may halaga sa kanila) ay nagpaalala sa akin na sa isang sandali ng kasabikan ay nangako ako sa kanila na kung mananalo kami sa Logan, dadalhin ko silang lahat sa mahabang paglalakad sa kabundukan tatlumpu't limang milya sa Bear Lake Valley. . . .

Ang mga batang lalaki ay humamon sa bawat isa na magpagupit ng buhok nang maikli upang " 'hindi maabala ng mga suklay sa paglalakbay na ito,' " at ang mga Iskautmaster, na napagsabihan ng barbero na "kakalbuhin ang inyong mga ulo . . . ng walang bayad," ay kinalbo.

Sinabi ni Pangulong Benson, "Ito ay isang maluwalhating tatlong linggong kasama ng mga kahanga-hangang batang lalaking iyon sa mga burol at sa mga kabundukan at sa lawa. Sana ay masubaybayan ko para sa inyo ang buhay ng bawat isa sa mga batang lalaking iyon mula sa panahong iyon hanggang sa kasalukuyan. Ikinararangal ko sila!"

Sinubaybayan ni Pangulong Benson ang kanyang mga batang lalaki. Pagkaraan ng mga taon ay nalaman niya na lahat maliban sa dalawa ay ikinasal sa templo at humahawak ng mga katungkulan sa Simbahan: Iskautmaster, obispo, mga tagapayo, mga tagatala, mataas na tagapayo, atbp.. Nang lumaon ay sinabi niya, "Ako ay nasa timog Arizona . . . at sa pagpupulong napansin ko sa malayo doon sa likod ng bulwagan ang tila isang karaniwang mukha. Sa katapusan ng pagpupulong, isa sa dalawang batang lalaki na hindi namin nasubaybayan ay lumapit. Kami ay nagyakapan, at sinabi ko sa kanya, 'Ano ang ginagawa mo dito?' Tugon niya, 'Wala akong gaanong ginagawa, ngunit ako ay isang Iskautmaster.' . . . Pagkatapos ay sinabi niya sa akin na ikinasal siya sa labas ng Simbahan, ngunit ang kanyang asawa ay sumapi sa Simbahan. . . . Kami ay nagsimulang magsulatan at makalipas ang mga buwan ako ay nagkaroon ng karangalan na pamunuan ang pagbubuklod ng mabuting mag-asawang ito at ang kanilang mga anak sa Templo ng Salt Lake.

"Pagkaraan ng ilang panahon," sinabi ni Pangulong Benson, "ako ay nagsasalita sa taunang pagpupulong ng Idaho Farm Bureau sa Burly, Idaho. Bago mag-umpisa ang pagpupulong, nakita ko ang isang ginoo na nagbibigay ng babasahin sa mga magsasaka habang sila ay pumapasok. . . . [Siya] ang pinakahuli sa dalawampu't apat na batang lalaki na dapat hanapin.

"Pagkatapos ng pagpupulong, kaming dalawa ay nagkaroon ng mabuting pag-uusap. Siya ay ikinasal sa Simbahan ngunit hindi sa templo. Hindi nagtagal, ako ay nagkaroon ng magandang pagkakataon na ibuklod ang ginoong ito at ang kanyang asawa at ang ilang mga anak sa templo" (tingnan sa Conference Report, Okt. 1984, p. 60–61; o *Ensign,* Nob. 1984, p. 46–47).

Paskil

Ipakita ang paskil ng Panunumpa ng Iskaut. Pag-aralan muli ang bawat bahagi, na ipinaliwanag kung paano tinupad ni Pangulong Benson ang mga inaasahan ng panunumpang iyon, na lubos niyang iginalang.

Ginugol ni Pangulong Benson ang halos lahat ng kanyang buhay sa Simbahan at sa paglilingkod sa pamayanan. Isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong, na tinatanggap ang iba't ibang sagot.

- Ano ang ilan sa mga kagalakan na maaari niyang tinanggap mula sa iba't ibang paglilingkod na ibinigay sa kanyang buhay?

- Anong mga pansariling kakayahan ang nararamdaman mong tinanggap niya mula sa paglilingkod na ito?
- Paano niya natulungan ang mga pamayanan na pinaglingkuran niya?

---

**Patotoo at Hamon**

Ipakita ang paskil na naglalaman ng ikalabindalawang saligan ng pananampalataya at hamunin ang klase na maglingkod nang buong katapatan sa kanilang mga paaralan, kanilang pamayanan, at sa kanilang bansa sa kahit anong tungkulin na dumating sa kanila. Magbigay ng patotoo na ang ikalabindalawang saligan ng pananampalataya ay bahagi ng plano ng Diyos sa pagtulong sa kanyang mga tao.

Magpatotoo tungkol sa banal na tawag ni Pangulong Ezra Taft Benson bilang propeta ng Diyos. Magpatotoo rin na kung ang mabubuting tao, tulad ni Pangulong Benson, ang inyong mga magulang, at inyong sarili, ay handang maglingkod sa pamayanan, estado, at bansa, ang buong mundo ay pinagpapala.



# Joseph Smith, Jr.

Pangulo ng Simbahan, 1830–1844

Isang umaga ng tagsibol noong 1820, nagpakita ang Diyos Ama at ang kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo, upang sagutin ang panalangin ng 14 ng taong gulang na si Joseph, na nagtala: "Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin. . . . Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).

Napakahalaga ng kanyang misyon kaya't nakinita na ng mga banal na propeta ang kanyang gagampanang papel libu-libong taon bago pa siya isilang. Ipinropesiya ni Jose ng Egipto: "Isang tagakita ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na magiging piling tagakita. . . . Masdan, ang tagakitang yaon ay pagpapalain ng Panginoon; at sila na nagnanais na siya ay pinsalain ay malilito. . . . At ang kanyang pangalan ay tatawagin sa pangalan ko; at ito ay isusunod sa pangalan ng kanyang ama" (2 Nephi 3:6, 14–15).

"Kaligayahan," itinuro ni Joseph Smith, "ang layunin at disenyo ng ating buhay; at ito ang magiging wakas nito kung lalagi tayo sa landas patungo rito; at ang landas na ito ay kabutihan, katwiran, katapatan, kabanalan, at pagsunod sa lahat ng utos ng Diyos" (*History of the Church*, 5:134–35).

Matapos ang martir na pagkamatay nina Joseph Smith at Hyrum Smith, nagkainspirasyong magpatotoo si Elder John Taylor, "Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito" (D at T 135:3).

| | |
|---|---|
| 1805 | Isinilang noong ika-23 ng Disyembre kina Joseph Smith, Sr. at Lucy Mack Smith sa Sharon, Vermont |
| 1820 | Edad 14, dinalaw ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo sa isang kakahuyan na malapit sa Palmyra, New York |
| 1823 | Edad 17, dinalaw ng anghel na si Moroni; tinagubilinan siya ni Moroni nang apat o higit pang ulit noong mga taong 1824–27 |
| 1827 | Edad 21, pinakasalan si Emma Hale* noong ika-18 ng Enero; sinimulang isalin ang mga gintong lamina |
| 1829 | Edad 23, bininyagan ni Oliver Cowdery malapit sa Harmony, Pennsylvania, sa Ilog Susquehanna; inordenan ni Juan Bautista sa Pagkasaserdoteng Aaron noong ika-15 ng Mayo |
| 1829 | Edad 23, tinanggap ang Pagkasaserdoteng Melquisedec mula kina Pedro, Santiago, at Juan |
| 1830 | Edad 24, inilathala ang Aklat ni Mormon; itinatag ang Simbahan noong ika-6 ng Abril |
| 1832 | Edad 26, sinang-ayunan bilang pangulo ng mataas na pagkasaserdote noong ika-25 ng Enero sa Amherst, Ohio |
| 1835 | Edad 29, inilathala ang Doktrina at mga Tipan at sinimulan ang gawain sa aklat ni Abraham |
| 1836 | Edad 30, inilaan ang Templo sa Kirtland noong ika-27 ng Marso at dinalaw nina Jesucristo, Moises, Elias, at Elijah |
| 1842 | Edad 36, ipinakilala ang buong endowment sa mga tao sa Nauvoo |
| 1844 | Edad 38, naging martir kasama ng kanyang kapatid na si Hyrum noong ika-27 ng Hunyo sa Piitan ng Carthage sa Illinois |

*Pagkaraang ihayag ng Panginoon ang alituntunin tungkol sa pag-aasawa ng higit sa isa, ibinuklod si Joseph Smith sa iba pa niyang mga asawa.

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Brigham Young

Pangulo ng Simbahan, 1847–1877

"Tuwing iniisip kong nakilala ko si Joseph Smith, parang lagi kong gustong sumigaw ng Aleluia," sabi ni Brigham Young (*Discourses of Brigham Young, pinili ni John A. Widtsoe* [1954], 458). Pinatunayan niyang isa siyang tunay na kaibigan at matapat na tagasunod ng Propetang Joseph.

Ang kanyang paraan sa pagsasalita ng katotohanan at pagkamakatwiran ang naging dahilan sa pagtawag sa kanyang "Leon ng Panginoon." "Hindi ako nag-aalala tungkol sa pagkatao ko sa mundong ito," ipinahayag niya. "Wala akong pakialam sa ano man ang sasabihin ng mga tao tungkol sa akin; nais kong makita ng Ama sa Langit na malinis ang pagkatao ko" (Brigham Young Office Minutes, ika-24 ng Abril, 1859, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw).

Bilang mananakop ng Kanluran at bilang gobernador ng teritoryo ng Utah, nagtatag siya ng mga lungsod at mabubungang halamanan. Kinilala niya ang kamay ng Panignoon sa pamumulaklak ng disyerto: "Nanalangin kami para sa lupain, at inilaan ito at ang tubig, hangin at ang lahat na may kaugnayan sa mga ito sa Panginoon, at pinagpala ng Panginoon ang lupain at ito ay naging masagana" (*Discourses*, 483).

Iniwan niya ang payong ito sa mga yaong nag-aalinlangang manalangin: "Hindi mahalaga kung nais ninyo o nais kong manalangin, kapag dumating ang oras ng pananalangin, manalangin kayo. Kung hindi natin nais manalangin, dapat tayong manalangin hanggang sa naisin natin ito" (*Discourses*, 44).

| | |
|---|---|
| 1801 | Isinilang noong ika-1 ng Hunyo kina John Young at Abigail Howe Young sa Whitingham, Vermont |
| 1824 | 23 taong gulang, pinakasalan si Miriam Works noong ika-8 ng Oktubre; namatay ito noong 1832 |
| 1832 | 30 taong gulang, bininyagan noong ika-14 ng Abril sa sarili niyang lawa ng kiskisan ng palay malapit sa Mendon, New York |
| 1832–33 | 31–32 taong gulang, nagmisyon sa Canada at namuno sa isang maliit na pangkat ng nagbalik-loob patungo sa Kirtland, Ohio |
| 1834 | 32 taong gulang, pinakasalan si Mary Ann Angell noong ika-18 ng Pebrero; namatay ito noong 1882 |
| 1835 | 33 taong gulang, inordenan noong ika-14 ng Pebrero bilang isa sa mga orihinal na miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pamamagitan ng Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon: sina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris |
| 1839–41 | 38–40 taong gulang, nagmisyon sa Great Britain |
| 1840 | 38 taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa noong ika-14 ng Abril |
| 1844 | 43 taong gulang, naging pinuno ng Simbahan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa sa pagkamatay ni Joseph Smith noong ika-27 ng Hunyo |
| 1846–47 | 44–46 na taong gulang, pinamunuan ang paglalakbay pakanluran patungo sa Lambak ng Salt Lake at pagkatapos ay bumalik sa Winter Quarters |
| 1847 | 46 na taong gulang, sinag-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-27 ng Disyembre, kasama sina Heber C. Kimball at Willard Richards bilang mga tagapayo |
| 1853 | 51 taong gulang, inilagay ang batong pa-nulok para sa Templo ng Salt Lake |
| 1877 | 76 na taong gulang, namatay noong ika-29 ng Agosto sa Lungsod ng Salt Lake matapos mangulo sa simbahan sa loob ng mahigit 30 taon |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# John Taylor

Pangulo ng Simbahan, 1880–1887

Natamasa ni John Taylor ang malapit na pakikipag-ugnayan kina Joseph Smith at Brigham Young. Sa mga unang taon ng pagpapanumbalik, siya ay nakilala bilang "Kampeon ng Kalayaan at Tagapagtanggol ng Pananampalataya" dahil sa kanyang pagpapahayag at pagsusulat ng suporta sa Simbahan at sa mga pinuno nito sa mga panahon ng kagipitan.

Siya ay binaril nang maraming ulit sa pagka-martir kina Joseph at Hyrum Smith. Matapos siyang tamaan ng bala, siya ay muntik nang mahulog sa labas ng bintana ng kanyang kulungan. Isa pang bala ang pinaputok, na tumama sa kanyang orasan, at ang lakas ng pagbaril na iyon ang nagtulak sa kaya pabalik sa silid. Sa pangyayaring ito, kanyang isinulat, "Nadama ko na ako'y iniligtas ng Panginoon ng kanyang natatanging awa: na ang oras ng aking kamatayan ay hindi pa dumarating, at ako ay may gawain pang tatapusin sa mundo" (tingnan sa *History of the Church* 7:119-20).

Siya ay nagpatotoo sa libing ni Pangulong Brigham Young: "Hindi tayo nag-iisa! Ang Diyos ay nasa atin, at Siya ay patuloy na pasasaatin mula sa panahong ito at magpakailanman" (sinipi ni B. H. Roberts, *The Life of John Taylor* [1963], 325).

Itinuro niya na ang Diyos ay nangangalaga sa lahat ng bansa at tao sa mundo: "Sinasabi natin na tayo ay anak ng Diyos. Ito ay totoo, tayo nga. Tayo ay mga kisap na lumiyab mula sa lagablab ng Kanyang walang-hanggang apoy. Datapwa't ang ibang tao sa daigdig—kanino silang mga anak? Sila rin ay mga anak ng ating Ama sa Langit, at Siya ay nagmamalasakit sa kanilang kapakanan kagaya ng pagmamalasakit Niya sa atin" (sinipi ni Roberts, *The Life of John Taylor*, 421).

| | |
|---|---|
| 1808 | Isinilang noong ika-1 ng Nobyembre sa Milnthorpe, England, kina James at Agnes Taylor |
| 1833 | 24 na taong gulang, pinakasalan si Leonora Cannon noong ika-28 ng Enero; namatay ito noong 1868 |
| 1836 | 27 taong gulang, bininyagan kasama si Leonora sa Black Creek sa Georgetown Ontario, Canada, noong ika-9 ng Mayo |
| 1838 | 30 taong gulang, inordenan bilang Apostol nina Brigham Young at Heber C. Kimball noong ika-19 ng Disyembre |
| 1839–41 | 30–32 taong gulang, nagmisyon sa Inglatera |
| 1844 | 35 taong gulang, malubhang nasugatan sa Piitan ng Carthage nang sina Joseph at Hyrum Smith ay pinatay noong ika-27 ng Hunyo |
| 1846–47 | 37–38 taong gulang, muling nagmisyon sa Inglatera |
| 1849–52 | 40–43 taong gulang, nagmisyon sa Pransya at Alemanya; inilathala ang Aklat ni Mormon sa mga wikang Pranses at Aleman |
| 1854–57 | 45–48 taong gulang, pinanguluhan ang Misyon sa mga Silangang Estado |
| 1877 | 68 taong gulang, pinanguluhan ang Simbahan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa sa pagkamatay ni Brigham Young noong ika-29 ng Agosto |
| 1880 | 71 taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-10 ng Oktubre, kasama sina George Q. Cannon at Joseph F. Smith bilang mga tagapayo |
| 1884 | 75 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Logan noong ika-17 ng Mayo |
| 1887 | 78 taong gulang, namatay noong ika-25 ng Hulyo sa Kaysville, Utah, matapos ang humigit-kumulang na pitong taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Wilford Woodruff

Pangulo ng Simbahan, 1889–1898

Nang marinig ni Wilford Woodruff ang patotoo ng dalawang misyonero noong ika-29 ng Disyembre 1833, kaagad niyang nakilala ang katotohanan at nabinyagan pagkalipas lamang ng dalawang araw. Dahil sa kanyang kababaang-loob at kahandaang maglingkod, siya ay tinawag na "Wilford ang Matapat" (tingnan sa *The Presidents of the Church* [1974] ni Preston Nibley, 101).

Isinulat niya ang payong ito tungkol sa pagkakaisa ng mag-anak sa kanyang 19 na taong gulang na anak na babae: "Umaasa tayo na mabubuhay nang magkakasama magpakailanman pagkatapos ng kamatayan. Sa palagay ko, tayong lahat na magulang at anak ay nararapat na tiisin ang lahat ng pasakit na makakaya natin upang pasayahin ang isa't isa habang tayo ay nabubuhay nang sa gayon ay wala tayong panghihinayangan" (sinipi ni Leonard J. Arrington, patnugot, *The Presidents of the Church* [1986], 137).

Sa mga kabataan, kanyang itinuro: "Nais ko kayong hikayatin at payuhan, mga kabataang aking kaibigan, na makinig sa tinig ng Diyos at sundin ito habang kayo ay bata pa, katulad ng ginawa ni Samuel, upang kayo ay maging dakila, mabuti, at kapaki-pakinabang, at ang pinakamamahal ng Panginoon at ng inyong mga magulang. . . .  Ang inyong walang hanggang tadhana sa panahon at sa kawalang-hanggan, ay masusukat nang malaki batay sa pundasyon na inyong itinatag sa mga panahon ng inyong kabataan" (*Discourses of Wilford Woodruff* [1990], patnugot G. Homer Durham, 265-66).

| | |
|---|---|
| 1807 | Isinilang noong ika-1 ng Marso sa Avon (ngayon ay Farmington), Connecticut, kina Aphek Woodruff at Beulah Thompson Woodruff |
| 1833 | 26 taong gulang, bininyagan sa isang mayelong sapa malapit sa Richland, New York noong ika-31 ng Disyemvre |
| 1834–36 | 27–29 na taong gulang, nagmisyon sa dakong timog ng Estados Unidos |
| 1837 | 30 taong gulang, pinakasalan si Phoebe Carter noong ika-13 ng Abril; namatay ito noong 1885 |
| 1837–38 | 30–31 taong gulang, nagmisyon sa dakong silangan ng Estados Unidos at sa Fox Islands |
| 1839 | 32 taong gulang, inordenan bilang Apostol ni Brigham Young noong ika-26 ng Abril |
| 1839–41 | 32–34 na taong gulang, nagmisyon sa Great Britain |
| 1843 | 36 na taong gulang, nagmisyon sa dakong silangan ng Estados Unidos |
| 1844–46 | 36–39 na taong gulang, naglingkod bilang pangulo ng Misyon sa Europa |
| 1847 | 40 taong gulang, nakarating sa Lambak ng Great Salt Lake kasama ni Brigham Young noong ika-24 ng Hulyo |
| 1887 | 80 taong gulang, pinamunuan ang Simbahan bilang Pangulo ng Labindalawa sa pagkamatay ni John Taylor noong ika-25 ng Hulyo |
| 1888 | 81 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Manti noong ika-17 ng Mayo |
| 1889 | 82 taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-7 ng Abril; pinanatili bilang tagapayo sina George Q. Cannon at Joseph F. Smith |
| 1890 | 83 taong gulang, nagpalabas ng Manifesto noong ika-24 ng Setyembre matapos makatanggap ng pahayag na itigil na ang pagsasagawa ng maraming pagpapakasal |
| 1893 | 86 na taong gulang, itinalaga ang Templo ng Salt Lake noong ika-6 ng Abril |
| 1898 | 91 taong gulang, namatay noong ika-2 ng Setyembre sa San Francisco, California, matapos ang siyam na taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Lorenzo Snow

Pangulo ng Simbahan, 1898–1901

Si Lorenzo Snow ay nakatanggap ng personal na pahayag hinggil sa tadhana ng sangkatauhan na kinalaunan ay pinagtibay ng Propetang Joseph Smith. Isinalaysay ni Lorenzo: "Ang Espiritu ng Panginoon ay nanahan nang buong lakas sa akin—ang mga mata ng aking pang-unawa ay nabuksan, at nakita ko nang malinaw katulad ng araw sa katanghaliang tapat, nang may pagkamangha at panggigilalas, ang landas ng Diyos at tao. Binuo ko ang sumusunod na talata, na nagsasaad sa pahayag katulad ng ipinakita sa akin . . . : Katulad ng tao ngayon, ang Diyos ay minsang nagkagayon: Katulad ng Diyos ngayon, ang tao ay maaaring magkagayon" (sinipi ni LeRoi C. Snow sa "Devotion to a Divine Inspiration," *Improvement Era*, Hunyo 1919, 656).

Pagkamatay ni Pangulong Woodruff noong 1898, nakita ni Pangulong Snow at tinagubilinan ng Panginoong Jesucristo sa Templo ng Salt Lake. Kinalaunan, isinalaysay ng Pangulong Snow ang karanasang ito sa kanyang apong babae, na idinagdag na, "Nais kong maalaala mo na ito ang patotoo ng iyong lolo, na sinabi niya sa iyo sa sarili niyang mga labi na tunay na nakita niya ang Tagapagligtas, dito sa Templo, at nakipag-usap sa kanya nang harapan" (sinipi ni LeRoi C. Snow sa "An Experience of My Fathers," *Improvement Era*, Set. 1933, 677).

"Inutusan tayo ni Jesus na maging ganap na katulad ng Diyos, ang Ama, ay ganap," ang turo ni Pangulong Snow. "Tungkulin natin na sikaping maging ganap, at tungkulin natin na bumuti bawat araw, at suriin ang pamamaraan ng ating pamumuhay noong isang linggo at gumawa ng mga bagay na mas mainam kaysa ginawa natin kahapon, at magpatuloy nang magpatuloy mula sa isang antas ng kabutihan patungo sa isa pa" (sa Conference Report, Abr. 1898, 13).

| | |
|---|---|
| 1814 | Isinilang noong ika-3 ng Abril kina Oliver Snow at Rosetta Leonora Pettibone Snow sa Mantua, Ohio |
| 1836 | 22 taong gulang, bininyagan noong ika-19 ng Hunyo sa Ilog Chagrin, na dumadaloy sa Kirtland, Ohio |
| 1837 | 23 taong gulang, nagmisyon sa Ohio |
| 1838–39 | 24–25 taong gulang, nagmisyon sa Missouri, Illinois, Kentucky, at Ohio |
| 1840–43 | 26–29 na taong gulang, nagmisyon sa Great Britain |
| 1845 | 31 taong gulang, pinakasalan sina Charlotte Merrill Squires, Mary Adaline Goddard, Sarah Ann Prichard, at Harriet Amelia Squires noong ika-17 ng Enero* |
| 1849 | 34 na taong gulang, inordenan bilang Apostol ni Heber C. Kimball noong ika-12 ng Pebrero |
| 1849–52 | 35–38 taong gulang, nagmisyon sa Italy, Inglatera, Switzerland, at Malta |
| 1864 | 50 taong gulang, nagmisyon nang maikli sa Sandwich (Hawaiian) Islands |
| 1873–77 | 59–63 taong gulang, naglingkod bilang tagapayo kay Pangulong Brigham Young |
| 1885 | 71 taong gulang, nagmisyon sa mga Indiyan ng hilagang kanluran ng Estados Unidos |
| 1898 | 84 na taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-13 ng Setyembre; pinanatili sina George Q. Cannon at Joseph F. Smith bilang mga tagapayo |
| 1899 | 85 taong gulang, nagsimula ng isang kampanya na muling bigyang-diin ang batas ng ikapu, na nagsimula sa St. George, Utah |
| 1901 | 87 taong gulang, namatay noong ika-10 ng Oktubre sa Lungsod Salt Lake matapos ang tatlong taon bilang Pangulo ng Simbahan |

*Sa pagsunod sa alituntunin ng maramihang pagpapakasal, si Lorenzo Snow ay ibinuklod sa ilang mga asawa

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Joseph F. Smith


Pangulo ng Simbahan, 1901–1918

Noong 1915, nang si Joseph F. Smith ang Pangulo ng Simbahan, ang Unang Panguluhan ay sumulat ng liham na hinihikayat ang mag-anak na magdaos ng gawaing "gabing pantahanan." Nangako sila ng mga pagpapala sa mga mag-anak na makikilahok: "Kung susundin ng mga Banal ang payong ito, nangangako kami na magbubunga ito ng mga dakilang pagpapala. Ang pagmamahalan sa tahanan at pagsunod sa mga magulang ay mag-iibayo. Ang pananampalataya ay uusbong sa mga puso ng mga kabataan ng Israel, at magtatamo sila ng kapangyarihang labanan ang masasamang impluwensiya at tukso na susubok sa kanila" (sa *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-Day Saints*, tinipon ni James R. Clark [1965–75], 4:338–39).

Anim na linggo lamang bago ang kanyang kamatayan, samantalang nagbabasa at nagbubulay-bulay ng mga banal na kasulatan, si Joseph F. Smith ay nakatanggap ng maganda at dakilang pangitain. Ipinakikita ng pangitaing ito na dinadalaw ni Jesucristo ang mga espiritu ng mabubuting tao na namatay na. Isinaayos ng Tagapagligtas ang mga espiritu sa hukbong pangmisyonero upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga yaong namatay na na hindi nalaman ang ebanghelyo o tingaggihan ang katotohanan. Sa mga matapat na nagtuturo sa iba ay ang kanyang ama, na si Hyrum Smith, at si Propetang Joseph Smith. Tinanggap ng Simbahan ang mga pahayag na ito bilang banal na kasulatan, at ito ay inilathala noong 1976 bilang bahagi 138 ng Doktrina at mga Tipan.

| | |
|---|---|
| 1838 | Isinilang noong ika-13 ng Nobyembre sa Far West, Missouri, kina Hyrum Smith (ang kapatid ni Propetang Joseph) at Mary Fielding Smith |
| 1844 | 5 taong gulang, minartir ang kanyang ama sa Piitan ng Carthage, Carthage, Illinois |
| 1848 | 9 na taong gulang, nagpapatakbo ng pangkat ng kapong baka patawid sa mga kapatagan |
| 1852 | 13 taong gulang, bininyagang miyembro ng Simbahan noong ika-21 ng Mayo sa City Creek, sa Lungsod ng Salt Lake |
| 1852 | 13 taong gulang, naging ulila nang ang kanyang ina, si Mary Fielding Smith, ay namatay noong ika-21 ng Setyembre |
| 1854–58 | 15–19 na taong gulang, nagmisyon sa Hawaii |
| 1860–63 | 21–24 na taong gulang, nagmisyon sa Great Britain |
| 1864 | 25–26 na taong gulang, naglingkod sa isang natatanging misyon sa Hawaii |
| 1866 | ika-5 ng Mayo, 27 taong gulang, pinakasalan si Julina Lambson; namatay ito noong 1936 ika-1 ng Hulyo, 27 taong gulang, inordenan bilang Apostol ni Brigham Young at tinawag bilang tagapayo sa Unang Panguluhan; kinalaunan ay tinawag bilang tagapayo kina Pangulong Taylor (1880), Woodruff (1889), at Snow (1898) |
| 1873–75 | 35–37 na taong gulang, naglingkod bilang pangulo ng Misyon sa Europa |
| 1877 | 38 taong gulang, naglingkod muli bilang pangulo ng Misyon sa Europa |
| 1901 | 62 taong gulang, sinag-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-17 ng Oktubre, kasama sina John R. Winder at Anthon H. Lund bilang mga tagapayo |
| 1915 | 76 na taong gulang, itinalaga ang pagtatayuan ng templo sa Laie, Hawaii, kung saan siya ay nagmisyon noong kanyang kabataan |
| 1918 | 80 taong gulang, namatay noong ika-19 ng Nobyembre sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang 17 taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Heber J. Grant

Pangulo ng Simbahan, 1918–1945

Si Heber J. Grant ay huwaran ng pagtitiyaga at pagpupunyagi. Siya ay namumuhay alinsunod sa mga salitang ito: Ang yaong matiyaga nating pinagsisikapan ay nagiging madali para sa ating gawin, hindi dahil ang kalikasan ng bagay na iyon ay nabago, sa halip ang ating kakayahang gumawa ay lumaki" ( sa Conference Report, Abr. 1901, 63).


"Sundin ang mga kautusan ng Diyos," ang himok niya. "Ito ang saligan ng aking talumpati, yaong lamang kaunting salita: Sundin ang mga kautusan ng Diyos" (sa Conference Report, Okt. 1920, 10).

Pinagtibay niyang muli ang mga alituntuning gaya ng Salita ng Karunungan, ang batas ng ikapu, at kasipagan at pagtitipid. Sa ilalim ng kanyang pamamatnubay, ang Simbahan ay nagkaroon ng katiyakan sa pananalapi.

Bilang propeta ng Panginoon, inanyayahan niya ang lahat ng tao na lumapit kay Cristo: "Hindi mahalaga kung saang lupain tayo nananahan, nagiging magkakapatid tayo dahil sa Ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo" (sa *Messages of the First Presidency of the Church of Jesus Christ of Latter-Day Saints*, tinipon ni James R. Clark [1965-75], 5:311).

| | |
|---|---|
| 1856 | Isinilang sa Lungsod ng Salt Lake noong ika-22 ng Nobyembre kina Jedediah Morgan Grant at Rachel Ridgeway Ivins Grant. Ang kanyang ama, na tagapayo kay Pangulong Brigham Young, ay namatay makalipas ang walong araw. |
| 1864 | Bininyagan noong ika-2 ng Hunyo sa bahaging pang-kargamento ng isang bagon na inayos bilang lugar na pagbibinyagan sa City Creek, Lungsod ng Salt Lake |
| 1877 | 20 taong gulang, pinakasalan si Lucy Stringham noong ika-1 ng Nobyembre; namatay ito noong 1893 |
| 1882 | 25 taong gulang, inordenan ni George Q. Cannon bilang Apostol |
| 1882–84 | 26–28 taong gulang, nagmisyon sa mga Indiyang taga-Amerika |
| 1901–3 | 44–46 taong gulang itinatag at pinanguluhan ang Misyon sa Hapon |
| 1904–6 | 47–50 taong gulang, naglingkod bilang pangulo ng mga Misyon sa Britanya at Europa |
| 1918 | 62 taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-23 ng Nobyembre, kasama sina Anthon H. Lund at Charles W. Penrose bilang mga tagapayo |
| 1919 | 63 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Hawaii noong ika-27 ng Nobyembre |
| 1923 | 66 na taong gulang, itinalaga ang Templo ng Alberta (Canada) noong ika-26 ng Agosto |
| 1927 | 70 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Arizona noong ika-23 ng Oktubre |
| 1936 | 80 taong gulang, itinatag ang planong pangkapakanan ng Simbahan |
| 1945 | 88 taong gulang, namatay noong ika-14 ng Mayo sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang mahigit 26 na taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# George Albert Smith

Pangulo ng Simbahan, 1945–1951

Si George Albert Smith ang ikaapat na henerasyon ng kanyang mag-anak na naglingkod bilang Pangkalahatang Awtoridad. Siya at ang kanyang ama, na si John Henry Smith, ay naglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol nang sabay—isang natatanging pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan.

Bumuo siya ng isang saligang kinabibilangan ng mga sumusunod na mithiin: “Ako ay magiging isang kaibigan sa mga walang kaibigan at makasusumpong ng kagalakan sa pangangasiwa ng mga pangangailangan ng mga maralita. . . . Hindi ko pipilitin ang mga tao na ipamuhay ang aking mga pinaniniwalaan sa halip mamahalin ko sila sa paggawa ng yaong tama. . . . Hindi ko sasadyaing saktan ang damdamin ng iba, kahit na ng isang nagkasala sa akin, sa halip hahangarin ko na gumawa ng mabuti sa kanya at gagawin siyang aking kaibigan. . . . Hindi ako magiging kaaway sa kanino mang nabubuhay na kaluluwa" (sinipi sa "Greatness in Men: Superintendent George Albert Smith," ni Bryant S. Hinckley, *Improvement Era*, Mar. 1932, 295).

Naglingkod siya sa maga kabataan ng Simbahan bilang tagapangasiwa ng Young Men's Mutual Improvement Association sa loob ng mahigit sampung taon at bilang isang miyembro ng National Executive Board of the Boy Scouts of America.

Binanggit niya nang maraming ulit ang mga salitang ito ng kanyang lolong si George A. Smith, kung kanino siya ay ipinangalan: "Mayroong isang guhit na malinaw na nakamarka, sa pagitan ng teritoryo ng Panginoon at ng diyablo. Kung mananatili kayo sa guhit sa panig ng Panginoon kayo ay nasasa kanyang impluwensiya at hindi magkakaroon ng hangarin na gumawa ng mali; subalit kung kayo ay tatawid nang isang pulgada sa panig ng diyablo, kayo ay nasa kapangyarihan ng diyablo, at kung siya ay nagtatagumpay, hindi kayo makapag-iisip o makapagdadahilan nang matuwid, sapagkat wala sa inyo ang espiritu ng Panginoon" (*Sharing the Gospel With Others*, pinili ni Preston Nibley [1948], 42–43).

| | |
|---|---|
| 1870 | Isinilang noong ika-4 ng Abril kina John Henry Smith at Sarah Farr Smith sa Lungsod ng Salt Lake |
| 1878 | 8 taong gulang, bininyagan sa City Creek, Lungsod ng Salt Lake |
| 1892 | 22 taong gulang, pinakasalan si Lucy Emily Woodruff; namatay ito noong 1937 |
| 1892–94 | 22–24 na taong gulang, nagmisyon sa dakong timog ng Estados Unidos, kung saan sinamahan siya ni Lucy sa gawain |
| 1903 | 33 taong gulang, inordenan bilang ni Pangulong Joseph F. Smith bilang Apostol noong ika-8 ng Oktubre |
| 1919–21 | 49–51 taong gulang, naglingkod bilang pangulo ng Misyon sa Europa |
| 1945 | 75 taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-5 ng Oktubre, kasama sina J. Reuben Clark, Jr. at David O. McKay bilang mga tagapayo; itinalaga ang Templo ng Idaho Falls noong ika-23 ng Setyembre; plinano ang malawakang pagtulong pangkapakanan ng Simbahan sa Europa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig |
| 1951 | 81 taong gulang, namatay noong ika-4 ng Abril sa kanyang ika-81 na kaarawan, sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang anim na taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# David O. McKay

Pangulo ng Simbahan, 1951–1970

"Bawat miyembro ay misyonero," ang itinuro ni Pangulong McKay (sa Conference Report, Abr. 1959, 121–22). Pinabilis ng Simbahan ang gawaing pangmisyonero sa ilalim ng kanyang pamamatnubay.

Siya ay tagapagtaguyod ng mag-anak at ng tahanan, pinaaalalahanan tayo na "wala nang iba pang tagumpay ang makapagpupuno sa pagkukulang sa tahanan" (sinipi mula kay J. E. McCulloch, *Home: The Savior of Civilization* [1924], 42).

Madalas niyang banggiting, "Ang pagkatiwalaan ay isang mas marangal na papuri kaysa mahalin" (*Gospel Ideals* [1953], 187).

"Ang sumunod sa pagkakaloob ng buhay, ang karapatang pamahalaan ang buhay na yaon ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao" (*Gospel Ideals*, 299).

Bagama't lubos niyang pinahahalagahan ang edukasyon, sinabi niyang, "Ang pagkatao ay mas mataas kaysa katalinuhan" (*Gospel Ideals*, 443).

Ipinaliwanag ni Pangulong McKay ang kahalagahan ng mabubuting gawa: "Ang pagiging espiritwal ay pinakamainam na naipapakita sa paggawa, hindi sa pangangarap. Ang labis na pangangarap, mga di-makatotohanang pantasya, pagnanais na makita ang hindi nakikita, ay hindi kahanga-hanga katulad ng simpleng paggawa ng tungkulin" (*True to the Faith*, tinipon ni Llewelyn R. McKay [1966], 244–245).

| | |
|---|---|
| 1873 | Isinilang noong ika-8 ng Setyembre sa Huntsville, Utah, kina David McKay at Evans McKay |
| 1881 | 8 taong gulang, bininyagan sa Spring Creek, Huntsville, Utah, sa kanyang kaarawan samantalang ang kanyang ama ay naglilingkod sa misyon sa Great Britain |
| 1897–99 | 24–26 na taong gulang, nagmisyon sa Scotland |
| 1901 | 27 taong gulang, pinakasalan si Emma Ray Riggs, ang kanyang katipan sa kolehiyo, noong ika-2 ng Enero; namatay ito noong 1970 |
| 1906 | 32 taong gulang, inordenan ni Pangulong Joseph F. Smith bilang Apostol noong ika-9 ng Abril |
| 1920–21 | 47–48 na taong gulang, dinalaw ang lahat ng misyon ng Simbahan sa daigdig; itinalaga ang lupain ng Tsina sa gawaing misyonero |
| 1922–24 | 49–51 na taong gulang, naglingkod bilang pangulo ng Misyon sa Europa |
| 1934 | 61 taong gulang; tinawag bilang tagapayo kay Pangulong Heber J. Grant; kinalaunan ay tinawag na tagapayo kay Pangulong George Albert Smith (1945) |
| 1951 | 77 taong gulang, sinag-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-9 ng Abril, kasama sina Stephen L. Richards at J. Reuben Clark Jr. bilang mga tagapayo |
| 1955 | 82 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Swiss noong ika-11 ng Setyembre |
| 1956 | 82 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Los Angeles noong ika-11 ng Marso |
| 1958 | 84 na taong gulang, itinalaga ang Templo ng New Zealand noong ika-20 ng Abril at ang Templo ng London noong ika-7 ng Setyembre |
| 1964 | 91 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Oakland noong ika-17 ng Nobyembre |
| 1970 | 96 na taong gulang, namatay noong ika-18 ng Enero sa Lungsod ng Salt Lake matapos maglingkod ng humigit-kumulang na 64 na taon bilang Pangkalahatang Awtoridad, mas mahabang panahon kaysa kaninuman, at mga 19 na taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Joseph Fielding Smith

Pangulo ng Simbahan, 1970–72

Inanyayahan ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang lahat ng tao na lumapit kay Cristo: "Walang kalutasan sa mga suliranin ng daigdig maliban sa ebanghelyo ni Jesucristo. . . . kaya't inaanyayahan namin ang lahat ng anak ng ating Ama, sa lahat ng dako, na maniwala kay Cristo, na tanggapin siya ayon sa paghahayag sa kanya ng mga buhay na propeta, at sumapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . Sa lahat ng matatapat ang puso sa lahat ng bansa, sinasabi namin: Iniibig kayo ng Panginoon. Nais niyang matanggap ninyo ang buong pagpapala ng ebanghelyo" (sa Conference Report, Abr. 1972, 13; o *Ensign*, Hulyo 1972, 27).

Iniwan niya ang pagpapalang ito sa kabataan ng Simbahan: "Pagpalain at pangalagaan kayo ng Panginoon, na tiyak na mangyayari habang natututuhan ninyo ang mga batas at namumuhay nang naaayon sa mga ito. Maging matapat sa lahat ng ipinagkatiwala sa inyo. Igalang at mahalin ang inyong ama at ina. Manahanang magkakasama sa pagmamahalan at pagkakaisa. Maging mahinhin sa inyong pananamit. Daigin ang daigdig, at huwag magpadala sa mga uso at kaugalian ng mga yaong interes ay nakatuon sa mga bagay ng daigdig na ito" (sa Conference Report, Abr. 1972, 13-14; o *Ensign*, Hulyo 1972, 28).

| | |
|---|---|
| 1876 | Isinilang noong ika-19 ng Hulyo kina Joseph F. Smith at Julina Lambson Smith sa Lungsod ng Salt Lake |
| 1884 | 8 taong gulang, bininyagan ng kanyang ama sa Lungsod ng Salt Lake sa kanyang kaarawan |
| 1893 | 16 na taong gulang, dumalo sa pagtatalaga ng Templo ng Salt Lake |
| 1898 | 21 taong gulang, pinakasalan si Louie Emily (Emyla) Shurtliff noong ika-26 ng Abril; namatay ito noong 1908 |
| 1899–1901 | 22–24 na taong gulang, nagmisyon sa Inglatera |
| 1908 | 32 taong gulang, pinakasalan si Ethel Georgina Reynolds noong ika-2 ng Nobyembre; namatay ito noong 1937 |
| 1910 | 33 taong gulang, inordenan bilang Apostol noong ika-7 ng Abril ng kanyang ama, na si Joseph F. Smith, Pangulo ng Simbahan |
| 1938 | 61 taong gulang, pinakasalan si Jessie Ella Evans noong ika-12 ng Abril; namatay ito noong 1971 |
| 1965 | 89 na taong gulang, tinawag bilang tagapayo kay Pangulong David O. McKay |
| 1970 | 93 taong gulang, sinag-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-6 ng Abril, kasama sina Harold B. Lee at N. Eldon Tanner bilang mga tagapayo |
| 1971 | 95 taong gulang, nanguna sa unang pampurok na pangkalahatang komperensiya ng Simbahan, na ginanap sa Manchester, England |
| 1972 | 95 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Ogden noong ika-18 ng Enero at ang Templo ng Provo noong ika-9 ng Pebrero |
| 1972 | 95 taong gulang, namatay noong ika-2 ng Hulyo sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang dalawa at kalahating taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Harold B. Lee

Pangulo ng Simbahan, 1972–73

"Ang mga pinakadakilang himala na aking nakikita ngayon," ang pahayag ni Pangulong Lee, ay hindi ang paggaling ng mga katawang may karamdaman, kundi ang nakikita kong mga pinakadakilang himala ay ang paggaling ng mga kaluluwang may mga karamdaman, yaong may mga karamdaman sa kaluluwa at espiritu at mga nahahapis at nababagabag. . . .  Tayo ay tumutulong sa lahat ng mga yaon, dahil mahalaga sila sa paningin ng Panginoon, at nais natin na walang sinuman ang makadamang sila'y nalimutan" (sa Conference Report, Abr. 1973, 178; o *Ensign*, Hulyo 1973, 123).

"Alam ko na mayroong mga kapangyarihang banal na tumutulong kapag wala nang iba pang mapagkukunan ng tulong" (sa Conference Report, Abr. 1973, 179; o *Ensign*, Hulyo 1972, 123).

"Magkaroon ng oras para sa gabing pantahanan ng mag-anak. Tipunin ang inyong mga anak sa paligid ninyo. Turuan sila, gabayan sila, at bantayan sila. Hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataon na higit na kinailangan natin ang lakas at pagkakaisa ng tahanan" ( sa Conference Report, Abr. 1973, 130; o *Ensign*, July 1973, 98).

Sa mga Banal sa Mexico at Gitnang Amerika, isinalaysay niya ang isang sagradong karanasan matapos ang pagtawag sa kanya bilang Pangulo ng Simbahan: "Isang umaaga nang sumunod na araw, kasama ang aking asawa, ako ay lumuhod upang mapagpakumbabang manalangin, at biglang sa wari ang aking isipan at puso ay humayo sa mahigit sa tatlong milyong tao sa daigdig. Sa wari, ako'y may pag-ibig sa bawat isa sa kanila, hindi mahalaga kung saan sila naninirahan at ni kung ano ang lahi, maging sila man ay mayaman o mahirap, maging sila man ay aba o kilala, o may pinag-aralan o wala. Bigla kong nadamang sa wari, silang lahat ay kamag-anak ko, na tila sila'y mga sarili kong kapatid" (sa Conference Report, Mexico and Central America Area General Conference, Ago. 1972, 151).

| | |
|---|---|
| 1899 | Isinilang noong ika-28 ng Marso kina Samuel Marion Lee at Louisa Emeline Bingham Lee sa Clifton, Idaho |
| 1907 | 8 taong gulang, bininyagan noong Linggo, ika-9 ng Hunyo, sa Bybee Pond, sa lumang pook ng pagawaan ng apog |
| 1920–22 | 21–23 taong gulang, nagmisyon sa dakong kanluran ng Estados Unidos |
| 1923 | 24 na taong gulang, pinakasalan si Fern Lucinda Tanner noong ika-14 ng Nobyembre; namatay ito noong 1962 |
| 1935 | 36 na taong gulang, tinawag upang itatag ang malawakang programa ng Simbahan upang tulungan ang mga nangangailangan |
| 1941 | 42 taong gulang, inordenan ni Pangulong Heber J. Grant bilang Apostol noong ika-10 ng Abril |
| 1963 | 64 na taong gulang, pinakasalan si Freda Joan Jensen noong ika-17 ng Hunyo; namatay ito noong 1981 |
| 1970 | 70 taong gulang, tinawag bilang tagapayo kay Pangulong Joseph Fielding Smith |
| 1972 | 73 taong gulang; sinag-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-6 ng Oktubre, kasama sina N. Eldon Tanner at Marion G. Romney bilang mga tagapayo |
| 1973 | 74 taong gulang, namatay noong ika-26 ng Disyembre sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang humigit-kumulang na isa at kalahating taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Spencer W. Kimball

Pangulo ng Simbahan, 1973–1985

Dahil sa operasyon sa kanyang lalamunan, si Pangulong Kimball ay may mahinang tinig, subalit ang kanyang buhay ay nangungusap nang malaks sa kanyang mabubuting gawa. Binigyang-inspirayon niya ang mga miyembro ng Simbahan sa buong daigdig: "Lakas ninyo ay dagdagan, paunlarin ang inyong kakayahang gumawa ng mabuti, abutin ninyo ang mas mataas, palakihin ang inyong pagmamalasakit" (*Teachings of Spencer W. Kimball* [1982], 564). Siya ay huwaran ng pagkilos. Sa kanyang mesa naroon ang isang plaka kung saan nakasulat ang sawikaing "Gawin Ito."

Isinulat niya, "Hindi isasalin ng Panginoon ang mabuting pag-asam at hangarin at layunin ng isang tao na maging mga gawa. Ang bawat isa sa atin ay dapat gawin ang mga yaon sa ating sarili" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 8).

Hinggil sa pagsimba tuwing Sabbath, kanyang itinagubilin: "Hindi tayo nagtutungo sa mga pulong sa Sabbath upang libangin o tagubilinan lamang. Pumaparoon tayo upang sambahin ang Panginoon. Kung ang pulong ay nagkulang sa inyo, kayo ang nagkulang. Walang sinuman ang sasamba para sa inyo; dapat ninyong gawin ang sarili ninyong paghihintay sa Panginoon" ("The Sabbath–A Delight," *Ensign*, Ene. 1978, 4–5).

Sa ilalim ng kanyang pamamahala, ang gawain sa templo ay lumawak nang mabilis sa buong daigdig. Ang Simbahan ay nagtalaga ng mga templo sa Australia, Brazil, Chile, Alemanya, Guatemala, Mexico, Pilipinas, Estados Unidos (limang pook), Timog Africa, Sweden, Taiwan, Tahiti, Tonga, Samoa, at Hapon. Ang mga bagong templo ay ipinahayag para sa Canada, Colombia, Ecuador, Peru, Timog Korea, at Estados Unidos (tatlong pook).

| | |
|---|---|
| 1895 | Isinilang noong ika-28 ng Marso sa Lungsod ng Salt Lake kina Andrew Kimball at Olive Woolley Kimball |
| 1903 | 8 taong gulang, bininyagan sa kanyang kaarawan ng kanyang ama sa malaking banyera na pinagkukuluan ng kinatay na baboy na siya ring ginagamit ng mag-anak bilang paliguan |
| 1906 | 11 taong gulang, ang kanyang ina ay namatay |
| 1914–16 | 19–21 na taong gulang, tinawag na maglingkod sa Misyon sa Swiss-Austria, subalit dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig, siya ay ipinadala sa gitnang Estados Unidos |
| 1917 | 22 taong gulang, pinakasalan si Camilla Eyring noong ika-16 ng Nobyembre; namatay ito noong 1987 |
| 1943 | 48 taong gulang, inordenan ni Pangulong Heber J. Grant bilang Apostol noong ika-7 ng Oktubre |
| 1946 | 51 taong gulang, nakatanggap ng gawain mula kay Pangulong George Albert Smith na gumawa kasama ang mga Indiyang taga-Amerika |
| 1964–67 | 69–72 taong gulang, pinangasiwaan ang gawaing pangmisyonero sa Timog Amerika; nagsimula ng gawaing misyonero sa mga Indiyan ng Andes |
| 1974 | 79 na taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-6 ng Abril, kasama sina N. Eldon Tanner at Marion G. Romney bilang mga tagapayo |
| 1978 | 83 taong gulang, nakatanggap ng isang pahayag na ipaabot ang pagkasaserdote sa lahat ng karapat-dapat na miyembrong lalaki |
| 1979 | 84 na taong gulang, nalathala ang bagong edisyon ng Bibliya |
| 1981 | 86 na taong gulang, nalathala ang bagong edisyon ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas |
| 1985 | 90 taong gulang, namatay noong ika-5 ng Nobyembre sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang humigit-kumulang 12 taon bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Ezra Taft Benson

Pangulo ng Simbahan, 1985–1994

Naglagay ng panibagong pagdidiin si Pangulong Ezra Taft Benson sa Aklat ni Mormon: "Ang Aklat ni Mormon ang instrumentong itinalaga ng Diyos upang punuin ang daigdig gaya ng isang baha, upang tipunin ang [Kanyang] mga hinirang" (Moises 7:62). Ang banal na kasulatang ito ay kinakailangang mas pinahahalagahan sa ating pangangaral, sa ating pagtuturo, at sa ating gawaing pangmisyonero. . . . Sa katunayan, ako ay may pangitain tungkol sa pagbaha ng Aklat ni Mormon sa daigdig" (sa Conference Report, Okt. 1988, 3–5; o *Ensign*, Nob. 1988, 4–6).

"Patuloy nating muli at muli pang basahin ang Aklat ni Mormon nang sa gayon higit tayong ganap na mapalapit kay Cristo, magtiwala sa Kanya, nakatuon sa Kanya, at sukdulan tayong pasasa Kanya" (sa Conference Report, Okt. 1987, 104; o *Ensign*, Nob. 1987, 85).


"Mayroong kapangyarihan sa aklat na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong pag-aralan nang mabuti ang aklat. Makasusumpong kayo ng kapangyarihan upang labanan ang tukso. Makasusumpong kayo ng kapangyarihan upang maiwasan ang panlilinlang. Makasusumpong kayo ng kapangyarihang mananatili sa makipot at makitid na landas. . . . Ito ang aking panalangin, na ang aklat ni Mormon ang magiging saligang bato ng ating pamumuhay" (sa Conference Report, Okt. 1986, 6–7; o *Ensign*, Nob. 1986, 7).

Siya ay naaalala sa kanyang pagtuligsa sa kapalaluan: "Ang kapalaluan ay kasalanang pandaigdig, isang malaking bisyo. . . . Ang kapalaluan ay isang malaking hadlang na bato sa Sion" (sa Conference Report, Abr. 1989, 6–7; o *Ensign*, Mayo 1989, 6–7).

Isinulat ni Elder Mark E. Petersen ang parangal na ito kay Pangulong Benson: " 'Ano ang pinakamabuti para sa kaharian?' Ang sagot sa tanong na iyan ang naging dahilan sa pagpapasiya sa bawat mahalagang bagay na dumarating sa harapan [niya] sa kanyang bauong buhay" ("President Ezra Taft Benson," *Ensign*, Ene. 1986, 2–3).

| | |
|---|---|
| 1899 | Isinilang noong ika-4 ng Agosto sa Whitney, Idaho, kina George T. Benson at Sarah Dunkley Benson |
| 1907 | 8 taong gulang, bininyagan sa kanyang kaarawan sa Logan River Canal sa Whitney, Idaho |
| 1921–23 | 21–24 na taong gulang, nagmisyon sa Great Britain |
| 1926 | 27 taong gulang, pinakasalan si Flora Smith Amussen noong ika-10 ng Setyembre; namatay ito noong 1992 |
| 1943 | 44 na taong gulang, inordenan ni Heber J. Grant bilang Apostol noong ika-7 ng Oktubre |
| 1946 | 46 na taong gulang, nagsimulang maglingkod bilang pangulo ng Misyon sa Europa; nagpamahagi ng mga kinakailangang panustos sa mga taga-Europa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig |
| 1953–61 | 53–61 taong gulang, naglingkod bilang U.S. Secretary of Agriculture sa ilalim ni Pangulong Dwight D. Eisenhower |
| 1964–65 | 65–66 na taong gulang, naglingkod bilang pangulo ng Misyon sa Europa |
| 1968–71 | 68–72 taong gulang, nangasiwa sa gawaing pangmisyonero sa Asya |
| 1986 | 86 na taong gulang, sinag-ayunan bilang pangulo ng Simbahan noong ika-6 ng Abril, kasama sina Gordon B. Hinckley at Thomas S. Monson bilang mga tagapayo |
| 1986 | 87 taong gulang, itinalaga ang Templo sa Denver Colorado noong ika-24 ng Oktubre |
| 1987 | 88 taong gulang, itinalaga ang Templo ng Frankfurt Germany noong ika-28 ng Agosto |
| 1994 | 94 na taong gulang, namatay noong ika-30 ng Mayo sa Lungsod ng Salt Lake matapos ang walo at kalahating taon bilang pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Howard W. Hunter

Pangulo ng Simbahan, 1994–1995

"Tumingin sa templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng inyong pagiging miyembro," ang paghihikayat ni Pangulong Hunter. "Pinakamasidhing hangarin ng aking puso na maging karapat-dapat ang bawat miyembro upang makapasok sa templo" (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

"Sundin natin ang Anak ng Diyos sa lahat ng daan at sa lahat ng uri ng pamumuhay. Gawin natin siyang ating halimbawa at ating gabay. Sa lahat ng pagkakataon dapat nating tanungin ang ating sarili, 'Ano ang gagawin ni Jesus?' At pagkatapos maging mas matapang na kumilos sa kasagutan. . . .

"Anong uri ba ng kalalakihan at kababaihan dapat tayo? Maging kagaya niya" (sa Conference Report, Abr. 1994, 84; o *Ensign*, Mayo 1994, 64).

"Inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro ng Simbahan na mamuhay nang may higit na pagtutuon sa buhay at halimbawa ng Panginoong Jesucristo, lalung-lalo na sa pag-ibig at pag-asa at awa na kanyang ipinakita. Idinadalangin ko na pakikitunguhan natin ang isa't isa nang may higit na kabaitan, higit na pagtitiis, higit na paggalang at pagpapatawad" (sa Conference Report, Okt. 1994, 7; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

| | |
|---|---|
| 1907 | Isinilang noong ika-14 ng Nobyembre sa Boise, Idaho, kina John William (Will) Hunter at Nellie Marie Rasmussen Hunter |
| 1920 | 12 taong gulang, bininyagan noong ika-14 ng Abril sa isang palanguyan sa loob ng bahay sa Boise, Idaho; inordenan bilang diyakono ng kanyang obispo noong ika-21 ng Hunyo |
| 1931 | 23 taong gulang, pinakasalan si Clara (Claire) May Jeffs noong ika-10 ng Hunyo; namatay ito noon 1983 |
| 1959 | 51 taong gulang, inordenan ni David O. McKay bilang Apostol noong ika-15 ng Oktubre |
| 1989 | 81 taong gulang, itinalaga ang BYU Jerusalem Center, tinatakan ang pagtatapos ng sampung taong pagsisikap |
| 1990 | 82 taong gulang, pinakasalan si Inis Bernice Egan noong ika-10 ng Abril |
| 1994 | 86 na taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-1 ng Oktubre, kasama sina Gordon B. Hinckley at Thomas S. Monson bilang mga tagapayo; inilaan ang Templo ng Orlando Florida noong ika-9 ng Oktubre; 87 taong gulang, nangulo sa pagtatatag ng ika-2000 istaka ng Simbahan, ang Istaka ng Lungsod ng Mexico, Mexico Contreras, noong ika-11 ng Disyembre |
| 1995 | 87 taong gulang, itinatag ang Templo ng Bountiful Utah noong ika-8 ng Enero; namatay sa kanyang tahanan sa Lungsod ng Salt Lake noong ika-3 ng Marso matapos ang siyam na buwan bilang Pangulo ng Simbahan |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.



# Gordon B. Hinckley

Pangulo ng Simbahan, 1995—

Si Pangulong Hinckley ay may dakilang pagmamahal at pagmamalasakit para sa lahat: "Nakikiusap ako sa ating mga tao saanmang dako na mamuhay nang may paggalang at pasasalamat sa mga yaong hindi natin kasampalataya. . . . Tayo ay nabubuhay sa isang daidig ng pagkakaiba-iba. Kaya natin at dapat tayong maging magalang sa mga yaong ang mga turo ay maaaring hindi natin sinang-ayunan. . . .

"Mahal ko ang kabataan ng Simbahan. Sinasabi ko nang muli at muli pa sa aking palagay wala nang mas mainam pang henerasyon kaysa dito. Ako'y labis na nagpapasalamat sa inyong katapatan, sa inyong ambisyon na sanayin ang inyong mga isipan at mga kamay na gumawa ng mabubuting gawa, sa inyong pagmamahal sa salita ng Panginoon, at sa inyong hangaring lumakad sa mga landas ng kabanalan at katotohanan at kabutihan. . . .


"Ang Simbahang ito ay hindi pag-aari ng Pangulo nito. Ang ulo nito ay ang Panginoong Jesucristo, na ang pangalan ay tinataglay natin sa ating sarili. Lahat tayo ay magkakasama sa malaking pagsisikap na ito. . . .

"Wala tayong dapat ikatakot. Ang Diyos ang nasa timon. Siya ang mananaig para sa kabutihan ng gawaing ito. Siya ang magbubuhos ng mga biyaya sa mga yaong lumalakad sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan" (sa Conference Report, 1995, 93–95; o *Ensign*, Mayo 1995, 70–71).

Sa ilalim ng pamamatnubay ng Unang Panguluhan, si Pangulong Hinckley ay nagtalaga ng maraming templo kaysa iba pang Pangkalahatang Awtoridad" (tingnan sa *Deseret News 1995–1996 Church Almanac* [1994], 329–330).

| | |
|---|---|
| 1910 | Isinilang kina Bryant Stringham Hinckley at Ada Bitner Hinckley noong ika-23 ng Hunyo sa Lungsod ng Salt Lake |
| 1919 | 8 taong gulang, bininyagan ng kanyang ama noong ika-28 ng Abril sa Lungsod ng Salt Lake |
| 1930 | 20 taong gulang, namatay ang kanyang ina |
| 1933–35 | 23–25 taong gulang, nagmisyon sa Inglatera |
| 1935 | 25 taong gulang, kinuha bilang kalihim na tagapagpaganap ng Church Radio, Publicity, at Mission Literature Committee; gumawa siya sa iba't ibang tungkulin para sa Simbahan hanggang sa siya ay matawag bilang Kawaksi sa Labindalawa noong 1958 |
| 1937 | 26 na taong gulang, pinakasalan si Marjorie Pay noong ika-29 ng Abril; tinawag na maglingkod sa Pangkalahatang Sanggunian ng Panlinggong Paaralan |
| 1961 | 51 taong gulang, inordenan bilang Apostol noong ika-5 ng Oktubre |
| 1982 | 72 taong gulang, tinawag bilang tagapayo kay Pangulong Kimball; kinalaunan ay tinawag na tagapayo kina Pangulong Benson (1985) at Hunter (1994) |
| 1995 | 84 na taong gulang, sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-1 ng Abril, kasama sina Thomas S. Monson at James E. Faust bilang mga tagapayo |

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.





ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02313 82893 5
31382 893